# Pangkalahatang Halalan

## Martes, Nobyembre 8, 2022

Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante

### Huwag nang Iantala ang Pagboto, Bumoto na Ngayon!

**Ang maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay mula Oktubre 11 hanggang Nobyembre 8, 2022.**

**Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Nobyembre 8, 2022, sa Araw ng Halalan!**



### BUMOTO NANG LIGTAS CALIFORNIA

Makakatanggap ang bawat rehistradong botante sa California ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ipapadala ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa o bago ang Oktubre 10.

Puwedeng bumoto sa at ibalik ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa oras na matanggap ang mga ito.

Magbubukas ang mga kahong hulugan para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa Oktubre 11.

Magkakaroon ng mga opsyon para sa in-person na pagboto sa lahat ng county.

Alamin pa sa loob.

### Sertipiko ng Pagiging Tama

Ako, si Shirley N. Weber, ang Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay, sa pamamagitan nito, na ang impormasyong nakapaloob dito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkalahatang Halalan na isasagawa sa buong Estado sa Nobyembre 8, 2022, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, sa ika-15 araw na ito ng Agosto, 2022.

**Shirley N. Weber, Ph.D.**
**Kalihim ng Estado**

Puwede kayong humingi ng mga karagdagang kopya ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o pagtawag sa (800) 339-2957.

## BATAS NG MGA KARAPATAN NG MGA

# BOTANTE

## MAYROON KAYO NG MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN:

1 **Ang karapatang bumoto kung kayo ay rehistradong botante.** Kayo ay kuwalipikadong bumoto kung:

- isa kayong mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa California
- 18 taong gulang pataas na kayo
- kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
- hindi kayo kasalukuyang nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
- hindi natukoy ng hukuman bilang walang kakayahan ang pag-iisip para sa pagboto sa kasalukuyan

2 **Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan.** Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung natukoy ng mga opisyal ng mga halalan na kuwalipikado kayong bumoto.

3 **Ang karapatang bumoto kahit na nasa pila pa lang kayo kapag nagsara ang mga botohan.**

4 **Ang karapatang bumoto gamit ang lihim na balota** nang walang nang-aabala sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5 **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo,** kung hindi pa ninyo naihuhulog sa kahon ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

**Humiling ng** bagong balota **sa isang opisyal ng mga halalan sa isang lugar ng botohan**
**Papalitan ng panibago ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo** sa isang opisina ng halalan o sa inyong lugar ng botohan, o
**Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**

6 **Ang karapatang makakuha ng tulong sa paghuhulog ng inyong balota** mula sa sinumang taong gusto ninyo, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.

7 **Ang karapatang ihulog ang inyong nasagutang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar ng botohan** sa California.

8 **Ang karapatang makakuha ng mga materyal ng halalan sa ibang wika maliban sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohang presinto na nagsasalita ng wikang iyon.

9 **Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at mapanood ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng inyong napagtanungan ang inyong mga katanungan, dapat niyang iharap sa inyo ang tamang taong makakasagot sa tanong ninyo. Kung kayo ay nakakaabala, maaari silang huminto sa pagsagot sa inyo.

10 **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

- Sa web sa **www.sos.ca.gov**
- Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
- Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**KUNG NANINIWALA KAYONG PINAGKAITAN KAYO NG ALINMAN SA MGA KARAPATANG ITO,** TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAHINA

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY ..... 5

MGA PROPOSISYON

1 Karapatan sa Kalayaan sa Reproduksyon ayon sa Saligang-Batas. Pambatasang Susog sa Saligang-Batas. ..... 12

26 Pinapayagan ang In-person na Roulette, Mga Larong May Dice, at Pagtaya sa Sports sa Mga Pantribong Lupain. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-Batas at Batas. ..... 16

27 Pinapayagan ang Pagtaya sa Sports Online at sa Mobile sa Labas ng Mga Pantribong Lupain. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-Batas at Batas. ..... 22

28 Nagbibigay ng Karagdagang Pondo para sa Edukasyon sa Sining at Musika sa Mga Pampublikong Paaralan. Inisyatibang Batas. ..... 28

29 Kinakailangan ng Lisensyadong Medikal na Propesyonal sa Lugar sa Mga Klinika para sa Pag-dialysis at Nagtatakda ng Iba Pang Pag-aatas ng Estado. Inisyatibang Batas. ..... 32

30 Nagbibigay ng Pondo sa Mga Programa para Mabawasan ang Polusyon sa Hangin at Maiwasan ang Mga Wildfire sa Pamamagitan ng Pagpapataas ng Buwis sa In-person na Kita na Mahigit $2 Milyon. Inisyatibang Batas. ..... 38

31 Reperendum sa 2020 Batas na Magbabawal sa Retail na Pagbebenta ng Ilang Partikular na Produktong Tabako na May Flavor. ..... 44

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO ..... 52

MGA MAHISTRADO NG KORTE SUPREMA ..... 68

TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS ..... 77

IMPORMASYON NG BOTANTE

Batas ng Mga Karapatan ng Mga Botante ..... 2
Mga Nangungunang Tagaambag ..... 3
Sulat mula sa Kalihim ng Estado ..... 4
Hindi Kailangan ng Stamp! ..... 8
Hanapin ang Inyong Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto ..... 8
Mga Resulta ng Halalan ..... 8
Huwag nang Iantala ang Pagboto, Bumoto na Ngayon! ..... 9
Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan ng Pagboto sa VCA ..... 10
Nasaan ang Aking Balota? ..... 11
Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato ..... 50
Halalan sa California ..... 67
Abiso sa Pangangampanya ..... 70
Abiso sa Katiwalian sa Proseso ng Pagboto ..... 71
Pagpaparehistro ng Botante ..... 72
Impormasyon sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante ..... 72
Tingnan ang Katayuan ng Inyong Pagpaparehistro Bilang Botante Online ..... 73
Nakalimutang Magparehistro o I-update ang Inyong Pagpaparehistro? ..... 73
Nagseserbisyo Bilang Manggagawa sa Botohan ..... 74
Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan ..... 75
Mga Tip para sa Mga Botanteng Nasa Militar at Ibang Bansa ..... 76
Panahon ng Pagboto para sa Maagang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ..... 124
Pansamantalang Pagboto ..... 124
Tungkol sa Mga Panukalang-batas sa Balota ..... 125
Maagang Magparehistro sa Edad na Labing-anim ..... 125
Mga Katungkulan sa Halalan sa County ..... 126
Mga Petsang Dapat Tandaan ..... 127

## Mga Nangungunang Tagaambag sa Mga Pang-estadong Kandidato at Panukalang-batas ukol sa Balota

Kapag nakalikom ng hindi bababa sa $1 milyon ang isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para maimpluwensyahan ang mga botante na sumuporta o tumutol sa mga kandidato o panukalang-batas sa balota), dapat iulat ng komite ang nangungunang 10 tagaambag nito sa Komisyon sa Mga Patas na Kasanayan sa Pulitika (FPPC) ng California. Dapat i-update ng komite ang listahan kung may anumang pagbabago.

Makikita ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*.

Para masaliksik ang mga kontribusyon sa kampanya para sa mga kandidato o panukalang-batas sa balota, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *powersearch.sos.ca.gov*.

NANGUNGUNANG 10 $

# Kalihim ng Estado

Minamahal naming Californian,

Bagama't nabawi ang maraming labis na pinagsikapang panalo sa mga karapatan sa pagboto sa iba pang estado, nananatiling may dedikasyon ang California sa pagpapalawak ng access sa pagboto sa pamamagitan ng pagtutulak na maging permanente ang pangkalahatang pagboto sa pamamagitan ng koreo, dagdagan ang bilang ng mga opsyon sa pagboto nang in-person, pag-aalok ng parehong araw na pagpaparehistro at pansamantala na pagboto, at pagpapalawig sa bilang ng mga araw na available para bumoto.

Dahil nagpapatuloy ang mga pag-atake sa mga halalan at karapatan sa pagboto, umaasa kami sa inyo na iboto ang mahalaga sa inyo at sa inyong pamilya, bumoto para sa mga pangangailangan ng inyong mga komunidad, at bumoto para sa kondisyon ng ating demokrasya.

Makakatulong sa inyo ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante na ito na magpasya tungkol sa mga kandidato at isyu sa pambuong-estado na balota para sa Nobyembre 8, 2022, na Pangkalahatang Halalan. Bukod pa sa impormasyon tungkol sa kung paano ka boboto, kasama sa patnubay na ito ang mga pambuong-estado na pahayag ng kandidato, impormasyon tungkol sa mga proposisyon ng estado, at mga karapatan ninyo bilang botante ng California.

Nasa ibaba ang impormasyong gusto kong bigyang-diin para sa inyo:

**Mga Proposisyon**—Ang mga ito ay mga iminumungkahing patakaran ng estado na inilagay sa balota, para magkaroon ang mga botante ng oportunidad na bumoto para sa o laban sa mga ito. Ang Lehislatura ay may kakayahang magtalaga ng mga susog sa Saligang-Batas, panukala sa bono, at iba pang pagbabago sa batas sa balota, habang ang sinumang botante ng California ay puwedeng maglagay ng inisyatiba o reperendum sa balota.

Sa mga sumusunod na pahina, makakakita ka ng buod sa bawat proposisyon kasama ang mga pangangatwiran para sa at laban sa panukala, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga tagasuporta at katunggali. Posible mo ring makita ang impormasyong ito sa website ng Kalihim ng Estado: *voterguide.sos.ca.gov*.

**Permanente na Ngayon ang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, Pero May Opsyon Ka pa rin na Gawin ito Nang In-person!**—Ipinasa ng Lehislatura ang Batas ng Asembleya (Assembly Bill) 37 noong 2021, na tinitiyak na ang bawat aktibong nakarehistrong botante ay papadalhan ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, nang may opsyon para ibalik ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, nang in-person, o sa isang ligtas na kahong hulugan. Anuman ang opsyong piliin mo, tandaan na lagdaan at selyuhan ang balota mo, bago mo ito ibalik!

**I-track ang Inyong Balota**—I-track ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pag-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov* para makatanggap ng text, email, o boses na alerto sa status.

**Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan para Bumoto sa Mga County ng Batas sa Pagpili ng Botante**—Mayroon na ngayong 27 county ng Batas sa Pagpili ng Botante (VCA). Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections/voters-choice-act*.

**Magplano Para Bumoto**—Kapag nagplano kayo, mas malamang na makakaboto kayo. Ibabalik ba ninyo ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo? Ihuhulog ba ninyo ito sa kahong hulugan? O boboto ba kayo nang in-person sa isang lugar ng botohan o sentro ng pagboto sa komunidad? Saliksikin ang inyong mga opsyon at magplano na!

Salamat sa pagpapanatiling malakas ng ating demokrasya!

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 1 — KARAPATAN SA KALAYAAN SA REPRODUKSYON AYON SA SALIGANG-BATAS. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

### BUOD
*Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Sinususugan ang Saligang-Batas ng California para hayagang isama ang pundamental na karapatan ng isang indibidwal sa kalayaan sa reproduksyon, kasama ang pundamental na karapatang pilliing magpalaglag ng sanggol at pundamental na karapatang pumili o hindi gumamit ng mga contraceptive. Hindi liniliitan o nililimitahan ng susog na ito ang mga kasalukuyang karapatan sa pagiging pribado at patas na proteksyon sa ilalim ng Saligang-Batas ng California. **Epekto sa Pananalapi:** Walang direktang epekto sa pananalapi dahil pinoprotektahan na ng batas ng estado ang mga karapatan sa reproduksyon.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang Saligang-Batas ng California ay mababago para hayagang isama ang mga kasalukuyang karapatan sa kalayaan sa reproduksyon—gaya ng karapatang piliing magpa-laglag o hindi gumamit ng mga contraceptive.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang Saligang-Batas ng California ay hindi mababago para hayagang isama ang mga kasalukuyang karapatan sa kalayaan sa reproduksyon. Ang mga karapatang ito, gayunpaman, ay patuloy na iiral sa ilalim ng ibang batas ng estado.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Oo sa 1 ay ilalagay ang pundamental na karapatang magpa-laglag at sa pundamental na karapatan sa mga contraceptive sa Saligang-Batas. Ang Oo sa 1 ay magpoprotekta sa mga indibiduwal na desisyon sa pangangalagang pang-reproduksyon at sa karapatang piliing magpa-laglag, pinananatili kung saan man dapat nakatabi ang mga medikal na rekord—sa pagitan ng pasyente at ng kanilang provider. *YESon1CA.com*

**KONTRA** Ang Proposisyon 1 ay isang sukdulang batas na magbibigay-daan sa pagpapa-laglag sa bandang huli ng termino na babayaran ng nagbabayad ng buwis hanggang sa oras ng pagkapanganak—kahit na malusog ang sanggol at hindi nanganganib ang kalusugan ng ina. Ginagarantiya na ng batas ng California ang karapatan ng babae na pumili, kayat ginagawang sukdulan at magastos ang di na kinakailangang panukalang ito.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Oo sa Prop. 1, Protektahan ang Mga Karapatan sa Pagpapa-laglag
(916) 238-8392
*info@YESon1CA.com*
*YESon1CA.com*

**LABAN**
K. Reid
Sama-sama ang mga taga-California, Hindi sa Proposisyon 1
P.O. Box 13813
Sacramento, CA 95853
(916) 484-4008
*info@NoProposition1.com*
*www.NoProposition1.com*

## PROP 26 — PINAPAYAGAN ANG IN-PERSON NA ROULETTE, MGA LARONG MAY DICE, AT PAGTAYA SA SPORTS SA MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

### BUOD
*Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Pinapayagan din ang: pustahan sa sports sa ilang partikular na karerahan ng kabayo; pribadong mga habla para magpatupad ng ilang partikular na batas sa pagsusugal. Idinidirekta ang mga kita sa Pangkalahatang Pondo, mga programa sa problema sa pagsusugal, pagpapatupad. **Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na kita ng estado, na posibleng umabot sa milyun-milyong dolyar bawat taon. Susuportahan ng ilan sa mga kitang ito ang dagdag na gastusin sa pangangasiwa at pagpapatupad ng estado na puwedeng umabot sa milyun-milyong dolyar bawat taon.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang apat na racetrack ay maaaring mag-alok ng in-person na pagtaya sa sports. Magbabayad ang mga racetrack sa estado ng bahagi ng mga nalikom na taya sa palaro. Ang mga tribal casino ay maaaring mag-alok ng mga in-person na pagtaya sa sports, roulette, at mga larong gumagamit ng dice (gaya ng craps) kung papayagan ng mga indibidwal na kasunduan sa sugalan sa tribu kasama ang estado. Aatasan ang mga tribe na suportahan ang mga gastos sa pangangasiwa sa pagtaya sa sports ng estado sa mga casino. Magkakaroon ang mga tao at entidad ng bagong paraan para makahiling ng pagpapatupad ng ilang partikular na batas sa pagsusugal ng estado.

**HINDI** DI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na magiging ilegal sa California ang pagtaya sa sports. Ang mga tribal casino ay patuloy na hindi makakapag-alok ng roulette at mga larong gumagamit ng dice. Walang gagawing pagbabago sa paraan ng pagpapatupad sa mga batas sa pagsusugal sa estado.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang OO sa 26 ay mag-aawtorisa sa pagsusugal sa sports nang in-person sa mga tribal casino. Niliimitahan lang sa mga nasa hustong gulang ang pagsusugal sa sports. Sinusuportahan ng Prop. 26 ang sariling-pagsisikap ng mga Indian sa pamamagitan ng pagbibigay ng kita para sa edukasyon kaugnay ng tribe, pangangalagang pangkalusugan at iba pang mahahalagang serbisyo. Itinataguyod ng Prop. 26 ang ligtas, responsableng sugalan at tumutulong sa paghinto at pagpigil sa ilegal na pagsusugal. Makiisa sa Mga Tribe: OO sa 26.

**KONTRA** Ang Prop. 26 ay isang malaking pagpapalawig ng pagsusugal na hahantong sa pagsusugal at adiksyon ng mas maraming wala pang hustong gulang. Ang Prop. 26 ay iniisponsor ng limang mayayamang tribong sugalan na gustong palawigin ang kanilang monopolyo sa pagsusugal para isama ang pagtaya sa sports. Gayundin, sasalantain ng Prop. 26 ang iba pang komunidad ng kulay. Hindi sa Prop. 26.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Koalisyon para sa Ligtas, Responsableng Sugalan
1017 L Street #408
Sacramento, CA 95814-3805
(888) 256-8602
*info@YESon26.com*
*YESon26.com*

**LABAN**
Hindi sa 26—Mga Nagbabayad ng Buwis Laban sa Mga Monopolyo ng Espesyal na Interes
(916) 237-7398
*Info@VoteNoOnProp26.org*
*www.VoteNoOnProp26.org*

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 27 — PINAPAYAGAN ANG ONLINE AT ANG NAGLILIBOT NA PAGTATAYA SA SPORTS SA LABAS NG MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBONG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT SA BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Pinapayagan ang mga Indian na tribo at mga sinasakopang negosyo na mag-operate ng online/naglilibot na pagpupusta sa sports sa labas ng mga pantribong lupain. Idinidirekta ang mga kita sa mga gastusin sa pangangasiwa, programa sa kawalan ng tahanan, hindi kalahok na mga tribo.**Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na kita ng estado, na posibleng nasa daan-daang-milyong dolyar pero malamang ay hindi lalampas sa $500 milyon bawat taon. Susuportahan ng ilang kita ang mga gastusin sa pangangasiwa ng estado, na posibleng umabot sa mid-tens na milyun-milyong dolyar bawat taon.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga linsensyadong tribo o mga kumpanya ng pagsusugal ay maaaring mag-alok ng online na pagtaya sa sports sa pamamagitan ng Internet at mga mobile device sa mga taong 21 taong gulang pataas sa mga hindi sa tribo na lupain sa California. Iyong mga nag-aalok ng online na pagtaya sa sports ay aatasang bayaran ang estado ng bahagi sa itinaya sa sports. Gagawa ng isang bagong unit ang estado para pangasiwaan ang online na pagtaya sa sports. Magkakaroon ng mga bagong paraan para bawasan ang ilegal na online na pagtaya sa sports.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na magiging ilegal sa California ang pagtaya sa sports. Walang gagawing pagbabago sa paraan ng pagpapatupad sa mga batas sa pagsusugal sa estado.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Proposisyon 27 ay sinusuportahan ng Mga Tribo sa California at mga eksperto sa kawalan ng tahanan at sa kalusugan ng pag-iisip. Sa unang pagkakataon, PERMANENTENG popondohan ng Prop. 27 ang pabahay, kalusugan ng pag-iisip at paggamot sa adiksyon sa pamamagitan ng pangangasiwa at pagbuwis sa online na pagtaya sa sports. Ang Prop. 27 ay naglalaman ng mahihigpit na panuntunang magpoprotekta sa mga menor de edad, regular na pag-audit, at pagbabantay ng Pangkalahatang Abugado.

**KONTRA** Ang Prop. 27 ay isang mapanlinlang na pamamaraan na pinondohan ng mga korporasyon ng pagsusugal sa labas ng estado para gawing legal ang malawakang pagpapalawig ng online at lumilibot na pagsusugal sa sports. Ang Prop. 27 ay HINDI isang "solusyon" sa kawalan ng tahanan. 90% ng mga kita ay mapupunta sa mga korporasyon sa labas ng estado. Ang Prop. 27 ay tinututulan ng 50+ na Tribo sa California. Bumoto ng HINDI sa 27.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

*https://yestoprop27.com*

**LABAN**

HINDI sa Prop. 27
1017 L Street #408
Sacramento, CA 95814-3805
(888) 256-8602
*info@NoProp27.com*
*NoProp27.com;*
*FinePrint27.com*

## PROP 28 — NAGBIBIGAY NG KARAGDAGANG PONDO PARA SA EDUKASYON SA SINING AT MUSIKA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Nagbibigay ng karagdagang pondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para sa edukasyon sa sining at musika sa lahat ng K-12 na pampublikong paaralan (kasama ang mga charter school). **Epekto sa Pananalapi:** Dagdag na gastusin ng estado na humigit-kumulang $1 bilyon bawat taon, simula sa susunod na taon, para sa edukasyon sa sining sa mga pampublikong paaralan

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Magbibigay ang estado ng karagdagang pondo na partikular para sa edukasyon kaugnay ng sining sa mga pampublikong paaralan. Ang halagang ito ay mas mataas sa halagang inaatas ng Saligang-Batas sa pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan at kolehiyo sa komunidad.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pagpopondo para sa edukasyon kaugnay ng sining sa mga pampublikong paaralan ay patuloy na dedepende sa mga desisyon sa pagbadyet ng estado at lokal.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Halos isa lang sa limang pampublikong paaralan ng California ang may full-time na programa sa sining o musika. Nagbibigay ang Prop. 28 ng karagdagang pondo para matiyak na ang bawat estudyante sa PK–12 na pampublikong paaralan ay may access sa edukasyon sa sining at musika—nang hindi tinataasan ang mga buwis. Pinoprotektahan ang kasalukuyang pondo sa edukasyon. May kasamang mahigpit na pananagutan, pagiging malinaw. Suporta ng mga magulang, guro at anak.

**KONTRA** Walang pangangatwirang laban sa Proposisyon 28 ang naisumite.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo sa 28—Sining at Musika sa Mga Paaralan para sa Mga taga-California
*info@voteyeson28.org*
*voteyeson28.org*

**LABAN**

# MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

## PROP 29 KINAKAILANGAN NG LISENSYADONG MEDIKAL NA PROPESYONAL SA LUGAR SA MGA KLINIKA PARA SA PAG-DIALYSIS NG KIDNEY AT NAGTATAKDA NG IBA PANG PAG-AATAS NG ESTADO. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Kinakailangan ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar sa panahon ng paggamot. Inaatasan ang mga klinika na: ihayag ang mga interes sa pagmamay-ari ng doktor; iulat ang datos ng impeksyon. **Epekto sa Pananalapi:** Tumaas na gastusin ng pang-estado at lokal na pamahalaan.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Aatasan ang mga klinika para sa tuluy-tuloy na dialysis na magkaroon ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar sa lahat ng oras ng paggamot sa pasyente.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi aatasan ang mga klinika para sa tuluy-tuloy na dialysis na magkaroon ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar sa lahat ng oras ng paggamot sa pasyente.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang mga pasyente ng dialysis ay nararapat na protektahan sa ilalim ng batas. Ang Prop. 29 ay tutulong na matiyak na makakatanggap sila ng ligtas na paggamot sa mga klinika ng dialysis sa ilalim ng pangangalaga ng isang doktor o isa pang lubos na sinanay na clinician sa mga emergency na kaso, nang walang panganib ng impeksyon, at walang diskriminasyon.

**KONTRA** Makiisa sa mga pasyente ng dialysis, American Nurses Association\California, California Medical Association at mga tagapagtaguyod ng pasyente: HINDI sa 29—isa pang mapanganib na proposisyon sa dialysis! Ipapasara ng Prop. 29 ang mga klinika ng dialysis at magbabanta sa mga buhay ng 80,000 pasyente sa California na kailangan ng dialysis upang mabuhay. Ang mga botante ng California ay labis na tinanggihan ang mga katulad na proposisyon ng dialysis nang dalawang beses. Itigil ang isa na namang mapanganib na proposisyon sa dialysis. *NoProp29.com*

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Suzanne Jimenez
MGA CALIFORNIAN PARA SA PROTEKSYON NG PASYENTE NG DIALYSIS SA Kidney—OO SA 29. INI-I-SPONSOR NG SERVICE EMPLOYEES INTERNATIONAL UNION- UNITED HEALTHCARE WORKERS WEST
777 S. Figueroa Street, Suite 4050,
Los Angeles, CA 90017
(323) 888-8286
*info@YesOn29.org*
*http://www.YesOn29.org*

**LABAN**

Hindi sa 29—Isa Nanamang Mapanganib na Proposisyon sa Dialysis
(800) 578-7350
*info@NoProp29.com*
*NoProp29.com*

## PROP 30 NAGBIBIGAY NG PONDO SA MGA PROGRAMA PARA MABAWASAN ANG POLUSYON SA HANGIN AT MAIWASAN ANG MGA WILDFIRE SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATAAS NG BUWIS SA IN-PERSON NA KITA NA MAHIGIT $2 MILYON. INISYATIBANG BATAS.

### BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Naglalaan ng mga kita sa buwis sa mga insentibo sa pagbili ng walang emisyon na sasakyan, mga istasyon sa pag-charge ng sasakyan, at pag-iwas sa napakalaking sunog. **Epekto sa Pananalapi:** Tumaas na kita sa buwis ng estado na mula $3.5 bilyon hanggang $5 bilyon bawat taon, kung saan gagamitin ang bagong pondo para suportahan ang mga programa sa zero-emission na sasakyan at sa pag-tugon at mga aktibidad para sa pag-iwas sa malalaking sunog.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga nagbabayad ng buwis ay magbabayad ng karagdagang buwis na 1.75 porsyento sa in-person na kita na higit sa $2 milyon taon-taon. Ang kitang makokolekta mula sa karagdagang buwis na ito ay susuportahan ang mga programa ng zero-emission na sasakyan at mga aktibidad sa pagtugon at pag-iwas sa malalaking sunog.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang pagbabagong gagawin sa mga buwis sa in-person na kita na higit sa $2 milyon taun-taon.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang malalaking sunog ang sumisira sa California. Bubuwisan lang ng Prop. 30 ang pinakamayayamang Californian—na may taunang kita na higit sa $2 milyon—para pondohan ang pag-iwas sa malaking sunog at mga programa sa malinis na hangin. Popondohan ang pamamahala sa kagubatan, mas maraming bumbero at kagamitan. Tutulong sa mga mamimili na makayanan na magkaroon ng mga walang emisyon na sasakyan; na gagawa ng pambuong estado na charging network. MAHIGPIT NA PANANAGUTAN—mga pag-audit, mga parusa. Ang mga bumbero, grupong pangkapaligiran, eksperto sa enerhiya ng estado ay sumusuporta.

**KONTRA** Tataasan ng Prop. 30 ang mga buwis nang hanggang $90 bilyon sa loob ng 20 taon, na magpapataas sa mga gastos para sa bawat Californian. Ang Prop. 30 ay lubhang magpapahirap sa ating nahihirapang grid ng kuryente na nasa panganib na ng mga rolling blackout. Sumali sa mga nagbabayad ng buwis, mga guro, at maliliit na negosyo para tanggihan ang hindi kinakailangang pagtaas ng buwis na ito. Hindi sa Prop. 30!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Clean Air California
*www.Yeson30.org*
*info@yeson30.org*

**LABAN**

Hindi sa 30
(916) 209-0323

# MABALISANG MASASANGGUNING PATNUBAY

**PROP 31** **REPERENDUM SA BATAS NOONG 2020 NA MAGBABAWAL SA RETAIL NA PAGBEBENTA NG ILANG PARTIKULAR NA FLAVOR NG PRODUKTONG TABAKO.**

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Aaprubahan ng botong "Oo", at tatanggihan ng botong "Hindi", ang isang batas sa 2020 na nagbabawal sa retail ang pagbebenta ng ilang produktong tabako na may partikular na flavor. **Epekto sa Pananalapi:** Mas kaunting kita sa buwis sa tabako ng estado mula sa milyun-milyong dolyar bawat taon hanggang sa $100 milyon taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring magbenta ang mga in-person na tindahan at vending machine ng mga karamihan na may partikular na timplang produktong tabako at ng mga enhancer ng flavor ng produktong tabako.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring patuloy na magbenta ang mga in-person na tindahan at vending machine ng mga may flavor na produktong tabako at enhancer ng flavor ng produktong tabako, gaya ng pinapayagan sa ilalim ng ibang panuntunan ng pederal, estado, at lokal.

MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Poprotektahan ng Oo sa 31 ang mga bata sa pamamagitan ng pagwakas sa pagbebenta ng tabako na may flavor ng kendi, kabilang ang mga e-cigarette at minty-menthol na sigarilyo. 80% ng mga bata na gumamit ng tabako ay nagsimula sa isang produktong tabako na may flavor. Ang OO sa 31 na boto ay magliligtas ng mga buhay at makakatipid ng pera ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagpigil sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa tabako.

**KONTRA** Ang Prop. 31 ay magbabawal sa mga nasa hustong gulang. ILEGAL NA ang pagbebenta ng anumang produktong tabako—kabilang ang mga vape—sa sinumang wala pang 21 taong gulang. Ang Prop. 31 ay naningil sa mga nagbabayad ng buwis ng $1 bilyon sa loob ng apat na taon, habang ang mga kriminal na grupo ay nakikinabang sa pamamagitan ng pagkontrol sa dumaraming smuggling at mga lihim na merkado, na humahantong sa mas maraming krimen sa kapitbahayan. Ang pagbabawal ay hindi kailanman gumagana. Bumoto ng Hindi sa Prop. 31.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Oo sa Proposisyon 31, Komite para Protektahan ang Mga Bata sa California
555 Capitol Mall, Suite 400
Sacramento, CA 95814
*Info@YesonProp31.com*
*VoteYeson31.com*

**LABAN**
*VoteNoOnProp31.com*

# Hindi Kailangan ng Stamp!


Ang lahat ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na balota ng California ay may kasamang ibabalik na sobre na may pauna nang nabayarang selyo. Tinitiyak nito na ang pagboto ay libre at kumbinyente para sa lahat ng botante ng California. Pagkatapos ninyong punan ang inyong vote-by-mail na balota, ilagay ito sa ibabalik na sobre, selyuhan ang sobre, pumirma sa itinalagang linya, at ilagay ito sa isang mailbox o ligtas na kahong hulugan o dalhin ito sa isang lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o opisina ng mga halalan ng county sa pagitan ng Oktubre 11 at Nobyembre 8, 2022, bago mag 8:00 p.m.

# Hanapin ang Inyong Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto

Ang mga lugar na botohan at sentro ng pagboto ay itinatakda ng mga opisyal ng halalan ng county. Hanapin ang address ng inyong lugar ng botohan o maghanap ng mga lokasyon sa sentro ng pagboto sa Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county na inyong natanggap sa pamamagitan ng koreo ilang linggo bago mag-Araw ng Halalan.

Maaari din kayong bumisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *vote.ca.gov* o tumawag sa toll-free na Hotline Para sa Botante sa (800) 339-2957.

Maaari din kayong mag-text ng “Vote” sa GOVOTE (468683) para makita ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan o ng pinakamalapit na sentro ng pagboto.




Ang mga resulta ng halalan para sa Nobyembre 8, 2022, Pangkalahatang Halalan ay makukuha pagkatapos magsara ang mga botohan nang 8:00 p.m. sa website ng Mga Resulta ng Halalan ng Kalihim ng Estado ng California sa *https://electionresults.sos.ca.gov*.

Magsisimulang i-post ang mga resulta sa ganap na 8:00 p.m. at ia-update sa buong Gabi ng Halalan. Sa mga susunod na araw, ang mga resulta ay ia-update sa ganap na 5:00 p.m. bawat araw sa buong pag-canvass habang binibilang ng mga county ang mga natitirang balota.

Ipapaskil ang mga opisyal na sertipikadong resulta ng halalan sa Disyembre 16, 2022, sa *www.sos.ca.gov/elections.*

# Huwag nang Iantala ang Pagboto, Bumoto na Ngayon!

Sisimulan ng mga opisyal ng halalan sa county na magpadala sa mga botante ng California ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo nang hindi lalampas ng Oktubre 10, 2022.

Magsisimula ang panahon ng pagboto gamit ang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo kapag naipadala na ang mga balota sa koreo. Iparinig nang maaga ang inyong boses! Ibalik ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa panahon ng pagboto na mula Oktubre 11 hanggang sa pagsasara ng botohan sa Nobyembre 8.

## MADALI LANG bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Umaasa sa inyo ang demokrasya! Sundin ang limang simpleng hakbang na ito para magamit ang karapatan ninyong bumoto:

**Kumpletuhin ito.**

Markahan ang mga napili ninyo sa inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Selyuhan ito.**

Ipasok ang inyong balota sa loob ng return envelope ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo na natanggap ninyo mula sa opisina ng halalan sa inyong county.

**Lagdaan ito.**

Lumagda sa labas ng return envelope ng inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Tiyaking tumutugma ang inyong lagda sa lagda sa inyong lisensya sa pagmamaneho sa California (CA)/Pagkakakilanlan (ID) ng estado, o sa ibinigay ninyo nang magparehistro kayo para bumoto. Paghahambingin ng opisina ng halalan sa inyong county ang mga ito bago nila bilangin ang inyong balota.

**Ibalik ito.**


Sa pamamagitan ng kahong hulugan—Ihulog ang inyong nasagutan nang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang secure na opisyal na kahong hulugan sa inyong county anumang oras mula Oktubre 11 hanggang sa pagsasara ng botohan sa Nobyembre 8.

Sa pamamagitan ng koreo—Tiyaking may postmark na Nobyembre 8 ang return envelope ng inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Hindi kailangan ng stamp!

Nang in-person—Ihulog ang inyong nasagutan nang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang secure na kahong hulugan, lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o opisina ng halalan sa county bago mag-8:00 p.m. sa Nobyembre 8. Magkakaroon ng mga lokasyon ng pagboto sa lahat ng county bago ang Araw ng Halalan. Mag-aalok ang mga lokasyon ng pagboto ng pagpaparehistro ng botante, mga pamalit na balota, madaling gamitin na makina sa pagboto, at tulong sa wika.

**I-track ito.**

Mag-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov* para makatanggap kayo ng mga update sa katayuan ng inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o tawag.



# Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan ng Pagboto

## sa Batas sa Pagpili ng Botante ng California

### Bumoto nang in-person nang hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan

- Alameda
- Amador
- Butte
- Calaveras
- El Dorado
- Fresno
- Kings
- Los Angeles
- Madera
- Marin
- Mariposa
- Merced
- Napa
- Nevada
- Orange
- Riverside
- Sacramento
- San Benito
- San Diego
- San Mateo
- Santa Clara
- Santa Cruz
- Sonoma
- Stanislaus
- Tuolumne
- Ventura
- Yolo




**Sa California, awtomatiko kayong makakatanggap ng balota bago ang bawat halalan.** Ang pagtira sa isang county na may Batas sa Pagpili ng Botante (VCA) ay nangangahulugang mas marami ang mga opsyon pagdating sa pagboboto.

### Bumoto sa pamamagitan ng koreo:

Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo **pagkatanggap ninyo nito!**

### Gumamit ng kahong hulugan:

Ibalik ang inyong balota sa isang ligtas na lokasyon para ihulog ito **nang hanggang 28 araw bago ang halalan.**

### Bumoto nang in-person:

- Bumoto nang in-person saanman sa county **nang hanggang 10 araw bago ang halalan.**
- Magparehistro para bumoto at bumoto sa parehong araw.
- Ihulog ang inyong balota.

**Bumisita sa *CAEarlyVoting.sos.ca.gov* o tumawag sa (800) 339-2957 para alamin pa.**

CALIFORNIA VOTER'S CHOICE ACT

VCA.SOS.CA.GOV

NASAAN ANG AKING BALOTA?

## Mas madali na ngayong masubaybayan —ang inyong balota— kapag ipinadala, natanggap, at binilang ito.

# WheresMyBallot.sos.ca.gov

Ang Kalihim ng Estado ng California ay nag-aalok na ngayon sa mga botante ng paraan para masubaybayan ang, at makatanggap ng mga abiso sa status ng kanilang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Nagbibigay-daan ang Where's My Ballot? (Nasaan ang Aking Balota?)" sa mga botante na malaman kung nasaan ang kanilang balota, at kung ano ang status nito, sa bawat hakbang. Mag-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov*.

Kapag nag-sign up kayo para sa "Nasaan ang Aking Balota?," makakatanggap kayo ng mga awtomatikong update kapag nangyari ang mga sumusunod sa opisina ng halalan sa inyong county:

- Ipinadala ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo
- Natanggap ang inyong balota
- Binilang ang inyong balota
- Nakakita ng isyu sa inyong balota

Mapipili ng mga botanteng magsa-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov* na makatanggap ng mga awtomatikong update sa pamamagitan ng:

- Email
- Text Message (SMS)
- Tawag

1

PROPOSISYON 1

# KARAPATAN SA KALAYAAN SA REPRODUKSYON AYON SA SALIGANG-BATAS. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa pahina 77 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Sinisiguro ng mga kasalukuyang batas ng California na may pangunahing karapatan ang bawat indibidwal sa kanilang mga in-person na pasya sa reproduksyon, na kinabibilangan ng pangunahing karapatang piliing magpalaglag ng sanggol at pangunahing karapatang pumili o hindi gumamit ng mga contraceptive.
- Sususugan ng panukalang ito ang Saligang-Batas ng California para hayagang isama ang mga pangunahing karapatang ito at pagbabawalan nito ang Estado na tanggihan o pakialaman ang kalayaan sa reproduksyon ng isang indibidwal para sa kanilang mga pinakain-person na pasya.
- Layunin ng susog na ito na palawakin pa ang mga kasalukuyang batas sa Saligang-Batas ng California sa privacy at patas na proteksyon, at hindi nito nililimitahan ang mga nasabing karapatan.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Walang direktang epekto sa pananalapi dahil pinoprotektahan na ng batas ng estado ang mga karapatan sa produksyon.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG IBINIGAY NG LEHISLATURA SA "KONSTITUSYONAL NA PAG-AMYENDA NG SENADO (SENATE CONSTITUTIONAL AMENDMENT)" 10 (PROPOSISYON 1)
(KABANATA 97, MGA BATAS NG 2022)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 29 | Mga Hindi 8 |
| Asembleya: | Mga Oo 58 | Mga Hindi 17 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

# BACKGROUND

### PEDERAL NA BATAS

***Dahil sa Kamakailang Kaso sa Hukuman, Karapatan sa Aborsyon Hindi Na Pinoprotektahan ng Saligang-Batas ng Estados Unidos*** Noon, sinasabi ng Korte Suprema ng Estados Unidos na pangkalahatang pinoprotektahan ng Saligang-Batas ng Estados Unidos ang karapatan sa pagpapalaglag. Bilang resulta, may limitadong kakayahan ang mga estado na magtakda ng mga paghihigpit sa mga pagpapalaglag. Gayunpaman, noong Hunyo 2022, nagpasay ang Korte Suprema ng Estados Unidos na hindi pinoprotektahan ng Saligang-Batas ng Estados Unidos ang karapatan sa pagpapalaglag. Dahil dito, mayroon nang higit pang flexibility ang mga estado para magpasya kung papayagan, lilimitahan, o ipagbabawal nila ang mga pagpapalaglag.

***Pinoprotektahan ng Pederal na Batas ang Mga Karapatan sa Mga contraceptive.*** Sinasabi ng Korte Suprema ng Estados Unidos na pinoprotektahan ng Saligang-Batas ng Estados Unidos ang karapatang bumili at gumamit ng mga contraceptive (gaya ng mga condom, pill na contraceptive, at iba pang produktong contraceptive). Bukod pa rito, inaatasan ng pederal na batas ang karamihan ng mga plano sa seguro sa kalusugan na magbayad para sa mga contraceptive.

### BATAS NG ESTADO

***Nagbibigay ang Batas ng Estado ng Karapatan sa Pagkapribado sa Reproduksyon.*** Ginagarantiya sa lahat ng Saligang-Batas ng California ang karapatan sa pagkapribado, pero hindi nito tinutukoy kung ano ang kasama sa karapatang ito. Gayunpaman, napag-alaman ng Korte Suprema ng California na kasama sa karapatan sa pagkapribado na ito ang karapatang gumawa ng mga

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI



pagpapasya sa reproduksyon, gaya ng pagpapa-laglag o hindi, o paggamit ng mga contraceptive. Bukod pa rito, isang batas ng estado ang ipinasa para hayagang protektahan ang mga karapatang ito.

***Nagtalaga ang Batas ng Estado ng Ilang Paghihigpit sa Mga Aborsyon.*** Dahil sa paraan ng interpretasyon ng mga hukuman ng California sa karapatan sa pagkapribado, puwede lang paghigpitan ng estado ang mga paglalaglag kapag kinakailangang matugunan ang ilang interes ng estado gaya ng pampublikong kalusugan at kaligtasan. Halimbawa, inaatasan ng batas ng California ang mga provider ng pagpapalaglag na maging lisensyado. Bukod pa rito, puwede lang isagawa ang mga paglalaglag sa isang viable fetus kung inilalagay ng pagbubuntis sa panganib ang kalusugan o buhay ng taong nagbubuntis. Alinsunod sa batas ng estado, itinuturing na viable ang isang fetus kung malamang na mabuhay ang fetus sa labas ng uterus.

### TUMUTULONG ANG ESTADO NA MAGBAYAD PARA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA MARAMING CALIFORNIAN

***Nagbibigay ang California ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Maraming Californian na Mababa ang Kita.*** Ang programang Medicaid ng pederal na pamahalaan at estado, na kilala bilang Medi-Cal sa California, ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa mga kwalipikadong residente ng California na mababa ang kita. Kasama sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nasasaklawan ng Medi-Cal ang pagpapalaglag at mga contraceptive. Naghahati ang pang-estado at pederal na pamahalaan sa gastusin ng karamihan ng mga serbisyo ng Medi-Cal kasama ang mga contraceptive. Gayunpaman, binabayaran ng estado ang kumpletong halaga ng mga pagpapalaglag ibinibigay sa pamamagitan ng Medi-Cal.

***Maraming Californian ang Bumibili ng Seguro sa Kalusugan Sa Pamamagitan ng Covered California.*** Humigit-kumulang 2 milyong Californian ang bumibili ng mga plano sa seguro sa kalusugan sa pamamagitan ng merkado sa seguro sa kalusugan ng estado, ang Covered California. Kasama sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nasasaklawan ng mga planong ito ang pagpapalaglag at mga contraceptive. Para sa karamihan ng taong nakatala sa Covered California, tumutulong ang pang-estado at pederal na pamahalaan na magbayad para sa kahit kaunti sa gastos ng pagbilis sa mga planong ito. Gayunpaman, estado lang ang nagbabayad para sa gastos ng mga plano para saklawin ang mga aborsyon para sa mga taong ito.

## MUNGKAHI

Binabago ng Proposisyon 1 ang Saligang-Batas ng California para sabihing hindi dapat tumanggi o makialam ang estado sa kalayaan sa reproduksyon ng isang tao at may pundamental na karapatan ang mga taong piliin kung:

- Magpapa-abort sila o hindi
- Gagamit sila ng mga contraceptive o hindi.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Walang Direktang Epekto sa Pananalapi.*** Babaguhin ng Proposisyon 1 ang Saligang-Batas ng California para hayagang isama ang mga kasalukuyang karapatan sa kalayaan sa reproduksyon. Dahil ang mga karapatang ito ay umiiral na sa California, walang direktang epekto ang proposisyon sa pananalapi. Gayunpaman, hindi malinaw kung bibigyang-kahulugan ng isang hukuman ang proposisyon bilang pagpapalawig ng mga karapatan sa reproduksyon, higit pa sa umiiral na batas. Kung mapagpapasyahan ng isang hukuman na pinapalawig ng proposisyon ang mga karapatang ito, posibleng magkaroon ng mga epekto sa pananalapi sa estado.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2022-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html***

**para i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 1 ★

BUMOTO NG OO SA PROP. 1.

Simple lang: Ang Proposisyon 1 ay magpapatibay sa pangunahing karapatan sa pagpapalaglag at pangunahing karapatan sa mga contraceptive sa Saligang-Batas ng Estado ng California.

Sa loob ng halos 50 taon, umasa ang mga Amerikano sa legal na prinsipyo na itinakda ng *Roe v. Wade* na nagbibigay-daan sa mga indibiduwal na gumawa ng sarili nilang mga desisyon sa kalusugan ng reproduktibo nang pribado. Ang pagkuha ng pagpapalaglag ay hindi na protektado ng pederal at inaatake sa buong bansa.

OO SA PROP. 1 POPROTEKTAHAN ANG KARAPATAN SA KALAYAAN KAUGNAY NG REPRODUKSYON.

Sinususugan ng Prop. 1 ang Saligang-Batas ng Estado ng California para tahasang ipagbawal ang panghihimasok sa mga desisyong pinagpipilian ng indibiduwal sa kalusugan ng reproduktibo. Tinitiyak nito ang isang pangunahing karapatang pumili na makapagpalaglag at pinoprotektahan ang access sa mga contraceptive. Ang mga karapatang ito ay naaayon sa umiiral na mga karapatan sa Saligang-Batas ng estado sa pagkapribado at pantay na proteksyon sa ilalim ng batas.

TITIYAKIN NG OO SA PROP. 1 NA ANG PAGKAKAROON NG OPSYONG HUMILING NG KOMPREHENSIBONG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN NG REPRODUKTIBO, KASAMA ANG PAGPAPALAGLAG, AY PALAGING PROTEKTADO SA CALIFORNIA.

Milyun-milyon sa ibang estado ang nawalan na ng karapatan sa pagpapalaglag. Sa mga estadong iyon, ang mga pasyente ay maaaring ikulong dahil sa kagustuhang magpalaglag kahit na sa kaso ng mga nakunan. At karamihan ay mapipigilan sa pagpapalaglag kahit na sa mga kaso ng panggagahasa o incest. Ang kanilang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaari ding panagutin sa krimen.

SANG-AYON ANG MGA DOKTOR, NARS, AT TAGAPAGBIGAY NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Ang Oo sa Prop. 1 ay kinakailangan para panatilihin ang mga medikal na desisyon kaugnay ng kalusugan ng reproduktibo kung saan sila nabibilang—kasama ang mga indibidwal at ang kanilang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, batay sa mga siyentipikong katotohanan, hindi mga pampulitikang agenda.

Poprotektahan din ng Prop. 1 ang pagpapasya ng isang tao na gumamit ng mga contraceptive at magtatatag ng mga proteksyon na magpapahintulot sa isang tao na gumawa ng desisyon para sa kanilang sarili kung paano gagamitin o tatanggihan ang mga contraceptive, batay sa kanilang mga indibiduwal na pangangailangan.

HINDI TAYO—AT HINDI DAPAT—SUSULONG NANG PAURONG.

Bago ang 1973, ang mga kababaihan na nangangailangan ng mahahalagang pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo ay kadalasang napipilitang maglakbay ng malalayong distansya o humanap ng ilegal na pangangalaga, kahit na sa mga pinakamatinding kaso.

Ang mga batang lumalaki ngayon ay hindi dapat magkaroon ng mas kaunting karapatan kaysa sa kanilang mga lolo't lola. Maliban kung ipapasa natin ang Prop. 1, maaaring malagay sa panganib ang ating mga karapatan sa California.

Ang pagkakaroon ng access sa abot-kaya, komprehensibong pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo, kabilang ang pagpapalaglag, ay nagbibigay-daan sa mga tao na magplano ng kanilang buhay at makamit ang kanilang mga pangarap. Ang Oo sa Prop. 1 ay magpoprotekta sa pagkakaroon ng access sa pangangalaga na magbibigay sa mga indibiduwal at pamilya ng kalayaan na gawin ang mga desisyong iyon.

Ang California Medical Association, Planned Parenthood Affiliates of California, at ang League of Women Voters of California ay sumusuporta sa Prop. 1 dahil kahit sino o anong partidong politikal ang kumokontrol sa gobyerno, ang karapatan ng isang tao sa pagpapalaglag o mga contraceptive ay dapat protektahan sa California.

Dapat nating pangunahan ang pagtiyak na ang mga nangangailangan ng access sa pangangalaga ay makakakuha nito sa California.

Matuto pa sa *YESon1CA.com*.

BUMOTO NG OO SA PROP. 1.

**Shannon Udovic-Constant**, **M.D.**, Pinuno ng Lupon
California Medical Association

**Jodi Hicks**, Presidente
Planned Parenthood Affiliates of California

**Carol Moon Goldberg**, Presidente
League of Women Voters of California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 1 ★

HINDI kailangan ang Proposisyon 1 para protektahan ang mga karapatan sa pagpapalaglag. Ngunit GAGASTUSIN nito ang milyon-milyong galing sa mga nagbabayad ng buwis sa California.

"Pinapayagan na ng batas ng California ang pagkakaroon ng access sa pagpapalaglag at kontrasepsyon," sabi ng abugado ng Saligang-Batas na si Heather Hacker. "Ngunit hindi tulad ng batas ng estado, na naglilimita sa mga pagpapalaglag sa huling termino maliban kung medikal na kinakailangan, ang Proposisyon 1 ay walang limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino."

Tulad ng iba pang mga pagbabago sa saligang-batas, ang Proposisyon 1 ay haharap sa maraming demanda at mga hamon sa korte, kung saan mahahayaan ang kapalaran nito na mapailalim sa interpretasyon ng hukuman.

Gusto ba talaga natin na ang mga hukom ang magpasya sa isyung ito?

Parehong hindi totoo ang mga pahayag na nililimitahan ng Proposisyon 1 ang mga pagpapalaglag sa huling termino. Walang paglilimita.

Basahin ang Proposisyon 1 para sa inyo. WALANG salitang nakasaad dito na naglilimita sa mga pagpapalaglag sa huling termino, at hindi rin nito pinipigilan ang paggamit ng pera sa buwis upang pondohan ang mga pagpapalaglag.

TINAASAN na ng Lehislatura ang pondo sa pagpapalaglag nang $200 milyon ngayong taon. Ngunit sinasabi ng mga tagapagtaguyod ng Proposisyon 1 na maaaring hindi sapat iyon. Sa Proposisyon 1, ang bilang ng mga maghahangad na magpalaglag mula sa ibang estado ay tataas, na babayaran mula sa sariling bulsa ng mga nagbabayad ng buwis sa California. Ito ay tahasang hindi makatarungan.

Ayon sa *The San Jose Mercury News*, ang mga klinika sa mga county ng San Diego, Riverside at Imperial ay nakakita na ng 1,246% na pagtaas sa mga babaeng naghahangad na magpalaglag—mula pa lang sa Arizona.

Ang Proposisyon 1 ay isang pag-aaksaya ng milyon-milyong dolyar na pera sa buwis na hindi kailangan para protektahan ang kalayaan sa kalusugan ng reproduktibo ng kababaihan. Pinahihintulutan nito ang mga pagpapalaglag sa huling termino nang walang limitasyon, at magsisimula ng matagal na legal na labanan na maaaring tumagal nang ilang taon at magkahalaga ng milyon-milyon.

Para protektahan ang mga nagbabayad ng buwis at ang mga umiiral na karapatan sa pagpapalaglag, at para mapanatili ang mga makatwirang limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino, bumoto ng "HINDI" sa Proposisyon 1.

**Allison Martinez**, Ehekutibong Tagapagpaganap
California Alliance of Pregnancy Care

**Brad Dacus**, Presidente
Pacific Justice Institute

**Dr. Vansen Wong**, Gynecologist

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 ★

Kaming mga pumirma sa argumentong ito ay may magkakaibang pananaw sa maraming isyu, kabilang ang pagpapalaglag.

Ngunit lahat sumasang-ayon kaming lahat na ang Proposisyon 1 ay isang sukdulan, mahal, at walang kabuluhang pag-aaksaya ng pera sa buwis na magpapahintulot sa hindi pinaghihigpitang pagpapalaglag sa huling termino na nagkakahalaga ng milyun-milyong mula sa mga nagbabayad ng buwis. Hindi ito ang sagot.

Ang Proposisyon 1 ay inilagay sa balota para sa isang dahilan—para makakuha ng mga puntos sa pulitika, hindi para gumawa ng seryosong patakaran.

Ang mga kababaihan ay mayroon nang karapatang pumili sa ilalim ng kasalukuyang batas ng California. Hindi ito nabago ng kamakailang desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos at hindi rin nito ito mababago. HINDI kailangan ang Proposisyon 1 para protektahan ang kalusugan ng kababaihan o ang kanilang mga karapatan sa kalusugan ng reproduktibo.

Ang mga pagpapalaglag ay legal na sa California na may mga makatwirang limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino, na pinapayagan kung medikal na kinakailangan para maprotektahan ang buhay o kalusugan ng ina.

Sisirain ng Proposisyon 1 ang mahalagang balanseng ito at ilalagay ang pinakamatinding batas sa pagpapalaglag na posible sa ating Saligang-Batas ng estado.

Pahihintulutan ng Proposisyon 1 ang mga pagpapalaglag sa huling termino sa sariling gastos ng nagbabayad ng buwis nang WALANG limitasyon sa anumang dahilan at sa anumang oras hanggang sa sandali ng kapanganakan—kahit na ang buhay ng ina ay wala sa panganib, kahit na ang malusog na sanggol ay mabubuhay sa labas ng sinapupunan.

Sa halip na pangalagaan ang mahabagin at maingat na balanseng mga limitasyon ng ating estado sa mga pagpapalaglag sa huling termino, iibahin ng Proposisyon 1 ang pinaniniwalaang normal ng California. Ngayon, nililimitahan ng karamihan sa mga estado at 47 bansa sa Europa ang mga pagpapalaglag sa huling termino, kabilang ang California. Nalaman sa kamakailang Harris Poll na 90% ng mga Amerikano ang sumusuporta sa mga limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino. Gayundin, ipinapakita ng kamakailang botohan na karamihan din sa mga botante ng California ay sumusuporta sa mga limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino.

Sa pamamagitan ng pagpayag sa pagpapalaglag nang walang limitasyon, gagawin ng Proposisyon 1 ang California bilang isang "santuwaryong estado" para sa libu-libo, posibleng milyun-milyon, na naghahangad na magpalaglag galing sa ibang estado, sa napakalaking halaga sa mga nagbabayad ng buwis.

Tinatantya ng panig sa pagpapalaglag na Guttmacher Institute na ang California ay maaaring makakita ng halos 3,000% na pagtaas sa bilang ng mga tao mula sa ibang estado na naghahangad na magpalaglag dito, kung saan marami ang pumupunta para sa mas mahal na pagpapalaglag sa huling termino. Ayon sa ulat, ang taunang dami ng pasyente mula sa labas ng estado ng California ay maaaring umakyat mula 46,000 katao sa isang taon hanggang 1.4 milyon.

Nang walang limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino, patataasin ng Proposisyon 1 ang mga bilang na ito, na makakaubos sa milyun-milyong dolyar na buwis sa panahon na ang mga nagbabayad ng buwis ay nahihirapan sa inflation at mataas na presyo ng gas.

Ipinasa na ng Lehislatura ang mahigit $200 milyon ngayong taon para palawakin ang mga serbisyo ng pagpapalaglag at kalusugan ng reproduktibo, kabilang ang milyon-milyon upang bayaran ang mga gastos para sa mga naghahangad na magpalaglag galing sa ibang estado. Sa 3,000% na pagtaas sa bilang ng mga tao mula sa ibang mga estado na gustong magpalaglag, milyon-milyong dolyar pa ang kakailanganin para matugunan ang tumataas na pangangailangan.

Ang Proposisyon 1 ay isang sukdulan at magastos na panukala na walang ginagawa para isulong ang kalusugan ng kababaihan o ang kanilang karapatang pumili. Pinarurusahan nito ang mga nagbabayad ng buwis at inaalis ang lahat ng limitasyon sa mga pagpapalaglag sa huling termino bilang pagsuway sa gusto ng karamihan sa mga botante.

Ang Proposisyon 1 ay isang mapangutyang pang-agaw pansin na inilagay sa balota para makakuha ng mga puntos sa politika, hindi para gumawa ng makabuluhang patakaran. Gaya ng dati, ang mga nagbabayad ng buwis ang magbabayad ng presyo.

Inuudyok namin ang pagboto ng "HINDI" sa Proposisyon 1. Nararapat itong matalo.

**Dr. Anne Marie Adams**, Gynecologist

**Tak Allen**, Presidente
International Faith Based Coalition

**Miyembro ng Asemblea Jim Patterson**

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 1 ★

Tinitiyak ng Proposisyon 1 na ang pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo—kabilang ang karapatan sa pagpapalaglag—ay protektado sa Saligang-Batas ng Estado. Tahasang isinasaad ng pag-amyendang ito sa Saligang-Batas ng Estado na ang mga tao ay may kalayaan na humiling ng pagpapalaglag at mga contraceptive. Pipigilan nito ang mga karapatang iyon na makuha mula sa mga taga-California kung paano ito tinanggal kamakailan ng konserbatibong Korte Suprema ng Estados Unidos

Huwag magpalinlang sa mga kalaban. Hindi tayo maaaring bumalik.

Hindi babaguhin ng Prop. 1 kung paano o kailan maaaring hilingin ng isang tao ang pagpapalaglag sa California.

Itinakda ng umiiral na batas ng California na ang mga kababaihan ay may karapatang pumili na magpalaglag, o protektahan ang buhay o kalusugan ng babae. Hindi iyon babaguhin ng Proposisyon 1.

Huwag magpadala sa mga taktika ng pananakot mula sa mga kalaban.

Aamyendahan lang ng Prop. 1 ang Saligang-Batas ng Estado para ipagbawal ang panghihimasok sa mga indibiduwal na desisyon sa pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo at sa pangunahing karapatang piliing pagpapalaglag.

Ang mga desisyon tungkol sa pagpapalaglag at pagpipigil sa pagbubuntis ay lubos na in-person. Pinakamahusay na magagawa ito kasama ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na makakapagbigay ng ekspertong patnubay at napapailalim sa mga pamantayang propesyonal at etikal. Pinoprotektahan ng Prop. 1 ang karapatang iyon.

Huwag hayaang isulong ng paurong ang California. Bagama't tinalikuran ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang agham, kaligtasan at pagkakapantay-pantay sa pagbaligtad ng *Roe v. Wade*, tinitiyak ng Prop. 1 na ang pagpili na humingi ng komprehensibong pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo ay palaging mapoprotektahan sa California.

Ang mga pagpapasyang medikal sa kalusugan ng reproduktibo ay dapat gawin kasama ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, batay sa mga siyentipikong katotohanan, na walang pulitika.

*YESon1CA.com*

Bumoto ng OO sa Prop. 1.

**Sandy Reding**, **R.N.**, Presidente
California Nurses Association

**Kelly McCue**, **M.D.**, Pinuno ng Distrito IX
American College of Obstetricians and Gynecologists

**Cary Franklin**, **J.D.**, Direktor ng Faculty
UCLA Center on Kalusugan ng reproduktibo, Law and Policy

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

PROPOSISYON

# 26 PINAPAYAGAN ANG IN-PERSON NA ROULETTE, MGA LARONG MAY DICE, AT PAGTAYA SA SPORTS SA MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

26

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa pahina 77 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Pinapayagan ang mga Indian na tribong kinikilala ng pederal na mag-operate ng roulette, mga larong may dice, at pagtaya sa sports sa lugar sa mga pantribong lupain, kung papayagan ng mga gaming compact na naaprubahan ng Estado.
- Pinapayagan ang pagtaya sa sports sa ilang partikular na lisensyadong track ng karera ng kabayo sa apat na county para sa mga taong may edad na 21 taon pataas, at nagpapataw ng 10% buwis sa mga kita sa pagtaya sa sports sa mga track na ito; dinidirekta ang mga kita sa Pangkalahatang Pondo ng estado (70%), mga programa para sa problema sa pagsusugal, (15%), at pagpapatupad (15%).
- Ipinagbabawal ang pag-market ng pagtaya sa sports sa mga taong wala pang 21 taong gulang.
- Pinapayagan ang mga pribadong kaso na magpatupad ng ilang partikular na batas sa pagsusugal.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN

- Dagdag na kita sa estado, na posibleng umabot sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon, mula sa mga pagbabayad sa track ng karera at pagtaya sa tribal casino sports at multa sa pagsusugal. Ang ilan sa mga kitang ito ay magiging isang paglipat mula sa mga kasalukuyang kita ng estado.
- Dagdag na gastusin ng estado para mapangasiwaan ang in-person na pagtaya sa sports, na posibleng umabot sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon. Mao-offset ang ilan sa o ang lahat ng gastusing ito sa pagtaas ng kita ng estado.
- Dagdag na gastusin ng estado para maipatupad ang mga batas sa pagsusugal, na hindi posibleng lumampas sa mababang sampu-sampung milyong dolyar bawat taon. Puwedeng ma-offset ang ilan sa mga gastusing ito sa pagtaas ng kita ng estado.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BACKGROUND

***Pagsusugal sa California.*** Nililimitahan ng Saligang-Batas ng California at batas ng estado ang pagsusugal sa California. Halimbawa, pinagbabawal ng batas ng estado ang pagtaya sa sports, roulette, at larong may dice (gaya ng craps). Gayunpaman, may pinapahintulutan itong ilang sugal. Kasama rito ang:

- ***Loterya sa Estado.*** Humigit-kumulang 23,000 tindahan sa lahat ng 58 county ang nagbebenta ng mga laro para sa loterya sa estado. Sumusuporta ng edukasyon ang mga benta sa loterya—pagkatapos bawasan ng mga gastusin sa papremyo at pagpapatakbo. Humigit-kumulang $1.9 na bilyong kita sa loterya ang sumuporta ng edukasyon sa nakalipas na taon.
- ***Mga Cardroom.*** Sa kasalukuyan, 84 na cardroom sa 32 county ang puwedeng mag-alok ng ilang partikular na laro ng baraha (gaya ng poker). Nagbabayad ang mga cardroom ng mga bayarin at buwis sa estado at lokal. Halimbawa, nagbabayad ang mga cardroom sa estado, sa pangkalahatan, ng humigit-kumulang $24 na milyon bawat taon (taun-taon) para sa mga gastusin sa pangangasiwa. Nagbabayad rin ang mga cardroom ng humigit-kumulang $100 milyon bawat taon sa mga lungsod kung nasaan ang mga ito.
- ***Pagtaya sa Karera ng Kabayo.*** Apat na pribadong racetrack at 29 na mga fair, pampublikong racetrack, at iba pang pasilidad sa 17 county ang puwedeng tayaan para sa karera ng kabayo. Nagbabayad ang industriya ng karera ng kabayo ng mga bayarin at buwis sa estado at lokal. Noong nakaraang taon, humigit-kumulang $18 milyon ang binayaran ng industriya sa estado para sa mga gastusin sa pangangasiwa ng estado.
- ***Mga Pantribong Casino.*** Nagpapatakbo ang mga tribo ng 66 na casino sa 28 county sa ilalim ng mga partikular na kasunduan sa pagitan ng ilang partikular na tribo at estado (tinatalakay sa ibaba). Ang mga casino na ito ay may mga slot machine, laro sa loterya, at laro ng baraha sa mga pantribong lupain. Noong nakaraang taon, nagbayad ang mga tribo ng humigit-kumulang $65 milyon para suportahan ang mga programa ng estado sa pangangasiwa at pagkalulong sa pagsusugal. Nagbabayad rin ang mga tribo ng tens na milyun-milyong dolyar sa mga lokal na pamahaalan bawat taon. Bukod pa rito, nagbabayad ang mga tribong nagpapatakbo ng mas malalaking casino ng halos $150 milyon bawat taon sa mga tribong hindi nagpapatakbo ng mga casino o wala pang 350 slot machine.

***Mga Kasunduan ng Tribo at Estado*** Ang mga Native American na tribo ay may ilang partikular na karapatan sa ilalim ng pederal na batas na pangasiwaan ang kanilang sarili, gaya ng ilang partikular na karapatan na mag-alok ng pagsusugal. Ibig sabihin, hindi mapaghihigpitan ng estado ang pagsusugal, sa pangkalahatan, maliban na lang kung pinapayagan ito ng (1) pederal na batas at ng (2) mga kasunduang naaprubahan ng pederal sa pagitan ng isang tribo at estado (na tinatawag na mga kasunduan ng tribo at estado). Kapag gusto ng isang tribo na mag-alok ng pagsusugal sa mga lupain nito, iniaatas ng pederal na batas na makipagnegosasyon ang estado sa tribo sa pamamagitan ng isang kasunduan. Kung hindi magkakasundo ang tribo at estado, posibleng ang pederal na pamahalaan na lang ang maglalabas ng kasunduan. Sa California, pinapayagan ng mga kasunduan ang mga pantribong casino na mag-alok ng mga slot machine at iba pang laro sa mga pantribong lupain. Isinasaad ng mga kasunduang ito kung paano paghihigpitan ang pagsusugal. Nag-aatas din ang mga ito ng ilang partikular na pagbabayad, gaya ng babayaran sa mga pamahalaan ng estado at lokal. Sa kasalukuyan, may mga kasunduan ang California sa 79 na tribo. Puwedeng ipabago ng mga tribo ang mga kasunduang ito, gaya ng kapag may mga bagong uri ng pagsusugal na naging legal sa estado.

***Pagpapatupad sa Mga Batas sa Pagsusugal ng Estado at Lokal.*** Ipinapatupad ang mga batas sa pagsusugal ng estado ng California at lokal sa iba't ibang paraan. Halimbawa, magagawa ng mga ahensya ng pangangasiwa na bumawi ng mga lisensya, magpataw ng mga multa, o umaksyon para magpataw ng mga parusa sa pamamagitan ng mga sibil na kasong inihahain sa mga hukuman para sa paglilitis ng estado. Magagawa ng Departamento ng Katarungan (DOJ) ng California, mga abugado ng distrito sa county, at abugado ng lungsod na maghain ng mga kriminal na kaso sa mga hukuman para sa paglilitis ng estado laban sa paglabag sa ilang partikular na batas sa pagsusugal.

***Kinakailangang Paggastos sa Edukasyon Taun-taon.*** Inaatasan ng Saligang-Batas ng California ang estado na gumastos ng isang minimum na halaga sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo sa komunidad bawat taon. Lumalaki ang minimum na halagang ito sa paglipas ng panahon batay sa paglaki ng kita sa buwis ng estado, ekonomiya, at bilang ng mga pumapasok na mag-aaral. May kasamang $110 bilyon ang kasalukuyang badyet ng estado para matugunan ang kinakailangang ito. Nagbibigay ang Pangkalahatang Pondo ng estado, sa kasalukuyan, ng mahigit sa $80 bilyon sa halagang ito. (Ang Pangkalahatang Pondo ay angpangunahing account sa pagpapatakbo ng estado, na nagbabayad sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang pampublikong serbisyo). Ginagamit din ang mga lokal na buwis sa mga pag-aari para matugunan ang pinaka-maliit na halagang ito.

## MUNGKAHI

Pinapayagan ng Proposisyon 26 ang in-person na pagtaya sa sports sa mga racetrack at pantribong casino. Inaatasan nito ang mga racetrack at casino na nag-aalok ng pagtaya sa sports  na gumawa ng ilang partikular na pagbabayad sa estado—para masuportahan ang mga gastusin sa pangangasiwa ng estado. Pinapayagan din ng proposisyon ang karagdagang pagsusugal—gaya ng roulette—sa mga pantribong casino. Panghuli, may idinaragdag itong bagong paraan ng pagpapatupad ng ilang partikular na batas sa pagsusugal ng estado.

***Pinapayagan ang In-person na Pagtaya sa sports sa Mga Racetrack at Pantribong Casino.*** Binabago ng Proposisyon 26 ang Saligang-Batas ng California at batas ng estado para payagan ang mga pribadong racetrack at pantribong casino ng estado na mag-alok ng pagtaya sa sports. Gayunpaman, may pinagbabawal na ilang partikular na sports ang proposisyon—gaya ng mga laro sa mga matataas na paaralan at laro kung saan makakasali ang mga koponan sa kolehiyo sa California. Ipinapakita ng Figure 1 ang mga lokasyong puwedeng mag-alok ng pagtaya sa sports.


- ***Mga Kinakailangan sa Mga Racetrack.*** Pinapayagan ng proposisyon ang apat na pribadong racetrack ng estado na mag-alok ng pagtaya sa sports sa mga taong may edad na 21 taon pataas. In-person dapat na gawin sa track ang lahat ng pagtaya. Inaatasan din ng proposisyon ang mga racetrack na ibayad sa estado ang 10 porsyento ng mga taya sa sports bawat araw—pagkatapos ikaltas ang anumang pagbabayad para sa papremyo. Mapupunta ang mga pagbabayad na ito sa isang bagong Pondo ng California mula sa Pagtaya sa Sports (CSWF).
- ***Mga Kinakailangan sa Mga Pantribong Casino.*** Ang proposisyon ay may mga partikular na kinakailangan para mga pantribong casino na mag-aalok ng pagtaya sa sports. Halimbawa, puwede lang mag-alok ng pagtaya sa sports sa mga pantribong lupain kapag nabago ng isang tribo ang kasunduan nito sa estado para payagan ito. Isasaad ng kasunduan ng bawat tribo ang mga kinakailangang dapat nitong sundin. Halimbawa, puwedeng isaad ng kasunduan ang pinaka-mababang edad sa pagtaya, mga kinakailangang pagbabayad sa pamahalaan ng estado at lokal, at kung mapupunta ba sa bagong CSWF ang mga pagbabayad sa tribo. Kung hindi mapupunta sa bagong CSWF ang mga pagbabayad, inaatasan ng proposisyon ang mga tribo na bayaran ang estado para sa gastusin sa pangangasiwa ng pagtaya sa sports sa mga pantribong casino.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI



Figure 1

**Lokasyon ng Mga Racetrack at Pantribong Casino na Nag-aalok ng Pagtaya sa Sports**



***Pinapayagan ang Karagdagang Pagsusugal sa Mga Pantribong Casino.*** Binabago ng Proposisyon 26 ang Saligang-Batas ng California para payagan ang paglalaro ng roulette at mga larong may dice sa mga pantribong casino. Bago ialok ang mga larong ito, kakailanganing baguhin ang mga kasunduan ng tribo sa estado para mapahintulutan silang gawin ito.

***Nagdaragdag ng Bagong Paraan ng Pagpapatupad.*** May idinaragdag ang Proposisyon 26 na bagong paraan ng pagpapatupad ng ilang partikular na batas sa pagsusugal ng estado, gaya ng mga batas na nagbabawal ng ilang partikular na uri ng mga laro ng baraha. Sa partikular, pinapayagan nito ang mga tao o entidad na naniniwalang lumalabag ang isang tao sa mga batas na ito na maghain ng sibil na kaso sa mga hukuman para sa paglilitis ng estado. Puwedeng humiling ang kasong ito ng multang hanggang $10,000 para sa bawat paglabag. Puwede rin nitong hilingin sa hukuman na ihinto ang gawi. Papayagan lang ang mga sibil na kasong ito kung hihilingin muna ng tao o entidad na naghahain nito sa DOJ na kumilos at (1) hindi maghahain ang DOJ ng kaso sa hukuman sa loob ng 90 araw o (2) tatanggihan ng hukuman ang kasong ihahain ng DOJ at hindi nito ito pagbabawalang maihain ulit. Mapupunta ang mga makokolektang multa sa CSWF para sa mga layuning nakasaad sa itaas.

***Kinakailangan ang Partikular na Paggamit ng Mga Kita sa CSWF.*** Iniaatas ng Proposisyon 26 na ituring ang mga kita sa CSWF na mga kita sa buwis ng estado para makalkula ang pinakamaliit na halaga ng paggastos sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo sa komunidad bawat taon. Ibig sabihin, gagamitin muna ang pera sa CSWF para matugunan ang kinakailangang antas na ito ng paggastos sa edukasyon. Iniaatas ng proposisyon na gamitin ang pera sa susunod para suportahan ang mga gastusin sa pangangasiwa ng estado. Gagamitin ang matitirang pera sa tatlong paraan: (1) 15 porsyento para sa mga programa at gawad sa pagkalulong sa pagsusugal at kalusugan ng pag-iisip, (2) 15 porsyento para sa mga gastusin sa pagpapatupad sa pagtaya sa sports at pagsusugal, at (3) 70 porsyento sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

# MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Makakaapekto ang Proposisyon 26 sa mga kita at gastusin ng pamahalaan ng estado at lokal. Gayunpaman, ang aktwal na laki ng mga epektong ito ay hindi tiyak at nakadepende sa kung paano ipapakahulugan at ipapatupad ang proposisyon. Halimbawa, hindi malinaw kung mag-aatas ng mga karagdagang pagbabayad sa mga lokal na pamahalaan ang pagbabago sa mga kasunduan ng tribo at estado. Dedepende rin ang mga epekto sa pananalapi sa bilang ng mga taong pipiling tumaya sa  at sa sports kung gaano kadalas gagamitin ang bagong paraan ng sibil na pagpapatupad.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY



***Mas Mataas na Kita ng Estado.*** Papataasin ng Proposisyon 26 ang kita ng estado mula sa mga pagbabayad sa pagtaya sa racetrack at pantribong sports pati ang mga sibil na multa. Hindi tiyak ang laki ng pagtaas na ito, pero puwede itong umabot sa tens na milyun-milyong dolyar bawat taon. Ang ilan sa kitang ito ay maaaring bago. Halimbawa, sa kasalukuyan, hindi nakakatanggap ang estado ng anumang porsyento sa mga ilegal na taya sa sports. Ibig sabihin, magkakaroon ng bagong kita ang estado kapag legal at hindi na ilegal na tumaya sa sports ang mga tao. Gayunpaman, hindi bago ang ilan sa kitang ito. Halimbawa, sa kasalukuyan, kumikita ang estado sa tuwing gumagastos ang mga tao sa ilang partikular na bagay, gaya ng mga laro sa loterya o pamimili. Ibig sabihin, puwedeng hindi magkaroon ng bagong kita ang estado kapag mas maliit ang ginastos ng mga tao sa mga bagay na iyon para makataya sila sa sports.

Mapupunta ang ilan sa dagdag na kita sa CSWF. Magreresulta ito sa mas mataas na pinaka-maliit na halaga ng kinakailangang paggastos sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo sa komunidad. Humigit-kumulang 40 porsyento ng pera sa CSWF ang malamang ay gamitin para matugunan ang mas mataas na halagang ito ng pinaka-maliit na paggastos. Gagamitin ang natitirang 60 porsyento para sa mga gastusing nauugnay sa pagtaya sa sports at pagsusugal, pati sa iba pang priyoridad ng estado sa paggastos.

***Mga Epekto sa Mga Kita ng Lokal na Pamahalaan.*** Puwedeng makaapekto ang Proposisyon 26 sa mga kita ng lokal na pamahalaan. Halimbawa, puwedeng mas maliit ang kitain ng mga cardroom kung maaapektuhan ng bagong paraan ng sibil na pagpapatupad ang mga ito sa negatibong paraan. Bilang resulta, puwedeng mabawasan ang mga buwis at bayaring babayaran ng mga ito sa mga kinaroroonang lungsod ng mga ito. Malamang ay hindi ganoon kalaki ang mga maging epekto sa mga lokal na pamahalaan. Gayunpaman, posibleng magkaroon ng mas malalaking epekto sa ilang lokal na pamahalaan na may malaking porsyento ng kita mula sa mga cardroom. Halimbawa, tinataya ng isang lungsod na humigit-kumulang 70 porsyento ng kita sa Pangkalahatang Pondo nito ang mga pagbabayad sa cardroom. Kasabay nito, posibleng mag-atas ang mga nabagong kasunduan ng tribo at estado para payagan ang pagtaya sa sports na magbayad nang higit pa ang mga tribo sa mga lokal na pamahalaan.

***Mas Mataas na Gastusin sa Pangangasiwa ng Estado.*** Gagawa ang Proposisyon 26 ng higit pang trabaho para sa mga ahensya ng estado (gaya ng DOJ) para pangasiwaan ang pagtaya sa sports. Sa pangkalahatan, nakadepende ang dami ng trabaho sa kung paano pinapangasiwaan ang pagtaya sa sports, gaya ng kung anong mga uri ng mga taya ang hindi pinapayagan. Puwedeng umabot ang kabuuang gastusin sa karagdagang trabahong ito sa mababang tens na milyun-milyong dolyar taun-taon. Ang ilan sa o ang lahat ng kitang ito ay mababawi ng kita sa CSWF at pagbabayad ng tribo sa estado na hindi napupunta sa CSWF.

***Mas Mataas na Gastusin sa Pagpapatupad ng Estado.*** Gagawa ang bagong paraan ng sibil na pagpapatupad ng mas maraming trabaho para sa DOJ at mga hukuman ng estado. Kakailanganin ng DOJ na suriin at tugunan ang mga pahayag na nilalabag ang mga batas sa pagsusugal. Kakailanganin din ng mga hukuman ng estado na iproseso ang anumang ihahaing sibil na kaso. Dedepende ang kabuuang gastusin sa pagpapatupad ng estado sa kung gaano kadalas gagamitin ang bagong paraan ng sibil na pagpapatupad. Gayunpaman, **malamang ay hindi lumampas ang mas matataas na gastusing ito sa mababang milyun-milyong dolyar bawat taon.** Ang halagang ito ay wala pa sa kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang badyet sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Puwedeng mabawi ng kita sa CSWF ang ilan sa mga gastusing ito.

***Iba Pang Epekto sa Pananalapi.*** Puwedeng magresulta ang Proposisyon 26 sa iba pang epekto sa pananalapi sa pamahalaan ng estado at lokal. Halimbawa, puwedeng tumaas ang kita ng estado at lokal mula sa mga tao mula sa labas ng estado na tataya sa sports at gagastos nang mas malaki kaysa sa kanilang kinasanayan. Bukod pa rito, puwedeng tinaasan ng mga pamahalaan ng estado at lokal ang mga gastusin. Halimbawa, kapag mas maraming bumibisita sa mga racetrack o casino, puwedeng tumaas ang mga gastusin ng mga tagapagpatupad ng batas sa estado at lokal. Hindi pa natutukoy ang netong epekto ng mga epekto nabanggit sa itaas sa pamahalaan ng estato at lokal.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2022-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 26 ★

INUUDYOK NG LIDER NG MGA TRIBONG INDIAN SA CALIFORNIA, MGA KARAPATANG SIBIL, NEGOSYO, KALIGTASAN NG PUBLIKO ANG: OO SA PROP. 26

Sa loob ng mahigit dalawang dekada, ang mga botante ng California ay nanindigan kasama ng mga tribong Indian, na nagbibigay sa kanila ng karapatang magpatakbo ng lubos na kinokontrol na paglalaro sa mga lupain ng tribo. Ang Indian na paglalaro ay nakatulong sa pag-ahon ng mga tribo mula sa kahirapan—paggawa ng mga trabaho at pagbibigay ng mga kita para sa mga kritikal na serbisyo ng tribo kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, pabahay, kaligtasan ng publiko, pangangalaga sa kultura at higit pa.

Ipagpapatuloy ng Prop. 26 ang pamana na ito sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa *in-person* na pagtaya sa sports sa labis na kinokontrol na mga Indian na casino para sa mga nasa hustong gulang na 21 pataas at pagpapahintulot sa mga Indian na casino na mag-alok ng mga karagdagang laro tulad ng roulette at dice.

ITINATAGUYOD NG PROP. 26 PAG-ASA SA SARILI NG INDIAN
Ang malawak na koalisyon ng mga tribong Indian sa California ay sumusuporta sa Prop. 26 dahil itataguyod nito ang pag-asa sa sarili para sa lahat ng tribo, kabilang ang mas maliliit at hindi naglalaro na mga tribo. Ang Prop. 26 ay magdaragdag ng mga pondo para sa mga kasunduan sa pagbabahagi ng kita na nagbibigay ng sampu-sampung milyon bawat taon sa mas maliliit, mas mahihirap na tribong Indian ng California.

*"Nakita ko mismo ang pagbabagong epekto ng pagbabahagi ng kita sa Indian na paglalaro sa aming mga tao, na tumutulong sa aming maliit na tribo na magkaroon ng pambayad para sa mga paaralan, klinika ng kalusugan at serbisyo ng bumbero. Ang Prop. 26 ay patuloy na mag-aahon sa mga tribong tulad natin mula sa kahirapan at hahayaan tayong magkaroon ng karakter na umaasa sa sarili."*—Thomas Tortez, Tribal Chairman, Torres Martinez Desert Cahuilla Indians

ANG PROP. 26 AY ANG PINAKARESPONSABLENG PARAAN NG PAGPAPAHINTULOT SA Pagtaya sa sports
Gagawing legal ng Prop. 26 ang pagtaya sa sports sa isang kontroladong paraan sa labis na kinokontrol na mga tribal casino at mga lisensiyadong pasilidad ng karera ng kabayo. Ang pag-aatas sa pagsasagawa ng pagtaya sa sports nang *in-person* ay nagbibigay ng pinakamatibay na pananggalang sa pag-papatunay ng edad para maiwasan ang pagsusugal ng mga menor de edad at makapagbigay ng mga proteksyon laban sa problemang pagsusugal. Sa kabilang banda, gagawing legal ng Prop. 27 ang *online at mobile* na pagsusugal sa sports sa California, na gagawin halos lahat sa cellphone, tablet at laptop sa isang device sa pagsusugal—na magpapataas ng panganib sa menor de edad at problema sa pagsusugal. Magalang naming hinihiling sa inyo na BUMOTO ng OO sa Prop. 26 at HINDI sa Prop. 27.

PROP 26. MAKIKINABANG ANG LAHAT SA CALIFORNIA
Ang mga tribal casino ng California ay taun-taon na nakakakuha ng $26.9 bilyon para sa ekonomiya ng estado, suporta sa mahigit 150,000 trabaho, $12.4 bilyon sa mga pasahod at nag-aambag ng halos $1.7 bilyon sa mga kita sa estado at lokal na gobyerno. Ang Prop. 26 ay gagawa ng mas maraming trabaho at pagkakataong kumita para sa mga tribong Indian at lahat ng taga-California.

SINUUSUPORTAHAN NG PROP. 26 ANG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN AT MGA PRIYORIDAD NG ESTADO
Ayon sa walang pinapanigang *Pambatasang Tagasuri*, ang Prop. 26 ay bubuo ng milyon-milyong dolyar taun-taon para sa mahahalagang serbisyo tulad ng mga pampublikong paaralan, kawalan ng tirahan at mga programa sa kalusugan ng isip, pag-iwas sa napakalaking sunog, mga serbisyo sa mga nakatatanda at iba pang priyoridad ng estado.

ANG PROP. 26 AY NAGLALAMAN NG MGA PROBISYON PARA IPATUPAD ANG MGA BATAS SA PAGSUSUGAL NG CALIFORNIA AT PIGILAN ANG KRIMINAL NA GAWAIN Ipinagbabawal ng batas ng California ang mga house banked na larong baraha tulad ng mga nakikita sa Nevada casino. Sa kabila nito, ang ilang cardroom casino at ang kanilang mga bankerong pinansiyal ay nagpapatakbo ng mga ipinagbabawal na laro ng barahang ito—nagpapatakbo ng ilegal na pagsusugal at tahasang lumalabag sa batas ng estado. Ang iligal na pagsusugal ay humahantong sa money laundering, pandaraya at kriminal na gawain. Paiigtingin ng Prop. 26 ang pagpapatupad ng mga batas sa paglalaro ng California para sugpuin ang iligal na pagsusugal at pigilan ang kriminal na gawaing ito.

OO SA 26: SUPORTADO NG MGA TRIBONG INDIAN, MGA LIDER NG KARAPATANG SIBIL, NEGOSYO AT MGA TAGAPAGTAGUYOD NG KALIGTASAN NG PUBLIKO

• American Indian Chamber of Commerce • Pambansang Samahan para sa Paglinang sa Kakayahan ng Mga May Kulay na Tao (NAACP) ng California • California District Attorneys Association • Yolo County Fire Chiefs Association • San Diego Police Officers Association • La Raza Roundtable ng California California Nations Indian Gaming Association • Gaming Association • Gold Coast Veterans Foundation • Baptist Ministers Conference ng LA at Katimugang California

*www.YesProp26.com*

**Beth Glasco**, Pantribong Vice-Chairwoman
Barona Band of Mission Indians

**Tracy Stanhoff**, Presidente
American Indian Chamber of Commerce

**Greg Sarris**, Pantribong Chairman
Federated Indians of Graton Rancheria

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 26 ★

GAGAWING LEGAL NG PROP. 26: ANG Pagtaya sa sports
Ang Prop. 26 ay isang pagpapalaganap ng pagsusugal sa California na itinataguyod ng limang mayamang tribal casino na ang layunin ay palawakin ang kanilang monopolyo sa lahat ng pagsusugal at gawing legal ang pagtaya sa sports sa kolehiyo at propesyonal na mga laro.

Ang Prop. 26 ay hahantong sa pagsusugal at pagkagumon ng mas maraming menor de edad.

PROP. 26: PINAPALAGANAP ANG HINDI KONTROLADONG PAGSUSUGAL
Sinasabi ng mga tagapagtaguyod ng Prop. 26 na hahantong ito sa mas mahusay na regulasyon sa pagsusugal, ngunit hindi napapailalim ang mga ito sa karamihan ng mga batas ng estado sa simula pa lang.

Ang ilan sa mga parehong tribong ito sa paglalaro ay tumatangging sumunod sa mga batas ng California, kabilang ang:
• Aming mga batas sa kalidad ng kapaligiran • Aming mga batas laban sa diskriminasyon at sekswal na pananakot • Aming mga batas sa pinaka-mababa na pasahod

Ang ilan ay nagbabawal sa kanilang mga empleyado na sumali sa isang unyon at ang ilan ay nagpapahintulot pa sa mga labing-walong taong gulang na magsugal!

PROP. 26: SUMISIRA SA KUMPETISYON

Ang mga tagapagtaguyod ng Prop. 26 ay gumawa ng malaking kita sa pananatiling bukas sa panahon ng COVID habang ang kanilang kumpetisyon sa card club ay kailangang magsara. Ngayon, gusto nilang alisin sa negosyo ang mga lisensyado at kinokontrol na card club sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga abogado ng pribadong paglilitis ng mga kapangyarihan sa pagpapatupad na hawak ng Pangkalahatang Abugado para ibaon ang mga card club na may mga walang kuwentang kaso.

MAKAKAAPEKTO ANG PROP. 26 SA IBA PANG KOMUNIDAD NG MAY KULAY
Kung maaalis ng mga tagapagtaguyod ng Prop. 26 ang kanilang kompetisyon sa card club, mawawalan ng 32,000 trabaho ang estado at $500 milyon sa taunang lokal na kita na nagpopondo sa mga programa ng pulisya, bumbero, pangangalagang pangkalusugan at mga programang pagtapos ng mga klase—na hindi katimbang sa mga komunidad ng may kulay. Mas mabigat pa riyan, ang mga komunidad ng California ay mawawalan ng $1.6 bilyon sa sahod.

TALAGANG HINDI MAINAM ANG PROP. 26 KAYA HINDI ITO SINUSUPORTAHAN NG KARAMIHAN NG MGA INDIAN NA TRIBO NG CALIFORNIA.

Matuto pa sa *VoteNoOnProp26.org.*

**Floyd Meshad**, Presidente
National Veterans Foundation

**George Mozingo**, Presidente
California Senior Advocates League

**Shavon Moore-Cage**, Miyembro
American Federation of State, County, and Municipal Employees Local 36 Management Chapter

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 26 ★

ANG PROP. 26 AY ISANG PAGPAPALAGANAP NG PAGSUSUGAL SA CALIFORNIA na magpapalegal sa pagtaya sa pampropesyonal, pangkolehiyo at pang-amateur na sports. Limang mayayamang tribal casino ang nagtataguyod ng Prop. 26 para palawakin ang kanilang monopolyo sa pagsusugal sa California—nang sa gayon ay maaari silang kumita ng bilyun-bilyon at patuloy na magbayad ng halos WALA sa mga buwis ng estado.

PROP. 26: MAS MARAMING MENOR DE EDAD ANG MALULULONG SA SUGAL
Sa kabila ng mga batas ng estado na ginagawang labag sa batas para sa sinumang wala pang 21 taong gulang na magsugal, ang isa sa mga tagapagtaguyod ng Prop. 26 ay regular na nagpapahintulot sa mga 18 taong gulang na magsugal, at WALA sa kanilang panukala ang pumipigil sa mga menor de edad na manunugal na tumaya sa pangkolehiyo at pampropesyonal na sports sa isang tribal casino.

PROP. 26: HINAHAYAANG HINDI PROTEKTADO ANG MGA MANGGAGAWA
Ang mga tagapagtaguyod ng Prop. 26 ay tumanggi na payagan ang kanilang mga manggagawa na sumali sa mga unyon o makibahagi sa sama-samang pakikipagkasundo at sinabing hindi nila kinakailangang ibigay ang pinakamababang pasahod ng estado—gayundin ay hinihikayat nila ang mga empleyado na pumunta sa Medi-Cal sa halip na bayaran ang kanilang segurong pangkalusugan.

Mas matindi pa riyan, mayroon silang kasaysayan ng pagtanggi na sundin ang mga batas laban sa diskriminasyon at sekswal na pananakot ng California. Nangako ang isang tribal casino sa likod ng Prop. 26 na tatalikuran nito ang sovereign immunity para sa mga demanda sa sekswal na pananakot kapalit ng pagdaragdag ng mga slot machine. Ngunit nang ang isa sa mga empleyado nito ay nagdemanda para sa sekswal na pag-atake sa pederal na hukuman, ang casino ay nag-pahayag ng immunity at humiling sa isang hukom na ibasura ang mga pahayag sa sekswal na pananakot.

*“Hahayaan ng Prop. 26 ang mga manggagawa nang walang proteksyon para sa kaligtasan, sahod-at-oras, panliligalig, at mga batas at regulasyon laban sa diskriminasyon ng California. Makiisa sa amin sa pagboto ng HINDI sa Prop. 26.”—Shavon Moore-Cage, Miyembro, American Federation of State, County and Municipal Employees Local 36 Management Chapter*

PROP. 26: TINATANGGALAN NG NEGOSYO ANG MGA CARD CLUB AT NAAAPEKTUHAN ANG MGA KOMUNIDAD NG MAY KULAY
Ang Prop. 26 ay itinataguyod ng limang mayamang tribal casino sa katimugang California na kumita ng malaki sa pananatiling bukas sa panahon ng Covid habang pinipilit ng estado na isara ang kanilang kumpetisyon sa card club. Ngayon, ang mga parehong casino na iyon ay gustong palawakin ang kanilang monopolyo at ganap na alisin sa negosyo ang mga card club sa pamamagitan ng pagbago sa Saligang-Batas ng Estado para bigyan ang mga abogado ng pribadong paglilitis ng mga kapangyarihan sa pagpapatupad ng Pangkalahatang Abugado na ibaon ang mga card club na may mga walang kabuluhang kaso.

Kung ang mga tagapagtaguyod ng Prop. 26 ay pinahihintulutan na alisan ng negosyo ang mga card club, ang ilan sa mga komunidad ng may kulay na pinakamatinding tinamaan ng estado ay mawawalan ng $500 milyon sa lokal na kita sa buwis na nagbabayad para sa mahahalagang serbisyo tulad ng pulisya, bumbero, pangangalagang pangkalusugan at pagkatapos ng klase na mga serbisyo. Ang  mga komunidad na iyon ay mawawalan ng 32,000 trabaho, $1.6 bilyon sa sahod at $5.6 bilyon sa pang-ekonomiyang mailalabas.

*“Sinusuportahan namin ang mga karapatan ng Native Americans na masustentuhan ang sarili, ngunit tinututulan namin ang Panukala 26 dahil maaapektuhan nito ang iba pang komunidad ng mga kulay sa California.”—Julian Canete, Presidente at CEO, California Hispanic Chambers of Commerce*

PROP. 26: PINAPALAGANAP ANG PAGSUSUGAL AT MGA KARERA NG KABAYO
Ang Prop. 26 ay matalinong idinisenyo para iligtas ang industriya ng karera ng kabayo sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng pagtaya sa sports sa mga karerahan ng kabayo sa paligid ng California—na nagbibigay sa kanila ng milyun-milyong bagong kita para mailigtas lang ang isang namamatay na industriya na nagdodroga, umaabuso at pumapatay ng mga kabayo taon-taon.

Mangyaring samahan kami at BUMOTO SA HINDI sa PROP. 26.

**Madeline Bernstein**, Presidente
Society for the Prevention of Cruelty to Animals Los Angeles (spcaLA)

**Jay King**, Presidente
California Black Chamber of Commerce

**Floyd Meshad**, Presidente
National Veterans Foundation

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 26 ★

INAAWTORISAHAN NG PROP. 26 ANG *IN-PERSON* NA Pagtaya sa sports SA MGA LUPAIN NG TRIBO
Sa loob ng mahigit dalawang dekada, ipinagkatiwala ng mga botante ng California ang mga tribo ng Native Americans ng California na magpatakbo ng ligtas, lubos na kinokontrol na paglalaro sa kanilang sariling mga lupain ng tribo. Ang Prop. 26 ay nagpapahintulot sa mga tribong Indian na mag-alok ng in-person na pagtaya sa sports, roulette at mga laro ng dice sa mga tribal casino. Ang Seksyon 3 ng Prop. 26 ay partikular na nagpahayag ng layunin nito na limitahan ang pagtaya sa sports sa *“mga 21 taong gulang o mas matanda para maprotektahan laban sa pagsusugal ng menor de edad."*

*“Ang mga Indian Casino ng California ay mahigpit na kinokontrol at nagpatakbo ng ligtas, responsableng paglalaro sa loob ng mahigit dalawang dekada.”—* Richard Schuetz, Dating Komisyoner, California Gambling Control Commission

NAGTATAGUYOD ANG PROP. 26 NG PAG-ASA SA SARILI NG INDIAN
Ang Prop. 26 ay bubuo ng karagdagang pondo para suportahan ang edukasyon, pabahay, pangangalagang pangkalusugan at iba pang serbisyo sa mga komunidad ng tribo. Ang  Prop. 26 ay magbibigay din ng sampu-sampung milyon taun-taon sa pagbabahagi ng kita para sa mas maliliit, hindi naglalaro na mga tribo.

ANG MGA TAGAPAGPATAKBO NG CARDROOM CASINO AY NAGSASAGAWA NG MAPANLINLANG NA KAMPANYA LABAN SA MGA TRIBONG INDIAN AT PROP. 26

Ang mga operator ng cardroom casino at ang kanilang mga bankero ng pagsusugal na nagpopondo sa mga pag-atake sa Prop. 26 ay pinagmulta ng milyun-milyon dahil sa paglabag sa mga batas laban sa money laundering, mga mapanlinlang na reglador, at ilegal na pagsusugal. Ngunit napaka-liit ng pamamahala ng estado sa mga cardroom casino. Ang masasamang aktor na ito ay nagsasagawa ng mapanlinlang na kampanya laban sa Prop. 26 para maiwasan ang pananagutan.

TUTULONG ANG PROP. 26 SA PAGPIGIL AT PAG-IWAS SA ILEGAL NA PAGSUSUGAL
Ang ilegal na pagsusugal ay kadalasang nauugnay sa pagtatrapiko ng droga, ilegal na pagtago ng pera, loan sharking, at marahas na krimen. Ang Prop. 26 ay nagtatatag ng isang mabilis na proseso sa Kagawaran ng Hustisya para tumulong sa paghinto at pagpigil sa ilegal na pagsusugal. Ang Prop. 26 ay HINDI magpapasara ng isang lehitimong negosyo.

SUPORTAHAN ANG PAG-ASA SA SARILI NG INDIAN AT LIGTAS, RESPONSABLE NA PAGSUSUGAL: OO SA 26.
*YESon26.com*

**Maxine Littlejohn**, Miyembro ng Konseho ng Tribo
Santa Ynez Band of Chumash Indians

**Anthony Roberts**, Chairman ng Tribo
Yocha Dehe Wintun Nation

**Olin Jones**, Dating Direktor
Office of Native American Affairs sa California Department of Justice

PROPOSISYON

# 27 PINAPAYAGAN ANG PAGTAYA SA ONLINE AT MOBILE NA SPORTS SA LABAS NG MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa pahina 82 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

27

- Ginagawang legal ang online at mobile na pagtaya sa sports para sa mga taong may edad na 21 taon pataas.
- Ang nasabing wagering ay puwede lang ialok ng mga Indian na tribo na kinikilala ng pederal at ng mga kwalipikadong negosyo na nakikipagkontrata sa kanila.
- Nasa California dapat at wala sa mga pantribong lupain ang mga tatayang indibidwal.
- Kinakailangan ng mga bayarin sa lisensya at nagpapataw ng 10% buwis sa mga kita sa pagtaya sa sports.
- Dinidirekta muna ang buwis at mga kita sa paglilisensya sa mga gastusin sa pangangasiwa, pagkatapos ay ang matitira sa mga programa sa kawalan ng tirahan (85%) at hindi kalahok na tribo (15%).
- Tinutukoy ang mga pamantayan sa paglilisensya, pangangasiwa, proteksyon sa consumer, at integridad sa pagtaya para sa pagtaya sa sports wagering.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN

- Tumaas na kita ng estado, na posibleng daan-daang milyong dolyar pero hindi hihigit sa $500 milyon bawat taon, mula sa mga bayad sa taya sa sports at multa. Ang ilan sa mga kitang ito ay magiging shift mula sa mga kasalukuyang kita ng estado.
- Tumaas na gastusin ng estado para mapangasiwaan ang online na pagtaya sa sports, na posibleng umabot sa mid-tens na milyun-milyong dolyar bawat taon. Mao-offset ang ilan sa o ang lahat ng gastusing ito sa pagtaas ng kita.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BACKGROUND

***Pagtaya sa Sports.*** Sa kasalukuyan, bina-ban ng batas ng estado ang pagtaya sa sports sa California. Gayunpaman, may ilang pinapahintulutang sugal ang batas ng estado, gaya ng pantribong pagsusugal, loterya sa estado, mga cardroom, at pagtaya sa karera ng kabayo.

***Pantribong Pagsusugal.*** Ang mga Native American na tribo ay may ilang partikular na karapatan sa ilalim ng pederal na batas na pangasiwaan ang kanilang sarili, gaya ng ilang partikular na karapatan na mag-alok ng sugal. Ibig sabihin, hindi mapaghihigpitan ng estado ang pagsusugal, sa pangkalahatan, maliban na lang kung pinapayagan ito ng (1) pederal na batas at ng (2) mga kasunduang naaprubahan ng pederal sa pagitan ng isang tribo at estado (na tinatawag na mga kasunduan ng tribo at estado). Kapag gusto ng isang tribo na mag-alok ng sugal sa mga lupain nito, iniaatas ng pederal na batas na makipagnegosasyon ang estado sa tribo sa pamamagitan ng isang kasunduan. Kung hindi magkakasundo ang tribo at estado, posibleng ang pederal na pamahalaan na lang ang maglabas ng kasunduan. Sa California, pinapayagan ng mga kasunduan ang mga pantribong casino na mag-alok ng mga slot machine at iba pang laro sa mga pantribong lupain. Isinasaad ng mga kasunduang ito kung paano paghihigpitan ang pagsusugal. Nag-aatas din ang mga ito ng ilang partikular na pagbabayad, gaya ng babayaran sa mga pamahalaan ng estado at lokal. Puwedeng ipabago ng mga tribo ang mga kasunduang ito, gaya ng kapag may mga bagong uri ng pagsusugal na naging legal sa estado.

Sa kasalukuyan, may mga kasunduan ang California sa 79 na tribo. Nagpapatakbo ang mga tribo, sa kasalukuyan, ng 66 na casino sa 28 county. Noong nakaraang taon, nagbayad ang mga tribo ng humigit-kumulang $65 milyon para suportahan ang mga gastusin sa programa ng estado sa pangangasiwa at pagkalulong sa pagsusugal. Nagbabayad rin ang mga tribo ng tens na milyun-milyong dolyar sa mga lokal na pamahaalan bawat taon (taun-taon). Bukod pa rito, nagbabayad ang mga tribong nagpapatakbo ng mas

malalaking casino ng halos $150 milyon bawat taon sa mga tribong hindi nagpapatakbo ng mga casino o wala pang 350 slot machine.

***Programa ng Pabahay, Tulong, at Pag-iwas para sa Mga Walang Matirhan (HHAPP) ng Estado.*** Nagbibigay ang HHAPP ng pondo sa mga lokal na entity (gaya ng mga lungsod) at tribo para matulungan silang makamit ang kanilang mga layuning nauugnay sa pagtugon sa kawalan ng tirahan. Sa kasalukuyan, 80 porsyento ng pondo ng HHAPP ang napupunta sa mga lokal na entity, sa pangkalahatan, batay sa kanilang bahagi sa populasyon ng walang matirhan sa estado, 2 porsyento sa mga tribo, at 18 porsyento sa estado para magbigay ng mga bonus sa mga lokal na entity at tribo na makakaabot sa kanilang mga layunin. Nakatanggap ang programa ng $1 bilyong pondo ngayong taon.

## MUNGKAHI

Pinapayagan ng Proposisyon 27 ang mga tribo o kumpanya ng pagsusugal na mag-alok ng pagtaya sa sports online. Inaatasan nito ang mga tribo at kumpanya ng pagsusugal na nag-aalok ng pagtaya sa sports online na gumawa ng ilang partikular na pagbabayad sa estado para sa mga partikular na layunin—gaya ng para suportahan ang mga gastusin sa pangangasiwa ng estado at tugunan ang kawalan ng tirahan. Gumagawa rin ang proposisyon ng bagong unit para sa pangangasiwa ng pagtaya sa sports online. Panghuli, nagbibigay ito ng mga bagong paraan para mabawasan ang ilegal na pagtaya sa sports online.

***Pinapayagan ang Mga Tribo o Kumpanya ng Pagsusugal na Mag-alok ng Pagtaya ng Sports Online.*** Binabago ng Proposisyon 27 ang Saligang-Batas ng California at batas ng estado para payagan ang pagtaya sa sports online sa pamamagitan ng Internet at mga mobile device. Magagawa ng mga taong may edad na 21 taon pataas sa California, na hindi mula sa mga pantribong lupain, na tumaya bago lumipas ang Setyembre 2023. Pinapayagan ng proposisyon ang mga taya sa mga athletic na event (gaya ng football) at ilang hindi athletic na event (gaya ng mga awards show at kumpetisyon sa video game). Gayunpaman, bina-ban nito ang mga taya sa ilang partikular na event gaya ng mga laro sa high school at halalan.

Pinapayagan ng proposisyon ang mga sumusunod na grupo na mag-apply para sa limang taong lisensya para makapag-alok ng pagtaya sa sports online:

- ***Mga Tribong May Mga Kasunduan ng Tribo at Estado*** Magagawa ng mga lisensyadong tribo, o ng kanilang mga contractor, na mag-alok ng pagtaya sa sports sa ilalim ng pangalan ng tribo. Inaatasan ng proposisyon ang mga tribong isuko ang ilan sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas para makakuha ng lisensya. Halimbawa, dapat ay sumang-ayon ang mga tribo sa kung gaano dapat kahigpit ang pangangasiwa ng estado.
- ***Ilang Partikular na Kumpanya ng Pagsusugal.*** Puwedeng mag-alok ang mga lisensyadong kumpanya ng pagsusugal ng pagtaya sa sports sa ilalim ng kanilang sariling pangalan o brand. Dapat makipag-partner ang mga kumpanyang ito sa isang tribong may kasunduan ng tribo at estado. Nililimitahan ng proposisyon ang mga lisensya sa mas malalaking kumpanya, gaya ng mga may lisensya sa pagtaya sa sports online sa hindi bababa sa 10 estado o teritoryo ng Estados Unidos

***Mga Kinakailangang Pagbabayad sa Estado.*** May iniaatas ang Proposisyon 27 na iba't ibang pagbabayad para sa pagtaya sa sports sa estado. Halimbawa, dapat ibayad ng mga tribo at kumpanya ng pagsusugal na may lisensya sa pagtaya sa sports ang 10 porsyento ng mga taya sa sports bawat buwan sa estado, pagkatapos ibawas ang iba't ibang gastusin. Kasama sa mga gastusing ito ang: (1) aumang taya gamit ang mga credit mula sa mga pampromosyong alok, (2) pagbabayad para sa papremyo, at (3) buwis sa pagsusugal ng pederal. Puwedeng gamitin ang mga pagkalugi, na nangyayari kapag mas malaki ang mga gastusin kaysa sa mga taya, para ma-offset ang mga pagbabayad na ito. Dapat advance na ibigay ang ilang porsyento ng mga buwanang pagbabayad na ito kapag naaprubahan o na-renew ang lisensya sa pagtaya sa sports. Babawasan nito ang aktwal na halagang dapat bayaran buwan-buwan. Sa partikular, dapat magbayad ang isang tribo ng $10 milyon kapag naaprubahan ang limang taong lisensya nito. Dapat din itong magbayad ng $1 milyon sa tuwing mare-renew ang lisensya nito. Dapat magbayad ang isang kumpanya ng pagsusugal ng $100 milyon kapag naaprubahan ang limang taong lisensya nito. Dapat din itong magbayad ng $10 milyon sa tuwing mare-renew ang lisensya nito.

***Gumagawa ng Bagong Pondo.*** Ang mga pagbabayad sa estado sa itaas ay mapupunta sa isang bagong Trust

Fund ng California para sa Pagtaya sa Sports Online (COSBTF). Iniaatas ng Proposisyon 27 na gamitin muna ang mga kita sa COSBTF sa mga gastusin sa pangangasiwa ng estado. Gagamitin ang matitira para sa dalawang pangunahing layunin:

- 85 porsyento para tugunan ang kawalan ng tirahan at para sa mga programa sa pagkalulong sa pagsusugal. Ang pera para sa pagtugon sa kawalan ng tirahan ay ibibigay sa mga lokal na entity sa paraang pareho sa pondo ng HHAPP.
- 15 porsyento para sa mga tribong walang kaugnayan sa pagtaya sa sports online. Magagamit ng mga tribo ang mga pondong ito para sa pamahalaan, kalusugan, pagpapalago ng ekonomiya, at iba pang layunin ng tribo.

***Ine-exempt ang Mga Kita mula sa Limitasyon sa Paggastos at Mga Minimum na Antas ng Paggastos sa Edukasyon ng Estado.*** Ang Saligang-Batas ng California ay may iba't ibang panuntunan na nakakaapekto sa badyet ng estado. Ang mga panuntunang ito ay may limitasyon sa paggastos ng estado at nag-aatas ng minimum na halaga ng paggastos sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo sa komunidad bawat taon. Binabago ng Proposisyon 27 ang Saligang-Batas ng California para i-exempt ang mga kita sa pagtaya sa sports mula sa mga panuntunang ito.

***Gumagawa ng Bagong Unit ng Estado sa Pangangasiwa ng Pagtaya sa Sports Online.*** Gagawa ang Proposisyon 27 ng bagong unit sa Departamento ng Katarungan ng California para mapangasiwaan ang pagtaya sa sports online. Itatakda ng unit na ito ang mga kinakailangan sa pagkuha ng lisensya. Pagpapasyahan din nito kung anong mga uri ng mga event at taya ang papayagan. Bukod pa rito, iimbestigahan ng unit na ito ang mga ilegal na aktibidad (gaya ng "pagluluto" ng mga event). Gayunpaman, may mga itinatakdang limitasyon ang proposisyon sa unit. Halimbawa, hindi malilimitahan ng unit ang halaga ng mga pampromosyong credit na iaalok sa mga tumataya. Gumagawa rin ang proposisyon ng grupong may 17 miyembro para magbigay ng payo at mga rekomendasyon sa unit, pati ng nakasulat na feedback sa anumang posibleng regulasyon.

***Nagbibigay ng Mga Bagong Paraan para Mabawasan ang Ilegal na Pagtaya sa Sports Online.*** Gumagawa ang Proposisyon 27 ng mga bagong paraan para mabawasan ang ilegal na pagtaya sa sports online. Kapag tumaya ang mga tao sa sports online sa anumang walang lisensyang entity, inaatasan ng proposisyon ang mga taong iyon na magbayad ng multa sa estado. Ang multang ito ay katumbas ng 15 porsyento ng halagang itataya nila. Ang proposisyon ay nagpapataw rin ng $1,000 multa para sa bawat araw na hindi mababayaran ang halagang ito. Mapupunta sa COSBTF ang mga pagbabayad na ito. Bukod pa rito, puwedeng magsagawa ng ilang partikular na pagkilos sa pagpapatupad ang bagong unit sa pangangasiwa ng estado. Posibleng kasama sa mga pagkilos na ito ang pag-aatas sa mga walang lisensyang entity na ibigay ang mga pangalan ng mga taong tumataya sa kanila at i-block ang online na access sa mga entity na ito.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Makakaapekto ang Proposisyon 27 sa mga kita at gastusin ng pamahalaan ng estado at lokal. Gayunpaman, ang aktwal na laki ng mga epektong ito ay hindi tiyak at nakadepende sa kung paano ipapakahulugan at ipapatupad ang proposisyon. Halimbawa, pinapalawak ng proposisyong ito ang legal na pagsusugal. Bilang tugon, hindi malinaw kung hihiling ang mga tribo ng mga pagbabago sa kanilang mga kasunduan ng tribo at estado (para mabawasan ang halagang babayaran sa mga lokal na pamahalaan) para ipakita ang mga posibleng epekto sa mga pantribong casino. Dedepende rin ang mga epekto sa pananalapi sa kung ilang lisensyadong entity ang nag-aalok ng pagtaya sa sports at sa halaga ng mga gastusing ikakaltas nila sa buwanang halagang dapat bayaran sa estado. Panghuli, dedepende ang mga epekto sa pananalapi sa bilang ng mga taong tataya sa sports.

***Mas Mataas na Kita ng Estado.*** Papataasin ng Proposisyon 27 ang mga kita ng estado mula sa mga pagbabayad at multa sa pagtaya sa sports. Hindi tiyak ang laki ng pagtaas na ito. Puwedeng nasa daan-daang milyong dolyar ang pagtaas taun-taon, pero malamang ay hindi ito lumampas sa $500 milyon taun-taon. Bago ang ilan sa kitang ito. Halimbawa, sa kasalukuyan, hindi nakakatanggap ang estado ng anumang porsyento sa mga ilegal na taya sa sports. Ibig sabihin, magkakaroon ng bagong kita ang estado kapag legal at hindi na ilegal na tumaya sa sports ang mga tao. Gayunpaman, hindi bago ang ilan sa kitang itao. Halimbawa, sa kasalukuyan, kumikita ang estado sa tuwing gumagastos ang mga tao sa ilang partikular na bagay, gaya ng mga laro sa loterya o pamimili. Ibig sabihin, puwedeng hindi

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

magkaroon ng bagong kita ang estado kapag mas maliit ang ginastos ng mga tao sa mga bagay na iyon para makataya sila sa sports.

Mapupunta sa COSBTF ang mga kita ng estado mula sa mga pagbabayad at multa sa pagtaya sa sports. Gagamitin muna ang pera para sa mga gastusin sa pangangasiwa ng estado. Susuportahan ng matitira ang (1) mga programa sa kawalan ng tirahan, (2) programa sa pagkalulong sa sugal, at (3) pagpapalago ng ekonomiya ng tribo at iba pang layunin.

***Mas Mataas na Gastusin sa Pangangasiwa ng Estado.*** Gagawa ang Proposisyon 27 ng trabaho para pangasiwaan ng estado ang pagtaya sa sports online. Sa pangkalahatan, nakadepende ang dami ng trabaho sa kung paano pinapangasiwaan ang pagtaya sa sports. Kasama sa mga pangunahing halimbawa nito ang: bilang ng mga naaprubahang lisensya sa pagtaya sa sports, uri at bilang ng mga iniaalok na opsyon at event sa pagtaya, at pagpapatupad ng estado. Puwedeng umabot ang kabuuang gastusin sa karagdagang trabahong ito sa mid-tens na milyun-milyong dolyar taun-taon. Mao-offset ang ilan sa o ang lahat ng gastusing ito ng kita sa COSBTF.

***Iba Pang Epekto sa Pananalapi.*** Puwedeng magresulta ang Proposisyon 27 sa iba pang epekto sa pananalapi sa pamahalaan ng estado at lokal. Halimbawa, puwedeng tumaas ang kita ng estado at lokal mula sa mga tao mula sa labas ng estado na tataya sa sports at gagastos nang mas malaki. Gayunpaman, puwedeng ma-offset ang ilan sa o ang lahat ng tumaas na lokal na kitang ito. Halimbawa, puwedeng hilingin ng mga tribo na bawasan ng kanilang kasunduan ng tribo at estado ang pagbabayad sa mga pamahalaan para ipakita ang mga posibleng epekto ng pagtaya sa sports sa kanilang mga casino. Bukod pa rito, puwedeng tinaasan ng mga pamahalaan ng estado at lokal ang mga gastusin. Halimbawa, sa pagtaya sa sports online, puwedeng mas mahirapan ang mga taong lulong sa pagsusugal na umiwas sa pagtaya. Dahil dito, puwedeng madagdagan ang bilang ng mga taong posibleng mangailangan ng tulong mula sa pamahalaan. Hindi pa natutukoy ang netong epekto ng mga epekto sa itaas sa pamahalaan ng estato at lokal.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaignlobbying/cal-access-resources/measurecontributions/2022-ballot-measure-contributiontotals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

27

Para sa buong teksto ng Proposisyon 27, tingnan ang pahina 82.

# PINAPAYAGAN ANG PAGTAYA SA SPORTS ONLINE AT SA MOBILE SA LABAS NG MGA PANTRIBONG LUPAIN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 27 ★

*Bumoto ng OO sa Proposisyon 27*

Mga Permanenteng Solusyon para sa Kawalan ng Tirahan, Kalusugan ng Pag-iisip, Pagkalulong sa Droga, at Pagpopondo ng Tribo

Sinusuportahan ng mga lider ng non-profit, mayor, at mga Tribo ng California ang Proposisyon 27 dahil magbibigay ito ng daan-daang milyong dolyar sa mga permanenteng solusyon sa kawalan ng tirahan, kalusugan ng pag-iisip, at pagkalulong sa droga sa California. Mapapailalim ang lahat ng pondo sa mahihigpit na pag-audit at pagsubaybay para matiyak na epektibo ang paggastos nito.

Ang Proposisyon 27 ay mapapakinabangan din ng bawat Tribo ng California—lalo na ng mga nasa probinsya at mga dehado ng lipunan na Tribo na walang pag-aaring mga malalaking casino.



Sa pagpapataw ng buwis at paghihipit sa ligtas at responsableng pagtaya sa sports on line para sa mga nasa hustong gulang na edad 21 pataas, makakatulong ang California na solusyunan ang kawalan ng tirahan at magbigay sa libu-libong Californian ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip at paggamot sa pagkalulong sa droga.

Proposisyon 27 ang nagbibigay ng pinakamaraming solusyon para sa California:

- Pinoprotektahan ng Prop. 27 ang mga menor de edad at mahigpit nitong pinipigilan ang mga wala pang 21 taong gulang na tumaya.
- Nag-aatas ang Prop. 27 ng mga mandatoryong pag-audit para matiyak na epektibong ginagastos ang pondo para sa kawalan ng tirahan at kalusugan ng pag-iisip.
- Prop. 27 lang ang panukala sa pagtaya sa sports na magpopondo ng mga solusyon sa kawalan ng tirahan at sa kalusugan ng pag-iisip.
- Prop. 27 lang ang panukalang gumagarantiya sa pondo para sa mga dehado ng lipunan na Tribo.

Magpopondo ang Proposisyon 27 ng daan-daang milyong dolyar bawat taon sa shelter, pabahay, paggamot sa pagkalulong sa droga, at suporta sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga Californian na pinakanangangailangan nito.

*Ito ang sinabi ni Ricardo Flores, na isang lider ng non-profit at tagapagsulong ng pabahay, kaugnay ng pagsuporta ng kanyang organisasyon sa Prop. 27:*

"Ang krisis sa kawalan ng tirahan sa California ay isang emergency sa buong estado. Hindi pa kailanman ganap na nag-i-invest ang ating estado sa mga permanenteng solusyon para mawakasan ang kawalan ng tirahan. Nagbibigay ang Prop. 27 sa mga organisasyong tulad sa akin na magkaroon ng tuluy-tuloy na pinagkukunan ng pondo para mapondohan ang mga lubos na kinakailangang serbisyo: shelter, pabahay, at suporta. Ang lahat ay may mahihigpit na pag-audit para matiyak na epektibong magagastos ang bawat sentimo. Wala nang iba pang proposisyon sa pagtaya sa sports na maghahatid ng malaking kita para sa mga serbisyo para sa kawalan ng tirahan at kalusugan ng pag-iisip."

*Ito naman ang sinabi ni Tamera Kohler, ang CEO ng Regional Task Force on Homelessness ng San Diego, sa Prop. 27:*

"Isa sa anim na Californian ang may sakit sa pag-iisip. Isa itong krisis na nakakaapekto sa halos bawat pamilya. Makakatulong ang Prop. 27 na makakalap ng daan-daang milyong dolyar bawat taon para pondohan ang paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, at ang mga solusyon sa kawalan ng tirahan at pagkalulong sa droga. Sa pagsasabatas sa Prop. 27, mas marami tayong mabibigyan ng kinakailangang nilang pangangalaga at nararapat na pag-asa."

*Ito ang sinabi ni Chairman Jose "Moke" Simon ng Middletown Rancheria of Pomo Indians of California sa Prop. 27:*

"Marami nang kinuha sa aking tribo—ang aming lupain, aming mga seremonya, aming kultura—at patuloy na inaatake ang aming soberanya. Hindi tulad ng Mga Tribong may malalaking casino, nahihirapan ang aking Tribo na ibigay ang mga pangunahing pangangailangan ng aming mga tao. Prop. 27 lang ang proposisyon na tumutulong sa mga dehado ng lipunan na Tribo na tulad sa akin, at Prop. 27 lang ang tumitiyak na ang bawat Tribo sa California ay makikinabang.

"Huwag maniwala sa mga hindi totoong pag-aatake tungkol sa Prop. 27. Sa pagpapataw ng buwis at paghihigpit sa online na pagtaya sa sports ng mga nasa hustong gulang na mahigit sa edad 21, sa wakas ay matutugunan natin ang kawalan ng tirahan sa California habang pinoprotektahan ang soberanya ng mga tribo."

Bumoto ng OO sa Prop. 27—patawan ng buwis at paghigpitan ang ligtas at responsableng online na pagtaya sa sports, suportahan ang Mga Tribo sa California at umaksyon na para masolusyunan ang kawalan ng tirahan, kalusugan ng pag-iisip, at pagkalulong sa droga sa California.

*YEStoProp27.com*

**Tamera Kohler**, CEO
Regional Task Force on Homelessness ng San Diego

**Jose "Moke" Simon**, Chairman
Middletown Rancheria of Pomo Indians of California

**Ricardo Flores**, Ehekutibong Tagapagpaganap
Local Initiatives Support Corporation (LISC) San Diego

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 27 ★

ANG PROP. 27 AY ISINULAT AT BINAYARAN NG MGA KORPORASYON NG ONLINE NA PAGSUSUGAL SA LABAS NG ESTADO

Ang Prop. 27 ay isang mapanlokong balak na isinusulong ng mga korporasyon sa labas ng estado para gawing legal ang malawakang paglaki ng pagtaya sa sports online at sa mobile sa California. Mahigit sa $100,000,000 ang iniambag ng mga korporasyong ito para ibenta ang Prop. 27. Hindi nila ginagastos ang perang iyon para tulungan ang California. Ginagawa nila ito para payamanin ang kanilang mga pansariling interes.

LUBOS NA TINUTUTULAN NG MGA INDIAN NA TRIBO SA CALIFORNIA ANG PROP. 27

Mahigit sa 50 Tribo sa California ang *lubos na tumututol sa* Prop. 27. Isa itong direktang pag-atake sa gaming ng tribo at sa pagdepende sa sarili ng mga Indian, na makakasira sa pondo ng mga pamahalaan ng tribo para sa paggamit sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, proteksyon mula sa sunog, at iba pang mahahalagang serbisyo.

ANG PROP. 27 AY HINDI "SOLUSYON" SA KAWALAN NG TIRAHAN

Isinabatas ng mga kumpanya ng gaming ang Lottery sa California ilang dekada na ang nakakalipas nang may mga mapanlokong pangako na maghatid ng bagong malaking kita para sa mga paaralan. Ngayon, ang mga korporasyon ng sugalan mula sa labas ng estado ay gumagamit ng taktikang tulad ng bait-and-switch para isulong ang Prop. 27.

Ang Prop. 27 ay may mga nakatagong butas na magbibigay ng malalaking kita sa mga sponsor nitong korporasyon, habang mag-iiwan ng kakarampot lang na sentimo bawat dolyar para sa California. Sa ilalim ng Prop. 27, 90% ng kita ang mapupunta sa mga korporasyon sa labas ng estado, at napakaliit lang, kung mayroon man, ang mapupunta sa mga pampublikong paaralan.

NAPATUNAYAN NANG HINDI TUMUTUPAD SA PANGAKO ANG MGA NAGSUSULONG SA PROP. 27 AT HINDI MABUTI ANG KANILANG GINAGAWA

Ang mga sponsor na korporasyon na nagpopondo sa Prop. 27 ay napagmulta na ng milyun-milyong dolyar para sa pagpapahintulot sa pagsusugal ng mga wala pa sa hustong gulang at pag-market sa mga bata. Sa ibang estado na nagpatupad ng mga batas gaya ng Prop. 27, hindi natupad ang pangako na malaking pera. *Hindi natin mapagkakatiwalaan ang mga hindi totoong pangako ng mga korporasyong ito sa labas ng estado.*

TANGGIHAN ANG MAPANLILANG NA KAMPANYA NG MGA KORPORASYON SA LABAS NG ESTADO. BUMOTO NG HINDI SA 27.

**James Siva**, Chairman
California Nations Indian Gaming Association

**Robert McElroy**, Ehekutibong Tagapagpaganap
Alpha Project para sa Walang Tahanan

**Claudia Brundin**, Chairwoman ng Tribo
Blue Lake Rancheria ng California



Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 27 ★

SAMAHAN ANG MGA INDIAN NA TRIBO, MGA MAGULANG, MGA GURO, TAGAPAGSULONG NG MGA WALANG MATIRHAN, AT LIDER NG PAMPUBLIKONG KALIGTASAN SA CALIFORNIA: BUMOTO NG HINDI SA 27—ANG PROPOSISYON SA ONLINE NA PAGSUSUGAL NG MGA KORPORASYON

Ang Prop. 27 ay isang mapanlokong balak na isinusulong ng mga korporasyon sa labas ng estado para gawing legal ang pagtaya sa sports online at sa mobile sa California. Hindi nito masosolusyunan ang kawalan ng tirahan, sa halip, gagawin nitong pangsugal na gamit ang bawat cellphone, tablet, at laptop.

Mapanlinlang na mina-market ng mga nagsusulong nito ang Prop. 27 bilang "solusyon" sa kawalan ng tirahan. Pero tulad ng sinabi sa ating solusyon sa pampublikong edukasyon ang lottery sa estado, hindi natin puwedeng paniwalaan ang mga hindi totoong pangako na ito. Narito ang dahilan kung bakit HINDI ang sagot ng aming malawak na koalisyon sa Prop. 27.

SA ILALIM NG PROP. 27, PANALO ANG MGA KORPORASYON SA LABAS NG ESTADO PERO TALO ANG MGA TAGA CALIFORNIA

Isinulat ng mga korporasyon ng online na pagsusugal sa labas ng estado ang Prop. 27 para sa kanilang kapakinabangan. Bibigyan ng Prop. 27 ang mga korporasyong ito ng ganap na kontrol sa online na pagtaya sa sports. Siyamnapung porsyento (90%) ng kita ang mapupunta sa bulsa ng mga korporasyon sa labas ng estado, nang hindi gumagawa ng mga totoong trabaho o pamumuhunan sa ating estado. Walang magagamit na kahit isang sentimo lang sa pagpopondo ng mga priyoridad ng estado gaya ng mga pampublikong paaralan, pag-apula ng sunog, o kahit sa mga programa para sa pag-iwas sa pagsusugal.

ANG PROP. 27 AY HINDI "SOLUSYON" SA KAWALAN NG TIRAHAN

Mahigit $30 bilyon na ang ginastos ng California para tugunan ang kawalan ng tirahan sa nakalipas na 5 taon, pero patuloy na lumalala ang problema. Sa kamakailang ulat ng independenteng Auditor ng Estado, isinaad na ang paggastos ng California sa kawalan ng tirahan ay "diskunektado" at "hindi nakatugon sa pinakamahahalaga nitong mga responsibilidad." Sa halip na gawing legal ang malaking paglawak na ito ng online na pagsusugal, dapat ay mas mahusay nating pamahalaan ang bilyun-bilyong ginagastos na ng estado, pati na ang anumang bagong pondong kinakailangan sa hinaharap.

NAPAKARAMING BUTAS NG PROP. 27 NA MANLILINLANG SA CALIFORNIA

Nililimitahan ng Prop. 27 ang kitang mapupunta sa mga programa para sa kawalan ng tirahan sa iilang sentimo lang bawat dolyar na kikitain ng mga korporasyon ng online na pagsusugal. May nakatago sa Prop. 27 na butas sa "mga pampromosyong taya.". Sa mga estadong nagpahintulot sa butas na ito, talagang naging mas mababa ang kita kaysa sa ipinangakong halaga. Sinasabi rin ng malalaking korporasyon ng gaming na magbabayad sila ng paglilisensya. Sa katunayan, mababawasan ng mga korporasyon ang kanilang buwis ng isang dolyar para sa bawat dolyar na babayaran nila sa paglilisensya. Mas maraming pera sa kanila; mas kaunti para sa mga walang matirhan.

INILALANTAD NG PROP. 27 ANG MGA BATA SA ONLINE NA PAGSUSUGAL AT PROBLEMA SA PAGSUSUGAL.

Gagawing legal ng Prop. 27 ang pinakamalaking pagpalawak ng pagsusugal sa kasaysayan ng California—pero WALA ITONG PAG-AATAS SA IN-PERSON NA PAGKUMPIRMA NG EDAD para mapigilan ang mga menor de edad na magsugal. Ayon sa mga pag-aaral, mas nakakahikayat ang pagsusugal online at sa mobile sa kabataan at sa mga taong may mas malaking posibilidad na hindi makontrol ang kanilang pagsusugal.

MATINDI ANG PAGTUTOL NG MGA INDIAN NA TRIBO SA CALIFORNIA SA PROP. 27

*"Ang Prop. 27 ay isang direktang pag-atake sa mga karapatan sa gaming at pagdepende sa sarili ng mga tribo. Sa katunayan, ipinagbabawal nito ang online na pagtaya sa sports sa mga pantribong lupain. Ang Prop. 27 ay makakasira sa mahalagang pagpopondo na ginagamit ng mga tribo para magbigay ng pabahay, pangangalagang pangkalusugan, serbisyo sa pag-apula ng apoy, edukasyon, at iba pang serbisyo para sa ating mga komunidad."*—Lynn Valbuena, Chairperson, Tribal Alliance of Sovereign Indian Nations

SAMAHAN ANG MGA INDIAN NA TRIBO, MGA MAGULANG, MGA GURO, AT TAGAPAGSULONG NG PAMPUBLIKONG KALIGTASAN, KATARUNGAN SA LIPUNAN, AT KAWALAN NG TIRAHAN: HINDI SA 27!

• Tribal Alliance of Sovereign Indian Nations •Mahigit sa 50 Indian na tribo sa California • NAACP California • California League of United Latin American Citizens • California District Attorneys Association • CalAsian Chamber of Commerce • Goodwill Southern California • Veterans of Foreign Wars Department of CA

HINDI SA PROP. 27

**Lynn Valbuena**, Chairperson
Tribal Alliance of Sovereign Indian Nations

**Sara Dutschke Setshwaelo**, Chairperson
Ione Band of Miwok Indians

**Steven Pinckney**, Tagapangasiwa ng Negosyo
Salvation Army ng San Bernardino

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 27 ★

Bumoto ng OO para sa MGA PERMANENTENG SOLUSYON sa Kawalan ng Tirahan, Kalusugan ng Pag-iisip, at Pagkalulong sa Droga.

Mali ang mga sumasalungat sa Prop. 27. Narito ang katotohanan:

TAGABANTAY SA ESTADO: PROP. 27 LANG ANG NAGBIBIGAY NG MGA PERMANENTENG SOLUSYON PARA SA KAWALAN NG TIRAHAN

Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng estado, makakatanggap ang mga lokal na komunidad ng taunang pondo para gumawa ng mga permanenteng solusyon para sa kawalan ng tirahan. Natukoy ng independenteng tagabantay ng badyet ng estado na Prop. 27 lang ang makakakalap ng daan-daang milyong dolyar bawat taon para tugunan ang kawalan ng tirahan, kalusugan ng pag-iisip, at pagkalulong sa droga. Gagastusin dapat ang pondo ng Prop. 27 sa paggawa ng pabahay at paghahatid ng mga serbisyo gaya ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at pagkalulong sa droga.

MAY MAHIHIGPIT NA PAG-AATAS ANG PROP. 27 PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA MENOR DE EDAD

Prop. 27 lang ang proposisyon na nag-aatas ng mga pagsisiyasat ng nakaraan at mga makabagong teknolohiya para maprotektahan ang mga menor de edad at matiyak na hindi sila makakataya. 23 estado na ang may ligtas na legal na online na pagtaya sa sports, na isang patunay na puwede itong gawin nang responsable habang kumikita nang malaki para sa estado.

PROP. 27 LANG ANG INISYATIBANG TUTULONG SA MGA DEHADO NG LIPUNAN NA TRIBO

Sinusuportahan ng Mga Tribo ang Prop. 27 dahil makikinabang dito ang bawat Tribo. Prop. 27 lang ang proposisyon na naglalaan ng pondo sa mga dehado na Tribo ng lipunan sa larangan ng ekonomiya—na dodoble at higit pa sa halaga ng pondong natatanggap ng mas maliliit na Tribo ito bawat taon.

NAG-AATAS ANG PROP. 27 NG MGA TAUNANG PAG-AUDIT AT MAHIGPIT NA PAGSUBAYBAY SA KALIGTASAN

Nag-aatas ang proposisyon 27 ng mga taunang pag-audit at mahigpit na pagsubaybay para matiyak na epektibo ang paggastos sa pondo. Sa ilalim ng Prop. 27, mahigpit na papangasiwaan ng Pangkalahatang Abugado ang pagtaya sa sports para matiyak na ligtas at responsable ang gaming.

Samahan ang Mga Tribo sa California, mga lider sa kawalan ng tirahan at kalusugan ng pag-iisip, mga social worker, lider sa pananampalataya, at grupo sa mga karapatang sibil—BUMOTO NG OO sa Prop. 27.

*YesToProp27.com*

**Gloria Baxter**, Lider ng non-profit sa kalusugan ng pag-iisip

**Phillip Gomez**, Chairman
Big Valley Band of Pomo Indians of the Big Valley Rancheria, California

**Leo Sisco**, Chairman
Santa Rosa Ranchera Tachi Yokut Tribe



Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

# PROPOSISYON 28 NAGBIBIGAY NG KARAGDAGANG PONDO PARA SA EDUKASYON SA SINING AT MUSIKA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN. INISYATIBANG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Ang teksto ng panukalang-batas na ito ay makikita sa pahina 105 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Nagbibigay ng karagdagang pondo para sa edukasyon sa sining at musika sa lahat ng K–12 na pampublikong paaralan (kasama ang mga charter school) sa pamamagitan ng taun-taong paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado ng halagang katumbas ng 1% ng kinakailangang pondo ng estado at lokal para sa mga pampublikong paaralan.
- Mas malaki ang inilalaang bahagi ng mga karagdagang pondo sa mga paaralan na nagseserbisyo sa mga mas kapos na mag-aaral.
- Dapat gastusin ng mga paaralan na may 500 o higit pang mag-aaral ang hindi bababa sa 80% ng pondo sa pag-hire ng mga guro, at dapat nilang gamitin ang matitira sa pagsasanay, mga supply, at partnership sa edukasyon.
- Kinakailangan ng mga pagsusuri at nililimitahan ang mga pang-administratibong gastusin sa 1% ng pondo.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN

- Dagdag na gastusin ng estado na humigit-kumulang $1 bilyon bawat taon, simula sa susunod na taon, para sa edukasyon sa sining sa mga pampublikong paaralan

28

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

## BACKGROUND

***Sistema ng Pampublikong Paaralan sa Estado.*** Sa kasalukuyan, ang mga pampublikong paaralan sa California ay may humigit-kumulang 6 na milyong mag-aaral mula kindergarten hanggang ika-12 baitang. Humigit-kumulang 60 porsyento ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ang mula sa mga pamilyang may mababang kita. Ang mga mag-aaral na ito ay kwalipikadong makatanggap ng libre o pinababang presyo ng pagkain sa paaralan sa ilalim ng pederal na programa sa nutrisyon. Nagbibigay rin ang estado ng pampublikong preschool sa ilang batang tatlo hanggang apat na taong gulang na mula sa mga pamilyang may mababang kita. Gayunpaman, hindi sapat ang pondo ng estado sa kasalukuyan para mapagserbisyuhan ang lahat ng kwalipikadong bata. Ang mga pampublikong paaralan, sa pangkalahatan, ay pinapatakbo ng mga distrito ng paaralan at charter school, na kinokontrol ng mga lokal na namamahalang lupon.

***Taunang Kinakailangang Paggastos sa Edukasyon.*** Inaatasan ng Saligang-Batas ng California ang estado na magtabi ng minimum na halaga ng Pangkalahatang Pondo ng estado at kita sa buwis sa lokal na ari-arian bawat taon (taun-taon) para sa mga pampublikong paaralan at kolehiyo sa komunidad. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing account sa pagpapatakbo ng estado, na nagbabayad sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang pampublikong serbisyo.) Sa karamihan ng mga taon, dapat ibigay ng estado ang humigit-kumulang 40 porsyento ng kita sa Pangkalahatang Pondo para matugunan ang kinakailangang ito. May kasamang $110 bilyon ang kasalukuyang badyet ng estado para matugunan ang kinakailangang ito. Sa halagang ito, $95.5 bilyon, sa partikular, ang para sa mga pampublikong paaralan. Ipinapamahagi sa mga paaralan ang karamihan ng pondo sa paaralan sa pamamagitan ng formula na batay sa mag-aaral. Nagbibigay rin ang formula sa mga paaralan ng higit pang pondo batay sa porsyento ng kanilang mga mag-aaral na may mababang kita, nag-aaral ng Ingles, o nasa foster care. Sa dalawang-ikatlo na boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura, puwedeng magbigay ang estado ng mas kaunting pondo para sa mga paaralan at kolehiyo sa komunidad kaysa sa kinakailangan para sa taong iyon.

***Sining sa Edukasyon sa Mga Elementarya at Middle School.*** Inaatasan ng batas ng estado ang mga paaralan na magturo sa visual na sining at sining sa pagtatanghal (pati sa musika) sa lahat ng mag-aaral na nasa ika-1 hanggang ika-6 na baitang. Inaatasan din ng batas ng estado ang mga paaralan na ialok ang mga nasabing kurso sa ika-7 at ika-8 baitang bilang mga elective. Pinagpapasyahan ng bawat lokal na namamahalang lupon ang mga partikular na kurso at ang pagtuturo. Puwede ring mag-alok ang mga paaralan ng edukasyon sa sining sa pamamagitan ng mga programa bago/matapos ang klase (before/after school) at programa tuwing summer. Pinopondohan ang estado na dalawang after school program, na may kabuuang halos $5 bilyon kada taon. Nangangailangan ang mga programang ito ng akademikong component (gaya ng pag-tutor) at component para sa enrichment (gaya ng mga programa ng sining o physical fitness).

***Sining sa Edukasyon sa Mga High School.*** Dapat ay may mga makumpletong partikular na kurso ang mga mag-aaral para makapagtapos sila ng high school. Inaatasan ng estado ang mga mag-aaral na kumumpleto ng ilang partikular na pang-akademikong asignatura, gaya ng English, kasaysayan/social science, matematika, at agham. Inaatasan din ng estado ang mga mag-aaral na kumumpleto ng isang taon ng (1) visual na sining o sining sa pagtatanghal, (2) banyagang wika, o (3) teknikal na edukasyon sa trabaho (CTE) Puwedeng magdagdag ang mga lokal na namamahalang lupon ng iba pang kinakailangan para sa pagtatapos ng high school. Napag-alaman sa isang survey noong 2017 na humigit-kumulang kalahati ng mga distrito ng paaralan sa estado ang nagtatakda ng kanilang mga minimum na kinakailangan sa pagtatapos sa paraang tumutugma sa mga kinakailangan ng kurso para makapasok sa mga pampublikong unibersidad sa estado. Sa ilalim ng mga kinakailangang ito, dapat kumuha ang mga mag-aaral ng isang taon ng visual na sining at sining sa pagtatanghal, na hindi matutugunan ng coursework ng banyagang wika o CTE. Sa pinakakamailang taong pampaaralan kung kailan may available na data, nag-alok ang mga high school sa California ng humigit-kumulang 150,000 kurso sa sining sa edukasyon. Puwede ring magbigay ang mga high school ng mga after school program tungkol sa sining.

# MUNGKAHI

***Nagbibigay ng Karagdagang Pondo para sa Edukasyon sa Sining sa Mga Pampublikong Paaralan.*** Simula sa susunod na taon, aatasan ng Proposisyon 28 ang estado na magbigay ng karagdagang pondo para madagdagan ang pagtuturo ng sining at/o programa ng sining sa mga pampublikong paaralan. Ang halagang kinakailangan bawat taon ay magiging katumbas ng 1 porsyento ng pondo ng estado at lokal na iniaatas ng Saligang-Batas, na natanggap ng mga pampublikong paaralan sa nakaraang taon. Ang halagang ito ay ituturing na pagbabayad na mas mataas sa halaga ng pondo na iniaatas ng Saligang-Bataspara sa mga pampublikong paaralan at kolehiyo sa komunidad. Papayagan ng proposisyon ang Lehislatura na bawasan ang pondong ibinibigay ng proposisyon na ito para sa sining sa edukasyon sa isang taon kapag nagbigay ang Lehislatura nang mas mababa sa kinakailangan sa paggastos na iniaatas ng Saligang-Batas. Sa ganitong sitwasyon, ang ikakaltas sa pondo para sa sining sa edukasyon ay hindi puwedeng lumampas sa ikakaltas na porsyento sa kabuuang pondo sa mga pampublikong paaralan at kolehiyo sa komunidad.

***Namamahagi ng Pondo Batay sa Isang Formula.*** Ipinapamahagi ng Proposisyon 28 ang karagdagang pondo sa mga pampublikong paaralan batay sa mga naka-enroll sa preschool at K–12. Sa kabuuang halaga, 70 porsyento ang mapupunta sa mga paaralan batay sa porsyento ng mga naka-enroll sa kanila sa buong estado. Mapupunta ang matitirang 30 porsyento sa mga paaralan batay sa porsyento ng kanilang mga naka-enroll na mag-aaral na may mababang kita sa buong estado. Puwedeng gamitin ng mga lokal na namamahalang lupon ang hanggang 1 porsyento ng bagong pondong ito para sa mga pang-administratibong gastusin. Dapat ipamahagi ang matitira sa pondo sa lahat ng lugar ng paaralan batay sa mga mag-aaral na naka-enroll sa kanila.

***Iniaatas na Pangunahing Gamitin ang Pondo sa Pagkuha ng Mga Bagong Staff sa Sining.*** Iniaatas ng Proposisyon 28 na gamitin ang pondo para sa mga programa ng edukasyon sa sining, at na kumpirmahin ng mga paaralang nagamit ang pondong ito bilang pandagdag sa dati nang pondo para sa mga programa ng edukasyon sa sining. Puwede itong kabilangan ng iba't ibang paksa, gaya ng pagsasayaw, media arts, musika, teatro, at iba't ibang uri ng visual na sining (kasama ang photography, craft arts, computer coding, at graphic design). Iniaatas din ng proposisyon na gamitin ang hindi bababa sa 80 porsyento ng karagdagang pondo para kumuha ng mga staff. (Hindi kailangan ng mga distrito ng paaralan at charter school na wala pang 500 mag-aaral na tugunan ang kinakailangang ito.) Puwedeng gamitin ang matitirang pondo para sa pagsasanay, mga supply at materyales, at mga partnership program ng edukasyon sa sining. Puwedeng aprubahan ng Departamento ng Edukasyon ng California (CDE) ang mga kahilingan mula sa mga paaralan na bawasan ang paggastos sa mga staff. May tatlong taon ang mga paaralan para gastusin ang pondong matatanggap nila bawat taon. Ilalalan ng CDE ang mga hindi magagastos na pondo sa lahat ng paaralan sa susunod na taon.

***Nagbibigay-daan sa Mga Punong-guro ng Paaralan na Tukuyin Kung Paano Gagastusin ang Pondo.*** Inaatasan ng Proposisyon 28 ang punong-guro ng isang lugar ng paaralan (o ang tagapangasiwa ng programa ng isang preschool) na bumuo ng plano para sa paggastos sa pondong matatanggap nila. Tutukuyin ng punong-guro o tagapangasiwa ng programa kung paano mapapalawak ang pagtuturo at/o mga programa ng sining sa isang lugar.

***Kinakailangan ng Taunang Pag-uulat ng Data.*** Inaatasan ng Proposisyon 28 ang mga lokal na namamahalang lupon na sertipikahan, bawat taon, na ginastos sa edukasyon sa sining ang pondong natanggap ng kanilang mga paaralan. Bukod pa rito, dapat mag-post ang mga lokal na namamahalang lupon sa kani-kanilang website ng ulat sa kung paano ginastos ang pondo. Kasama dapat sa ulat ang uri ng mga programa ng sining sa edukasyon na pinondohan, bilang ng mga kinuhang staff, bilang ng mga napagserbisyuhang mag-aaral, at bilang ng mga lugar ng paaralan na nagbibigay ng edukasyon sa sining gamit ang natanggap na pondo. Dapat ding isumite ang ulat na ito sa CDE, at dapat itong isapubliko sa website ng departamento.

# MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Simula sa susunod na taon, **daragdagan ng Proposisyon 28 ang mga gastusin ng estado nang humigit-kumulang $1 bilyon taun-taon.** Ang halagang ito ay wala pa sa kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang badyet sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Ang karagdagang pondo ay ituturing na pagbabayad na mas mataas sa halaga ng pondo na iniaatas ng Saligang-Bataspara sa mga pampublikong paaralan at kolehiyo sa komunidad.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaignlobbying/cal-access-resources/measurecontributions/2022-ballot-measure-contributiontotals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**



Para sa buong teksto ng Proposisyon 28, tingnan ang pahina 105.

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 28 ★

OO SA 28: TIYAKIN ANG ACCESS SA EDUKASYON SA SINING AT MUSIKA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN NANG HINDI ITINATAAS ANG MGA BUWIS

Mahalaga ang ginagampanang tungkulin ng edukasyon sa sining at musika sa pagtulong sa mga bata na matuto, umunlad, at magtagumpay sa paaralan at sa buhay nila sa hinaharap. Sa pamamagitan ng edukasyon sa sining at musika, ang mga mag-aaral ay:

- Magiging mas mahusay sa matematika, pagbasa, at iba pang asignatura.
- Matututo na mag-isip sa malikhain at kritikal na paraan.
- Magkakaroon ng mas mahusay na pagdadalo, kumpiyansa sa sarili, at kalusugan ng pag-iisip.

Pero sa mga pampublikong paaralan ng California, madalas na ang mga programa sa sining at musika ang unang naisasantabi. Kaya ngayon, halos 1 sa 5 pampublikong paraalan lang ang may full-time na guro sa sining o musika, na ang ibig sabihin ay milyon-milyong mag-aaral ang walang oportunidad na makalahok dito.

Ipinagkakait nito sa mga mag-aaral ng California ang isang kumprehensibong kurikulum sa agham, teknolohiya, inhinyeriya, sining, at matematika (STEAM)—kaya mas mahirap na ihanda sila para sa trabahong mataas ang pasweldo sa ekonomiya ng California.

Hindi lang ito ang nararapat para sa ating mga anak.

KARAGDAGANG PAGPOPONDO PARA SA EDUKASYON SA SINING AT MUSIKA NANG HINDI ITINATAAS ANG MSA BUWIS

Inilalaan ng Prop. 28, ang panukalang Sining at Musika sa Mga Pampublikong Paaralan, ang halos $1 bilyon sa isang taon bilang karagdagang pondo para sa edukasyon sa sining at musika sa mga pampublikong paaralan ng Pre-K–12—nang hindi itinataas ang mga buwis. Alinsunod sa Prop. 28:

- Makakatanggap ang bawat pampublikong paaralan sa bawat distrito ng paaralan ng mas mataas na pondo para sa edukasyon sa sining at musika—para makinabang ang bawat mag-aaral.
- Ang mga paaralang naglilingkod sa mga bata sa mga komunidad na mababa ang kita ay pinaglalaanan ng karagdagang kinakailangang pondo.
- Dapat gastusin ang pondo sa edukasyon sa sining at musika—sa mga guro, supply, partnership sa sining, pagsasanay, at materyal.

Kasama sa panukala ang pondo para sa mga klase sa tradisyonal na sining at musika tulad ng teatro, sayaw, banda, pagpipinta, at pagguhit, at para sa kontemporaryong sining tulad ng graphic design, computer graphics, at pelikula at video.

Pinoprotektahan ng Prop. 28 ang kasalukuyang pondo sa edukasyon—at hindi nito itinataas ang mga buwis.

MAHIHIGPIT NA PROBISYON SA PANANAGUTAN AT PAGIGING MALINAW

Ang Prop. 28 ay naglalaman ng mahahalagang pag-iingat para matiyak na nagagastos ang mga pondo ayon sa layunin:

- Pagbabawal sa Lehislatura o mga distrito ng paaralan na gamitin ang mga pondo para sa iba pang layunin.
- Pag-aatas ng mga taunang pag-audit ng pondo.
- Pag-aatas sa mga paaralan ng maglathala ng mga taunang ulat sa kung paano nila ginagastos ang mga pondo, kasama ang mga partikular na programa at kung paano nakakabenepisyo ang mga mag-aaral.

PINAPAHUSAY NG EDUKASYON SA SINING AT MUSIKA ANG KALUSUGAN NG PAG-IISIP AT PAG-UNLAD SA LIPUNAN

Ayon sa pananaliksik, nakikinabang ang kalusugan ng pag-iisip at pag-unlad sa lipunan ng mga bata sa edukasyon sa sining at musika. Ang pagtiyak na lahat ng bata ay may access sa edukasyon sa sining at musika ay talagang mahalaga dahil galing tayo sa pandemya, na nag-palayo sa maraming bata na walang access sa interaksyon sa kapwa.

TUMUTULONG NA MAGHANDA SA MGA MAG-AARAL PARA SA MAGAGANDANG TRABAHO SA EKONOMIYA NG CALIFORNIA

Ang mapag-likha na ekonomiya ng California ay may halos 3 milyong tao sa mga pelikula, musika, sining, animation, TV, teatro, at iba pa. Kapag tiniyak ang access sa edukasyon sa sining at musika, mabibigyan ang mga bata ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip na kailangan nila para magtagumpay at nagbibigay ito sa ating ekonomiya ng lakas-paggawa na may magandang pagsasanay sa California, na kailangan natin para manatiling nangunguna sa mundo.

"Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa edukasyon sa sining at musika para sa ating mga anak, bumubuo tayo ng mahusay at samut-saring lakas-paggawa para sa hinaharap."—*Tracy Hernandez, CEO ng LA County Business Federation*

ISANG MAS MALIWANAG NA HINAHARAP PARA SA ATING MGA ANAK

Pakisamahan ang ating mga guro, magulang, eksperto sa edukasyon at pag-unlad ng bata, propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip, negosyante, at lider ng komunidad sa buong estado na Bumoto ng Oo sa 28.

*VoteYesonProp28.org*

**Austin Beutner**, Chairman
Sining at Musika sa Mga Pampublikong Paaralan para sa Mga Californian

**E. Toby Boyd**, Presidente
California Teachers Association

**Carol Green**, Presidente
Asosasyon ng Mga Magulang at Guro (Parent-Teacher Association)
California State PTA



Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

★ **PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 28** ★

# WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 28 ANG ISINUMITE.

PROPOSISYON

# 29 KINAKAILANGAN NG LISENSYADONG MEDIKAL NA PROPESYONAL SA LUGAR SA MGA KLINIKA PARA SA PAG-DIALYSIS NG KIDNEY AT NAGTATAKDA NG IBA PANG PAG-AATAS NG ESTADO. INISYATIBANG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Ang teksto ng panukalang ito ay makikita sa pahina 108 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Kinakailangan ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant, na may anim na buwang nauugnay na karanasan, sa lugar sa panahon ng paggamot sa mga outpatient na klinika para sa pag-dialysis ng kidney; pinapahintulutan ang hindi pagsama para sa kakulangan ng staff kung available ang kwalipikadong medikal na propesyonal sa pamamagitan ng telehealth.
- Inaatasan ang mga klinika na ihayag sa mga pasyente ang lahat ng doktor na may interes sa pagmamay-ari ng klinika na limang porsyento o higit pa.
- Inaatasan ang mga klinika na iulat sa estado ang datos ng impeksyon na nauugnay sa dialysis.
- Pinagbabawalan ang mga klinika na magsara o lubos na magbawas ng mga serbisyo nang walang pag-apruba ng estado.
- Pinagbabawalan ang mga klinika na tumanggi sa paggamot ng mga pasyente batay sa pinagmumulan ng pambayad.

## BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Tumaas na gastusin ng pang-estado at lokal na pamahalaan na malamang sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon.

29

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

# BACKGROUND

### PAGGAMOT SA DIALYSIS

***Pagpalya ng Kidney.*** Inaalis ng malulusog na kidney ang dumi at labis na mala-tubig mula sa dugo ng isang tao. Nangyayari ang sakit sa kidney kapag hindi gumagana nang maayos ang kidney ng isang tao. Sa paglipas ng panahon, posibleng pumalya ang kidney ng isang tao. Nangangahulugan itong hindi na gumagana nang sapat ang mga kidney para mabuhay ang isang tao nang walang pag-papalit ng kidney o nang hindi sumasailalim sa paggagamot na tinatawag na dialysis.

***Ginagaya ng Dialysis ang Normal na Paggana ng Kidney.*** Ginagaya ng dialysis ang paggana ng malulusog na kidney. Karamihan sa mga taong nagda-dialysis ay sumasailalim sa hemodialysis. Inaalis ng uring ito ng dialysis ang dugo mula sa katawan, sinasala ito sa pamamagitan ng makina para alisin ang dumi at sobrang likido, at pagkatapos ay ibinabalik ito sa katawan. Umaabot ang isang panggagamot nang halos apat na oras at nangyayari nang halos tatlong beses kada linggo.

***Ang Karamihan ng mga Pasyenteng Nagda-dialysis ay Ginagamot sa mga Klinika.*** Karamihan sa mga taong may kondisyong pagpalya ng kidney ay nakakatanggap ng dialysis sa mga klinika ng tuloy-tuloy na dialysis (klinika), pero ang ilan ay nakakatanggap ng paggamot sa mga ospital o sa kanilang mga bahay. Halos 650 lisensyadong klinika sa California ang nagbibigay ng dialysis sa halos 80,000 pasyente kada buwan. Gaya ng kung gaano kadalas kailangan ng mga pasyente ang dialysis at gaano katagal ang inaabot ng mga panggagamot, madalas na nag-aalok ang mga klinika ng mga paggamot anim na araw kada linggo at madalas na bukas sa labas ng mga karaniwang oras ng pagpapatakbo ng negosyo.

***Sinusubaybayan ng Sariling Doktor ng Pasyente ang Paggamot.*** Kapag ang pasyente ay may kondisyong pagpalya ng kidney, bumubuo ang doktor ng pasyente ng plano sa kalusugan, na maaaring may kasamang reperal para sa dialysis. Idinidisenyo ng doktor ang plano sa panggagamot ng dialysis, kabilang ang mga partikular na aspeto gaya ng kung gaano kadalas, tagal, at mga kaugnay na gamot. Isasagawa ng mga klinika ang panggagamot. Ipagpapatuloy ng doktor na pangasiwaan ang pangangalaga ng pasyente. Sa ilalim ng mga pederal na panuntunan, dapat na bisitahin ng doktor ang pasyente sa panahon ng panggagamot na dialysis sa klinika nang hindi bababa sa isang beses kada buwan.

***Iba't Ibang Entidad ang Nagmamay-ari at Nagpapatakbo sa Mga Dialysis na Klinika.*** Dalawang pribadong para sa kita na kumpanya—DaVita, Inc. at Fresenius Medical Care—ang nagmamay-ari o nagpapatakbo sa halos 75 porsyento ng mga lisensyadong klinika sa California. Iba't ibang hindi para sa kita na organisasyon at para sa kita na kumpanya ang nagmamay-ari o nagpapatakbo sa iba pang mga klinika. Ang karamihan ng ibang may-ari at nagpapatakbo nito ay may maraming klinika sa California, habang may kaunting nagmamay-ari o nagpapatakbo ng isang klinika. Sa mga kamakailang taon, lumalampas sa mga gastos ang karamihan sa mga kita ng mga klinika, habang mas kaunting klinika ang nagpapatakbo nang palugi. Puwedeng gamitin ng ilang may-ari at nagpapatakbo ang maraming klinika ang kanilang mga klinikang mataas ang kita para tumulong na suportahan ang kanilang mga klinikang nagpapatakbo nang

palugi. Gayunpaman, mas malamang na hindi panatilihin ng isang may-ari o nagpapatakbo na bukas ang isang indibidwal na klinika nang pangmatagalan, kung malamang na patuloy na magpapatakbo nang palugi ang klinika.

## PAGBABAYAD PARA SA DIALYSIS

***Ilang Pangunahing Pinagmumulan ang Nagbabayad para sa Dialysis.*** Tinatantya namin na ang mga klinika ay may mga kabuuang kita na humigit-kumulang $3.5 bilyon kada taon (taon-taon) mula sa pagpapatakbo ng mga ito sa California. Ang mga kitang ito ay binubuo ng mga bayad para sa dialysis mula sa ilang pangunahing mapagkukunan, o mga tagapagbayad:

- ***Medicare.*** Ang programang ito na pinopondohan ng pederal na pamahalaan ay nagbibigay ng saklaw sa kalusugan sa karamihan ng mga nasa edad na 65 pataas at sa ilang partikular na mas batang tao na may mga kapansanan. Sa pangkalahatan, ginagawang kwalipikado ng pederal na batas ang mga taong may kondisyong pagpalya ng kidney para sa saklaw ng Medicare anuman ang kanilang edad o katayuan sa pagiging may kapansanan. Binabayaran ng Medicare ang panggagamot na dialysis para sa karamihan ng mga taong nagda-dialysis sa California.
- ***Medi-Cal.*** Ang programang Medicaid ng pederal na pamahalaan at estado, na kilala bilang Medi-Cal sa California, ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa mga kwalipikadong residente ng California na mababa ang kita. Naghahati ang estado at pederal na pamahalaan ng mga gastusin ng Medi-Cal. Ang ilang tao ay kwalipikado sa parehong Medicare at Medi-Cal. Para sa mga taong ito, sinasaklaw ng Medicare ang karamihan ng mga pagbabayad para sa dialysis bilang pangunahing nagbabayad at ang Medi-Cal naman ang sumasaklaw sa iba pa. Para lang sa mga taong nakatala sa Medi-Cal, ang programang Medi-Cal ang tanging nagbabayad para sa dialysis.
- ***Panggrupo at Pang-indibidwal na Seguro sa Kalusugan.*** Maraming tao sa estado ang may panggrupong saklaw ng seguro sa kalusugan sa pamamagitan ng taga-empleyo o ibang organisasyon (gaya ng unyon). Ang ibang tao naman ay bumibili ng seguro sa kalusugan nang indibidwal. Kapag nagkaroon ng kondisyong pagpalya ng kidney ang isang nakasegurong tao, ang taong iyon ay kadalasang makakalipat sa saklaw ng Medicare. Ipinag-aatas ng pederal na batas na isang grupo ng tagaseguro ang maging pangunahing nagbabayad para sa paggamot sa dialysis para sa unang 30 buwan ng paggamot.

Ang pamahalaan ng estado ng California, ang dalawang sistema ng pampublikong pamantasan ng estado, at maraming lokal na pamahalaan sa California ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa seguro sa kalusugan para sa kanilang mga kasalukuyang manggagawa, kwalipikadong retiradong manggagawa, at sa kanilang mga pamilya.

***Ang Mga Grupo at Indibidwal na Tagaseguro ng Kalusugan ay Karaniwang Mas Malaki ang Ibinabayad para sa Dialysis Kaysa sa mga Programa ng Pamahalaan.*** Ang halagang binabayaran ng Medicare at Medi-Cal para sa panggagamot na dialysis ay malapit sa karaniwan na gastusin para sa mga klinika para magkaloob ng panggagamot na dialysis. Karaniwang mga regulasyon ng pamahalaan ang nagtatakda kung magkano ang mga rate na ito. Sa kabilang banda, ang mga grupo at indibidwal na tagaseguro sa kalusugan ay nakikipagnegosasyon sa mga may-ari at nagpapatakbo ng klinika para itakda ang mga presyo. Sa karaniwan, magbabayad ang mga panggrupo at indibidwal na tagaseguro sa kalusugan nang maraming beses sa mga ibinabayad ng mga programa ng pamahalaan para sa panggagamot na dialysis.

## PAANO KINOKONTROL ANG MGA KLINIKA NG CHRONIC NA DIALYSIS

***Nililisensyahan at Pinapatunayan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (CDPH) ang Mga Klinika ng Dialysis.*** Nililisensyahan ng CDPH ang mga klinika para magpatakbo sa California. Binibigyan din ng sertipiko ng CDPH ang mga klinika sa ngalan ng pederal na pamahalaan. Pinapahintulutan ng mga sertipikasyon ang mga klinika na makatanggap ng bayad mula sa Medicare at Medi-Cal. Sa kasalukuyan, pangunahing umaasa ang California sa mga pederal na regulasyon bilang batayan ng programa ng paglilisensya nito.

***Mag-aatas ang Mga Pederal na Regulasyon ng Medikal na Direktor sa Bawat Klinika sa Dialysis.*** Iniaatas ng mga pederal na regulasyon ang bawat klinika na magkaroon ng medikal na direktor na isang pinatunayan ng lupon na doktor. Responsable ang medikal na direktor para sa pagtitiyak sa kalidad, tauhan sa edukasyon at pagsasanay, at pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga patakaran at pamamaraan ng klinika. Hindi inaatasan ng mga pederal na regulasyon ang mga medikal na direktor na gumugol ng nakatakdang tagal ng panahon sa klinika. Gayunpaman, inaasahan ng mga patnubay ng pederal na pamahalaan, na maipakita ng posisyon ang isang quarter ng isang full-time na posisyon.

***Dapat na Iulat ng Mga Klinika sa Dialysis ang Impormasyong Nauugnay sa Impeksyon sa Pambansang Network.*** Para makatanggap ng mga bayad mula sa Medicare, dapat mag-ulat ang mga klinika ng mga partikular na impormasyong tungkol sa impeksyong nauugnay sa dialysis sa Pambansang Network sa Kaligtasan ng Pangangalagang Pangkalusugan sa pederal na Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit. Halimbawa, dapat iulat ng mga klinika kapag nagkaroon ang pasyente ng impeksyon sa daluyan ng dugo at ang pinaghihinalaang dahilan ng impeksyon.



Para sa buong teksto ng Proposisyon 29, tingnan ang pahina 108.

## MUNGKAHI

Kasama sa Proposisyon 29 ang ilang ipinag-aatas na nakakaapekto sa mga klinika, gaya ng tinatalakay sa ibaba. Nagbibigay ito ng mga tungkulin sa CDPH na magpatupad at mangasiwa ng proposisyon, kabilang ang paggamit ng mga regulasyon sa loob ng isang taon pagkatapos magkaroon ng bisa ang batas.

***Nag-aatas sa Bawat Klinika sa Dialysis na Magkaroon ng Doktor, Nurse Practitioner, o Physician Assistant Sa Lugar sa Lahat ng Oras ng Paggamot.*** Ipinag-aatas ng Proposisyon 29 na magkaroon ang bawat klinika, sa sarili nitong gastos, ng kahit isang doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar sa lahat ng oras na nakakatanggap ang mga pasyente ng mga paggamot sa klinika. Ang indibidwal na ito ay dapat may hindi bababa sa limang buwang karanasan sa pagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng may sakit sa kidney at responsable siya para sa kalusugan ng pasyente at sa probisyon at kalidad ng medikal na pangangalaga. Puwedeng hilingin ng isang klinika sa CDPH na magbigay ng pagbubukod mula sa ipinag-aatas na ito, kung walang sapat na doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar ng klinika. Kung aaprubahan ng CDPH ang pagbubukod, puwedeng tugunan ng klinika ang ipinag-aatas sa pamamagitan ng telehealth. Tumatagal nang isang taon ang iksemsyon.

***Mag-aatas sa Mga Klinika na Iulat ang Impormasyong Nauugnay sa Impeksyon sa CDPH.*** Ipag-aatas ng Proposisyon 29 sa mga klinika na iulat ang impormasyon sa impeksyong nauugnay sa dialysis sa CDPH kada tatlong buwan. Dapat tukuyin ng CDPH kung aling impormasyon ang dapat iulat ng mga klinika, at kung paano at kailan dapat mag-ulat ng impormasyon. Dapat i-post ng CDPH ang bawat impormasyon sa impeksyon ng bawat clinika sa website ng CDPH, kabilang ang pangalan ng may-ari o nagpapatakbo ng klinika.

***Nag-aatas sa Mga Klinika sa Dialysis na Sabihin Kung Sino ang Mga May-ari ng mga ito.*** Inaatasan ng Proposisyon 29 ang isang klinika na bigyan ang mga pasyente ng listahan ng lahat ng doktor na nagmamay-ari ng hindi bababa sa 5 porsyento sa klinika. Dapat ibigay ng klinika sa pasyente ang listahang ito kapag nagsimula ang pasyente ng paggamot, bawat taon pagkatapos nito, o sa anumang oras na humingi nito ang pasyente (o potensyal na pasyente). Inaatasan din ng proposisyon ang mga klinika na iulat sa CDPH kada tatlong buwan ang mga taong nagmamay-ari ng hindi bababba sa 5 porsyento ng klinika. Dapat i-post ng CDPH at mga klinika (o may-ari at nagpapatakbo ng mga ito) ang impormasyong ito sa kanilang mga website.

***Nagpapataw ng Mga Parusa kung Hindi Nag-uulat ang Mga Klinika sa Dialysis ng Kinakailangang Impormasyon.*** Kung hindi mag-uulat ang isang klinika o ang may-ari o nagpapatakbo nito ng kinakailangang impormasyon o hindi tumpak ang naulat na impormasyon, puwedeng magbigay ng parusa ang CDPH ng hanggang $100,000 laban sa klinika. Puwedeng humiling ang klinika ng pagdinig, kung hindi ito sumasang-ayon sa parusa. Anumang parusang makokolekta ay gagamitin ng CDPH para isagawa at ipatupad ang mga batas kaugnay ng mga klinika.

***Mag-aatas sa Mga Klinika sa Dialysis na Mag-abiso o Kumuha sa CDPH ng Form ng Pahintulot Bago Isara o Bawasan ang Mga Serbisyo.*** Kung babalakin ng isang klinika na isara ito o bawasan ang mga serbisyo nito, aatasan ng Proposisyon 29 ang klinika o ang may-ari o nagpapatakbo nito na abisuhan ang CDPH sa pamamagitan ng pagsulat at makuha ang nakasulat na pahintulot ng CDPH. Pinapayagan ng proposisyon ang CDPH na magpasya kung papahintulutan ito o hindi. Pinapayagan nito ang CDPH na ibase ang disisyon nito sa naturang impormasyon bilang mga pinansyal na mapagkukunan ng klinika at plano ng klinika sa pagtitiyak sa tuloy-tuloy na dialysis na pangangalaga ng mga pasyente. Maaaring sumalungat ang klinika sa disisyon ng CDPH sa pamamagitan ng paghiling ng pagdinig.

***Ipinagbabawal ang Pagtanggi ng Mga Klinika sa Dialysis sa Pangangalaga sa isang Pasyente Base sa Kung Sino ang Magbabayad para sa Panggagamot ng Pasyente.*** Alinsunod sa Proposisyon 29, inaatasan ang mga klinika na ialok ang parehong kalidad ng pangangalaga sa lahat ng pasyente. Hindi maaaring tumanggi ang mga klinika na mag-alok o magkaloob ng pangangalaga base sa kung sino ang magbabayad ng mga panggagamot ng mga pasyente. Ang tagapagbayad ay maaaring ang pasyente, pribadong entidad, tagaseguro sa kalusugan ng pasyente, Medi-Cal, o Medicare.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

### NAKAKAAPEKTO ANG PAGTAAS NG MGA GASTUSIN PARA SA MGA KLINIKA PARA SA DIALYSIS SA MGA GASTOS NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN

***Pinapataas ng Proposisyon 29 ang Mga Gastusin para sa Klinika sa Dialysis.*** Sa pangkalahatan, papataasin ng proposisyon ang mga gastusin para sa mga klinika. Partikular dito, papataasin ng ipinag-aatas ng proposisyon, na dapat may doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar ang bawat klinika sa lahat ng oras ng paggamot, ang mga gastusin ng bawat klinika nang ilang daang libong dolyar taon-taon, sa karaniwan. Hindi papataasin ng iba pang kinakailangan ng proposisyon ang mga gastusin ng klinika.

***Maaaring Tumugon ang Mga Klinika sa Mas Matataas na Gastos sa Iba't ibang Paraan.*** Makakaapekto ang gastos para magkaroon ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa lugar sa mga indibidwal na klinika nang magkakaiba depende sa kanilang mga pananalapi. Halimbawa, ang karagdagang gastusin ay magdudulot

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

sa ilang klinika na magpatakbo nang palugi, o sa mas malaking pagpalugi kaysa dati. Gaya nabanggit, posibleng masuportahan ng isang may-ari o nagpapatakbo ang mga klinikang ito sa pamamagitan ng mga klinika nito na mataas ang kita. Gayunpaman, posibleng hindi pumayag ang may-ari o nagpapatakbo o posibleng hindi ito magawa nang pangmatagalan. Puwedeng tumugon ang mga may-ari at nagpapatakbo sa Proposisyon 29 sa isa o higit pang sumusunod na paraan:

- ***Pakikipagnegosasyon Sa Pagtaas Ng Mga Presyo Sa Mga Tagapagbayad.*** Puwedeng subukan ng mga may-ari at nagpapatakbo na magtalaga ng mas matataas na rate mula sa mga nagbabayad para masaklaw ang ilan sa mga gastusin. Partikular dito, maaaring makipagnegosasyon ang mga may-ari at nagpapatakbo sa mas matataas na presyo sa mga pribadong kumpanya ng pangkomersyong seguro at mas mababa sa mga planong pangkalusugang pinapamahalaan ng Medi-cal.
- ***Pagpapatuloy sa Mga Kasalukuyang Operasyon, pero Sa Mas Mababang Tubo.*** Para sa ilang may-ari at nagpapatakbo, babawasan ng mas matataas na gastos ang kanilang mga tubo, pero maaari pa rin silang magpatakbo sa mga kasalukuyang antas nang hindi isinasara ang mga klinika.
- ***Isasara ang Ilang mga Klinika.*** Dahil sa mas matataas na gastusing haharapin ng klinika, posibleng magpasya ang ilang may-ari at nagpapatakbo na humingi ng pahintulot mula sa CDPH na isara ang ilan sa kanilang mga klinika na nagpapatakbo nang palugi.

***Posibleng Mapataas ng Proposisyon 29 ang Mga Gastusin sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Pamahalaan ng Estado at Mga Lokal na Pamahalaan.*** Sa ilalim ng proposisyon, ang mga gastusin ng Medi-Cal ng estado, at ang gastos sa seguro sa kalusugan ng mga empleyado at retirado ng estado at lokal ay maaaring tumaas dahil sa:

- Mga may-ari at nagpapatakbo na nakikipagkasundo para sa mas matataas na rate ng bayad.
- Ilang pasyenteng nangangailangan ng paggamot sa mga mas mahal na pamamalakad tulad ng mga ospital kung nagsara ang ilang klinika bilang tugon sa proposisyon.

Sa pangkalahatan, ipinagpapalagay namin na magagawa ng mga may-ari at nagpapatakbo ng klinika na: (1) makipagnegosasyon sa ilang nagbabayad na makatanggap ng mas mataas na rate ng pagbabayad para masaklaw ang ilan sa mga bagong gastusing itinatalaga ng proposisyon, partikular na kung magsasara ang maraming klinika; (2) patuloy na patakbuhin ang ilang klinika sa mas mababang kita; at (3) isara ang ilang klinika, nang may pahintulot ng CDPH. Maaaring humantong **ang sitwasyong ito sa pagtaas ng mga gastusin ng estado at lokal na gobyerno nang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.** (Ang mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan ay karaniwang gumagastos ng mahigit $65 bilyon sa Medi-Cal at saklaw sa kalusugan ng empleyado at retirado.) Ang halagang ito ay wala pang kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang paggasta ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing gumaganang talaan ng estado, na nagbabayad para sa edukasyon, mga kulungan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo sa publiko.)

Sa bihirang kaganapan, na maraming klinika ang magsasara dahil sa proposisyong ito, nang nakakuha ng pahintulot mula sa CDPH, posibleng panandaliang magkaroon ng mga karagdagang gastusin ang pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan. Talagang hindi natitiyak ang mga karagdagang gastusing ito.

### PINATAAS NA MGA ADMINISTRATIBONG GASTUSIN PARA SA CDPH NA SINASAKLAW NG MGA BAYARIN SA KLINIKA SA DIALYSIS

Mag-aatas ang proposisyon 29 ng mga bagong responsibilidad sa CDPH. Ang taunang gastusin sa mga bagong responsibilidad na ito ay malamang na hindi lalampas sa mababang milyon-milyong dolyar taun-taon. Inaatasan ng proposisyon ang CDPH na ayusin ang taunang bayarin sa paglilisensya na binabayaran ng mga klinika, para masaklaw ang mga gastusing ito.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaignlobbying/cal-access-resources/measurecontributions/2022-ballot-measure-contributiontotals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

29

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 29 ★

*Mga Pansagip-Buhay na Pagbabago para sa Mga Pasyenteng Nagda-dialysis*

Tatlong beses kada linggo, 80,000 Californian na may End Stage Renal Disease ang pumupunta sa isa o mahigit 600 sentro ng pangkomersiyong dialysis sa estado kung saan inaabot sila ng ilang oras na nakakonekta sa makina na nag-aalis ng kanilang dugo, nililinis ito, at ibinabalik ito sa kanilang mga katawan. Literal na ang dialysis ang nagpapanatili sa kanilang buhay, at dapat nilang ipagpatuloy ang panggagamot sa kanilang buong buhay o hanggang sa makatanggap sila ng pagpapalit ng kidney.

Dahil ang mga buhay ng ating mga kapwa Californian ay nakadepende sa dialysis na parehong ligtas at mabisang isinasagawa, ibinibigay namin ang aming ganap na suporta para sa *Batas sa Pagprotekta ng Mga Buhay ng Mga Pasyenteng Nagda-dialysis (Protect the Lives of Dialysis Patients Act)* sa balota sa Nob. 8. Ang inisyatibong ito ay gagawa ng matatalinong pagpapahusay sa panggagamot na dialysis na poprotekta sa ilan sa karamihan ng mga medikal na bulnerableng Californian.

Ang inisyatiba ay may limang pangunahing bagay na ginagawa:

*Una,* inaatasan nito na magkaroon ng doktor, nurse practitioner, o physician assistant sa klinika sa tuwing ginagamot ang mga pasyente, na kasalukuyang hindi inaatas. Ang dialysis ay isang mapanganib na pamamaraan, at kung magkakaproblema, dapat na may malapit na doktor o lubos na sinanay na clinician.

*Pangalawa*, dahil madaling maimpeksyon ang mga pasyenteng nagda-dialysis, na posibleng humantong sa malubhang karamdaman o kahit pagkamatay, ipinag-aatas nito sa mga klinika na mag-ulat ng datos sa mga impeksyon sa estado, para matukoy ang mga problema at malutas ang mga ito para mas maprotektahan ang mga pasyente.

*Pangatlo*, bilang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na nakapagliligtas ng buhay, inaatasan nito ang mga korporasyon sa dialysis na kumuha ng pag-apruba mula sa estado bago magsara ang mga klinika o magbawas ng mga serbisyo ang mga ito. Poprotektahan nito ang access sa paggamot na dialysis, partikular para sa mga pasyente sa labas ng siyudad na komunidad.

*Pang-apat*, ipinagbabawal nito ang pandidiskrimina ng mga klinika laban sa mga pasyente dahil sa uri ng kanilang seguro, at pinoprotektahan nito ang mga pasyente sa bawat klinika. Maging nasa isang mayamang komunidad o mahirap, sa labas ng siyudad, Itim o Kayumanggi na komunidad, ang lahat ng klinika ay aatasang magkaroon ng doktor o iba pang lubos na sanay na clinician sa lugar at iulat ang kanilang mga rate ng impeksyon, at pagbabawalan ang lahat ng korporasyon sa dialysis sa pandidiskrimina laban sa mga pasyente batay sa uri ng kanilang seguro.

*Panlima*, pinapahusay nito ang pagiging malinaw at tinutulungan ang mga pasyenteng gumawa ng mga may-kabatirang pasya para sa kanilang pangangalaga sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga klinika at korporasyon sa dialysis na magbunyag ng impormasyon tungkol sa pagmamay-ari. Habang nagiging mas karaniwan na ang mga pagkakaisa sa pakikipagsapalaran sa pagitan ng mga klinika sa dialysis at mga doktor, kinakailangan ang pinahusay na pagiging malinaw para bigyang-daan ang mga stakeholder at tagagawa ng patakaran na pag-aralan ang mga epekto ng pagmamay-ari ng doktor.

Huwag magpaloko sa mga sinasabi ng malalaking korporasyon sa dialysis na gagawa ang inisyatibang ito ng bagong gastusin, makakasama sa mga pasyente, o gagawa ng kakulangan sa mga doktor—idinisenyo lang ang mga pekeng pangangatwirang iyon bilang panakot sa kanilang hindi tapat na kampanya sa ugnayan sa publiko. Sa katotohanan, ang mga korporasyong ito ay madaling makakagawa ng mga pagbabago at magagawa pa ring kumita ng daan-daang milyong dolyar sa isang taon nang hindi nasisira ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Gagawin ng Proposisyon 29 ang mga pagbabagong kailangan natin para tunay na maprotektahan ang mga pasyenteng nagda-dialysis. Isinusulong naming bumoto kayo ng OO!

**Emanuel Gonzales**, Technician ng Pangangalaga sa Pasyente ng Dialysis

**Reverend Kisheen W. Tulloss**, Presidente
The Baptist Ministers Conference of Los Angeles

**Cecilia Gomez-Gonzalez**, Tagapagtaguyod ng Pasyenteng Nagda-Dialysis

29

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 29 ★

SAMAHAN ANG MGA PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS, NURSE, DOKTOR, AT MGA PAMILYA: HINDI SA 29—*ISA NA NAMANG* MAPANGANIB NA PROPOSISYON SA DIALYSIS

Mahigit 80,000 Californian na may kondisyong pagpalya ng mga kidney ang nangangailangan ng mga paggamot na dialysis tatlong araw sa isang linggo para manatiling buhay. Ang pagliban sa kahit isang paggamot na dialysis ay nagpapataas sa panganib ng pagkamatay ng pasyente nang 30%.

Dahil sa mga burukratikong ipinag-aatas ng Proposisyon 29, mapupuwersa ang mga klinika sa dialysis sa buong estado na magbawas ng mga serbisyo o magsara, na magpapahirap sa mga pasyenteng magkaroon ng access sa kanilang mga paggamot—na naglalagay sa matinding panganib sa kanilang buhay.

HINDI KINAKAILANGAN ANG PROP. 29 AT MAKAKASAMA ITO—AT HINDI NITO MAPAPAHUSAY—ANG PANGANGALAGA SA DIALYSIS

May matataas na antas sa pagsusuri ang mga klinika sa dialysis ng California para sa kalidad na pangangalaga at kasiyahan ng pasyente. Ang bawat pasyenteng nagda-dialysis sa California ay nasa ilalim ng pangangalaga ng kanilang sariling doktor sa kidney at ang mga paggamot ay isinasagawa ng mga may espesyalidad na mga nars at mga technician. Walang punto na mag-atas ng tagapangasiwang doktor sa lugar nang full-time, na hindi naman nauugnay sa pagbibigay ng pangangalaga. Patataasin lang ng Prop. 29 ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan, pupuwersahin nito na magsara ang mga klinika sa dialysis, at ilalagay nito sa panganib ang buhay ng mga pasyente.

DALAWANG BESES NANG TINANGGIHAN NG MGA BOTANTE ANG MGA KATULAD NA PROPOSISYON SA DIALYSIS!

Ito na ang pangatlong pagkakataon sa maraming halalan na inilagay sa balota ng isang espeysal na interes ang katulad na mga proposisyon sa dialysis. Animnapu't tatlong porsyento (63%) ng mga botante ng California ang tumanggi sa Prop. 23—isang halos katulad na panukala—nitong huling halalan lang.

Tama na. Kailangang irespeto ng mga espesyal na interes ang kagustuhan ng mga botante at ihinto ang pagtutulak sa mga mapanganib na proposisyon sa dialysis na ito, na nagbabanta sa mga buhay ng 80,000 pasyenteng nagda-dialysis.

PROTEKTAHAN ANG MGA PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS. BUMOTO NG HINDI SA 29!

*www.NoProp29.com*

**Marketa Houskova, DNP, RN**, Ehekutibong Direktor
American Nurses Association\California

**Margarita Mendoza**, Pasyenteng Nagda-dialysis sa Kidney

**Robert E. Wailes, M.D.**, Presidente
California Medical Association

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 29 ★

GANAP NA TINUTUTULAN NG MGA PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS ANG PROP. 29 DAHIL INILALAGAY NITO SA PANGANIB ANG AMING MGA BUHAY

"Ito na ang ikatlong pagkakataon na inilagay ng isang espesyal na interes ang isang proposisyon sa balota, na maglalagay sa panganib sa aking buhay at sa buhay ng 80,000 pang pasyenteng nagda-dialysis. Dalawang beses nang tinanggihan ng mga botante ang mga mapanganib na proposisyong ito. Pakitanggihan ang Prop. 29 para ihinto *ang isa pang* mapanganib na proposisyon sa dialysis."—Angel De Los Santos, pasyenteng nagda-dialysis, Los Angeles

"Dalawang taon na akong nagda-dialysis. Literal na dialysis ang sumusuporta sa aking buhay. Nagagalit ako na itinutulak ng isang espesyal na interes ang isang ikatlong proposisyon na naglalagay sa aking buhay sa panganib. Mangyaring protektahan ang mga pasyenteng katulad ko . . . muli. Bumoto ng HINDI sa 29."—Rachel Sprinkle-Strong, pasyenteng nagda-dialysis, Sacramento

PUPUWERSAHIN NG PROP. 29 ANG MGA KLINIKA PARA SA DIALYSIS NG KOMUNIDAD NA ITIGIL ANG MGA SERBISYO AT MAGSARA NA—NA NAGLALAGAY SA MGA PASYENTE SA PANGANIB

Ganap na tinututulan ng mga pasyenteng nagda-dialysis, mga nars, at mga doktor ang Prop. 29. Mahigit 80,000 Californian na may kondisyong pagpalya ng mga kidney ang nangangailangan ng mga panggagamot na dialysis tatlong araw sa isang linggo para manatiling buhay. Ang pagliban sa kahit isang paggamot na dialysis ay nagpapataas sa panganib ng pagkamatay ng pasyente nang 30%.

Pupuwersahin ng proposisyon 29 ang mga klinika sa dialysis na magkaroon ng tagapangasiwang doktor sa lugar sa lahat ng oras—kahit na hindi sila ang magbibigay ng direktang pangangalaga sa mga pasyente. Dahil sa hindi kinakailangang ipinag-aatas na ito, gagastos ng daan-daang milyong dolyar kada taon, na pupuwersa ang mga klinika sa dialysis sa buong estado na magbawas ng mga serbisyo o magsara, na magpapahirap sa mga pasyenteng magkaroon ng access sa kanilang mga paggamot—na maglalagay sa panganib sa kanilang buhay.

MAHIGPIT NA PINANGANGASIWAAN ANG MGA KLINIKANG DIALYSIS AT NAGKAKALOOB NG DE-KALIDAD NA PANGANGALAGA

Pinapangasiwaan ng mga pederal at pang-estadong ahensya at may matataas na antas sa pagsusuri ang mga klinika sa dialysis ng California para sa kalidad na pangangalaga at kasiyahan ng pasyente. Ang bawat pasyenteng nagda-dialysis sa California ay nasa ilalim ng pangangalaga ng kanilang sariling espesyalista sa kidney at ang mga paggamot na dialysis ay isinasagawa ng mga may espesyalidad na nars at lisensyadong technician. Walang punto na mag-atas ng tagapangasiwang doktor sa lugar nang full-time, na hindi naman nauugnay sa pagbibigay ng pangangalaga.

MAS PAPALALAIN NG PROP. 29 ANG ATING KAKULANGAN NG MANGGAGAWA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT HAHANTONG SA MAS PAGDAMI NG TAO SA EMERGENCY ROOM

*"Aalisin ng Proposisyon 29 ang libo-libong doktor, physician assistant, at nurse practitioner mula sa mga ospital at klinika—kung saan sila kinakailangan—at ilalagay sila sa mga pang-administratibong trabaho sa mga klinika sa dialysis, kung saan hindi sila kailangan."*—Marketa Houskova, Doktor sa Pagsasagawa ng Nursing, Rehistradong Nurse (Registered Nurse), Ehekutibong Direktor ng American Nurses Association\California.

*"Mas papalalain ng Prop. 29 ang ating lumalaking kakulangan sa doktor sa pamamagitan ng pag-aalis sa mga doktor mula sa mga ospital at klinika kung saan sila kailangan, na nagpapahaba sa tagal ng paghihintay at nagbabawas sa kapasidad na tumugon sa iba pang medikal na kagipitan"*—Robert E. Wailes, M.D., Presidente, California Medical Association

ISA PANG PANG-AABUSO NG ESPESYAL NA INTERES

Ito na ang pangatlong pagkakataon na naglagay ang espeysal na interes na ito ng katulad na mga panukala sa dialysis. Dalawang beses nang *tinanggihan* ng mga botante ng California ang mga panukalang ito. Kailangang irespeto ng mga espesyal na interes ang kagustuhan ng mga botante at ihinto ang pagbabanta sa buhay ng mga pasyenteng nagda-dialysis.

SAMAHAN ANG MGA PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS, PAMILYA, MGA NARS, AT MGA DOKTOR: HINDI SA 29

Ang Prop. 29 ay tinututulan ng: •Libo-libong pasyenteng nagda-dialysis at mga pamilya •American Nurses Association\California American Academy of Nephrology Physician Assistants •Mga Mamamayang Pasyenteng Nagda-dialysis, na kumakatawan sa libo-libong pasyente •California Medical Association na kumakatawan sa 40,000 doktor ng California •Mga doktor sa emergency room

*https://noprop29.com/*

**Anthony Hicks**, Pasyenteng Nagda-dialysis sa Kidney

**Angelic Nicole Gant**, Pasyenteng Nagda-dialysis sa Kidney

**Gregory Ridgeway**, Pasyenteng Nagda-dialysis sa Kidney



## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 29 ★

GUSTONG PROTEKTAHAN NG MALALAKING KORPORASYON NG DIALYSIS ANG KANILANG MGA TUBO, AT HINDI ANG MGA PASYENTE

Noong 2020, gumastos ang industriya sa dialysis ng California nang mahigit $100 milyon para talunin ang isang inisyatiba para pahusayin ang mga kundisyon para sa mga pasyente sa mga klinika sa dialysis. Bakit sila gumasta nang napakalaki? Para protektahan ang kanilang malaking $561 milyong tubo sa California noong 2020.

Para sa mga pasyente, nakakasagip ng buhay ang dialysis. Pero para sa mga ehekutibo ng industriya, isa itong malaking pagkakakitaan, kaya muli nila itong ginagawa, nagdaragdag ng takot sa pamamagitan ng pagbabanta ng pagsasara ng mga klinika kung maipapasa ang Prop. 29 at mananagot sila sa mas matataas na pamantayan. Ginagamit ulit nila ang mga pasyenteng nagda-dialysis na may malubhang karamdaman para pagtakpan ang kanilang mga karagdagang kita at milyong dolyar na sahod.

Sinasabi nila, na mali naman, na mapapahamak ang mga pasyente sa inisyatiba.

Ipinapahayag nila na salungat ang mga doktor at nurse sa dialysis dito, pero iyon ang mga doktor at nurse na kanilang empleyado.

Sinasabi nila na lubos nang kinokontrol ang mga klinikang dialysis, pero humaharap sila sa mas kaunting inspeksyon kumpara sa iba pang pasilidad ng kalusugan, at kahit na ganoon, madalas na hindi inihahayag ang mga pagkukulang.

Gumagawa ang Prop. 29 ng matatalinong pagpapahusay para maprotektahan ang mga buhay ng mga pasyente, tulad ng pagkakaroon ng doktor o nurse practitioner sa lugar para harapin ang mga kagipitan, pag-aatas sa mga sentro na mag-ulat ng datos tungkol sa impeksyon, pagwawakas sa diskriminasyon laban sa ilang pasyente batay sa uri ng seguro na mayroon sila, at pag-aatas sa estado na aprubahan ang anumang pagsasara ng klinika para hindi mapabayaang hindi nagagamot ang mga pasyente.

Panghuli, mapoprotektahan ng mga Californian ang mahihinang pasyenteng nagda-dialysis sa pamamagitan ng pagboto sa Oo sa Prop. 29.

**Shama Aslam**, Dating Pasyenteng Nagda-dialysis

**Richard Elliott**, Pasyenteng Nagda-dialysis

**Ruben Tadeo**, Pasyenteng Nagda-dialysis

PROPOSISYON

# 30 NAGBIBIGAY NG PONDO SA MGA PROGRAMA PARA MABAWASAN ANG POLUSYON SA HANGIN AT MAIWASAN ANG MGA WILDFIRE SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATAAS NG BUWIS SA IN-PERSON NA KITA NA MAHIGIT $2 MILYON. INISYATIBANG BATAS.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa pahina 111 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

- Dinaragdagan ang buwis sa in-person na kita na mahigit sa $2 milyon nang 1.75% para sa mga indibidwal at mga mag-asawa, at inilalaan ang bagong kita sa buwis sa sumusunod na paraan: (1) 45% para sa mga rebate at iba pang incentive para sa pagbili ng zero-emission na sasakyan at 35% para sa mga charging station para sa mga zero-emission na sasakyan, kung saan ididirekta ang hindi bababa sa kalahati ng pondong ito sa mga sambahayan at komunidad na may mababang kita; at ang (2) 20% para sa mga programa para sa pag-iwas at pagpigil sa wildfire, kung saan bibigyang-priyoridad ang pag-hire at pagsasanay ng mga bumbero.
- Kinakailangan ng pagsusuri sa mga programa at paggasta.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Tumaas na kita sa buwis ng estado na mula $3.5 bilyon hanggang $5 bilyon bawat taon, kung saan gagamitin ang bagong pondo para suportahan ang mga programa sa zero-emission na sasakyan (80 porsyento) at tugon at mga aktibidad para sa pag-iwas sa wildfire (20 porsyento).

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

30

## BACKGROUND

***Mga Buwis ng California sa In-person na Kita.*** Nangongolekta ang estado ng buwis sa in-person na kitang nakukuha sa loob ng estado. Noong nakaraang taon, nakalikom ang buwis sa in-person na kita ng mahigit $130 bilyong kita. Karamihan sa kita ay tumutulong sa pagbabayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang pampublikong serbisyo.

***Mga Programa ng Zero-Emission na Sasakyan.*** Ang estado ay may mga layunin na limitahan ang mga emisyon ng greenhouse gas na nakakaambag sa pagbabago ng klima, tulad ng carbon dioxide mula sa pagsunog ng mga fossil fuel. Upang makatulong na matugunan ang mga layuning ito, ang estado ay may mga programang nagtataguyod ng mga zero-emission na sasakyan (ZEV)—o mga sasakyan na hindi naglalabas ng polusyon mula sa tambutso. Kasama sa mga halimbawa ng mga ZEV ang mga de-kuryenteng sasakyan at mga hydrogen fuel cell na kotse. Inaatasan ng estado ang mga kumpanya ng ride-sharing (tulad ng Uber at Lyft) na gumamit ng dumaraming bilang ng mga ZEV para sa kanilang mga serbisyo. Nagbibigay din ang estado ng ilang pondo para matulungan ang mga sambahayan, negosyo, at ahensya ng gobyerno na bumili ng mga bagong ZEV at magpatayo ng mga imprastrakturang pagkakarga, tulad ng mga charging station para sa mga de-kuryenteng sasakyan.

***Mga Programa sa Pagtugon at Pag-iwas sa Wildfire.*** Ang estado ang may pangunahing responsibilidad para sa mga aktibidad na pagresponde sa wildfire—karaniwang kilala bilang paglaban sa sunog—sa humigit-kumulang isang-katlo ng lupain ng California. (Ang pamahalaang pederal at mga lokal na ahensya ay may pangunahing responsibilidad para sa pagresponde sa wildfire sa lahat ng dako sa California.) Ang mga aktibidad sa pagtugon sa napakalaking sunog ay nakakatulong na limitahan ang pagkalat ng malalaking wildfire at pigilan ang mga ito na makapinsala sa mga komunidad at makapinsala sa mga residente. Ang estado ay nagpapatakbo din ng mga programa sa pag-iwas sa wildfire upang mabawasan ang mga pagkakataong magsimula ang mga wildfire at upang limitahan ang pinsalang idudulot nito kapag nangyari ang mga ito. Ang ilang halimbawa ng mga aktibidad sa pag-iwas sa sunog ay kinabibilangan ng pag-alis ng mga puno sa mga makakapal na kagubatan at paglilinis ng mga patay na halaman na malamang na masunog sa mga lugar na malapit sa mga gusali.


## MUNGKAHI

### GUMAGAWA NG BAGONG BUWIS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NA MALAKI ANG KITA

Simula sa Enero 2023, ang Proposisyon 30 ay nag-aatas sa mga nagbabayad ng buwis na may mga kita na higit sa $2 milyon bawat taon (taun-taon) na magbayad ng karagdagang buwis na 1.75 porsyento sa bahagi ng kanilang kita na higit sa $2 milyon. Ang karagdagang buwis na ito ay magtatapos sa Enero 2043. Ang buwis ay maaaring matapos nang ilang taon nang mas maaga kung magagawa ng California na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas nito nang ilang antas bago iyon.

Figure 1

**Ginagamit ng Proposisyon 30 ang Dagdag na Kita para sa Mga Programa sa ZEV at Aktibidad Kaugnay ng Wildfire**




ZEV = zero-emission na sasakyan o zero-emission vehicle

LAO

### GUMAGAMIT NG KITA UPANG PALAWIGIN ANG MGA PROGRAMA NG ZEV AT MGA AKTIBIDAD SA WILDFIRE

Ang Proposisyon 30 ay nag-aatas na ang kita mula sa bagong buwis ay mapunta sa pagpapataas ng pondo para sa mga programa ng ZEV at mga aktibidad ng wildfire, tulad ng ipinapakita sa Figure 1. Ang pera ay mapupunta sa ilang ahensya ng estado para pamahalaan ang mga programa at aktibidad.

***Mga Programa ng ZEV (80 Porsyento).*** Halos 80 porsyento ng kabuuang kita ay para sa dalawang kategorya ng programa ng ZEV:

- ***Mga Pagbabayad para Makatulong sa Pagbili ng Mga Bagong Sasakyan.*** Karamihan sa perang ito ay dapat gamitin upang tulungan ang mga sambahayan, negosyo, at gobyerno na magbayad para sa bahagi ng halaga ng mga bagong pampasaherong ZEV (tulad ng mga kotse, van, at pick-up truck). Ang natitirang pera ay magagamit para sa iba pang programa. Kabilang dito ang mga pagbabayad sa mga negosyo at gobyerno upang tumulong sa pagbili ng malalaking ZEV (tulad ng mga trak at bus) at mga programang humihikayat ng kaunting pagmamaneho at pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa lokal.
- ***Mga Istasyong Pagkakarga*** Ang perang ito ay gagamitin para mag-tayo at magpatakbo ng ZEV charging at fueling station sa mga lugar tulad ng mga gusaling pang-apartment, single-family na tahanan, at mga pampublikong lokasyon.

Para sa bawat kategorya sa itaas, hindi bababa sa kalahati ng pera ang dapat na gastusin sa mga proyektong nakikinabang sa mga taong nakatira sa o malapit sa mga komunidad na lubhang marumi at/o mababa ang kita. Ang natitirang pera ay maaaring gastusin sa mga proyekto saanman sa estado.

***Mga Aktibidad sa Pagresponde at Pag-iwas sa Wildfire (20 Porsyento).*** Humigit-kumulang 20 porsyento ng kabuuang kita ang dapat na gastusin sa pagresponde sa wildfire at mga aktibidad sa pag-iwas. Sa pangkalahatan, kailangang bigyang



Para sa buong teksto ng Proposisyon 30, tingnan ang pahina 111.

priyoridad ng estado ang paggasta para umarkila, magsanay, at magpanatili ng mga bumbero ng estado. Ang natitirang pera ay maaaring gamitin para sa iba pang aktibidad sa pagresponde at pag-iwas sa sunog.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Tumaas na Kita sa Buwis ng Estado Mula sa Bagong Buwis para sa Mga Programa ng ZEV at Mga Aktibidad sa Wildfire.*** Ang bagong buwis sa mga nagbabayad ng buwis na may malaking kita ay karaniwang magtataas ng $3.5 bilyon hanggang $5 bilyon taun-taon, na lalaki sa paglipas ng panahon. Sinasalamin ng hanay na ito ang mga pagbabago sa mga kita ng mga nagbabayad ng buwis na may malaking kita. Madalas na nagbabago nang malaki ang kanilang mga kita dahil sa mga pagbabago sa ekonomiya at stock market. Batay sa mga kinakailangan sa paggasta sa Proposisyon 30, susuportahan ng pagpopondo na ito ang:

- ***Mga Programa ng ZEV.*** Patataasin ng proposisyon ang pagpopondo ng estado para sa mga ZEV nang $2.8 bilyon hanggang $4 bilyon taun-taon. Karaniwang gumagastos ang estado ng daan-daang milyong dolyar taun-taon sa mga programa ng ZEV at kamakailan ay ipinangako rin ang paggastos ng humigit-kumulang $10 bilyon sa loob ng limang taon sa mga programang ito.
- ***Mga Aktibidad sa Pagresponde at Pag-iwas sa Wildfire.*** Ang proposisyon ay magtataas sa pagpondo ng estado para sa aktibidad na pagresponde at pagpigil sa wildfire nang $700 milyon hanggang $1 bilyon taun-taon. Karaniwang gumagastos ang estado ng humigit-kumulang $2 bilyon hanggang $4 bilyon taun-taon sa mga aktibidad ng wildfire, karamihan ay sa paglaban sa sunog.

***Mga Potensyal na Epekto ng Estado at Lokal Mula sa Tumaas na Paggastos sa ZEV.*** Ang karagdagang pagpopondo para sa mga programa ng ZEV sa ilalim ng Proposisyon 30 ay maaaring makaapekto sa bilang ng mga ZEV, gayundin sa mga sasakyang pinapagana ng gasolina o diesel, na minamaneho sa California. Gayunpaman, ang aktuwal na epekto ng proposisyon ay hindi tiyak para sa iba't ibang kadahilanan. Kapansin-pansin na habang isinusulat ang pagsusuring ito, isinasaalang-alang ng estado na hilingin sa mga kumpanya ng kotse na magbenta ng pataas ang bahagi ng mga ZEV sa mga darating na taon hanggang 2035 kung kailan lang sila makakapagbenta ng mga ZEV. (Ang estado ay nakaiskedyul na magpasya sa pangangailangang ito bago ang Agosto 2022.) Ang pangangailangang ito ay tinatawag kung minsan na "Mandato ng ZEV." Ang mga potensyal na epekto sa pananalapi na nauugnay sa transportasyon ng proposisyon sa mga estado at lokal na pamahalaan ay nakadepende sa kung naaprubahan o hindi ang mandato ng ZEV.

- Kung *aaprubahan* ng estado ang mandato ng ZEV, ang karagdagang pagpopondo mula sa proposisyong tumulong sa pagbili ng mga bagong ZEV ay hindi magkakaroon ng malaking epekto sa kabuuang bilang ng mga ZEV na minamaneho sa California. Ito ay dahil ang mandato ng ZEV ay mangangailangan na ng malaking pagtaas sa bilang ng mga benta ng ZEV, kahit na walang karagdagang paggasta. Sa halip, ang pangunahing epekto ng proposisyon ay ang paglipat sa kung sino ang magbabayad para sa mga ZEV. Ibig sabihin, mas maraming gastos ang sasagutin ng kita mula sa bagong buwis sa mga nagbabayad ng buwis na may malaking kita sa halip na ng mga nagbebenta at/o mamimili ng sasakyan. Hindi ito magkakaroon ng malaking epekto sa estado at lokal na pananalapi.
- Kung *hindi aaprubahan* ng estado ang mandato ng ZEV, ang pagpopondo mula sa proposisyong tumulong sa pagbili ng mga bagong ZEV ay magpapataas sa bilang ng mga ZEV—at magpapababa sa bilang ng mga sasakyang pinapagana ng gasolina o diesel—na minamaneho sa California. Kaya naman, magiging mas kaunti ang halaga ng gasolinang magagamit. Sa mahabang panahon, ang pagbabagong ito ay maaaring magkaroon ng ilang magkakaibang epekto sa pananalapi sa estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang mas mababang kita sa buwis sa gasolina na ginagamit para sa mga proyekto

30

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

sa transportasyon, mas mataas na kita mula sa mga buwis sa kuryente, at iba pang epekto na nauugnay sa mas mababang polusyon sa hangin. Ang net na epekto sa pananalapi ng mga pagbabagong ito ay hindi tiyak, pero malamang na maliit kumpara sa daan-daang bilyong dolyar na ginagastos ng estado at lokal na pamahalaan taun-taon sa lahat ng aktibidad.

***Potensyal na Pagbaba ng Mga Gastusin ng Estado at Lokal para sa Pagresponde at Pagbangon mula sa Wildfire.*** Maaaring mabawasan ng Proposisyon 30 ang mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan na may kaugnayan sa paglaban sa sunog, paglilinis, at pagbangon kung ang karagdagang pagpopondo para sa mga aktibidad ng wildfire ay talagang makakabawas sa tindi ng mga wildfire sa hinaharap. Gayunpaman, ang anumang pagbawas sa gastos ay depende sa (1) kung aling mga partikular na aktibidad ng wildfire ang napopondohan, (2) kung gaano kaepektibo ang mga aktibidad na ito sa paglimita sa tindi ng wildfire, at (3) tindi ng mga wildfire na maaaring mangyari sa anumang partikular na taon. Ang lahat ng salik na ito ay hindi tiyak, kaya hindi malinaw ang laki ng mga potensyal na epekto sa pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan.

***Nabawasan ang Kita ng Estado para sa Iba Pang Aktibidad.*** Ang ilang nagbabayad ng buwis ay malamang na gagawa ng mga hakbang para bawasan ang halaga ng mga buwis sa kita na kanilang inutang. Mababawasan nito ang mga kasalukuyang kita ng estado na ginagamit para bayaran ang mga aktibidad na hindi pinondohan ng Proposisyon 30. Hindi pa batid ang antas kung kailan ito mangyayari at kung magkano ang kita na maaaring mawala ng estado bilang resulta nito.

***Mga Potensyal na Pagbawas sa Ibang Programa ng Estado Para Makasunod sa Limitasyon sa Paggastos ng Estado.*** Sa ilang pagbubukod, tulad ng pagresponde sa mga kagipitan at pagtatayo ng imprastraktura, nililimitahan ng Saligang-Batas ng California kung magkano ang maaaring gastusin ng estado. Sa mga nakaraang taon, naabot ng paggastos ng estado ang limitasyong ito. Ang ilan sa mga paggastos na iniaatas ng Proposisyon 30—malamang na isang halaga mula sa humigit-kumulang $1.5 bilyon hanggang $3 bilyon taun-taon—ay mabibilang sa limitasyong ito. Dahil dito, kapag ang paggastos ng estado ay nasa limitasyon, aatasan ng proposisyon ang estado na bawasan ang kapantay na halaga ng paggastos mula sa ibang programa para "magbigay ng puwang" para sa bagong kinakailangang paggastos sa mga programa ng ZEV at mga aktibidad sa wildfire.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2022-ballot-measure-contribution-totals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para i-access ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.**

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 30 ★

NARARAPAT LANG SA MGA CALIFORNIAN NA HUMINGA NG MALINIS NA HANGIN

Dahil sa pagbabago ng klima, tumitindi ang init, tumatagal ang tagtuyot, at nagkakaroon ng mga mapaminsalang wildfire na kumikitil ng mga buhay, nangwawasak ng mga tahanan, at nagdudulot ng pagkalugi sa ekonomiya ng California na nasa bilyun-bilyong dolyar.

Ang panahon ng sunog ay buong taon na ngayon. Ang kalidad ng hangin sa California ay ang pinakamalala sa bansa *(2022 Ulat ng American Lung Association)*. Dahil sa mapaminsalang may polusyong hangin, nalalantad tayo—lalo na ang mga bata at nakatatanda—sa mas malaking posibilidad na magkaroon ng sakit gaya ng hika, atake sa puso, kanser sa baga, at stroke.

Hindi sapat ang mga kasalukuyang programa para tugunan ang tumitinding banta na ito sa ekonomiya, kapaligiran, at pampublikong kalusugan ng California. Dapat tayong kumilos kaagad para mabawasan ang dalawang pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin at mga greenhouse gas sa California: ang mga wildfire at sasakyan.

BABAWASAN NG PROP. 30 ANG MGA MAPAMINSALANG WILDFIRE AT POLUSYON SA HANGIN MULA SA MGA SASAKYAN
Nagbibigay ang Prop. 30 ng pondo para mapaganda ang kalidad ng hangin sa California sa pamamagitan ng:

• Pag-iwas at paglaban sa mga wildfire. •Pagbibigay sa mga consumer ng mga rebate para matulungan silang magbayad ng mga sasakyang de kuryente na malinis at zero-emission. • Paggawa ng network ng mga abot-kayang madaling gamitin na charging station para sa mga de-kuryenteng sasakyan sa buong estado.

Ang panukala ay popondohan ng 1.75% pagtaas sa buwis ng humigit-kumulang 35,000 Californian na kumikita ng mahigit sa $2 milyon taun-taon. HINDI PAPATAWAN NG BUWIS ANG In-person NA KITANG WALA PANG $2 MILYON.

Ang pinakamayaman lang na 0.2% ang maaapektuhan. *HINDI papatawan ng buwis ang kita ng maliliit na negosyo.*

PAG-IWAS SA MGA WILDFIRE AT PAGPROTEKTA SA MGA TAHANAN
Pinopondohan ng Prop. 30 ang mga lubos na kinakailangang programa para maiwasan ang mga mapaminsalang wildfire at maprotektahan ang mga tahanan, kasama ang:

• Pamamahala ng kagubatan para mabawasan ang tuyot na halamanan na nagpapasimula ng matitinding wildfire. • Pagpapahusay ng pamproteksyong espasyo sa paligid ng mga bahay at negosyo para mapaliit ang posibilidad ng pagkalat ng mga wildfire sa mga komunidad. • Pagkuha at pagsasanay ng mga bumbero sa estado at pagdaragdag ng kagamitan sa pag-apula ng sunog para mapigilan ang mga wildfire bago pa hindi makontrol ang mga ito.

Itinataya ng ating mga bumbero ang kanilang buhay para maprotektahan tayo—nararapat lang na mas tulungan natin sila habang mas tumitindi ang mga kinakaharap nilang sunog.

PROP. 30: MAHIGPIT NA PANANAGUTAN
• Nililimitahan ang mga pang-administratibong gastusin. • Humihiling ng mga independenteng pag-audit sa Auditor ng Estado *at* Tagakontrol ng Estado para matiyak na tama ang paggastos ng pondo. • Pinagbabawalan ang Lehislatura na ilaan ang pondo sa ibang layunin. • Nagpapataw ng mga pangkrimen at pinansyal na parusa para sa maling paggamit ng pondo.

PAGGAWANG MAS ABOT-KAYA ANG MGA DE-KURYENTENG SASAKYAN
Masyadong mahal ang gasolina. Gusto ng mga opsyon ng mga consumer, pero marami ang walang kakayahan na bumili ng de-kuryenteng sasakyan. Nagbibigay ang Prop. 30 ng MGA DIREKTANG REBATE AT PINANSYAL NA TULONG SA MGA CONSUMER para matiyak na makakabili ng de-kuryenteng sasakyan ang mga pamilyang may mababa at katamtamang kita na gusto nito. Kwalipikado rin ang mga school bus, kagamitan sa farm, at big rig truck para makatulong na bawasan ang polusyong dulot ng diesel.

PAGPAPALAWAK SA MGA PANG-CHARGE NA IMPRASTRUKTURA SA BUONG ESTADO

Binubuo ng Prop. 30 ang network ng mga abot-kayang charging station sa buong estado na kinakailangan natin—na gumagawa ng libu-libong trabaho na may magandang sahod at hindi nakakasama sa kapaligiran. Kwalipikado ang mga bahay, apartment, negosyo, at lokal na pamahalaan para matiyak na mas madaling mag-charge ng sasakyan kaysa bumili ng gasolina: available sa trabaho, bahay, at mga komersyal at pampublikong lugar. Ia-upgrade ng panukala ang grid ng kuryente para matiyak na maasahan ito habang nagta-transition tayo sa mas maraming de-kuryenteng sasakyan.

NARARAPAT LANG NA MAGKAROON NG MALINIS NA HANGIN ANG ATING MGA ANAK Sa Prop. 30, mababawasan natin ang matitinding wildfire at maibabalik natin ang malinis na hangin sa California. Samahan ang mga sumusuportang bumbero, nurse, doktor, siyentipiko, grupong pangkapaligiran, at negosyo ng estado sa buong California.

*www.Yeson30.org*

**Tim Edwards**, Presidente
Mga Bumbero ng Estado sa CalFire

**David Tom Cooke**, **M.D.**, **FACS**
American Lung Association

**Sherry Jackman**, Vice Chair
Clean Air Alliance

30

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 30 ★

NARARAPAT LANG NA MAGKAROON ANG MGA CALIFORNIAN NG MALINIS NA HANGIN. Iyon ang dahilan kung bakit gumagastos ang California ng mahigit sa $50 bilyon para sa ilang taong pamumuhunan sa klima, pati ng $10 bilyon para mapabilis ang pag-transition sa mga zero-emission na sasakyan (ZEV). Nagsisikap ang California na protektahan ang ating mga komunidad at farm mula sa epekto ng pagbabago ng klima, labanan ang polusyon, at pigilan ang mga wildfire.

HINAHARAP NG MGA CALIFORNIAN ANG MAKASAYSAYANG MGA RATE NG INFLATION. Hindi natin  kailangang harapin ang bilyun-bilyong dagdag na buwis. Sa limitadong focus ng Proposition 30, nagkakaroon ng espesyal na interes na lock box sa mga nasabing bagong buwis sa kita—na kadalasan ay ang pinakamalaking pinagmumulan ng pondo para sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo sa komunidad ng California, na magiging dahilan para hindi maging available ang mga ito sa hinaharap. Ang buwis na ito ay hindi nagbibigay ng pondo para sa pangangalagang pangkalusugan, pampublikong kaligtasan, agrikultura, o mga serbisyo para sa mga nakatatanda at walang matirhan; at napakaliit lang ng maitutulong nito sa mga pamahalaan ng estado at lokal na magtipid para sa hinaharap.

HINDI GINAGARANTIYA SA MGA CALIFORNIAN NA MAY MABABANG KITA NA MAGIGING ABOT-KAYA ANG MGA ZEV. Bagama't maraming Californian ang nahihirapang magbayad ng upa at magdala ng pagkain sa hapagkainan, hindi ginagarantiya ng Prop. 30 na makakabili ng mga ZEV ang mga pamilyang may mababang kita. Ang karamihan ng mga ZEV ay binibili ng mayayaman at upper middle-class na Californian. Hindi nilulutas ng Prop. 30 ang malalim na hindi pagkakapantay-pantay na ito.

INIATAS NG LUPON NG MGA RESOURCE NG HANGIN NG CALIFORNIA NA MAGING 90% ZERO-EMISSION ANG MGA KUMPANYA NG RIDESHARE, KASAMA ANG LYFT, PAGSAPIT NG 2030. Sa halip na patas na makibahagi, ni-lobby ng LYFT ang estado para bayaran ang imprastruktura ng ZEV at mga subsidiya ng korporasyon.

Ngayon, gumastos na ang LYFT ng mahigit sa $15 milyon para pondohan ang Proposisyon 30. Bakit? Para mga nagbabayad ng buwis ang sumagot sa bilyun-bilyong dolyar na upgrade sa ZEV na kinakailangan ng LYFT.

BUMOTO NG HINDI.

**E. Toby Boyd**, Presidente
California Teachers Association

**Jack O'Connell**, Superintendent ng Estado sa Pampublikong Pagtuturo, Ret.


Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 30 ★

PAPATAASIN NG PROP. 30 ANG MGA BUWIS NANG HANGGANG 20 TAON NANG HINDI BABABA SA $30 BILYON AT HANGGANG $90 BILYON, NA MAGPAPATAAS SA GASTUSIN NG BAWAT CALIFORNIAN.
Nararamdaman na ng mga pamilya sa California ang mataas na inflation, at pagtaas ng presyo ng gasolina, pagkain, at pabahay. Hindi natin kailangan ngayon ng mas mataas na buwis, lalo na kung matatamaan ng recession, ayon sa pagtataya ng maraming ekonomista, ang mga pamilya at ang kanilang mga kabuhayan.

Pinakamataas na ang binabayarang buwis sa kita ng estado at buwis sa gasolina ng mga Californian, isa tayo sa may pinakamataas na buwis sa kita, at araw-araw na tayong nahihirapan sa napakalalaking gastusin sa pamumuhay sa bansa. Prop. 30 ang magiging pinakamalaking pagtaas ng buwis sa California sa loob ng isang dekada—habang tumataas ang mga rate ng utility para sa mga may-ari ng bahay at maliliit na negosyo, ipinapasa ang mas malalaking buwis sa mga consumer.

ANG PROP. 30 AY LUBOS NA MAGPAPABIGAT SA NAHIHIRAPAN NANG GRID NG KURYENTE NA MAY POSIBILIDAD NANG MAGKAROON NG ROLLING BLACKOUT.
Magdaragdag ang Prop. 30 ng hanggang tatlong milyong bagong zero-emission na sasakyan sa California sa susunod na sampung taon, ibig sabihin, kakailanganin ng estado na taasan ang kapasidad ng grid ng kuryente sa kasalukuyan para matugunan ang napakalaking dagdag na bilang na ito. HINDI kasama ang gastusing ito sa Prop. 30 at puwede itong pabayaran sa mga regular na nagbabayad ng rate ng utility (na napakatataas na ng rate na binabayaran sa bansa). Puwedeng tumaas ang mga gastusin sa utility, at puwedeng tumaas ang binabayarang bill ng kuryente ng mga nagbabayad ng rate bawat buwan.

Nabibigatan na ang grid ng kuryente sa California tuwing tag-init—maraming Californian ang nakaranas ng rolling blackout dalawang taon pa lang ang nakakalipas. Sagad na sagad na ang ating grid ng kuryente sa mga buwan ng tag-init, at daragdagan ng Prop. 30 ang demand, kaya mas lalaki pa ang posibilidad na magkaroon ng rolling blackout.

BILYUN-BILYONG DOLYAR NA ANG GINAGASTOS NG CALIFORNIA SA MGA PROGRAMA SA MGA DE-KURYENTENG SASAKYAN SA KASALUKUYAN.
Hindi na kinakailangan ng higit pang bagong kita sa buwis. Umakyat ang sobra sa badyet ng Estado sa $97.5 bilyon ngayong taon. May ginawa nang plano sa paggastos ang estado para matiyak na mabilis na makakagamit ng mga zero-emission na sasakyan nang hindi tinataasan ang mga buwis at hindi nagiging banta sa stability ng grid ng kuryente, at naglaan na ng badyet na $10 bilyon ang estado para makamit ang mga layuning ito. Kung kinakailangan ng higit pang pondo, puwedeng gamitin ang sobra sa badyet ng estado—sa halip na taasan ang buwis.

MADALING MASASAGOT ANG HIGIT PANG PAGGASTOS SA PROTEKSYON MULA SA WILDFIRE GAMIT ANG SOBRA SA BADYET NG ESTADO.
Sa kasalukuyan, gumagastos ang California ng bilyun-bilyong dolyar bawat taon para maiwasan at mapigilan ang mga wildfire. Gamit ang ilang porsyento ng sobra sa badyet na $97.5 na bilyon ng estado, umabot ang paggastos ngayong taon sa humigit-kumulang $4 na bilyon sa proteksyon mula sa wildfire—nang may mahigit sa isang libong bagong posisyon sa pagiging bumbero. Maliit lang ang idaragdag ng inisyatibong ito sa kanilang badyet, na isang halagang madaling mapopondohan ng sobra sa badyet ng estado.

SAMAHAN ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS, GURO, AT MALILIIT NA NEGOSYO SA PAGTANGGI SA HINDI KINAKAILANGANG PAGTAAS NG BUWIS NA ITO NA PUWEDENG MAGLAGAY SA ATING GRID NG KURYENTE SA PANGANIB!

**Jon Coupal**, Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association

**Betty Jo Toccoli**, Presidente
California Small Business Association

**Joe Coto**, Presidente
United Latinos Action

30

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 30 ★

PROP. 30: MAS KAUNTING WILDFIRE, MAS MALINIS NA HANGIN. PINOPONDOHAN SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATAW NG BUWIS SA MGA BILYONARYO.
Pinapalala ng pagbabago ng klima ang mga mapaminsalang wildfire na isang lumalaking banta sa ating mga buhay, ari-arian, at ekonomiya. Marumi ang hangin sa California, na banta sa ating kalusugan.

Hindi sapat ang ginagawa ng pamahalaan ng ating estado—sa kabila ng sobra-sobrang badyet!

Hinihiling ng Prop. 30 sa pinakamayayamang 0.2% na magbigay ng patas na porsyento sa mga programa para mapigilan ang mga wildfire at mabawasan ang polusyon sa hangin—nang sa gayon ay luminis ang hinihingang hangin ng mga Californian.

Narito ang mga detalye ng Prop. 30:

In-person NA KITANG MAHIGIT $2 MILYON LANG ANG PINAPATAWAN NG BUWIS. Hindi magbabayad ng mas malaking buwis o gastusin ang mga nagbabayad ng buwis na kumikita nang wala pang $2 milyon. *[Seksyon 2, 17044(a).]*

GAGAWING MAS MAAASAHAN ANG GRID NG KURYENTE
• Nagbibigay ng bilyun-bilyong pondo para sa mga upgrade sa grid at imprastruktura para matiyak na maaasahan ang mga ito. • Ipinagbabawal ang mga pagkilos na puwedeng makakompromiso sa grid. *[Seksyon 1, 80211]*

"Ang mga de-kuryenteng sasakyan ay nagso-store ng kuryente na puwedeng *ibalik* sa grid kapag na-stress ito, na makakatulong sa *pag-iwas* sa mga blackout."—Ethan Elkind, Climate Program Director, UC Berkeley School of Law Center for Law, Energy, and the Environment

MAKAKATIPID ANG MGA CONSUMER SA MGA DE-KURYENTENG SASAKYAN
Ayon sa isang 2020 Pag-aaral sa Mga Ulat ng Consumer, nakatipid ang mga consumer ng $6,000–$10,000 sa mas murang pagmementina at gasolina sa buhay ng isang de-kuryenteng sasakyan, kumpara sa mga de-gasolinang sasakyan. Tumutulong ang Prop. 30 sa mga consumer na makabili ng mga de-kuryenteng sasakyan, para MAKATIPID SILA SA GASOLINA at pagmementina. *[Seksyon 1, 80221]*

PROP. 30: SINUSUPORTAHAN NG MGA BUMBERO NG ESTADO, TINUTUTULAN NG MGA BILYONARYO

Sasabihin ng mga bilyonaryo at CEO sa likod ng oposisyon ang kahit ano para maiwasan ang mas matataas na buwis—pati para sa mga wildfire at malinis na hangin.

Alamin ang mga detalye at magpasya para sa iyong sarili:
*www.Yeson30.org/getthefacts*

Samahan ang mga bumbero, grupong pangkapaligiran, tagapagsulong ng consumer, at eksperto sa enerhiya: OO sa 30.

**Mary Creasman**, CEO
California Environmental Voters
**Max Baumhefner**, Senior Attorney sa Climate and Clean Energy
Natural Resources Defense Council
**Dr. Jose Pablo Ortiz Partida**, Senior Climate Scientist
Union of Concerned Scientists

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

# PROPOSISYON 31 REPERENDUM SA 2020 BATAS NA MAGBABAWAL SA RETAIL NA PAGBEBENTA NG ILANG PARTIKULAR NA PRODUKTONG TABAKO NA MAY FLAVOR.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

**Makikita ang teksto ng panukalang ito sa pahina 122 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.***

Sa botong "Oo", aaprubahan (at papayagang magkaroon ng bisa) ang isang batas na ipinatupad ng Lehislatura ng Estado noong 2020 na:

- Nagbabawal sa retail na pagbebenta ng ilang partikular na produktong tabako na may flavor (kasama ang, pero hindi limitado sa, mga sigarilyo, e-cigarette, nginunguyang tabako, at snuff) at pang-enhance ng flavor ng tabako.
- Nagbubukod sa pagbabawal ng ilang partikular na premium na handmade na cigar, loose leaf na tabako (hindi para sa paggawa ng mga sigarilyo), at shisha na produktong tabako (kung ibinebenta ng retailer ng hookah na tabako na nakakatugon sa mga partikular na kundisyon).

Sa botong "Hindi", tatanggihan ang batas at pipigilan itong magkaroon ng bisa.

### BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas kaunting kita sa buwis sa tabako ng estado mula sa sampu-sampung milyong dolyar bawat taon hanggang sa $100 milyon taun-taon

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

31

## BACKGROUND

### MGA PRODUKTONG TABAKO

Iba't ibang produktong tabako ang ginagamit ng mga tao, kasama ang:

- ***Mga Sigarilyo.*** Ang pagsisigarilyo ang isang karaniwang paraan para gumamit ng tabako. Maliban sa natural na flavor ng tabako, puwedeng maging menthol ang flavor ng mga sigarilyo.
- ***Mga Electronic na Sistema ng Paghahatid ng Nicotine (Electronic Nicotine Delivery System, ENDS).*** Ginagawang aerosol ng mga device na ito, na pinapatakbo ng baterya (gaya ng mga e-cigarette, e-cigar, vape, vape pen, cartridge, tank, at mod), ang espesyal na likidong may nicotine. Nilalanghap ng gumagamit ang aerosol. Posibleng may mga hindi tabako na flavor ang mga likido, gaya ng mga flavor na prutas o mint. Puwede ring hiwalay na magdagdag ng mga flavor ang mga gumagamit.
- ***Iba Pang Produktong Tabako*** Ang iba pang produktong tabako ay puwedeng gamitin sa pamamagitan ng paninigarilyo, paglanghap, pagnguya, o iba pang paraan. Kasama sa produktong ito ang mga cigar, nginunguyang tabako, loose leaf na tabako, shisha na tabako (karaniwang ginagamit sa mga hookah, isang uri ng waterpipe), walang usok na tabako, pinapainit na tabako, at mga nicotine pouch. Katulad ng ENDS, posibleng may mga hindi tabako na flavor ang mga ito.

### PAGGAMIT NG TABAKO SA CALIFORNIA

Ayon sa data ng survey, humigit-kumulang 10 porsyento ng mga nasa hustong gulang at kabataan sa California ang gumagamit ng mga produktong tabako. Ipinapakita ng mga survey na mas malamang na manigarilyo nang regular ang mga nasa hustong gulang kaysa sa mga kabataan, habang mas malamang na gumamit nang regular ang mga kabataan kaysa sa mga nasa hustong gulang ng mga ENDS na produkto. Sa mga naninigarilyo, ipinapakita ng mga

survey na humigit-kumulang 20 porsyento ng mga nasa hustong gulang at humigit-kumulang 50 porsyento ng kabataan ang gumamit ng mga menthol na sigarilyo. Ipinapakita ng mga survey na gumagamit ng mga may flavor na produkto ang karamihan ng mga gumagamit ng ENDS (nasa hustong gulang at kabataan).

## REGULASYON NG TABAKO

Pinapataas ng paggamit ng tabako at secondhand na usok ang panganib na maraming problema sa kalusugan, gaya ng kanser, sakit sa puso, stroke, sakit sa baga, at mga komplikasyon sa pagbubuntis. Nagpatupad ang mga pederal, pang-estado, at lokal na pamahalaan ng iba't ibang batas at regulasyon na naglalayong protektahan ang publiko mula sa mga nakakasamang epekto ng tabako.

***Kinokontrol ng Pederal na Pamahalaan ang Mga Produktong Tabako.*** Binibigyan ng isang pederal na batas na inaprubahan noong 2009 ang pederal na Administrasyon sa Pagkain at Gamot (FDA) ng awtoridad para kontrolin ang paggawa, pag-market, pagbebenta, at distribusyon ng mga produktong tabako. Inaatasan din ng pederal na batas ang FDA na suriin ang mag-awtorisa ng mga bagong produktong tabako, gaya ng ENDS, bago legal na maibenta ang mga ito. Kasama sa mga pederal na regulasyong nakakaapekto sa mga may flavor na tobacco ang:

- ***Ipinagbawal ng Pederal na Batas ang Mga Sigarilyong May Flavor, Maliban sa Menthol.*** Ipinagbawal ng pederal na batas ang mga sigarilyong may hindi tabako na flavor, maliban sa menthol, simula noong 2009.
- ***Kamakailan ay Nagmungkahi ang FDA ng Mga Panuntunan sa Pagbabawal ng Menthol Mula sa Mga Sigarilyo.*** Noong Abril 2022, iminungkahi ng FDA ang (1) pagbabawal ng mga sigarilyong may menthol na flavor at (2) pagbabawal ng lahat ng sigarilyong hindi tabako ang flavor. Nagpapasya na ngayon ang FDA kung gagawing pinal ang mga pagbabawal na ito.
- ***Patuloy na Sinusuri ng FDA ang Mga Aplikasyon sa Legal na Pagbebenta ng Mga Produktong Tabako.*** Simula Hunyo 2022, nagbigay ang FDA ng awtorisasyon sa 42 bagong produktong tabako—23 ENDS na produkto (tabako na may flavor o walang flavor) at 19 na iba pang produktong tabako (may flavor na menthol, mint, o wintergreen o walang flavor). Tinanggihan na nito ang halos 1 milyong ENDS na produkto na hindi tabako ang flavor.
- ***Nagsagawa na ang FDA ng Ilang Hakbang para Limitahan ang Access sa Mga ENDS na Produkto.*** Noong 2020, nagsimula nang paigtingin ng FDA ang pagpapatupad laban sa mga hindi awtorisadong ENDS na produkto, kasama ang mga ENDS na produktong pinupuntirya ang mga bata.

***May Mga Karagdagang Panuntunan para sa Tabako ang Mga Pang-estado at Lokal na Pamahalaan.*** Bagama't hindi mababago ng mga ito ang mga pamantayan ng produkto, ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan ay puwedeng magkaroon ng mga karagdagan at mas mahigpit na panuntunan para sa tabako. Halimbawa, itinaas ng California ang minimum na edad para sa pagbili ng tabako mula 18 patungong 21 noong 2016, ilang taon bago ito ginawa ng pederal na pamahalaan sa buong bansa noong 2019.

***Maraming Lokal na Pamahalaan ang Nagbawal sa Mga Partikular na Pagbebenta ng Mga May Flavor na Produktong Tabako.*** Humigit-kumulang isangkatlo ng mga Californian ang nakatira sa mga lugar na may mga panuntunang nagbabawal sa mga partikular na pagbebenta ng mga may flavor na produktong tabako. Kasama sa karamihan ng mga lokal na patakarang ito ang pagbabawal sa pagbebenta ng mga menthol na sigarilyo.

## KITA SA BUWIS SA TABAKO NG ESTADO

***Iba't Ibang Programa ang Pinopondohan ng Mga Kita sa Buwis sa Tabako ng Estado.*** Nagpapataw ang California ng mga buwis sa tabako sa mga sigarilyo, ENDS, at iba pang produktong tabako.



Para sa buong teksto ng Proposisyon 31, tingnan ang pahina 122.

Figure 1

**Mga Aspeto ng Programa na Pinopondohan ng Mga Kita sa Buwis sa Tabako ng Estado**

| Aspeto ng Programa | Bahagi sa Kita Noong Nakaraang Taon |
|---|---|
| Pangangalagang pangkalusugan | 56% |
| Mga programa sa early childhood | 21 |
| Pagkontrol ng tabako | 12 |
| Medikal na pananaliksik | 4 |
| Iba pa | 7 |

Noong nakaraang taon, nakalikom ang mga buwis sa tabako ng estado ng humigit-kumulang $2 bilyon. Idinidirekta ng mga nakaraang proposisyon sa balota na naaprubahan ng mga botante ang karamihan ng mga kitang ito sa mga partikular na programa. Nakalista sa Figure 1 ang mga bahagi ng pangunahing programa na pinopondohan ng mga kitang ito.

Gaya ng ipinapakita sa figure, napupunta ang karamihan ng kita sa buwis sa tabako ng estado sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang mga buwis sa tabako ang isa sa maraming pinagkukunan ng pondo para sa mga programa ng Medi-Cal. (Ang programang Medicaid ng pederal na pamahalaan at estado, na kilala bilang Medi-Cal sa California, ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa mga kwalipikadong residente ng California na mababa ang kita.) Pinopondohan din ng buwis sa tabako ang mga pagsisikap sa pagkontrol ng tabako, gaya ng pag-iwas sa pagbebenta ng tabako sa mga kabataan.

### KAMAKAILANG PAGSISIKAP PARA IPAGBAWAL ANG MAY FLAVOR NA TABAKO

Noong 2020, ipinasa ng Lehislatura at isinabatas ng Gobernador ang Batas ng Senado (SB) 79, para ipagbawal ang mga in-person na tindahan at vending machine mula sa pagbebenta ng karamihan ng mga may flavor na produktong tabako at enhancer ng flavor ng produktong tabako. Hindi nagkaroon ng bisa ang batas dahil sa isang reperendum sa batas na kwalipikado para sa balotang ito. Kapag naging kwalipikado sa balota ang reperendum sa bagong batas ng estado, mananatiling nakabinbin ang batas hanggang sa magpasya ang mga botante kung bibigyan ito ng bisa.

## MUNGKAHI

Ang Proposisyon 31 ay isang reperendum sa SB 793 ng 2020.

### ANG IBIG SABIHIN NG BOTONG “OO” AT “HINDI”

Ang botong “oo” sa reperendum na ito ay nangangahulugang magkakaroon ng bisa ang SB 793. Ang botong “hindi” ay nangangahulugang hindi magkakaroon ng bisa ang SB 793. Inilalarawan nang mas detalyado ang SB 793 sa ibaba.

### MGA PANGUNAHING PROBISYON NG PROPOSISYON 31 (SB 793)

***Ipinagbabawal ang Karamihan ng Mga Pagbebenta ng Mga May Flavor na Produktong Tabako at Enhancer ng Flavor ng Produktong Tabako.*** Pinagbabawalan ng Proposisyon 31 (SB 793) ang mga in-person na tindahan at vending machine sa pagbebenta ng karamihan ng mga may flavor na produktong tabako at enhancer ng flavor ng produktong tabako. Hindi ipinagbabawal ng proposisyon ang shisha (hookah) na tabako na ipinagbebenta at ginagamit sa tindahan, ang ilang partikular na cigar, o loose-leaf na tabako.

***Tinutukoy ang Mga May Flavor na Produktong Tabako*** Tinutukoy ng Proposisyon 31 ang mga may flavor na produktong tabako, na iyong may flavor, maliban para sa regular na flavor ng tabako. Halimbawa, posibleng kasama sa flavor ang prutas, mint, menthol, honey, tsokolate, o vanilla. Tinutukoy ng proposisyon ang isang enhancer ng flavor ng produktong tabako bilang produktong gumagawa ng flavor kapag idinagdag sa isang produktong tabako.

***Naniningil ng $250 na Multa para sa Bawat Paglabag.*** Naniningil ang Proposisyon 31 ng $250 na multa laban sa mga may-ari ng mga tindahan at vending machine para sa bawat paglabag sa mga ipinag-aatas na inilarawan kanina.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mas Mababang Kita sa Buwis sa Tabako.*** Malamang na pababain ng Proposisyon 31 ang mga kita sa buwis sa tabako ng estado sa halagang mula milyun-milyong dolyar hanggang sa $100 milyon taun-taon. (Noong nakaraang taon, ang kita sa buwis sa tabako ng estado ay humigit-kumulang $2 bilyon.) Babawasan ng pagkawala ng kita na ito ang pagpopondo para sa mga uri ng programang nakalista sa Figure 1, gaya ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang laki ng pagkawala ng kita na ito ay nakadepende nang lubos sa kung paano tumutugon ang mga consumer sa proposisyon. Ang ilang tugon—gaya ng paglipat ng mga consumer mula sa may flavor patungo sa walang flavor na produkto—ay puwedeng magkaroon ng napakaliit na epekto sa mga kita sa buwis sa tabako. Ang ilan pang tugon—gaya ng ganap na paghinto ng mga consumer sa paggamit ng tabako—ay makakabawas sa mga kita sa buwis sa tabako. Kung pangkaraniwan ang pangalawang uri ng tugon na ito, sa gayun ang pagkawala ng kita ay posibleng maging humigit-kumulang $100 milyon taon-taon. Kung mas hindi ito karaniwan, ang pagkawala ng kita ay maaaring maging iilang milyong dolyar taon-taon. Hindi tiyak kung paano tutugon ang mga consumer sa proposisyon, na humahantong sa malamang na mga pagkawala ng kita. (Gaya ng nabanggit na, ipinanukala ng FDA ang pagbabawal ng mga menthol na sigarilyo at may flavor na cigar. Kung gagawing pinal ng FDA ang pagbabawal nito, magiging mas maliit ang pagkawala ng kita dahil sa proposisyon.)

***Mga Hindi Tiyak na Pagbabago sa Mga Gastusin sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Pang-estado at Lokal na Pamahalaan.*** Binabayaran ng mga pang-estado at lokal na pamahalaan ang pangangalagang pangkalusugan para sa kanilang empleyado at para sa mga kwalipikadong taong mababa ang kita. Mas malamang na mapababa ng Proposisyon 31 ang paggamit ng tabako, na hahantong sa mas mahusay na kalusugan. Sa pandaliang panahon, malamang na mapababa ng mas mahusay na kalusugan ang ilang gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan. Hindi tiyak ang laki ng matitipid. Sa paglipas ng panahon, mapapahaba ng mas mahusay na kalusugan ang mga buhay ng ilang tao, na magpapataas sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan. Dahil ang proposisyon ay puwedeng magresulta sa mga pagtitipid sa pangangalagang pangkalusugan at pagtaas ng mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa paglipas ng panahon, hindi tiyak ang resultang pangmatagalang pangkalahatang pagbabago sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan ng pang-estado at lokal na pamahalaan.

**Bumisita sa *https://www.sos.ca.gov/campaignlobbying/cal-access-resources/measurecontributions/2022-ballot-measure-contributiontotals* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o tutulan ang panukalang ito.**

**Bumisita sa *https://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* para i-access ang nangungunang 10 taga-ambag ng komite.**

31

Para sa buong teksto ng Proposisyon 31, tingnan ang pahina 121.

## ★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 31 ★

OO SA 31. Sinusuportahan ng American Cancer Society Cancer Action Network, American Lung Association sa California, American Heart Association ang Oo sa 31 dahil nagliligtas ito ng mga buhay.

Poprotektahan ng Oo sa 31 ang mga bata sa pamamagitan ng pagwakas sa pagbebenta ng mga produktong tabako na may candy na flavor, kabilang ang mga e-cigarette at minty-menthol na sigarilyo. Gumagamit ang Malalaking Kumpanya ng Tabako ng mga produktong may candy na flavor para puntiryahin ang mga bata—kasama ang cotton candy, chocolate, strawberry, at minty-menthol—at akitin sila sa isang habambuhay na adiksyon sa nicotine.

Sa katunayan, 4 sa limang batang gumagamit ng tabako ang nagsimula sa isang may flavor na produkto.

Kunin ang mga detalye sa *VoteYesOn31.com*

*PINOPROTEKTAHAN NG OO SA 31 ANG MGA BATA SA PAGKAKALULONG SA TALAGANG NAKAKAADIK NA NICOTINE*

Gumagamit ang mga kumapanya ng tabako ng mga may candy na flavor para itago ang matapang na nicotine, isang talagang nakakaadik na droga na higit na masama sa mga bata, na nakakapinsala sa pag-unlad ng utak at nakakaapekto sa kanilang atensyon, mood, at pagkontrol ng sumpong sa kagustuhan. Sa botong Oo sa 31, mapipigilan natin ang Malalaking Kumpanya sa Tabako sa paggamit ng mga flavor para mahikayat ang mga bata sa nicotine at mapipigilan natin na kumita sila mula sa adiksyon, sakit, at pagkamatay.

- Sa California, mas gusto ng halos lahat ng gumagamit ng e-cigarette sa high school ang mga produktong may flavor.
- Ngayon—lampas 2 milyong mag-aaral sa middle at high school sa buong mundo ang gumagamit ng mga e-cigarette.

Ayon sa American Lung Association sa California, "Sa pamamagitan ng paggamit ng mga may candy na flavor, nalilinlang ang mga bata sa pagsubok na gumamit ng nicotine, at ito ang pundasyon ng nakakamatay na modelo sa negosyo ng Malalaking Kumapanya sa Tabako. Makakapagsagip ng mga buhay ang Oo sa 31—at poprotektahan nito ang mga bata sa pagkakalulong sa tabako, sa simula pa lang."

*ANG OO SA 31 AY MAKAKAPAGSAGIP NG BUHAY AT MAKAKAPAGTIPID NG PERA NG NAGBABAYAD NG BUWIS*

Tabako ang #1 maiiwasang dahilan ng pagkamatay sa California, kung saan pumapatay ng 40,000 tao kada taon ang mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako. Mas marami ang namamatay sa paninigarilyo kumpara sa pag-inom ng alak, AIDS, aksidente sa sasakyan, ilegal na gamot, mga pagpatay, at mga suicide, kung pagsasama-samahin. Sa lahat ng mga bata na magiging bagong naninigarilyo kada taon, halos isangkatlo ang mamamatay mula rito.

Sa tuwing inilululong ng Malalaking Kumpanya sa Tabako ang isa pang henerasyon ng mga bata, inilalagay nila ang mga nagbabayad ng buwis, naninigarilyo man o hindi, sa posisyong kailangang gumastos ng bilyon-bilyong dolyar para sa gastusin sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa paggamit ng tabako.

*SA OO SA 31, MAPIPIGILAN ANG MALALAKING KUMPANYA SA TABAKO NA MAGDULOT NG HIGIT PANG PINSALA SA MGA BLACK NA KOMUNIDAD*

Sinasamantala ng Malalaking Kumpanya ng Tabako ang mga Black na komunidad, gumagastos ng milyon-milyon para mag-lobby, mag-advertise, at mag-market ng mga minty-menthol na sigarilyo—ang orihinal na sigarilyong may candy na flavor. Noong 1950s, wala pang 10% ng mga naninigarilyong Black American ang gumagamit ng minty-menthols. Ngayon, 85% ang naninigarilyo nito.

Ayon sa NAACP, "Ginagamit ng mga kumpanya sa tabako ang minty-menthol para ikumbili ang matapang na lasa ng tabako, na nagpapadali sa pagsisimula ng paninigarilyo at nagpapahirap sa paghinto. Pagkatapos puntiryahin ang mga African American sa loob ng maraming dekada, malaki na ang tinutubo ng Malalaking Kumpanya sa Tabako—habang tumataas ang mga antas ng nauugnay sa paggamit ng tabako na sakit sa puso, stroke, at cancer. Aalisin ng Oo sa 31 sa ating mga komunidad ang mga may flavor na candy na kasangkapan sa adiksyon ng Malalaking Kumpanya sa Tabako, na makakapagligtas sa buhay at magpapahusay sa pampublikong kalusugan."

*PROTEKTAHAN ANG MGA BATA. BUMOTO NG OO SA 31*

Poprotektahan ng Oo sa 31 ang mga bata mula sa pagsubok ng tabako at tutulungan nito ang mga naninigarilyo na huminto—na makakapagtipid ng milyon-milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis taon-taon, at makakapagligtas ng maraming buhay. Kung makakapagligtas tayo ng ilang buhay sa pamamagitan ng pagtatapos ng pagbebenta ng tabakong may flavor na candy, magiging sulit ito.

**Karmi Ferguson**, Ehekutibong Direktor
American Academy of Pediatrics, California

**Kathy Rogers**, Ehekutibong Pangalawang Presidente
American Heart Association

**Jose Ramos**, Miyembro ng Pambansang Lupon
American Cancer Society Cancer Action Network

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 31 ★



PAGBABAWAL ANG PROP. 31 AT HINDI KAILANMAN NAGIGING EPEKTIBO ANG PAGBABAWAL

Sumasang-ayon tayong lahat na hindi dapat gumamit ng tabako ang mga bata. Ito ang dahilan kung bakit ilegal sa California ng magbenta ng tabako—kasama ang mga vape—sa sinumang wala pang 21 taong gulang.

Ang Prop. 31 ay pagbabawal sa mga taong sapat ang gulang, at hindi kailanman nagiging epektibo ang pagbabawal—hindi ito naging epektibo sa alak at marijuana, at hindi ito magiging epektibo ngayon.

PAPALUBHAIN NG PROP. 31 ANG MGA BAGAY

Sinasabi ng mga tagapagtaguyod na babawasan ng Prop. 31 ang paggamit ng tabako ng kabataan, pero ayon sa karanasan, puwede itong maging mas malala. Noong nagpasa ang San Francisco ng isang katulad na pagbabawal ng flavor pagkatapos ipangako ang malalaking pagbawas sa paggamit ng mga kabataan ng tabako, napag-alaman sa isang pag-aaral sa Yale University na nagkaroon ng malaking PAGTAAS sa paninigarilyo sa mga mag-aaral sa high school.

HAHANTONG ANG PROP. 31 SA HIGIT PANG KRIMEN

Ayon sa pananaliksik, halos kalahati ng mga nasigarilyo sa California ay mula sa mga ilegal na pinagkunan. Papataasin ng Prop. 31 ang ilegal na pagpupuslit at merkado ng mga pekeng produkto, na magtutulak ng higit pang pagbebenta ng tabako sa mga underground na merkado na kinokontrol ng mga organisadong kriminal na grupo. Patataasin ng Prop. 31 ang krimen—lalo na sa mga minoryang komunidad kung saan mas pinipili ang menthol.

BABAWASAN NG PROP. 31 ANG KITA SA BUWIS AT MAGBABAWAS ITO NG MAHAHALAGANG SERBISYO

Babawasan ng Prop. 31 ang kita sa buwis ng estado nang $1 bilyon sa susunod na apat na taon—na magbabawas ng mga pondo para sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, mga nakakatanda, at tagapagpatupad ng batas.

MAS MABUTI ANG EDUKASYON NG PUBLIKO KAYSA SA PROP. 31

Epektibo ang mga kasalukuyang batas at kampanya sa edukasyon ng publiko. Bumaba na nang 59% ang paggamit ng vape ng mga kabataan sa nakalipas na tatlong taon, at pinakamababa ang paninigarilyo ng mga kabataan na 1.9% na lang, ayon sa Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) at Administrasyon sa Pagkain at Gamot (FDA).

Hindi kailanman naging epektibo ang pagbabawal. Huwag na nating ulitin ang parehong pagkakamali.

HINDI SA PROP. 31

**Yasha Nikitin**, Opisyal na Pulisya ng California

**Clint Olivier**, Tagapamahalang Ehekutibong Opisyal
Central Valley Business Federation

**Pat Fong Kushida**, Presidente
CalAsian na Kamara ng Komesyo



Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 31 ★

Ayon sa mga pulitikong nagsulat ng Proposisyon 31, mababawasan nito ang paggamit ng tabako ng mga kabataan—pero ilegal nang magbenta ng anumang produktong tabako sa sinumang wala pang 21 taong gulang sa California, kung saan may mabibigat na parusa ang mga hindi susunod sa batas.

ANG PROP. 31 AY PAGBABAWAL SA MGA NASA HUSTONG GULANG

Nagpapagtupad ang Prop. 31 ng isang pangkalahatang bagong pagbabawal sa menthol na sigarilyo, may flavor na smokeless na tabako, at iba pang may flavor na hindi tabako na produktong may nicotine para sa mga nasa hustong gulang na 21 taon pataas. Hindi kailanman nagiging epektibo ang pagbabawal—hindi ito naging epektibo sa alak at marijuana, at hindi ito magiging epektibo ngayon.

At maaapektuhan ng Prop. 31 ang mga minoryang komunidad nang higit sa iba pa, na nagkikriminalisa sa pagbebenta ng mga menthol na sigarilyo na pangunahing pinipili ng mga nasa hustong gulang na consumer ng tabako sa mga komunidad na ito.

PAPATAASIN NG PROP. 31 ANG KRIMEN

Ang halos kalahati ng lahat ng nasigarilyo sa California ay ibinenta sa underground na merkado, na ipinuslit mula sa ibang estado o bansa, tulad ng China at Mexico. Magbubunsod ang Prop. 31 ng higit pang pagbebenta sa underground, mula sa mga lisensyadong retailer sa komunidad patungo sa mga gang at origanisadong krimen. Ang mas matindi pa rito, hindi nagdaragdag ang Proposition 31 ng kahit isang singko sa pagpapatupad ng batas para labanan ang marahas na krimeng susunod dito.

*"Hindi praktikal na ipatupad ang Proposisyon 31. Gagawin nitong namamahala ang mga kriminal at gagawing isang hindi nakokontrol na merkado ng mga kriminal ang isang lubos na nakokontrol na merkado ng tabako, na bubuo ng hindi kinakailangan at potensyal na mapanganib na mga interaksyon sa pulisya."—Edgar Hampton, Retiradong Opisyal ng Pulisya ng California*

MGA NAGBABAYAD NG BUWIS ANG GAGASTOS SA PROP. 31

Napag-alaman sa isang lehislatibong pagsusuri na hahantong ang Prop. 31 sa "malaking pagkalugi sa kita" na lalampas sa $1 bilyon sa susunod na apat na taon. Ang ibig sabihin nito ay mas kaunting pera para sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, mga programa para sa mga nakakatanda at tagapagpatupad ng batas.

IPINAGBABAWAL NG PROP. 31 ANG AWTORISADO NG FDA NA PRODUKTONG MAY MAS MABABANG PANGANIB AT POSIBLE NITONG PATAASIN ANG PAGGAMIT NG SIGARILYO SA MGA KABATAAN

Ang Administrasyon ng Pagkain at Gamot (FDA) ay mayroon na ngayong panregulatoryong awtoridad sa mga produktong tabako at vapor, at naipagbawal na nito ang maraming may flavor na produktong tabako, pero sobra na ang Prop. 31—na magbabawal sa pagbebenta ng may flavor na pinababang panganib at walang usok na produkto na awtorisado ng FDA "na naaangkop para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan" para sa mga nasa hustong gulang na 21 taon pataas.

Kapag ang mga nasa hustong gulang na consumer ay tinatanggihan ng access sa potensyal na mas hindi makakasamang produkto na awtorisado ng FDA, magpapatuloy sila sa mga tradisyonal na sigarilyo na naglalabas ng second-hand na usok. Ang pagbabawal sa flavor ng San Francisco ay isang perpektong halimbawa ng epekto rin nito sa mga kabataan: nalaman sa isang pag-aaral ng Yale University na may malaking PAGTAAS sa paninigarilyo sa mga mag-aaral ng high school—ang eksaktong kabaliktarang resulta na ipinangako ng mga pulitiko.

MAS MABUTI ANG EDUKASYON NG PUBLIKO KAYSA SA PROP. 31

Pinangunahan ng California ang bansa sa pagtataas ng edad para makabili ng tabako sa 21, mayroon itong pinakamahihigpit na batas laban sa tabako sa bansa, at gumagastos ito nang higit $140 milyon kada taon para tulungan ang mga tao na huminto sa paggamit ng tabako at pigilian ang mga bata sa pagsisimula nito.

Malinaw ang mga resulta: Bumaba na nang 59% ang paggamit ng vape ng mga kabataan sa nakalipas na tatlong taon, at pinakamababa ang paninigarilyo ng mga kabataan na 1.9% na lang, ayon sa Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit at Administrasyon sa Pagkain at Gamot.

Hindi dapat abandunahin ng California ang malinaw na epektibo at palitan ito ng isang bigong patakaran ng nakaraan—pagbabawal—na magpapataas ng krimen, magpapagastos sa mga nagbabayad ng buwis, at magkakaroon ng masamang epekto sa mga komunidad na sinusubukan nating protektahan.

Sumama sa amin at bumoto ng HINDI sa Prop. 31.

**Michael Genest**, Dating Direktor
Kagawaran ng Pananalapi ng California

**Julian Canete**, Presidente
Kamara ng Komersyo ng Hispaniko ng California

**Tom Hudson**, Presidente
Komite sa Proteksyon ng Nagbabayad ng Buwis ng California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 31 ★

BUMOTO NG OO SA 31: PROTEKTAHAN ANG MGA BATA MULA SA MALALAKING KUMPANYA SA TABAKO.

Ang bawat salitang nabasa ninyo mula sa kampanyang "hindi" ay binayaran at sinulat ng Malalaking Kumpanya sa Tabako. Huwag maniwala sa mga kasinungalingan ng Malalaking Kumpanya sa Tabako.

Gumagamit ang mga kumpanya sa tabako ng mga candy na flavor para linlangin ang milyon-milyong bata sa pagsubok ng nakakaadik na nicotine, na gumawa sa epidemya ng e-cigarette ng mga kabataan. Ngayon, gusto ng Malalaking Kumpanya sa Tabako na linlangin ang mga botante sa pagboto ng hindi.

Ang Oo sa 31 ay isang epektibong patakaran na subok nang magbabawas sa paggamit ng mga bata sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga tabako na may candy na flavor sa mga tindahan.

Hindi inaalala ng Malalaking Kumpanya sa Tabako ang inyong "mga kalayaan." Ang inaalala lang ng Malalaking Kumpanya sa Tabako ay ang pagiging lulong sa nicotine ng susunod na henerasyon. Ang paggamit ng mga candy na flavor para hikayatin ang mga bata sa pagiging habambuhay na customer ay kung paano kumikita nang malaki ang mga kumpanya sa tabako, habang nagdudulot ng adiksyon, sakit, at pagkamatay.

Ito ang dahilan kung bakit hinihiling sa inyo ng American Lung Association, American Heart Association, Network sa Pagkilos sa Cancer American Cancer Society Cancer Action Network, mga guro, mga nurse ng paaralan, at mga pediatrician na bumoto ng Oo sa 31. Gumagastos ng milyon-milyon ang Malalaking Kumpanya sa Tabako para linlangin kayo na bumoto ng hindi.

Pinoprotektahan ng OO sa 31 ang mga komunidad sa madaragit na marketing ng Malalaking Kumpanya sa Tabako. Sinasamantala ng Malalaking Kumpanya ng Tabako ang mga Black na komunidad, gumagastos ng milyon-milyon para mag-lobby, mag-advertise, at mag-market ng mga minty-menthol na sigarilyo—ang orihinal na candy flavor—sa mga Black na kabataan. Noong 1950's, wala pang 10% ng mga naninigarilyong Black American ang gumagamit ng menthols. Ngayon, tumaas na ang numero sa 85%.

Huwag maniwala sa mga kasinungalingan ng Malalaking Kumpanya sa Tabako. Kunin ang mga detalye sa *VoteYesOn31.com*

*BUMOTO NG OO SA 31.*

**Rick L. Callender**, Presidente
Komperensya ng Estado ng California Hawaii, NAACP

**Robert E. Wailes**, M.D., Presidente
California Medical Association

**Sheri Coburn**, Ehekutibong Direktor
California School Nurses Organization

# Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato

Ang patnubay para sa botanteng ito ay may mga kasamang pahayag ng kandidato mula sa Senado ng Estados Unidos at mga kandidato para sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa Saligang-Batas na nagsisimula sa pahina 52 ng patnubay na ito.

## Senado ng Estados Unidos

Magkakaroon ang katungkulan ng Senado ng Estados Unidos ng DALAWANG magkahiwalay na pagtatagisan sa balota para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022. Puwede kang bumoto sa dalawa.

> Ang unang tagisan ay ang regular na halalan para sa buong 6 na taong termino sa katungkulan na magsisimula sa Enero 3, 2023 (buong termino).
>
> Ang pangalawang tagisan ay isang espesyal na halalan para sa bakanteng posisyon, dahil pansamantalang uupo ang kasalukuyang nasa katungkulan sa isang bakante, para sa natitirang bahagi ng termino na matatapos sa Enero 3, 2023 (hindi kumpleto/hindi pa natatapos na termino).

Ang mga kandidato ng Senado ng Estados Unidos ay puwedeng bumili ng espasyo para sa kanilang pahayag ng kandidato sa patnubay para sa botanteng ito. Samantala, may ilang mga kandidatong pinipiling huwag bumili ng espasyo para sa pahayag.

### Senado ng Estados Unidos (Buong Termino)

| | |
|---|---|
| Mark P. Meuser | Republikano |
| Alex Padilla | Demokratiko |

### Senado ng Estados Unidos (Hindi Kumpleto/Hindi pa Natatapos na Termino)

| | |
|---|---|
| Mark P. Meuser | Republikano |
| Alex Padilla | Demokratiko |

## Mga Pambuong-estadong Katungkulan ayon sa Saligang-Batas

Kasama sa batas ng California ang mga boluntaryong limitasyon sa paggastos para sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan sa estado na pinipiling panatilihin ang kanilang mga gastos sa kampanya nang mas mababa sa mga tinukoy na halagang dolyar. Ang mga kandidato para sa pambuong-estadong katungkulan ayon sa Saligang-Batas ay puwedeng bumili ng espasyo para sa pahayag ng isang kandidato (na hanggang 250 salita) sa patnubay para sa botante na ito.

Ang mga limitasyon sa boluntaryong paggastos para sa mga sumusunod na katungkulan para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022 ay:

- Gobernador—$16,212,000
- Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyoner ng Insurance, at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo—$9,728,000
- Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay—$2,432,000

Sa mga sumusunod na listahan ng kandidato, ang asterisk (*) ay tumutukoy sa isang kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa Saligang-Batas na tumanggap sa mga limitasyon sa boluntaryong paggastos sa kampanya ng California at samakatuwid may opsyong bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato sa patnubay para sa botante na ito.

Ang mga kandidatong hindi tatanggap sa mga limitasyon sa boluntaryong paggastos sa kampanya ay hindi kwalipikadong bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato.

Bukod pa rito, puwedeng piliin ng ilang kandidato na tinanggap ang mga limitasyon sa boluntaryong paggastos sa kampanya na hindi bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato.

**Gobernador**

| | |
|---|---|
| Brian Dahle* | Republikano |
| Gavin Newsom | Demokratiko |

**Tenyente Gobernador**

| | |
|---|---|
| Eleni Kounalakis* | Demokratiko |
| Angela E. Underwood Jacobs | Republikano |

**Kalihim ng Estado**

| | |
|---|---|
| Rob Bernosky* | Republikano |
| Shirley N. Weber* | Demokratiko |

**Kontroler**

| | |
|---|---|
| Lanhee J. Chen* | Republikano |
| Malia M. Cohen* | Demokratiko |

**Ingat-yaman**

| | |
|---|---|
| Jack M. Guerrero* | Republikano |
| Fiona Ma* | Demokratiko |

**Pangkalahatang Abugado**

| | |
|---|---|
| Rob Bonta* | Demokratiko |
| Nathan Hochman* | Republikano |

**Komisyoner ng Insurance**

| | |
|---|---|
| Robert Howell* | Republikano |
| Ricardo Lara* | Demokratiko |

**Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo**

| | |
|---|---|
| Lance Ray Christensen* | Di-partidista |
| Tony K. Thurmond* | Di-partidista |

**Lupon ng Pagpapantay Distrito 1**

| | |
|---|---|
| Jose S. Altamirano* | Demokratiko |
| Ted Gaines* | Republikano |

**Lupon ng Pagpapantay Distrito 2**

| | |
|---|---|
| Sally J. Lieber* | Demokratiko |
| Peter Coe Verbica* | Republikano |

**Lupon ng Pagpapantay Distrito 3**

| | |
|---|---|
| Y. Marie Manvel | Walang Kinakatigang Partido |
| Tony Vazquez | Demokratiko |

**Lupon ng Pagpapantay Distrito 4**

| | |
|---|---|
| David Dodson* | Demokratiko |
| Mike Schaefer* | Demokratiko |

Para sa mga layunin ng patnubay na ito, ang mga kandidatong nakalista bilang "Walang Kinakatigang Partido" ay posibleng pinili ang opsyong iyon, o walang pinili noong nagparehistro para bumoto.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS—BUONG TERMINO

- Nanunungkulan bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa mga pagkumpirma ng mga pederal na hukom, Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos, at maraming pagtatalaga ng presidente sa mataas na antas sa mga pangsibilyan at pangmilitar na katungkulan.
- Sisimulan ang 6 na taong termino ng panunungkulan sa Enero 3, 2023.



### **Mark P. Meuser** | REPUBLIKANO

Sa pulitika, madali lang magsalita, pero mas matimbang ang gawa kaysa sa salita. Bilang abugado, napunta na ako sa front line ng pakikipaglaban para mapanatili ang ating mga karapatan sa ilalim ng Saligang-Batas. Nang ipasara ng Gobernador ang mga lugar ng pagsamba, ipinaglaban ko ang ating mga karapatan sa pananampalataya alinsunod sa First Amendment. Nang ipasara niya ang mga paaralan, ipinaglaban ko ang edukasyon ng ating mga kabataan. Nang subukan ng Presidente na puwersahin ang mga negosyong bakunahan ang mga empleyado, ipinaglaban ko ang ating medikal na kalayaan. Bilang inyong Senador, dadalhin ko ang aking laban para sa inyong mga karapatan ayon sa Saligang-Batas mula sa hukuman patungo sa Kapitolyo. Hindi dapat mangialam ang mga hindi nahalal na bureaucrat sa Washington, D.C. sa buhay ninyo. Lalaban ako para mabigyan kayo ng higit pang lokal na kontrol sa edukasyon ng inyong anak. Dumarami ang krimen at ang mga tao ay hindi ligtas sa ating mga lungsod. Kapag tinatanggihan ng mga pulitiko na magpatupad ng mga batas, lumalakas ang loob ng mga kriminal. Lalaban ako para matiyak na ligtas ang ating mga lansangan. Kailangan nating balansehin ang ating badyet at tapusin ang pag-aalagwa ng inflation. Dapat nating itigil na ang mga pulitiko sa pagsasabi sa atin kung sino ang mahalaga at kung sino ang hindi. Ipaglalaban ko ang inyong karapatan na maghanapbuhay. Ang mga nagpagana sa pandemyang dulot ng Covid-19 at ang nagresultang mga nakakasagabal na lockdown ay kinakailangang may pananagutan. *Sa inyo lang ako may espesyal na interes.* Lagi kong ipaglalaban na protektahan ang ating mga kabataan, ang ating mga komunidad, at ang ating paraan ng pamumuhay.

9070 Irvine Center Drive #150, Irvine, CA 92618 | Telepono: (209) 763-8737 | E-mail: *contact@markmeuser.com*
*www.markmeuser.com* | Facebook: *https://www.facebook.com/markpmeuser* | Twitter: *https://twitter.com/MarkMeuser*



### **Alex Padilla** | DEMOKRATIKO

Kasabay ng pagharap ng California at ating bansa sa mga pagsubok na ngayon pa lang natin nararanasan—mula sa pagbangon natin mula sa COVID-19 hanggang sa paglala ng krisis sa klima at pagtindi ng mga pag-atake sa ating demokrasya—dumating ako sa Senado ng Estados Unidos para umaksyon. Nagsikap akong aksyunan ang klima sa unang araw pa lang. Ipinagmamalaki kong ibalik ang pamunuan sa klima ng California sa pamamagitan ng pagpapanumbalik sa ating mahihigpit na pamantayan sa malinis na hangin, na kinansela ni Trump. Nakapag-secure ako ng kritikal na pondo sa imprastruktura para sa malinis na hangin at iniinom na tubig. Kasabay ng pagiging banta ng tumataas na temperatura sa milyun-milyong Californian—nakapag-secure ako ng bilyun-bilyon pa para makapaghanda tayo sa napakatitinding lagay ng panahon sa pamamagitan ng mga investment na makakapigil sa mga blackout, lalaban sa mga wildfire, at magpapatatag sa ating grid ng kuryente. Dahil sa pagtindi ng mga pag-atake sa ating demokrasya, walang humpay akong nagsikap na protektahan ang ating mga karapatan sa pagboto, at pinangunahan ko ang laban ng bansa para sa reporma sa mga pederal na karapatan sa pagboto at nag-demand ako ng accountability mula sa mga taong gustong pagsamantalahan ang ating demokrasya.

777 S. Figueroa Street, Suite 4050, Los Angeles, CA 90017 | E-mail: *info@alex-padilla.com* | *alex-padilla.com*
Facebook: *https://www.facebook.com/alexpadilla4ca* | Twitter: *@AlexPadilla4CA* | Instagram: *@alexpadilla4ca*

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SENADO NG ESTADOS UNIDOS—HINDI BUO/HINDI PA NATATAPOS NA TERMINO

- Nanunungkulan bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa mga pagkumpirma ng mga pederal na hukom, Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos, at maraming pagtatalaga ng presidente sa mataas na antas sa mga pangsibilyan at pangmilitar na katungkulan.
- Tatapusin ang natitira sa kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023.



### Mark P. Meuser | REPUBLIKANO

Ikararangal ko kung iboboto ninyo ako para sa buo at hindi buong termino para sa Senado ng Estados Unidos Iboto ako kung gusto ninyo ng isang taong makikipaglaban para sa inyo sa halip na para sa isang espesyal na interes. Panahon na para unahin ng mga pulitiko ang mga tao. Lalabanan ko ang hindi makontrol na paggastos ng pederal para mapigilan ang inflation. Ipaglalaban ko ang kalayaan sa enerhiya ng mga Amerikano para mapababa ang presyo ng gasolina. Lalabanan ko ang mga pulitikong pabor sa mga kriminal para maging ligtas ulit ang ating mga lansangan. *Sa inyo lang ako may espesyal na interes.*

9070 Irvine Center Drive #150, Irvine, CA 92618 | Tel: (209) 763-8737 | E-mail: *contact@markmeuser.com*
*www.markmeuser.com* | Facebook: *https://www.facebook.com/markpmeuser* | Twitter: *https://twitter.com/MarkMeuser*



### Alex Padilla | DEMOKRATIKO

Ipinagmamalaki kong maging anak ng mga immigrant, maging anak ng California, at magsilbing kauna-unahang Latino na kakatawan ng ating estado sa Senado ng Estados Unidos Isinilang at lumaki ako sa komunidad ng mga working class sa Pacoima. Ilang dekadang nagtrabaho ang aking ama bilang tagaluto ng mga short order, at naglinis ng mga bahay ang aking ina. Nauunawaan ko ang mga kinakaharap na hamon ng mga nagtatrabahong pamilya dahil pinagdaanan ko iyon. Lalaban ako sa Senado ng Estados Unidos para magkaroon ng mas magandang kinabukasan ang lahat ng Californian—mula sa pagprotekta sa ating kapaligiran, hanggang sa pagtiyak na posibleng maabot ang American Dream sa pamamagitan ng abot-kayang de kalidad na edukasyon, pabahay, at pangangalagang pangkalusugan. Habang nagsisikap akong ibigay ang nararapat sa mga Californian, patuloy kong isusulong ang ating mga prinsipyo sa Estado, lalo na't inaatake ang mga ito sa kasalukuyan. Habang sinisiyasat ng Korte Suprema ang mga karapatan sa pag-aanak, ipaglalaban ko ang mga proteksyon sa antas ng bansa para ipagtanggol ang ligtas na access sa mga serbisyo sa pagpapalaglag at pagpigil sa pagbubuntis. At habang patuloy na nahaharap ang ating mga anak at pamilya sa banta ng karahasan gamit ang baril—patuloy kong ipaglalaban ang mga reporma sa kaligtasan sa baril sa bansa para maging mas ligtas ang ating mga komunidad. Sa pag-atake sa ating mga karapatan sa pagboto at demokrasya, patuloy kong isusulong ang mga repormang dahilan kaya bukas sa lahat sa buong bansa ang halalan sa California—mga repormang ipinatupad ko bilang Kalihim ng Estado ng California. Handa na akong patuloy na ipaglaban ang mga mamamayan ng California at ang kinabukasan ng ating demokrasya. Buong galang kong hinihingi ang inyong suporta.

777 S. Figueroa Street, Suite 4050, Los Angeles, CA 90017 | E-mail: *info@alex-padilla.com* | *alex-padilla.com*
Facebook: *https://www.facebook.com/alexpadilla4ca* | Twitter: *@AlexPadilla4CA* | Instagram: *@alexpadilla4ca*

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## GOBERNADOR

- Bilang punong opisyal na tagapagpaganap ng estado, pinangangasiwaan ang halos lahat ng departamento at ahensiya ng estado, at nagtatalaga sa mga hukom.
- Nagpapanukala ng mga bagong batas, inaaprubahan o tinatanggihan ang mg batas, at isinusumite ang taunang badyet ng estado sa Lehislatura.
- Nagpapagalaw at nagdidirekta sa mga mapagkukunan ng estado sa panahon ng mga emerhensiya.

### Gavin Newsom | DEMOKRATIKO

Walang pahayag ng kandidato.



### Brian Dahle | REPUBLIKANO

Mas maganda na ba ang buhay ninyo ngayon kaysa noong nakaraang apat na taon? Makakaya pa ba ninyong bayaran ang apat na taon pang pinakamatataas na bayarin sa kuryente at presyo ng gasolina sa bansa? Naaapektuhan tayong lahat ng mataas na presyo ng gas at pagkain. Hindi dapat patuloy na manatili ang California sa ganitong estado ng krisis. Bumabagsak ang California at naaapektuhan ang mga pamilya sa California nang dahil sa palyadong pamumuno ng mga pulitiko. Oras na para sa pagbabago. Kaya naman sinusuportahan ko ang pagsuspinde sa 54 na sentimo kada galon na buwis sa gasolina ng estado kung saan makakatipid ang karaniwang pamilya ng mahigit $1500 kada taon. Bilyun-bilyon na ang ginastos ng estado sa mga walang matirahan, ngunit mas lalo pang lumala ang krisis sa kawalan ng tirahan. Kailangan nating ituon ang ating mga mapagkukunan sa pagtulong na maalis ang mga taong naninirahan sa mga kalsada at sa tulong na kailangan nila. Napakahalagang gawing mas ligtas ang mga kapitbahayan ng California. Kaya babaguhin ko ang mga hindi nagtagumpay na patakaran na nagpalaya sa libu-libong marahas na lumabag nang paulit-ulit sa bilangguan at aayusin ko ang mga batas na nagpapahintulot sa mga kriminal na magnakaw nang hindi napaparusahan. Patungo sa maling landas ang California. Umaasa ang susunod na henerasyon na mababago natin ito. Isa akong may-ari ng negosyo, Senador ng Estado, at magsasaka na makikipagtulungan sa mga Demokratiko, Independiyente, at Republikano sa pagbuo ng mas magandang kinabukasan. Mayroong pag-asa ang California, ibalik natin ang California dream. Maaasahan ko ba ang inyong boto? *www.briandahle.com*

P.O. Box 730, Hilmar, CA 95324 | *www.briandahle.com*

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang kawastuhan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng opisina ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## TENYENTE GOBERNADOR

- Tinatanggap ang katungkulan at mga tungkulin ng Gobernador sa kaso ng impeachment, pagkamatay, pagbitiw sa tungkulin, matanggal sa katungkulan, o pagliban sa estado.
- Nagsisilbing presidente ng Senado ng Estado at may boto para magdeklara ng panalo mula sa tablang bilang.
- Tagapangulo sa Komisyon para sa Pag-unlad ng Ekonomiya; isang miyembro ng Komisyon ng Mga Lupain ng Estado, at ng Konseho ng Proteksyon ng Karagatan; at kabilang sa mga lupon ng mga sistema ng unibersidad ng California.



### Eleni Kounalakis | DEMOKRATIKO

Ikinararangal ko at mapagkumbabang akong maglilingkod bilang inyong Tenyente Gobernador habang tayo ay nagtutulungan para harapin ang mga mahihirap na panahong ito. Bilang Tenyente Gobernador, miyembro ako ng lahat ng tatlong namamahala na lupon para sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad ng California. *Nilabanan ko ang pagtaas ng matrikula* at *sinuportahan ko ang mga inisyatiba para dagdagan ang access sa kolehiyo* para magkaroon ng pagkakataon ang mga susunod na henerasyon na makamit ang California Dream. Para matugunan ang ating kakulangan sa pabahay, *inaprubahan ng ating mga lupon ang mahigit sa 30,000 bagong mga kama* sa ating mga pampublikong campus sa unibersidad. Habang hinaharap ng ating estado ang mga makasaysayang wildfire at tagtuyot, ipinagmamalaki kong pamunuan ang delegasyon ng California sa Kumperensya ng Pagbabago ng Klima ng United Nations para ipakita ang inobasyon ng ating estado at hikayatin ang mundo na agresibong labanan ang mga mapinsalang epekto ng Pagbabago ng Klima. Bilang Tagapangulo ng Komisyon sa Mga Lupain ng Estado, *pinangasiwaan ko ang pagsasara ng mga balon ng langis sa baybayin ng California* at tumulong akong *tiyakin na walang itatayong bagong offshore na industriya ng langis*. Habang inaatake ang mga karapatan ng mga kababaihan sa buong bansa, ipinaglaban ko ang mga bagong batas sa California para *protektahan ang mga kababaihan mula sa sekswal na pag-atake* at *palawakin ang access sa opsyon para sa pag-aanak*. Bilang ambassador ng ekonomiya ng California, nakatuon ako sa paglikha ng *mga trabahong may magandang sahod* para sa mga Californian. Iyon ang dahilan kung bakit pinangunahan ko ang mga delegasyon sa Mexico, India, at Armenia para tumuon sa pakikipagtulungan kaugnay ng kapaligiran at pagpapaunlad ng ekonomiya. Ipinagmamalaki ko ang aming mga nagawa hanggang ngayon, pero marami pa kaming dapat gawin. Ikararangal kong matanggap ang inyong suporta at boto.

2443 Fillmore Street #300, San Francisco, CA 94115 | Telepono: (415) 857-0921 | E-mail: *info@eleniforca.com*
*www.eleniforca.com* | Facebook: *www.facebook.com/EleniKounalakis* | Twitter: *@EleniForCA* | Instagram: *@EleniForCA*

### Angela E. Underwood Jacobs | REPUBLIKANO

Walang pahayag ng kandidato.

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KALIHIM NG ESTADO

- Bilang punong opisyal ng mga halalan ng estado, nangangasiwa sa mga halalan sa buong estado, at naghahatid sa publiko ng kampanya at nagbabantay sa impormasyong pinansyal.
- Nagpapanatili ng ilang partikular na paghahain sa negosyo, pinapatunayan ang mga tatak-pangkalakal, pinangangasiwaan ang mga pampublikong notaryo, at nagbibigay-kakayahan sa mga ligtas na kreditor na protektahan ang kanilang mga pinansyal na interes.
- Pinipreserba ang kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagkuha, pangangalaga, at pagbabahagi ng mga makasaysayang yaman ng estado.



### Rob Bernosky | REPUBLIKANO

*Pagtutunan ko ng pansin* ang mga responsibilidad ng opisina ng Kalihim ng Estado at wala na akong iba pang layunin. Dahil dito, magiging mas madali ang paghalal ng mga lider para *labanan ang mataas na presyo ng gasolina at pagkain, magkaroon ng mataas na kalidad at ligtas na paaralan, maikulong ang mga kriminal, at mapaganda ang ating mga lungsod*. Napakahalagang gawing mas mapagtanggap ang California sa mga negosyo at *makagawa ng mga trabahong mataas sahod,* at tutulong ako na magawa ito. Handa akong tiyaking na ang ating *mga listahan ng pagiging kwalipikado ng botante ay walang pagkakamali* at *nabibiling nang wasto* ang bawat boto. Ang pagboto para kay Robert Bernosky ay boto para muling buhayin ang California. Narito ang aking pilosopiya: Hindi ba dapat ang pamahalaan ang nagbibigay sa atin ng sapat na tubig, ipinapakulong ang mga kriminal, may mahuhusay na paaralan, gumawa ng magagandang kalsada, at tumitiyak sa ating kaligtasan? Ihalal natin sa katungkulan ang mga taong magtatrabaho para sa iyo, nang walang iba pang layunin.

*Kaya natin itong gawin*, nang sama-sama.

P.O. Box 2200, Hollister, CA 95024 | Telepono: (831) 801-5823 | E-mail: rob@votebernosky.com | www.votebernosky.com
Facebook: @votebernoskySoS | Twitter: @votebernosky



### Shirley N. Weber | DEMOKRATIKO

Pagkatapos ng pagkakaisa na makumpirma bilang Kalihim ng Estado noong 2021 na may suporta ng dalawang partido, pinangasiwaan ko ang isang ligtas, secure, at tuloy-tuloy na halalan sa buong estado na may rekord na partisipasyon at nagsikap akong gawing permanente ang pangkalahatang pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ginugol ko ang aking karera sa pakikipaglaban para sa hustisyang panlipunan at panlahi at pagpapalawak ng access sa balota sa bawat karapat-dapat na Californian, at nagdala ng halos 50 taong karanasan bilang propesor, tagapagtaguyod, at mambabatas sa trabaho ng pagpapatakbo ng halalan ng ating estado. Kung mahalal, gagawin ko ang sumusunod: (1) ia-upgrade ang ating mga patakaran sa cybersecurity para matiyak na ang ating mga halalan ay protektado mula sa mga pagtatangka na pahinain ang ating demokratikong proseso, (2) pahuhusayin ang transparency sa ating mga halalan, lobbyist registration, at sistema ng pagpinansya sa kampanya, (3) palalakasin at palalawakin ang matagumpay na mga reporma na humantong sa pagtatala ng turnout ng mga botante noong 2020 at 2021, at (4) patuloy na patitibayin ang reputasyon ng California bilang nangunguna sa bansa sa pagpapalawak ng mga karapatan sa pagboto. Ang aking mga magulang ay pinagkaitan ng karapatang bumoto sa Jim Crow South kung saan ako ipinanganak, at pumunta sa California para magkaroon ng mas magandang buhay. Sila ay nagbigay inspirasyon sa aking paggalang at pangako sa demokrasya mula sa isang murang edad, kabilang ang pagpapatakbo ng isang lugar ng botohan mula sa aming sala sa South Los Angeles. Ang laban para protektahan ang karapatang bumoto at palawakin ang access sa balota ay in-person sa akin. Hindi ako aatras at hindi ko kayo papabayaan. Iboto si Dr. Shirley N. Weber para sa Kalihim ng Estado. Bisitahin ang *www.DrShirleyWeber.com* para alamin pa.


drshirleyweber.com | Facebook: facebook.com/ShirleyWeber4SOS | Twitter: *https://twitter.com/drweber4ca*

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KONTROLER

- Bilang punong opisyal sa piskal ng estado, nagsisilbi siyang accountant at bookkeeper ng lahat ng pampublikong pondo ng estado.
- Pinangangasiwaan niya ang sistema ng pagpapasahod ng estado at ang mga batas sa hindi nakuhang ari-arian at nagsasagawa ng mga pag-audit at pagsusuri sa mga pagpapatakbo ng estado.
- Naglilingkod siya sa Lupon ng Pagpapantay, Board of Control, at iba pang lupon at komisyon.



### Lanhee J. Chen | REPUBLIKANO

Ang Kontroler ng Estado ay dapat na independiyenteng tagapagbantay ng pananalapi ng California, na magtitiyak na matalinong ginagastos ang ating pera. Pero gaya ng dati, binigo tayo ng mga insider ng Sacramento. Nagsasayang tayo ng bilyon-bilyon taon-taon. Halimbawa, sa simula ng pandemya, namigay ang California ng mahigit $20 bilyong dinayang benepisyo sa kalawan ng trabaho. Nabayaran na sana ng halaga ang bawat buwis sa gasolina ng estado ng California para sa mahigit dalawang taon, o ang mga sahod ng 236,000 bagong guro! Tumatakbo akong Kontroler para lumaban para sa mga nagbabayad ng buwis. Mayroon akong partikular na plano para maghatid ng transparency at mag-demand ng pananagutan para sa bawat dolyar na ginagastos ng ating estado. Inendorso ako ng mahigit isang dosenang pahayagan sa California, kasama ang *Los Angeles Times,* na inilarawan ako bilang "ang pinakamahusay na mapipili para sa posisyong ito" dahil ako ay "mahusay mag-isip at may karanasan sa pagsusuri ng malalaking sistema sa pananalapi at dahil ang kontroler ay dapat independiyente mula sa partido na nasa kapangyarihan, hangga't maaari." Hindi ako isang pulitiko para sa karera, pero nagsimula ako ng negosyo, nagpayo sa mga gumagawa ng patakaran, at nagturo sa Stanford University. Nakapaglingkod na ako sa mga pangulo mula sa iba't ibang partido, para mailigtas ang Social Security at gawing mas abot-kaya ang pangangalagang pangkalusugan. Lumaki ako sa Southern California, bilang anak ng mga immigrant, nag-aral sa aking lokal na pampublikong mataas na paaralan, at nagpatuloy para makakuha ng mga degree mula sa Harvard, kabilang ang aking Ph.D. Nakatira na kami ngayon ng aking asawa at mga anak sa Bay Area. Hindi maaaring patuloy na sayangin ng Sacramento ang ating pinaghihirapang naipon na pera. Kailangan nating maging mas matalino sa paggastos. Titiyakin ko na magagawa natin ito.

3941 Park Drive, Suite 20-343, El Dorado Hills, CA 95762 | Telepono: (650) 485-1652 | E-mail: info@chenforcalifornia.com
chenforcalifornia.com | Facebook: ChenforCalifornia | Twitter: lanheechen | Instagram: lanheechen
YouTube: youtube.com/chenforcontroller2022



### Malia M. Cohen | DEMOKRATIKO

Ang California ay dapat maging isang lugar kung saan ang lahat ay makakahanap ng magandang trabaho at abot-kayang pabahay. Susubaybayan ng inyong susunod na Kontroler ng Estado ang mahahalagang paggastos para malutas ang mga suliranin tulad ng kawalan ng tirahan at tumataas na halaga ng pamumuhay—kailangan natin ng isang taong may karanasan at mga pagpapahalaga sa trabaho. *Inilaan ko ang aking karera sa pagseserbisyo sa publiko, at nakatuon ito sa paggamit ng ating mga dolyar sa buwis para sa ating lahat*. Bilang Tagapangulo ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado, naglingkod ako bilang tagasubaybay ng mahigit $80 bilyong pananalapi ng estado, nagtatrabaho ako para *magbigay ng kaluwagan sa buwis* para sa mga Californian na naghihirap mula sa pandemya, at pinapanagot ko ang mga korporasyon sa pagbabayad ng kanilang patas na parte. *Itinigil ko ang maaksayang paggastos* at naglunsad ng Property Tax Modernization Initiative para matiyak na pinangangasiwaan ng estado ang mga buwis sa ari-arian nang mas mahusay at patas. Sa Lupon ng Mga Superbisor ng San Francisco, *pinangunahan ko ang mga pagsisikap na alisin ang pondo ng pensiyon ng lungsod mula sa mga fossil fuel*, pinangasiwaan ang pagpapatibay ng $11 bilyong badyet, at *nakipaglaban para taasan ang minimum na sahod*. Ang aming kampanya ay sinusuportahan ng mga lider at manggagawa sa buong California, mula kay *Kontroler ng Estado* na si *Betty Yee at sa Demokratikong Partido ng California* hanggang sa mga *Nurse, Guro, Bumbero, at Action Fund* ng *Planned Parenthood*. Kapag nahalal, isa ako sa mga unang nagtatrabahong ina ng estado na magsisilbi bilang CFO, isang mahalagang karanasan habang ang California ay nahaharap sa mga kakulangan sa nag-aalaga ng bata sa mga nagtatrabahong magulang. Bilang Kontroler, titiyakin kong natutugunan ng ating mga dolyar sa buwis ang krisis sa kawalan ng tirahan, mapoprotektahan ang kapaligiran, at maibibigay ang access sa pangangalagang pangkalusugan at kalayaan sa pag-aanak. *Buuin natin ang California kung saan magiging matagumpay ang lahat. www.MaliaCohen.us*

248 3rd St. #437, Oakland, CA 94607 | www.maliacohen.us | Facebook: https://www.facebook.com/MaliaCohen
Twitter: https://www.twitter.com/MaliaCohen | Instagram: https://www.instagram.com/malia.cohen

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang kawastuhan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## INGAT-YAMAN

- Bilang banker ng estado, pinapamahalaan ang mga pamumuhunan ng estado, at pinangangasiwaan ang pagbebenta ng mga bono at tala ng estado.
- Manunungkulan sa maraming komisyon, karamihan ay nauugnay sa merkado ng mga bono.
- Binabayaran ang mga pondo ng estado kapag ginastos ng Kontroler at iba pang mga ahensya ng estado.



### Fiona Ma | DEMOKRATIKO

Tatakbo ako para muling maihalal bilang Ingat-yaman ng Estado dahil ang lakas ng ekonomiya ng California ay nangangailangan ng isang napatunayang tagaresolba ng problema na may track record sa paggawa ng mga bagay-bagay. Patuloy akong lalaban para sa mga tao ng ating magandang estado sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga pabahay, mga paaralan, mga ospital, imprastraktura, mga unang rumeresponde, proteksyon sa kapaligiran, green energy at transportasyon. Sa aking unang termino, muli naming pinondohan ang mga bono ng estado para makatipid ang mga nagbabayad ng buwis ng mahigit sa $5 bilyon sa susunod na 20 taon. Pinuri ng mga mambabatas mula sa magkabilang partido ang aming pangangasiwa sa mga pondo ng COVID-19 na pumigil sa posibleng panloloko at pang-aabuso sa daan-daang milyong dolyar. Noong nakaraang taon, nagproseso kami ng $3.2 trilyon sa mga transaksyon sa bangko at pinangasiwaan ang isang rekord na surplus ng badyet na $85 bilyon na napunta sa paggawa ng mga bagong trabaho sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga makabagong proyekto. Inaprubahan namin ang marami pang abot-kayang mga yunit ng pabahay kaysa dati sa kasaysayan ng aming estado at dinagdagan ang aming programang bibili ng bahay sa unang pagkakataon para sa mga pamilya at beterano. Nakatulong kami sa mas maraming Californian na makaipon para sa mga programa sa kolehiyo/aprenticeship at pagreretiro. Ngayong taon, ilulunsad namin ang CalKIDS para tulungan ang ating mga anak na bumuti sa pamamagitan ng pagdaragdag ng access sa mas mataas na edukasyon. Naging Certified Public Accountant ako simula noong 1992, at mayroong B.S. sa Accounting, M.S. sa Taxation at MBA sa Finance. Mayroon akong kaalaman at karanasan sa pananalapi para matiyak na ang California ay nananatiling isang pang-ekonomiyang powerhouse habang umuusad patungo sa isang mas napapanatili at abot-kayang kinabukasan para sa lahat ng residente sa buong estado. Ipagpapatuloy ko ang pangangasiwa ng ating mga dolyar na buwis, matalinong pamumuhunan, at titiyaking makikipagtulungan ang pamahalaan sa pananagutan at transparency. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto. Salamat.

1032 Irving Street #908 San Francisco, CA 94122 | E-mail: *Fiona@FionaMa.com* | *FionaMa.com* | Facebook: *CA.Fiona.Ma*
Twitter: *@FionaMa* | Instagram: *fionamacpa*



### Jack M. Guerrero | REPUBLIKANO

*Masaya ka ba sa $7 na gasolina, mataas na rekord sa inflation, labis na pagbubuwis, at pumapangit na kalidad ng buhay?* Ang krisis sa pananalapi ng California ay resulta ng labis na maling pamamahala at hindi magandang pamumuno ng mga pabayang pulitiko. Wala silang pakialam sa hindi magandang credit rating, walang pondong pananagutan sa pensyon na labis sa $1 trilyon, mataas na rekord sa pagbabayad ng interes, at pekeng "mga surplus" sa badyet ng California. Sa halip, nagpapataw sila ng mga labis na buwis, matataas na bayarin, at nagdudulot ng inflation na dulot ng pamahalaan. *Sawa ka na ba?* Ako si Jack Guerrero at makakatulong ako na maremedyuhan ang problema sa pananalapi ng estado. Anak ako ng masisipag na Mexican na Katolikong immigrant na magulang na nagturo sa akin ng Mga Pagpapahalaga ng Pamilya at kababaang loob na maglingkod sa iba nang may integridad. Gaya ng sinabi ng aking 83 taong gulang na ama: *"¡Ya basta! Necesitamos un gobierno honesto, justo, y transparente."* Inihahandog ko ang aking matagumpay na track record bilang Alkalde, Miyembro ng Konseho, Sertipikadong Pampublikong Accountant, nagtapos ng pag-aaral ng ekonomiya sa Stanford, Harvard MBA, propesyonal sa pagiging Ingat-Yaman, at tagapayo sa mga Fortune 500 na kumpanya. Sa aking maagang karera, nag-audit ako ng mga pederal na ahensiya at munisipalidad bilang eksperto sa accounting ng pamahalaan *para mabilis at mahusay na matukoy ang maling pamamahala ng pananalapi!* Bilang Alkalde ng aking bayan na lungsod (Los Angeles County), ibinalanse ko ang badyet, binawasan ang mga buwis, pinapanagot ang mga pampublikong paaralan, at nakipagtulungan sa Kontroler ng California para ilantad ang milyong dolyar na nasasayang sa hindi naaayon sa batas na paggastos. Ipinagmamalaki ko ang rekord ng aking mga tagumpay bilang tanging Republikanong nahalal na opisyal sa isang rehiyon na 98% Hispanic at puro Demokratiko. Tulungan ako na dalhin ang parehong disiplina sa Sacramento, dahil hindi kaya ng masisipag na Californian ang pagkakaroon ng apat pang taon ng mga bigong patakaran.


P.O. Box 1334 Cudahy, CA 90201 | Telepono: (323) 821-2670 | E-mail: *jack4treasurer@gmail.com* | *www.jack4treasurer.com*
Facebook: *Guerrero4Treasurer* | Twitter: *@Guerrero_CPA* | YouTube: Council Member Jack Guerrero

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## PANGKALAHATANG ABUGADO


- Bilang punong opisyal ng batas ng estado, tumitiyak na naipapatupad ang mga batas ng estado at nagsisiyasat ng mga mapanloko o ilegal na aktibidad.
- Namumuno sa Departamento ng Katarungan, na nagbibigay ng mga legal na serbisyo ng pamahalaan ng estado at kumakatawan sa estado sa mga sibil at kriminal na kaso sa hukuman.
- Sumusubaybay ng mga ahensya sa pagpapatupad ng batas, pati sa mga abugado ng distrito at sheriff ng county.



### Nathan Hochman | REPUBLIKANO

Sa palagay ba ninyo ay mas ligtas kayo ngayon kumpara sa nakalipas na 2, 4, 6, o 8 taon? Tumatakbo ako para sa Pangkalahatang Abugado ng California dahil naniniwala akong "Hindi" ang sagot ng lahat ng *Californian*. Sa pamamagitan lang ng bagong pamunuan natin magagawang lutasin ang pinakamahihirap na problema ng ating estado: ang pagtaas ng krimen na isang banta sa ating mga pamilya at komunidad, ang hindi makontrol na kawalan ng tirahan, at ang epidemya sa fentanyl at droga na kumikitil sa buhay ng mas maraming Californian bawat araw. Sa aking background, karanasan, pagiging independiyente, at mga common sense na patakaran, maibibigay ang bagong pamunuan na iyon at maibabalik ang kaligtasan bilang pangunahing karapatan ng bawat Californian. Matapos akong magtapos sa Stanford Law School at maging clerk para sa isang pederal na hukom, sinimulan ko ang aking karera bilang pederal na prosecutor—na nagdadala ng katarungan sa mga kriminal gaya ng mga tiwaling opisyal ng pamahalaan, trafficker ng narcotics, mararahas na gang member, at polluter ng kapaligiran. Pagkatapos nito ay naglingkod ako bilang Assistant na Pangkalahatang Abugado ng Departamento ng Katarungan ng Estados Unidos, sa pamamagitan ng pagtatalaga ng Presidente at unanimous na pagkumpirma ng Senado ng U.S. Sa pagsubaybay sa Dibisyon sa Buwis, pinangunahan ko ang isang team ng mahigit 350 abugado at matagumpay akong nagdala ng mga kaso sa buong bansa. Sa California, patuloy akong nakipaglaban sa katiwalian bilang Presidente ng Komisyon sa Etika ng Lungsod ng Los Angeles. Sa pribadong sektor, nagkaroon ako ng reputasyon bilang isa sa mga nangungunang abugado sa katarungan sa krimen ng bansa, na nagtatanggol sa mga karapatan sa saligang-batas ng mga indibidwal laban sa labis na pangangasiwa ng pamahalaan. Nagpapasalamat ako para sa suporta ng bipartisan na koalisyon ng mga lider sa pampublikong kalusugan kasama ang mga Demokratiko na tulad ng dating Abugado ng Distrito ng Los Angeles na si Jackie Lacey at mga Independent gaya ng Abugado ng Distrito ng County ng Sacramento na si Anne Marie Schubert. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto. Makipag-ugnayan sa akin kung mayroon kayong mga tanong sa:

E-mail: info@nathanhochman.com | www.NathanHochman.com | Facebook: /NathanHochmanAG
Twitter: @NathanHochmanAG | Instagram: @nathanhochmanforag



### Rob Bonta | DEMOKRATIKO

Bilang inyong Pangkalahatang Abugado at punong opisyal na tagapagpatupad ng batas, lumalaban ako para protektahan ang mga karapatan, kalayaan, at kaligtasan ng lahat ng Californian. Kasabay ng pag-aalis ng Korte Suprema sa karapatan ng mga babae na pumili, papangunahan ng aking opisina ang bansa sa pagprotekta sa mga karapatan sa pagpapalaglag. Sinasabi ng mga pro-choice na grupo gaya ng Planned Parenthood na ang paghahalal ulit sa akin ay isa sa pinakamahahalagang hakbang na dapat gawin ng mga Californian para mapanatili ang kalayaan sa reproduksyon. Sa ilalim ng aking pamumuno, matagumpay na naipagtanggol ng aking opisina ang mga batas sa kaligtasan sa baril ng California para hindi ma-overturn ang mga ito. Ilang libo nang ilegal na baril ang nakuha namin sa mga kalye at mula sa mga kamay ng mga felon at nang-aabuso sa bahay. Pinuri ng mga organisasyon sa pagpapatupad ng batas at tagapagsulong ng mga karapatan ng mga biktima ang mga pagkilos ng aking opisina na protektahan ang kaligtasan ng publiko at papanagutin ang mga lumalabag sa batas. Naglunsad ako ng mga bagong espesyal na team sa pag-iimbestiga para arestuhin ang mga sex trafficker at alisin ang mga kriminal na street gang. Naghatol ako ng mga sentensya sa felony sa isa sa pinakamalalaking organisadong retail theft bust sa kasaysayan ng California, at sinuportahan ko ang dagdag na pondo para sa mga programa sa patakaran sa komunidad, paghahatol ng mararahas na krimen, at mga diskarte sa pag-iwas sa krimen tulad ng paggamot sa pagkalulong sa droga at kalusugan ng pag-iisip. Sa aking tagubilin, naglunsad ang aking opisina ng mga pagsisikap para papanagutin ang mga pangunahing polluter at kumpanya ng gamot na lumalabag sa batas ng California. Ikinararangal kong makuha ang suporta ng Planned Parenthood at ng mga nurse, guro, bumbero, lider sa pagpapatupad ng batas, at tagapagsulong ng kaligtasan sa baril sa California. Itinuro sa akin ng aking mga magulang na ang pagtulong sa iba ang pinakamagandang puwedeng gawin. Bilang inyong Pangkalahatang Abugado, ikalulugod kong maglingkod sa California at ikararangal ko ring makuha ang inyong boto. *www.robbonta.com*


P.O. Box 6495, Alameda, CA 94501 | Tel: 916-566-2494 | E-mail: Info@RobBonta.com | RobBonta.com
Facebook: @RobBonta.com | Twitter: @RobBonta.com | Instagram: @RobBonta.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## KOMISYONER NG INSURANCE


- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Insurance, na nagpapatupad sa mga batas sa insurance ng California at nagpapatibay ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga batas.
- Nagbibigay ng lisensya, kumokontrol, at nagsusuri sa mga kumpanya ng insurance.
- Sinasagot ang mga tanong at mga reklamo ng publiko tungkol sa industriya ng insurance.



### Robert Howell | REPUBLIKANO

Karapat-dapat lang na makatanggap ang mga Californian ng mga tunay na solusyon sa insurance at hindi ang higit pang pulitikal na satsat. Si Robert Howell ay isang Independiyenteng Negosyante na direktang magsalita na kakatawan sa "Mga Tao." Ang pagboto kay Robert Howell ay para sa pantay-pantay at patas na pagtrato para sa lahat ng Californian. Lalabanan natin ang korupsyon at aayusin ang mga problema na nagpapataas sa mga rate ng ating insurance. Si Robert Howell ay *Hindi Pulitiko* na desperadong manatili sa isang katungkulang mataas magpasahod. *Tinatanggihan niyang tumanggap ng pera mula sa kumpanya ng insurance*. Si Robert Howell ay ganap na may dedikasyon sa pagtulong sa sampu-sampu sa libo-libong biktima ng wildfire sa California. Mas maraming tao pa ang nakaranas ng biglaang pagtaas ng presyo o biglaang nakansela ang coverage ng insurance sa may-ari ng bahay nang walang anumang makatuwirang paliwanag. Tatapusin ni Robert Howell ang mga hindi makatarungang kasanayan sa "redlining". Makikita ang higit pang detalye sa kamakailang Ulat sa Pagsisiyat—*"Up in Smoke: How Insurance Companies and the Insurance Commissioner Burn Wildlife VIctims"* sa *ConsumerWatchdog.org*. Si Robert Howell ay nagmamay-ari at nagpapatakbo ng matatagumpay na kumpanya sa electronics sa Silicon Valley. Kumuha siya ng dose-dosenang mabubuting tao, gumagawa ng napakagandang mga produktong Gawa sa America at tinatamasa ang may namumukod-tanging track-record sa kaligtasan. Bilang asawa, ama, at lolo, nauunawaan ni Robert Howell na mayroon tayong mga minamahal na Pamilya na dapat nating protektahan. Libu-libong Californian na ang umalis sa ating Golden State dahil sa inflation, mahal na pabahay at $6 kada galon na presyo ng gasolina. Bilang ating susunod na Komisyoner ng Insurance, buong pagmamalaki na magsisilbi si Robert Howell bilang inyong in-person na tagasubaybay na nagbabantay laban sa pag-aaksaya, panloloko, at mapang-abusong pagtaas ng mga premium. Bumoto para sa isang Independiyenteng Lider na Mapagkakatiwalaan mo! Robert Howell para Komisyoner ng Insurance.

117 Bernal Road, Suite 300, San Jose, California 95119 | Telepono: (408) 596-9869 | E-mail: watchdog@electroberthowell.com
ElectRobertHowell.com | CRA Candidate Profile: roberthowell.cragop.org



### Ricardo Lara | DEMOKRATIKO

Bilang inyong Komisyonado, dadalhin ko ang mga taon ko sa *karanasan* sa trabaho para lutasin ang ilang pinakamatinding problema ng California, mula sa pagtulong sa mga survivor ng wildfire hanggang sa *pagpapapanagot* sa mga insurer. At habang mas inaatake ang mga karapatan sa pag-aanak sa buong bansa at sa iba pang estado, *mas matutuon* ako ng pansin na ipaglaban ang pagkakapantay-pantay sa mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan dito sa California. *Karanasan*: In-person na akong nakipag-kita sa libu-libong mga tao sa dose-dosenang county na naapektuhan ng mga wildfire para direktang may marinig mula sa mga nakaligtas. Bilang resulta, gagawa ako ng aksyong pang-ehekutibo para humiling ng mga diskwento sa insurance para sa mga mas ligtas na tahanan at nag-isponsor ng pagbabatas para mapahusay ang proseso para makatanggap ng mga benepisyo ang mga nakaligtas. Prineserba ng aking mga pagkilos ang insurance para sa mahigit pang 4 na milyong Californian, habang isinasapriyoridad ang mga proteksyon sa klima. *Pananagutan*: Sa panahon ng kasagsagan ng pandemya, nagbabayad ang mga nagmamaneho sa California ng buong presyo ng insurance sa sasakyan kahit wala naman sila sa kalsada. Ito ang dahilan kung bakit ko inutusan ang mga kumpanya ng insurance na magbigay ng kaluwagan sa premium, kung saan nakatipid ang mga nagmamaneho sa California ng mahigit $2 bilyon. *Dedikasyon*: Noon pa man ay itinataguyod ko na ang access sa may kalidad na pangangalagang pangkalusugan. Bilang Komisyoner ng Insurance, nagtaguyod ako para sa mga bago at makabagong ideya, tulad ng Batas sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Magulang, para bigyang-daan ang mga policyholder na isama ang matatandang magulang sa kanilang mga planong pangkalusugan. Palagi akong nasa panig ninyo, sa paglaban para sa mga pantay na karapatan para sa lahat, mga karapatan sa pag-aanak, mas patas na merkado sa insurance, at pagsuporta para sa mga nakaligtas sa natural na sakuna. Ikinararangal kong makuha ang suporta ng Mga Propesyonal na Bumbero ng California, tagapagtaguyod ng mga mamimili, mga nars, at mga guro. Buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong boto. *www.RicardoLara.com*

555 Capitol Mall, Suite 400, Sacramento, CA 95814 | Telepono: (916) 442-2952 | E-mail: Ricardo@RicardoLara.com
RicardoLara.com | Facebook: www.Facebook.com/RicardoLara4CA | Twitter: @RicardoLara4CA

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili lang at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite at binayaran ng kandidato ang bawat pahayag. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay puwede pa ring magkwalipika na lumabas sa balota.

# MGA DISTRITO NG LUPON NG PAGPAPANTAY NG CALIFORNIA

## Mga County sa Bawat Distrito ng Lupon ng Pagpapantay




**Distrito 1**

Alpine, Amador, Butte, Calaveras, Colusa, El Dorado, Fresno, Glenn, Inyo, Kern, Kings, Lassen, Madera, Mariposa, Merced, Modoc, Mono, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Bernardino, San Joaquin, Shasta, Sierra, Siskiyou, Solano, Stanislaus, Sutter, Tehama, Tulare, Tuolumne, Yolo, Yuba

**Distrito 2**

Alameda, Contra Costa, Del Norte, Humboldt, Lake, Marin, Mendocino, Monterey, Napa, San Benito, San Francisco, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Clara, Santa Cruz, Sonoma, Trinity, Ventura

**Distrito 3**

Los Angeles

**Distrito 4**

Imperial, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego


# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY

Naglilingkod sa Lupon ng Pagpapantay, ang inihalal na komisyon sa buwis ng estado, na:

- Nagtatasa sa ari-arian ng mga kinokontrol na mga riles ng tren at partikular na pampublikong utilidad, at nagtatasa at nangongolekta ng buwis sa pribadong railroad car.
- Pinapamahalaan ang mga gawain sa pagtatasa ng 58 tagatasa ng county ng estado.
- Nagtatasa at nangongolekta ng buwis ng inuming alak, at kasamang namamahala sa buwis sa mga insurer.


### DISTRITO 1



### Jose S. Altamirano | DEMOKRATIKO

Gusto kong magpasalamat sa lahat ng tumulong sa akin na makarating dito. Ngayon, buong pagpapakumbaba kong hinihiling muli ang inyong boto para katawanin kayo sa Lupon ng Pagpapantay. Sa loob ng 32 taon, nagtrabaho ako sa Compensation Insurance Fund ng Estado ng California, tumutulong sa mga may-ari ng negosyo sa kanilang mga pangangailangan sa insurance sa bayad ng manggagawa, una bilang Underwriting Manager, at pagkatapos ay Assistant Program Manager, Interim VP ng Customer Service Center, at pinakamakailan bilang Business Services Operations Manager. Bawat isa sa mga tungkuling iyon tinuruan ako sa espesyal na uri ng serbisyo-publiko at tiwala sa publiko kapag nauugnay ang mga pera ng mga nagbabayad ng buwis. Naging bahagi ako ng aking komunidad bilang Komisyonado ng Lungsod ng West Sacramento, bilang Tagapangasiwa ng Lupon ng Tagapayo sa Kalusugan ng Komunidad ng UC Davis at bilang isang Miyembro ng Lupon ng Sacramento Cottage Housing Inc., isang non-profit na tumutulong sa mga indibidwal at pamilya na magtransisyon mula sa walang tirahan patungo sa pagkakaroon ng kakayahang mapanatili ang pamumuhay. Naging pambihirang pakikipagsapalaran ang aking edukasyon. Ipinagmamalaki kong maging produkto ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng L.A. Noong 1994, lumipat ako sa Northern California kung saan natapos ko ang AA/AS mula sa Sierra College, ang aking B.S. in Applied Economics mula sa Unibersidad ng San Francisco, at ang aking MBA sa Finance mula sa Drexel University. Natutunan ko sa aking pamilya at sa aking buhay ang in-person na kodigo ng mga etika na nakabatay sa mga katangian ng pagiging patas, pantay-pantay, at pagiging bukas sa lahat. Bilang unang Latino na naglingkod sa Ika-1 Distrito, at bilang Demokratiko, handa akong ibigay ang parehong pangako at dedikasyon sa paglilingkod sa lahat ng nagbabayad ng buwis. Muli kong hinihingi ang inyong suporta at ang inyong boto para kay Jose Altamirano, Lupon ng Pagpapantay, Ika-1 Distrito.

P.O. Box 981266, West Sacramento, CA 95798-1266 | Telepono: (916) 295-4810 | E-mail: *jose@josealtamirano.com*
*www.josealtamirano.com* | Facebook: *josealtamirano4BoE1* | Twitter: *@altamiranoJSA* | Instagram: *altamirano4BOE*



### Ted Gaines | REPUBLIKANO

Bakit bumabagsak ang California habang mayroon ang estado ng $97 bilyong sobrang badyet? Ito ay dahil ang mga pulitiko sa Sacramento ay masyadong nagmamalasakit sa gobyerno at hindi sa inyo. Hindi ko sinusukat ang tagumpay ng California sa laki ng badyet ng estado. Sinusukat ko ito sa kung paano nakakaraos sa buhay ang ating mga pamilya at kung ang ating mga negosyo ay nagdaragdag ng mga trabaho. Iyon ang dahilan kung bakit ginugol ko ang aking karera bilang inyong tagapagtaguyod ng nagbabayad ng buwis, na nagsusumikap na mapabuti ang inyong buhay at hindi ang pagpapalaki ng gobyerno sa pamamagitan ng inyong paggastos. Bilang inyong tagapagbantay sa Lupon ng Pagpapantay, patuloy akong lalaban, gagawin ang lahat ng aking makakaya, upang pigilan ang mga bagong buwis at tapusin ang mga maaksayang proyekto tulad ng High-Speed Rail. Ipagtatanggol ko ang Prop. 13, nang sa gayon ay hindi tumaas nang husto ang inyong mga buwis sa ari-arian, at hindi mabubuwisan ang mga senior sa labas ng kanilang mga tahanan. Sa katunayan, nakakuha ako ng isang sunud-sunod na rekord na "A" mula sa Howard Jarvis Taxpayers Association bawat taon sa lehislatura. Sisikapin kong panagutin ang mga kriminal, para sa mas ligtas na mga paaralan, kapitbahayan at negosyo. Susuportahan ko ang mga epektibong patakaran sa mga walang tirahan na maglilinis sa ating mga lansangan at magbabalik ng ating mga pampublikong espasyo. At mula sa gasolina hanggang sa pabahay hanggang sa kuryente, sisikapin kong gawing mas abot-kaya ang California, nang sa gayon ay hindi na mahihirapang magbayad ang ating mga mamamayan para sa mga pangangailangan sa buhay. Isa ako sa ikalimang henerasyong Californian at may-ari ng maliit na negosyo na may mga anak at apo na bumubuo rin ng kanilang buhay rito. Lubos akong nakatuon sa hinaharap ng California kung saan maaari tayong umunlad tulad ng marami sa atin sa walang kapantay na nakaraan ng ating estado. Samahan ninyo ako. Bumisits *www.tedgaines.com*

5170 Golden Foothill Parkway, El Dorado Hills, CA 95762 | Telepono: (916) 773-8000 | E-mail: *Ted@TedGaines.com*
*TedGaines.com* | Facebook: *www.facebook.com/ted.gaines* | Twitter: *www.twitter.com/TedGaines*
Instagram: *www.instagram.com/TedGaines*

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang kawastuhan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY


### DISTRITO 2



## Sally J. Lieber | DEMOKRATIKO

Ako ay isang kandidato na walang kaugnayan sa anumang korporasyon na tumatakbo para kumatawan sa inyo sa Lupon ng Pagpapantay, ang ahensyang nangangasiwa sa pangongolekta ng mga buwis sa ari-arian na nagpopondo sa mga paaralan at lokal na pamahalaan sa ating Estado. Bilang miyembro ng Lupon, titiyaking kong naririnig ang mga opinyon ng mga tao araw-araw; na patas ang sistema ng ating buwis at pantay-pantay para sa mga may-ari ng bahay, mga nangungupahan, mga beterano, mga taong may kapansanan, maliit na negosyo, at mga community of color; na binabayaran ng mga utility na pag-aari ng investor at iba pang interes na malaking pera ang kanilang patas na bahagi; at kumikilos ang gobyerno ng estado para labanan ang Pagbabago ng Klima. Palagi kong poprotektahan ang mga pakinabang ng Prop. 13 sa mga may-ari ng bahay. Ako lamang ang tanging kandidato sa eleksyong ito na mayroong balanseng badyet at ang nagtanggal ng mga aksayadong paggastos sa antas ng estado at lokal na pamahalaan. Sa Asembleya ng Estado ng California, nag-akda ako ng batas na nagtaas ng minimum na sahod sa buong estado, gumawa ng bagong mga proteksyong pangkapaligiran, at gumawa ng mas maraming Cal Grant scholarship na available sa mga karapat-dapat na mag-aaral sa kolehiyo. Bilang lokal na Miyembro ng Konseho at Alkalde ng Lungsod, tumulong ako sa pagtayo ng abot-kayang pabahay para sa mga guro; pinigilan ang Big Tobacco sa pag-advertise malapit sa mga paaralan; nagbukas ng bagong childcare at serbisyo para sa senior para sa mga nagtatrabahong pamilya; at nagsikap para dagdagan ang mga proteksyon sa kabataan na nasa foster care. Ipinagmamalaki kona ang aking trabaho sa Lehislatura ng Estado ay nakakuha ng 100% panghabambuhay na rating mula sa Planned Parenthood, Sierra Club, Congress of California Seniors, at Equality California; at na ako ay sinusuportahan ni Gobernador Gavin Newsom, ng Demokratikong Partido ng California, California Nurses Association, California Teachers Association, mga manggagawa ng SEIU at AFSCME, at ng California Professional Firefighters. Ngunit ang pinakamahalagang tatak ng pag-aapruba ay nagmumula sa inyo. Buong galang kong hinihiling ang inyong boto.

P.O. Box 9980, San Jose, CA 95157 | Telepono: (650) 646-2068 | E-mail: 2022@sallylieber.org | *www.sallylieber.org*



## Peter Coe Verbica | REPUBLIKANO

Si Peter Coe Verbica ay isang Californian na may common sense na inendorso ng Howard Jarvis Taxpayers Association PAC. Ang sentro ng Henry Coe State Park (ngayon ay pangalawang pinakamalaking parke ng estado ng California) ay naibigay ng kanyang pamilya—dahil sa hindi natitinag na pagpapahalaga nito sa magandang labas at kapaligiran.  Bilang responsable sa pananalapi, naniniwala si Peter na ang mga buwis sa gasolina, mga bayarin sa DMV at mga buwis sa pagbebenta ng pagkain ay dapat na bawasan at ang mga kita ng Estado ay dapat gamitin para labanan ang sunog, pahusayin ang mga mapagkukunan ng tubig, at linisin ang ating mga daanan at dalampasigan. Nahubog sa negosyo, real estate, batas, at bilang isang Certified Financial Planner®, dadalhin ni Peter ang kanyang malawak na propesyonal na karanasan sa Lupon ng Pagpapantay. Nauunawaan niya na gusto ng mga Californian ng mas mabababang buwis, mga trabahong may magandang sahod, ligtas na kapitbahayan, mga makatuwirang gastusin sa pabahay, at mataas na kalidad na paaralan. Aktibong sinuportahan ni Peter ang edukasyon, kalalakihan at kababaihan na naglilingkod sa militar, ballet para sa kabataan, ang symphony, kulturang Asian-American, at Mga Parke ng Estado ng California. Bilang ama ng apat na anak na babae, kung saan nagsilbi sa US Navy ang panganay, naniniwala si Peter sa pagseserbisyo sa komunidad at Bansa. Dati siyang Tagapangulo ng Komite sa Pangangalaga sa Militar, na nagbigay ng daan-daang care package sa mga marino at Marines ng US. Nagtapos si Peter sa Bellarmine, Santa Clara University, at MIT. Nailathala na ang mga akda niya sa mahigit 40 anthology. Miyembro siya ng Saint Francis Episcopal Church. Naniniwala si Peter sa isang malinaw, mahusay, patas na diskarte sa pamamahala at sa kahalagahan ng Taxpayers' Rights Advocate Office ng BOE bilang isang mahalagang lugar para sa mga agrabyadong nagbabayad ng buwis. Para sa karagdagan pang impormasyon pumunta sa *www.peterverbica.com.*

160 Lakeview Dr., Felton, CA 95018 | Telepono: (408) 832-3030 | E-mail: *peter.verbica@gmail.com*
*www.peterverbica.com* | Facebook: Peter Coe Verbica Lupon ng Pagpapantay District 2, 2022
Twitter: Peter Coe Verbica for Lupon ng Pagpapantay (*@pverb_equalizer*)

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang kawastuhan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPANTAY

### DISTRITO 3

**Y. Marie Manvel** | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Walang pahayag ng kandidato.

**Tony Vazquez** | DEMOKRATIKO


Walang pahayag ng kandidato.

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang kawastuhan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## LUPON NG PAGPAPATAS

### DISTRITO 4



### Mike Schaefer | DEMOKRATIKO

Ako si Mike Schaefer, "*The Equalizer*." Ipinagmamalaki kong magsilbi bilang inyong Inihalal na Tagapagtaguyod ng Nagbabayad ng Buwis at Pangalawang Tagapangasiwa ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado ng California. Ang 10 milyon sa inyo, sa aking mga nasasakupan, sa mga county ng San Diego, Orange, Riverside, Imperial, at San Bernardino, ang umaasa sa akin na paglingkuran kayo bilang tagapagsubaybay na piskal ng estado gamit ang aking mga responsibilidad sa pagsubaybay para sa ating $77 bilyon na sistema sa buwis sa ari-arian, na nagpopondo ng mga paaralan at serbisyo ng lokal na pamahalaang inaasahan ninyo. Nang inihalal ninyo ako noong 2019, ako ang naging pinakamatandang baguhang opisyal ng Saligang-Batas sa kasaysayan ng estado. Noong tumama ang pandemya, nakipagtulungan ako kay Gobernador Newsom para pasimulan ang isang Kautusan ng Tagapagpaganap na tumulong sa maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagpapahinto sa mga deadline sa multa para sa mga property tax statement na tumulong sa mga negosyong makaagapay sa mahirap na mga panahong ito. Nakitulong ako sa pamumuno ng 50-kataong pambuong estadong COVID-19 Task Force na gumawa ng mga makabong solusyon sa buwis para protektahan ang Prop. 13, mga beterano, mga indibidwal, mga pamilya, at mga senior. Karanasan at Edukasyon: Degree sa Pagnenegosyo mula sa University of California, Berkeley at law degree mula sa Georgetown University. Imbestigador at Manunuri sa Pananalapi para sa Komisyon ng (Estados Unidos Securities and Exchange Commission) sa Washington, D.C.; Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng San Diego. Nagsimula ang aking legal na karera sa Opisina ng Abugado ng Lungsod ng San Diego, bago naging pribadong abugado at naging tagapagtaguyod ng patas at pantay-pantay na batas sa halalan. Ipinagmamalaki kong ineendorso ako ng *Demokratikong Partido ng California, Tagakontrol ng Estado na si Betty Yee, Ingat-Yaman ng Estado na si Fiona Ma, Pinuno ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado na si Malia Cohen, at Miyembro ng Asembleya na si Chris Ward*, na kaisa ng mga nagbabayad ng buwis at nagtatrabahong pamilya sa pagsuporta sa aking muling pagkahalal. Karangalan kong makuha ang inyong boto at patuloy ang pakikipaglaban para sa hustisya sa buwis at pagkakapantay-pantay na pumoprotekta sa inyong pinaghirapang dolyar ng buwis. Bumisita sa *www.MikeFightsForUs.com*

Telepono: (858) 264-6711 | E-mail: MikeSchaefer2022@gmail.com | MikeFightsForUs.com | Facebook: BoEMemberSchaefer



### David Dodson | DEMOKRATIKO

Sa 30 taon na karanasan sa Pagtatasa ng Buwis sa Ari-arian sa BOE at tagapamahala ng panlalawigang opisina sa Southern California, ako ang pinakakwalipikadong kandidato. Sinusubaybayan ng Lupon ang sistema ng Buwis sa Ari-arian ng California. Nakatuon akong gamitin ang aking karanasan sa natatanging larangan na ito upang protektahan ang inyong mga karapatan, labanan ang mga pagkukulang, at lutasin ang mga hamon. Ihahatid ko ang kinakailangang pagkadalubhasa upang maayos ang mga pagbabago sa batas sa buwis. Ang tahanan ang isa sa mga iilan lamang na daan para makabuo ng yaman ang mga pamilya. Gagawa ako ng mga positibong pagbabago para tulungan ang mga Californian. #USCG

P.O. Box 3804, Dana Point, CA 92629 | Telepono: (949) 484-6435 | E-mail: DavidDodson4BOE@gmail.com
DavidDodson4BOE.org | Facebook: DavidDodson4BOE | Twitter: Dodson4BOE | Instagram: dodson4boe
Linkedin: in/dodson4boe/

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang kawastuhan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

## SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (DI-PARTIDISTANG KATUNGKULAN)

- Bilang puno ng mga pampublikong paaralan ng estado, nagbibigay ng instruksyon sa patakaran sa edukasyon sa mga lokal na distrito ng paaralan, at nakikipagtulungan sa komunidad ng edukasyon upang mapahusay ang pagganap sa akademiko.
- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Edukasyon at nagpapatupad ng mga patakarang itinakda ng Lupon ng Edukasyon ng Estado.
- Naglilingkod bilang isang ex-officio na miyembro ng mga namamahalang lupon ng sistema ng mas mataas na edukasyon ng estado.



### Tony K. Thurmond

Mahirap ang dinanas ng mga mag-aaral ng California nitong ilang nakalipas na taon. Bilang inyong Superintendente ng Estado, pinamunuan ko ang mga pagsisikap para gabayan ang mga paaralan sa pandemya, kasama ang pagkuha ng isang milyong computer at bilyong-bilyong pondo para wakasan ang limitasyon sa Internet, at magbigay ng mga mapagkukunan para panatilihing bukas ang ating mga paaralan at ligtas ang ating mga mag-aaral. Habang nagsisikap tayo para malampasan ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa pandemya, ipinagmamalaki kong nakakuha ako ng mga bagong mapagkukunan para tulungan ang ating mga mag-aaral na maghilom at makabawi. Kasama rito ang pagpopondo para makakuha ng 10,000 clinician sa kalusugan ng pag-iisip, slot sa pre-school para sa bawat 4 na taong gulang, at libreng pagkain sa paaralan para sa bawat nagugutom na mag-aaral. Bilang magulang sa pampublikong paaralan, na gumugol ng 14 na taon sa pagtuturo ng mga kasanayan sa buhay at sibika, nagpatakbo ng mga programa pagkatapos ng klase at programa sa kalusugan ng pag-iisip, nagtaguyod para sa mga mag-aaral, ipinapangako kong makikipagtulungan sa mga magulang para gabayan ang mga pangangailangan sa edukasyon ng ating mga mag-aaral. Pinapangunahan ko ang mga pagsisikap para tiyaking nagtatagumpay ang mga mag-aaral, kasama ang pagtiyak na natututo ang lahat ng mag-aaral na magbasa bago ang ikatlong baitang at nabibigyan sila ng pagsasanay sa computer science at oportunidad sa dual language immersion. Susuportahan ko ang mga gustong isapribado ang pampublikong edukasyon at sa mga umaatake sa kabataang LGBTQ, student of color, at kabataang mababa ang kita. Magsisikap ako para tugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa edukasyon at titiyakin ko na ang lahat ng mag-aaral ay nakakatanggap ng de-kalidad na edukasyong magbibigay sa kanila ng pagkakataong magkaroon ng magandang buhay. Ipinagmamalaki kong ineendorso ako ng mga guro, nurse, at bumbero ng California, kasama ng Demokratikong Partido ng California, Planned Parenthood, Equality California, Speaker Nancy Pelosi, at Senador Alex Padilla. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto ngayong Nobyembre.

P.O. Box 2145, Richmond, CA 94802 | Tel: (510) 859-3241 | E-mail: *Tony@TonyThurmond.com* | *Tonythurmond.com*
Facebook: *facebook.com/Tony.Thurmond* | Twitter: *@TonyThurmond* | Instagram: *@TonyThurmondSPI*
LinkedIn: *tonythurmond4spi*



### Lance Ray Christensen

Nabibigo ang mga pampublikong paaralan ng California sa bawat panukalang-batas. Hindi handa ang ating mga anak sa ekonomiya ng ika-21 Siglo, sa kabila ng paggastos ng $23,893 kada mag-aaral sa pampublikong paaralan sa taong ito. Nasa ika-50 posisyon ang California sa karunungang magbasa at magsulat. Ang mga nasa ikawalong baitang ay nasa pang-ikalimang baitang ang matematika. Sa panahon ng mga lockdown, nanatiling nakasara ang mga paaralan ng California nang mas matagal sa iba pang estado, at halos 300,000 mag-aaral ang umalis sa ating mga pampublikong paaralan. Isinasantabi ng mga dati nang espesyal na interes ang mga magulang habang isinasapriyoridad ang nabigong estratehiya sa pagtuturo at tinatanggap ang radikal na kurikulum. Dapat na itong tumigil. Bilang ama na mayroong 5 anak, isang dating guro, ehekutibo sa patakaran sa edukasyon, at drafter ng inisyatiba sa opsyon sa paaralan, gagamitin ko ang aking dalawang dekada sa patakaran, pambatasan, at pagbabadyet at isasama ko ang mga magulang sa paksa ng edukasyon. Hihilingin ko ang husay mula sa lahat ng lokal na distrito ng paaralan at magtataguyod ako ng mga reporma sa edukasyon kung saan makikinabang ang mga mag-aaral, at hindi ang mga espesyal na interes. Dapat nating protektahan ang mga mag-aaral sa silid-aralan. Isasapriyoridad ko ang mga ligtas na paaralan. Ikakarangal kong makuha ang inyong boto bilang susunod na Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo. Ipinapangako kong kakainggitan ulit ng mundo ang edukasyon sa California.

P.O. Box 516, Wheatland, CA 95692 | Tel: (916) 572-8298 | E-mail: *contact@lancechristensen.com*
*lancechristensen.com* | Facebook: *https://www.facebook.com/Lance4CASuper* | Twitter: *https://twitter.com/Lance4CASuper*
Instagram: *https://www.instagram.com/lance4casuper/*

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri ng sinumang opisyal na ahensya. Ang mga pananaw at opinyong ipinapahayag ng mga kandidato ay pansarili nila at hindi kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng tanggapan ng Kalihim ng Estado. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

# Mga Halalan sa California

Iniaatas ng Batas sa Bukas na Primarya para sa Nangungunang Dalawang Kandidato na ilista ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan sa iisang balota. Kabilang sa mga iminumungkahi ng botante na katungkulan ang mga pambatasang katungkulan sa estado, katungkulan sa kongreso ng Estados Unidos, at katungkulan sa estado na naaayon sa Saligang-Batas.

Sa magkaparehong bukas na primarya at pangkalahatang halalan, maaari ninyong iboto ang sinumang kandidato, anuman ang kinakatigang partido na tinukoy ninyo sa inyong form sa pagpaparehistro ng botante. Sa primaryang halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—maging anuman ang kinakatigang partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Kung ang isang kandidato ay makakatanggap ng karamihan ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento + 1), dapat pa ring magsagawa ng pangkalahatang halalan.

Hindi nalalapat ang sistema ng bukas na primarya ng California sa mga kandidatong tumatakbo para maging Presidente ng Estados Unidos, sentral na komite ng county, o mga lokal na katungkulan.

Ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga iminumungkahi ng botante na katungkulan ay maaari pa ring tumakbo sa primaryang halalan. Gayunpaman, makakapagpatuloy lang sa pangkalahatang halalan ang isang isinusulat na kandidato kung ang kandidato ay isa sa nangungunang dalawa na may pinakamaraming nakuhang boto sa primaryang halalan. Bukod pa rito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang halalan.

Inaatas ng batas ng California na ilathala ang mga sumusunod na impormasyon sa patnubay na ito.

## Mga Iminumungkahi ng Botante na Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi ng botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan sa primaryang halalan ang magiging nominado ng mga tao at hindi ang opisyal na nominado ng anumang partido sa pangkalahatang halalan. Dapat ihayag sa balota ng kandidato para sa nominasyon sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan ang kanyang kinakatigang kwalipikadong partido o ang kawalan niya ng kinakatigang kwalipikadong partido, ngunit ang kandidato lang ang pipili sa itatalagang kinakatigang partido, at ipapakita lang ito para sa impormasyon ng mga botante. Hindi ito nangangahulugan na ang kandidato ay iminumungkahi o inirerekomenda ng itinalagang partido, o na may ugnayan sa pagitan ng partido at kandidato, at hindi dapat ituring ang sinumang kandidatong iminungkahi ng mga botante bilang opisyal na iminumungkahing kandidato ng anumang partidong pampulitika.
Sa patnubay na impormasyon para sa botante ng county, maaaring ilista ng mga partido ang mga kandidato para sa mga iminumungkahi ng botante na katungkulan na nakatanggap ng opisyal na pag-endorso ng partido.

Maaaring iboto ng sinumang botante ang kahit na sinong kandidato para sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan kung matutugunan ng naturang botante ang iba pang kinakailangang kwalipikasyon upang makaboto sa katungkulang iyon. Ang nangungunang dalawang makakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi ng botante na katungkulan kahit iisa lang ang isinaad na itinalagang kinakatigang partido ng mga kandidatong ito. Walang karapatan ang anumang partido na patuluyin sa pangkalahatang halalan ang isang kandidato na nagtalaga ng kanilang partido bilang kinakatigang partido nito, maliban na lang kung ang kandidato ay isa sa dalawa sa mga may pinakamaraming boto sa primaryang halalan.

## Mga Di-partidistang Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na mag-mungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi opisyal na nominado ng anumang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Hindi maaaring italaga ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang di-partidistang katungkulan ang kanyang kinakatigang partido, o ang kawalan niya ng kinakatigang partido, sa balota. Ang nangungunang dalawang may pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

# Ang Pamamaraan ng Halalan

Sa ilalim ng Saligang-Batas ng California, ang mga mahistrado ng Korte Suprema at ang mga hukuman para sa pag-apela ay nakadepende sa pagkumpirma ng mga botante. Bumoboto ang publiko ng "oo" o "hindi" sa kung papanatilihin ba ang bawat mahistrado.

Di-partidista ang mga katungkulang ito sa hukuman.

Para maging appellate na mahistrado ang isang tao, dapat isumite ng Gobernador ang pangalan ng kandidato sa Komisyon sa Pagtatasa ng Mga Nominado sa Hukuman, na binubuo ng mga miyembro ng publiko at mga abugado. Masusing susuriin ng komisyon ang background at mga kwalipikasyon ng kandidato, pati ang input ng komunidad, at pagkatapos ay ipapasa nito sa Gobernador ang pagsusuri nito sa kandidato.

Pagkatapos, pag-aaralan ng Gobernador ang pagsusuri ng komisyon, at opisyal niyang inonomina ang kandidato, kung saan magbibigay ng komento ang publiko sa kanyang mga kwalipikasyon bago siya suriin at pag-aralan ng Komisyon sa Mga Pagtatalaga sa Hukuman. Ang komisyong iyon ay binubuo ng Punong Mahistrado ng California, Pangkalahatang Abugado ng California, at nakatataas na Namamatnugot na Mahistrado ng Hukuman para sa Pag-apela. Pagkatapos, kukumpirmahin o tatanggihan ng Komisyon sa Mga Pagtatalaga sa Hukuman ang nasabing nominasyon. Magiging mahistrado lang ang nominado kapag nakumpirma siya.

Kasunod ng kumpirmasyon, papanumpain sa katungkulan ang mahistrado at dedepende siya sa pag-apruba ng botante sa susunod na halalan para sa pagkagobernador, at pagkatapos ay sa pagtatapos ng bawat termino. Ang terminong itinatakda ng Saligang-Batas ng California para sa mga mahistrado ng Korte Suprema at hukuman para sa pag-apela ay 12 taon. Ang mga mahistrado ay kukumpirmahin ng Komisyon sa Mga Pagtatalaga sa Hukuman hanggang sa susunod lang na halalan para sa pagkagobernador, kung kailan tatakbo sila para sa pananatili sa natitirang bahagi ng termino, kung mayroon man, ng kanilang sinundan, na apat o walong taon. (Seksyon 9083 ng Kodigo ng Halalan.)

Kapag malapit nang matapos ang termino ng panunungkulan ng isang mahistrado ng Korte Suprema ng Estado o Hukuman para sa Apela, hinihiling sa mga botanteng pagpasyahan kung papanatilihin (patuloy na maglilingkod) ang hukom para sa karagdagang termino. Tinatawag itong halalan para sa pananatili.

Sa halalan para sa pananatili, walang kalabang kandidato ang mga mahistrado. Kung makakatanggap ang isang mahistrado ng mas maraming "oo" na boto, puwedeng manatili ang mahistrado sa kanyang posisyon. Kung makakatanggap ang isang mahistrado ng mas maraming "hindi" na boto, kukumpletuhin ng mahistrado ang kasalukuyan niyang termino at may itatalagang bagong mahistrado ang Gobernador.

Pambuong-estado ang katungkulan ng mga mahistrado ng Korte Suprema ng Estado kaya makakasali ang lahat ng botante sa California sa halalan para sa pananatili ng Korte Suprema.

Nagseserbisyo ang mga mahistrado ng Mga Hukuman para sa Pag-apela sa isa sa anim na distrito sa California. Sa mga rehistradong botante lang na nasa isang appellate na distrito hihilinging magpasya kung papanatilihin ang mga mahistrado sa distritong iyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga mahistrado ng Korte Suprema at mahistrado ng Appellate na Hukuman, bisitahin ang
*voterguide.sos.ca.gov* o sa *courts.ca.gov*.

Noong Agosto 10, 2022, ninomina ni Gobernador Gavin Newsom si Honorable Patricia Guerrero na Associate Justice ng Korte Suprema bilang susunod na Punong Mahistrado ng California. Magkakabisa ang pagnonomina ng Gobernador kapag nakumpirma ito ng Komisyon sa Mga Pagtatalaga sa Hukuman. Kung makukumpirma ng Komisyon, makikita si Justice Guerrero sa balota sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa halalan ng hukuman, tingnan ang pahina 68 ng gabay na ito. Para sa napapanahong impormasyon tungkol sa mga pagnonomina sa Korte Suprema ng California, pumunta sa *www.courts.ca.gov*.

**Patricia Guerrero,** Punong Mahistrado ng California

**Pagpasok sa Abogasiya:** 1997

**Edukasyon:** Stanford Law School, J.D., 1997; University of California, Berkeley, B.A., 1994.

**Propesyonal na Legal na Background:** Partner, Latham & Watkins LLP (2006–2013); Associate, Latham & Watkins LLP (2003–2006 at 1997–2002); Assistant na Abugado sa Estados Unidos, Opisina ng Abugado ng Estados Unidos, Southern District ng California (2002–2003).

**Background sa Hukuman:** Associate Justice, Korte Suprema ng California, Marso 2022–kasalukuyan; Associate Justice, Hukuman para sa Pag-apela ng California, Ikaapat na Appellate na Distrito, Unang Dibisyon, Disyembre 2017–Marso 2022; Hukom, San Diego Superior Court, 2013–2017.

---

**Joshua P. Groban,** Associate Justice, Korte Suprema ng California

**Pagpasok sa Abogasiya:** Disyembre 1998

**Edukasyon:** Harvard Law School, J.D., 1998; Stanford University, A.B., 1995.

**Propesyonal na Legal na Background:** Law Clerk ni Judge William C. Conner, Southern District ng New York, 1998–1999; Abugado, Paul, Weiss, Rifkind, Wharton & Garrison LLP, 1999–2005; Abugado, Munger, Tolles & Olson LLP, 2005–2010; Senior Advisor ni Gobernador Jerry Brown, 2011–2018; Lecturer, UCLA School of Law, 2014–2018.

**Background sa Hukuman:** Associate Justice, Korte Suprema ng California, 2018–kasalukuyan.

---

**Martin J. Jenkins,** Associate Justice

**Pagpasok sa Abogasiya:** Mayo 1981

**Edukasyon:** University of San Francisco School of Law, J.D.; Santa Clara University, A.B., City College of San Francisco.

**Propesyonal na Legal na Background:** Prosecutor, Opisina ng Abugado sa Distrito ng County ng Alameda, 1981–1983; Abugado para sa paglilitis, Departamento ng Katarungan ng Estados Unidos, Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil—Seksyong Pangkrimen, 1983–1986; Abugado para sa paglilitis, Pacific Bell Legal Department, 1986–1989.

**Background sa Hukuman:** Hukom, Oakland, Piedmont, Emeryville Municipal Court, 1989–1992; Hukom, Superior Court ng County ng Alameda, 1992–1997; Hukom, Distrito ng Hukuman ng Estados Unidos para sa Northern District ng California, 1997–2008; Associate Justice, Hukuman para sa Pag-apela ng California, Unang Appellate na Distrito, Pangatlong Dibisyon, 2008–2019.

---

**Goodwin Liu,** Associate Justice, Korte Suprema ng California

**Pagpasok sa Abogasiya:** 1999

**Edukasyon:** Yale Law School, J.D., 1998; Stanford University, B.S., 1991; Oxford University, M.A., 2002.

**Propesyonal na Legal na Background:** Propesor sa Abogasiya, UC Berkeley School of Law, (2003–2011); Associate Dean, UC Berkeley School of Law, (2008–2010); Litigation Associate, O'Melveny & Myers LLP, (2001–2003); Law Clerk sa Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos na si Ruth Bader Ginsburg (2000–2001); Special Assistant sa Deputy Secretary, Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos, (1999–2000); Law Clerk sa Circuit Judge ng Estados Unidos na si David S. Tatel, (1998–1999).

**Background sa Hukuman:** Associate Justice, Korte Suprema ng California, 2011 hanggang sa kasalukuyan.

# BABALA: IPINAGBABAWAL ANG PANGANGAMPANYA!

**PUWEDENG HUMANTONG ANG MGA PAGLABAG SA MULTA AT/O PAGKAKAKULONG.**

## SAAN:

- Ipinagbabawal ang mga sumusunod na aktibidad malapit sa isang taong nakapila para bumoto sa balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa entrance ng lugar ng botohan, pagboto sa curb, o kahong hulugan.

## MGA IPINAGBABAWAL NA AKTIBIDAD:

- **HUWAG** hilingin sa isang taong iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukalang-batas sa balota.
- **HUWAG** ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- **HUWAG** harangan ang access o tumambay sa anumang kahong hulugan ng balota.
- **HUWAG** magbigay ng anumang materyal o audible na impormasyong pabor o laban sa sinumang kandidato o anumang panukalang-batas sa balota sa anumang lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o kahong hulugan ng balota.
- **HUWAG** magpaikot ng anumang petisyon, kasama ang para sa mga inisyatiba, reperendum, pag-recall, o pagnonomina ng kandidato.
- **HUWAG** mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang bagay (sumbrero, shirt, karatula, button, sticker) na may pangalan, larawan, o logo ng kandidato, at/o sumusuporta o hindi sumusuporta sa sinumang kandidato o panukalang-batas sa balota.
- **HUWAG** magpakita ng impormasyon o makipag-usap sa isang botante tungkol sa pagiging kwalipikadong bumoto ng botante.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# BABALA: IPINAGBABAWAL NA IMPLUWENSYAHAN ANG PROSESO NG PAGBOTO!

**PUWEDENG MAGRESULTA ANG MGA PAGLABAG SA MULTA AT/O PAGKAKAKULONG.**

## MGA IPINAGBABAWAL NA AKTIBIDAD:

- **HUWAG** magsagawa o sumubok na magsagawa ng panloloko sa halalan.
- **HUWAG** magbigay ng anumang uri ng kabayaran o suhol, sa anumang anyo o anumang paraan, para impluwensyahan o subukang impluwensyahan ang isang tao na bumoto o hindi bumoto.
- **HUWAG** ilegal na bumoto.
- **HUWAG** subukang bumoto o tumulong sa isang taong bumoto kapag hindi kayo o siya kwalipikadong bumoto.
- **HUWAG** makibahagi sa pangangampanya; kunan ng larawan o i-record ang isang botanteng papasok o palabas sa isang lugar ng botohan; o harangan ang mga pumapasok, lumalabas, o ang paradahan.
- **HUWAG** kuwestyunin ang karapatan ng isang taong bumoto o pigilan ang mga botanteng bumoto; iantala ang proseso ng pagboto; o mapanlokong abisuhan ang sinumang hindi siya kwalipikado o rehistrado na bumoto.
- **HUWAG** subukang hulaan kung paano bumoto sa balota ang isang botante.
- **HUWAG** magdala o magpadala sa isang tao ng armas malapit sa lugar ng botohan, nang may ilang eksepsyon.
- **HUWAG** pumunta o magpapunta ng taong nakauniporme ng peace officer, guard, o tauhang panseguridad malapit sa lugar ng botohan, nang may ilang eksepsyon.
- **HUWAG** mangialam sa anumang bahagi ng sistema ng pagboto.
- **HUWAG** pakialamanan o pekein ang returns ng halalan.
- **HUWAG** baguhin ang returns ng halalan.
- **HUWAG** pakialamanan, sirain, o baguhin ang anumang listahan para sa pagboto, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- **HUWAG** magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa pangongolekta ng balota na posibleng manlinlang sa isang botante para maniwala siyang isa itong opisyal na kahon para sa pangongolekta.
- **HUWAG** pakialamanan ang kopya ng mga resulta ng pagboto.
- **HUWAG** pilitin o linlangin ang isang taong hindi nakakapagbasa o ang isang matanda na bumoto nang pabor o laban sa isang kandidato o panukalang-batas na salungat sa kanyang intensyon.
- **HUWAG** kumilos bilang opisyal ng halalan kung hindi naman kayo isang ganito.

**HINDI MAGAGAWA NG MGA EMPLOYER** na atasan o hilingin sa kanilang mga empleyado na dalhin sa trabaho ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, o hilingin sa kanilang mga empleyado na bumoto sa balota habang sila ay nasa trabaho. Sa panahon ng pagbibigay ng sahod o suweldo, hindi puwedeng maglakip ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na mang-impluwensya sa mga pulitikal na opinyon o pagkilos ng kanilang empleyado.

**HINDI PUWEDENG SUBUKAN NG MGA MIYEMBRO NG LUPON SA PRESINTO** na tukuyin kung paano bumoto sa balota ang isang botante, o kung matutukoy ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto sa balota ang isang botante.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa katiwalian sa proseso ng pagboto na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro na kayo para bumoto, hindi na ninyo kailangang muling magparehistro ***maliban*** kung magpapalit kayo ng inyong pangalan, address ng tirahan, address na pangkoreo, o kung gusto ninyong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Magparehistro para bumoto online sa *registertovote.ca.gov* o tumawag sa walang bayad na Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 para mapadalhan kayo sa koreo ng form sa pagpaparehistro ng botante.

Mahahanap ang mga form sa pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga post office, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lungsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa opisina ng Kalihim ng Estado ng California.

**May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante**

Kung hindi kayo umabot sa takdang petsa ng pagpaparehistro ng botante na 15 araw bago ang Araw ng Halalan, puwede pa rin kayong magparehistro para bumoto.

Sa 14 na araw bago ang at kasama ang Araw ng Halalan, puwede kayong may-kondisyong magparehistro para bumoto, at bumoto sa opisina ng inyong opisyal sa halalan ng county, sa isang sentro ng pagboto, o lugar ng botohan. Para alamin pa, bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/same-day-reg.*

# Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpapare-histro ng Botante

**Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante:** Ang ilang partikular na mga botanteng nahaharap sa mga nakamamatay na sitwasyon (iyon ay mga biktima ng, at nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pag-stalk, sekswal na pag-atake, pagbebenta ng tao, abuso sa nakatatanda/umaasang nasa hustong gulang) ay maaaring maging kuwalipikado na maging isang kumpidensyal na botante kung sila ay mga aktibong miyembro ng programang Ligtas sa Tahanan. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang bayad na programang Ligtas na Tahanan ng Kalihim ng Estado sa (877) 322-5227 o bisitahin ang *https://www.sos.ca.gov/registries/safe-home/.*

**Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante:** Ang impormasyon sa inyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng inyong lugar ng botohan, at ng mga panukalang-batas at kandidatong makikita sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukalang-batas sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at social security, o ang inyong lagda gaya ng ipinapakita sa card sa pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, pakitawagan ang walang bayad na Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

# Tingnan ang Inyong Staus Bilang Botante Online

AKING STATUS BILANG BOTANTE

Bisitahin ang page na Aking Status Bilang Botante ng Kalihim ng Estado sa *voterstatus.sos.ca.gov*, kung saan maaari ninyong tingnan ang inyong status bilang botante, hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Gamitin ang **Aking Status Bilang Botante** para:

- I-verify na kayo ay nakarehistro para bumoto
- I-verify ang inyong address ng pagbobotohan
- I-verify ang inyong kinakatigang partidong pampulitika
- I-verify ang inyong gustong wika
- Hanapin ang inyong sentro ng pagboto o ang inyong nakatalagang lugar ng botohan
- Alamin ang mga nalalapit na halalan sa inyong lugar
- Piliing matanggap ang inyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante (VIG) ng estado o county sa pamamagitan ng email bago ang bawat pambuong-estadong halalan
- Alamin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa inyong opisina ng halalan sa county
- Tingnan kung nabilang ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota

Para matingnan ang inyong status bilang botante, kakailanganin ninyong ilagay ang inyong pangalan, apelyido, petsa ng kapanganakan, at ang inyong lisensiya sa pagmamaneho sa California o numero ng ID card sa California, o ang huling apat na numero ng inyong numero ng social security.

Maaari ninyong gamitin ang Aking Status Bilang Botante tool para piliing hindi makatanggap ng VIG ng estado. Gayunpaman, kung may isa pang nakarehistrong botante sa inyong sambahayan na humihiling na makatanggap ng VIG ng estado sa pamamagitan ng koreo, ipapadala pa rin ito sa inyong address. Ang VIG ng estado ay makukuha rin online sa *voterguide.sos.ca.gov*.

Pumunta sa *voterstatus.sos.ca.gov* para makapagsimula.

# Nakalimutan bang magparehistro o i-update ang inyong pagpaparehistro ng botante? Walang problema!

Maaari kayong magparehistro para bumoto at bumoto hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan sa opisina ng halalan ng inyong county o sa anumang sentro ng pagboto o lugar ng botohan sa inyong county. Tinatawag na May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante o Pagpaparehistro ng Botante sa Parehong Araw ang prosesong ito. Ganito ito ginagawa:

1. Bumisita sa opisina ng halalan sa inyong county, isang sentro ng pagboto, o lugar ng botohan sa inyong county na makikita sa inyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng county sa *vote.ca.gov*.
2. Kumpletuhin ang card sa pagpaparehistro ng botante o online na application.
3. Isumite ang inyong balota sa opisina ng halalan sa inyong county, sa sentro ng pagboto, o lugar ng botohan.
4. Kapag naproseso na ng opisyal ng halalan sa inyong county ang inyong pagpaparehistro at natukoy na kuwalipikado kayo, irerehistro kayo para bumoto, at bibilangin ang inyong balota.

Para alamin pa ang tungkol sa pagpaparehistro ng botante sa parehong araw, bisitahin ang *sos.ca.gov/elections/voter-registration/same-day-reg*.

# Kailangan Ka Para sa Pagsulong ng Demokrasya! Magserbisyo bilang Manggagawa sa Botohan

Tulungan ang iyong komunidad na bumoto sa pamamagitan ng pag-sign up bilang manggagawa sa botohan. Bilang manggagawa sa botohan, matitiyak mo sa mga botante na madali at ligtas silang makakaboto. Magkaroon ng aktwal na karanasan at makibahagi sa nag-iisang pinakamahalagang karapatan sa ating demokrasya—Ang pagboto!

**Bakit dapat maging manggagawa sa botohan?**

- ✓ Suportahan ang iyong demokrasya
- ✓ Makibahagi at tulungan ang mga botante
- ✓ Maging aktibong miyembro ng iyong komunidad
- ✓ Makakuha ng bayad para sa iyong pagtulong (iba-iba ang halaga depende sa county)

**Ano ang ginagawa ng manggagawa sa botohan?**

- ✓ Ihinahanda at isinasara ang mga lokasyon ng in-person na pagboto
- ✓ Tinutulungan ang mga botante sa mga lokasyon ng in-person na pagboto
- ✓ Tinutulungan ang mga botante na maunawaan ang kanilang mga karapatan
- ✓ Pinoprotektahan ang mga balota at kagamitan sa pagboto
- ✓ Tinitiyak ang maayos at accessible na karanasan sa pagboto

**Nagsasalita ka ba ng ibang wika?**

- ✓ Kailangan namin ang iyong tulong sa pagbibigay ng access sa wika at tulong sa mga botante nang sa gayon ay makalahok ang lahat

**Sino ang maaaring maging manggagawa sa botohan?**

Para magserbisyo bilang manggagawa sa botohan, ikaw dapat ay:

- ✓ Hindi bababa sa 16 na taong gulang;
- ✓ Isang residente ng California*; at

  (*Ang mga mamamayan at legal na residente ng Estados Unidos ay kwalipikadong maging manggagawa sa botohan)
- ✓ Dumalo sa mga pagsasanay

Tulungan ang iyong komunidad at mag-sign up para maging manggagawa sa botohan. Sagutan na ang iyong form ngayon sa *pollworker.sos.ca.gov.*

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa botohan, makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county (tingnan ang pahina 126 ng patnubay na ito) o tumawag sa Kalihim ng Estado ng California sa (800) 339-2957, o bumisita sa *www.vote.ca.gov.*

# Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan

## Pagboto sa Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto

Ang mga lugar ng botohan at sentro ng pagboto sa California ay nagbibigay sa mga botanteng may mga kapansanan ng pagkakataong bumoto sa kanilang balota sa pribado at independiyenteng paraan. Advanced na sinusuri ang lahat ng lokasyon ng pagboto para matiyak na madaling mapupuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan ang mga ito. Ang lahat ng lokasyon ng pagboto ay may:

- Madaling gamitin na teknolohiya sa pagboto na available sa lahat ng botante
- Nakalaang accessible na paradahang malapit sa lugar ng pagboto
- Pagboto sa curbside

Sa pagboto sa curbside, magagawa ng mga botanteng may mga kapansanan na iparada ang kanilang sasakyan malapit sa lugar ng pagboto at bumoto mula mismo sa kanilang sasakyan. Magbibigay ang mga manggagawa sa halalan ng roster na dapat lagdaan, balota, at iba pang kinakailangang materyales sa pagboto. Maghanap ng nakapaskil na numero sa inyong lokasyon ng pagboto para makaugnayan ang mga manggagawa sa halalan at maipaalam sa kanilang kailangan ninyo ng tulong o makipag-ugnayan sa tanggapan ng halalan sa inyong county.

Ang mga county na may sentro ng pagboto ay may "Mas Maraming Araw, Mas Maraming Paraan ng Pagboto" para makaboto ang mga botante sa anumang lokasyon ng sentro ng pagboto sa county nang hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan. Puwede ring bumoto ang lahat ng botante sa tanggapan ng halalan sa kanilang county mula Oktubre 10 hanggang sa Araw ng Halalan.

## Pagboto sa Tahanan

Puwede ring bumoto ang mga botanteng may mga kapansanan sa kanilang tahanan, sa independiyenteng paraan, gamit ang mga system ng magagamit sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM). Sa mga system ng RAVBM, matatanggap ng mga botante ang kanilang mga balota sa electronic na paraan, at magagawa nilang markahan ang mga ito sa independent at pribadong paraan bago ibalik ang mga ito sa mga opisyal ng halalan. Puwede ring ihulog ang mga balota ng RAVBM sa anumang lokasyon ng kahong hulugan ng balota o tanggapan ng halalan sa county.
Makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county para sa higit pang impormasyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong iniaalok ng inyong county sa mga botanteng may mga kapansanan, makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county sa pamamagitan ng pagbisita sa *sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices*.

## Audio at Malaking Print na Patnubay na Impormasyon para sa Botante

Available nang libre ang gabay na ito sa audio at malaking print na bersyon na nasa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

Para humiling:

Pumunta sa *vote.ca.gov*

Tumawag sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Mag-download ng audio na bersyong MP3 sa *https://voterguide.sos.ca.gov/tl/audio*

# Mga Tip para sa Mga Botanteng Miyembro ng Militar at ang mga Nasa Ibang Bansa

Mas madali na ngayon ang paglahok sa mga halalan ng mga Californian na naglilingkod sa militar o naninirahan sa labas ng Estados Unidos. Nagsisimula ito kapag nagparehistro kayo upang bumoto bilang isang botanteng miyembro ng militar o nasa ibang bansa at nakatanggap ng mga materyal ng halalan sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Maging handa!

- **Magsimula nang maaga**. Ang huling araw ng pagpapadala ng balota ng mga opisyal ng halalan ng county sa mga botante sa militar at ang mga nasa ibang bansa ay 45 araw bago ang Araw ng Halalan. Kumpletuhin nang maaga ang application para sa pagpaparehistro ng botante sa *RegisterToVote.ca.gov* para matiyak na matatanggap ninyo ang inyong balota bago ang Araw ng Halalan.
- **Alamin ang inyong mga opsyon**. Kapag nagpaparehistro upang bumoto bilang botanteng miyembro ng militar o nasa ibang bansa, maaari ninyong piliing matanggap ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Bukod pa rito, puwede ninyong bisitahin ang website ng mga opisyal sa halalan ng inyong county para sa impormasyon tungkol sa kung paano i-download ang inyong balota at mga materyal sa halalan. Maaari ninyong ibalik ang inyong namarkahang balota sa opisyal ng halalan sa inyong county sa pamamagitan ng koreo o, sa ilang pangyayari, sa pamamagitan ng fax. Kung natutugunan ninyo ang mga kinakailangan para ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng fax, dapat din ninyong ipadala sa fax ang form ng Panunumpa ng Botante (makukuha mula sa opisyal ng halalan sa inyong county) na nagsusuko ng inyong karapatan sa kumpidensyal na balota.
- **Manatili na makipag-ugnayan**. Kapag nagparehistro na kayo bilang botanteng miyembro ng militar o nasa ibang bansa, patuloy kayong makakatanggap ng balota at mga materyal sa halalan mula sa opisyal ng halalan sa inyong county bago ang bawat halalan. Gayunpaman, kakailanganin ninyong i-update ang inyong pagpaparehistro para bumoto kung nagbago ang inyong address, ang inyong pangalan, o ang inyong kinakatigang partidong pampulitika, o kung hindi kayo lalahok sa apat na magkakasunod na pangkalahatang halalan sa buong estado. Bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/* para sa higit pang mga mapagkukunan para sa halalan na espesyal na idinisenyo para sa inyo.

## Mga petsang dapat tandaan:

**Oktubre 24:** Huling araw para magparehistro ang mga botante sa militar o nasa ibang bansa para bumoto at humiling ng balota.

**Nobyembre 1:** Huling araw ng mga botante sa militar o nasa ibang bansa na i-update o baguhin kung paano nila gustong matanggap ang kanilang balota.

**Nobyembre 8:** Araw ng Halalan. Ang mga balota na ipinadala sa koreo ay dapat may postmark sa o bago ang Araw ng Halalan **at** dapat matanggap ng opisina sa halalan ng inyong county bago ang **Nobyembre 15.** Ang mga ifa-fax na balota ay dapat maipadala sa opisina sa halalan ng inyong county nang hindi lalampas ng 8:00 p.m. Pacific Standard Time sa Araw ng Halalan.

## Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Kalihim ng Estado ng California

(800) 339-2957

*www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/*

Pederal na Tulong na Programa sa Pagboto

(800) 438-VOTE

*www.fvap.gov*

1

26

# PROPOSISYON 1

Ang pag-aamyendang ito na iminumungkahi ng Pag-aamyenda sa Saligang-Batas ng Estado 10 ng 2021–2022 Regular na Session (Kabanata 97 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2022) ay hayagang nag-aamyenda sa Saligang-Batas ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag rito ng seksyon; *naka-italics* ang mga iminumungkahing bagong probisyon para ipabatid na bago ang mga ito.

## IPINAPANUKALANG PAG-AAMYENDA SA ARTIKULO I

Idinagdag ang Seksyon 1.1 sa Artikulo I para isaad ang mga sumusunod:

*SEK. 1.1. Hindi ipagkakait ng estado ang, o hindi ito mangingialam sa, kalayaan sa reproduksyon ng isang indibidwal pagdating sa kanyang mga pinakain-person na pasya, pati sa kanyang pangunahing karapatang magpalaglag, at pangunahing karapatan na pumili o hindi gumamit ng mga contraceptive. Layunin ng seksyong ito na palawakin pa ang karapatan sa pribasya na ginagarantiya ng Seksyon 1 sa ilalim ng Saligang-Batas, at ang karapatang mabigyan ng patas na proteksyon na ginagarantiya ng Seksyon 7 sa ilalim ng Saligang-Batas. Walang anumang napakaloob dito na naglilimita sa karapatan sa pribasya o patas na proteksyon.*

# PROPOSISYON 26

Ang panukalang inisyatibang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang panukalang inisyatibang ito ay nag-aamyenda ng isang seksyon ng Saligang-Batas ng California at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng Mga Propesyon sa Negosyo at Kodigo ng Pamahalaan; ~~naka-strikeout~~ ang mga kasalukuyang probisyon na iminumungkahing i-delete, at *naka-italics* ang mga iminumungkahing bagong probisyon na idadagdag para ipabatid na bago ang mga ito.

## IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay tatawaging "Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa Sports at Pagsusugal na Labag sa Batas."

SEK. 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag.

(a) Noong Mayo 2018, inalis ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang pagbabawal ng pederal sa pagtaya sa sports. Dahil dito, may kalayaan na ngayon ang mga estadong pahintulutan ang pagtaya sa sports sa kani-kanilang border at magtakda ng mga regulasyon, mga proteksyon sa mamimili, panukala sa responsableng pagsusugal, at buwis sa pagtaya sa sports. 20 estado na ang pumiling pangasiwaan at patawan ng buwis ang pagtaya sa sports sa paraang nagbibigay-daan sa mga proteksyon sa mamimili, responsableng pagsusugal, at pakikibahagi ng mga nasa hustong gulang sa aktibidad na ito.

(b) Nangyayari ang hindi pinapangasiwaan at hindi pinapatawan ng buwis na pagtaya sa sports sa buong California, na walang proteksyon sa mamimili o responsableng pagsusugal. Sa pagtataya ng mga nangungunang ekonomista at eksperto sa industriya, noong ipinagbabawal pa ng pederal ang pagtaya sa sports, lumago ang black market, at kumita ito ng bilyun-bilyong dolyar sa mga taya taun-taon sa buong Estados Unidos. Patuloy na lumalago ang merkado ng ilegal na pagtaya sa sports sa California, at patuloy itong makakahikayat ng mga tao dahil hindi ito pinapatawan ng buwis, hindi ito pinapangasiwaan, at wala itong lisensya.

(c) Ang mga hindi pinapangasiwaang enterprise ng pagsusugal ay isang banta sa pampublikong kaligtasan at pampublikong kalusugan dahil madalas ay may elemento ng krimen ang mga ito. Alinsunod dito, walang sinuman sa estadong ito ang may karapatang magpatakbo ng negosyong pagsusugal, maliban kung ito ay hayagang pinapahintulutan ng batas ng pederal, estado, o lokal.

(d) Sa pagtataya ng mga nangungunang ekonomista at eksperto sa industriya, ang legal at pinapangasiwaang merkado ng pagtaya sa sports sa California ay puwedeng makakalap ng daan-daang milyong dolyar sa aktibidad sa ekonomiya sa mga unang taon, na magreresulta sa sampu-sampung milyong dolyar na taunang kita sa buwis para sa Estado ng California.

(e) Kailangang pangasiwaan at patawan ng buwis ang pagtaya sa sports sa California para maalis ang mga ilegal na operasyon ng pagsusugal sa black market, at mabigyan ng mahihigpit na proteksyon sa mamimili ang mga nasa hustong gulang na gustong makibahagi rito.

(f) Ang pagpapataw ng buwis sa pagtataya sa sports ay gagawa ng bagong kita para madagdagan ang pondo sa mga programang nauugnay sa pag-iwas sa mga programang nauugnay sa pagsusugal na nagdudulot ng problema at kalusugan ng pag-iisip, at makatulong sa pagpopondo sa mga priyoridad sa pangkalahatang pondo ng estado kaugnay ng edukasyon at pampublikong kaligtasan.

(g) Dapat ay magkaroon ang mga Californian na edad 21 pataas ng opsyong makibahagi sa legal na pagtaya sa sports sa mga pinaghihigpitan at ligtas na pasilidad na may karanasan na sa mga operasyon sa pamumusta, at may magandang karangalan sa mga naaangkop na pampangasiwaang ahensya ng pederal, estado, at lokal.

(h) Alinsunod sa ating mga prinsipyo sa California na protektahan ang ating mga anak at ang kabataan, dapat ay lubos na paghigpitan ang pagtaya sa sports. Dapat itong limitahan sa mga nasa hustong gulang na edad 21 pataas lamang. Kinikilala ng kasalukuyang batas na posibleng humantong sa pagkalulong ang pagsusugal, at hindi ito isang aktibidad na dapat isulong o gawing lehitimo bilang libangan para sa mga bata at pamilya. Kaya naman hindi ipamamalita o ime-merkado ang pagtaya sa sports sa mga bata.

(i) Para maprotektahan ang ating mga mag-aaral at ang ating mga kolehiyo at unibersidad, dapat ding mahigpit na ipagbawal ang pagtaya sa sports ang sports sa high school at mga koponan sa kolehiyo sa California.

(j) Para maiwasan ang pananamantala sa mga hayop, hindi papayagan ang pagtaya sa sports sa anumang ipinagbabawal na uri ng paligsahan sa mga hayop sa kasalukuyan, gaya ng greyhound o iba pang karera ng aso.

(k) Kaugnay ng kumpiyansa sa publiko na hindi ilalagay sa panganib ng pagsusugal, pati ng pagtaya sa sports, ang pampublikong kalusugan, kaligtasan, o kapakanan, iniaatas na magpatupad ng mga komprehensibong panukala para matiyak na ang pagsusugal ay walang elemento ng krimen at katiwalian, isinasagawa nang matapat at sa kompetitibong paraan, at nasa mga naaangkop na lokasyon lamang. Dapat papanagutin ang industriya sa pamumusta ng California para

matiyak na nakakasunod ito sa mga batas laban sa money laundering at sa iba pang naaangkop na batas at regulasyon.

(l) Hindi sapat ang kasalukuyang pagpapatupad ng mga batas sa pagsusugal. Kailangan ng California ng higit pang paraan para maipatupad ang mga batas sa pagsusugal ng ating estado, nang sa gayon ay maprotektahan ang mga bata at ang mga nasa hustong gulang na madaling maloko mula sa mga hindi matapat na organisasyong nagpapatakbo ng mga ilegal na operasyon sa pagsusugal. May kakayahan dapat ang mga Californian na iulat ang mga paglabag sa mga batas ng California laban sa mga ilegal na aktibidad sa pagsusugal.

(m) Ang mahusay na pagsusubaybayan ng sistema ng pagtaya sa sports ay malilimitahan ang pagtaya sa sports sa mga pinapangasiwaan at ligtas na pasilidad na may karanasan na sa mga operasyon sa pagsusugal, at may mga mapagkukunan ng pananalapi para responsableng mapatakbo ang aktibidad. Ang pinakamahuhusay na entidad sa ligtas na pagpapatakbo ng pagtaya sa sports ay ang mga Indian na gaming casino at naaprubahang nagpapatakbo ng mga karerahan.

(n) Mula pa noong 2000, nagpapatakbo na ang mga pamahalaan ng tribo sa California ng mga Indian na gaming casino sa kanilang mga sariling pantribong lupain, na nagbibigay ng mga lubos na kinakailangang mga mapagkukunan para mabaliktad ang brutal na kasaysayang pinagdaanan ng mga Native American sa California. Ang mga mapagkukunang ito ay nagbigay-daan sa mga tribo sa California na magbigay ng mga serbisyo, pati ng pangangalagang pangkalusugan, mga paaralan, scholarship, proteksyon sa mapagkukunan ng kultura, serbisyo kapag may sunog, serbisyo sa pagpapatupad ng batas, sistema ng tubig, proteksyon sa kapaligiran, at higit pa. Ang mahalaga pa rito, sa nakalipas na 20 taon, nakapagbigay ang mga tribo sa California ng mahigit sa $1 bilyong kita sa mga tribong walang gaming para makatulong sa pagpapatatag sa mga komunidad ng mga tribo.

(o) Noong 2016, direkta at hindi direktang nakalap ng Indian na gaming sa California ang sumusunod na kabuuang epekto sa ekonomiya at pananalapi sa ekonomiya ng California: 124,300 trabaho; $20 bilyong output; $9 na bilyong kita sa mga empleyado; at $3.4 na bilyong buwis at kita sa mga pamahalaan ng pederal, estado, at lokal, kasama ang halos $1 bilyon sa Estado ng California at $378 milyon sa mga lokal na pamahalaan.

(p) Ang karera ng kabayo ang isa sa pinakamatatandang uri ng pagtaya, na halos isang siglo nang na sa California. Mahigit 17,000 lisensyadong trabaho ang nauugnay sa industriya ng karera ng kabayo. Ayon sa Lupon sa Karera ng Kabayo sa California, mahigit $3 bilyon ang tinataya bawat taon. Nagpapasok ito ng milyun-milyong dolyar sa estado, sa premyadong laboratoryo ng equine chemistry sa buong mundo na Kenneth L. Maddy Equine Analytical Chemistry Laboratory sa University of California, Davis, at sa mga lokal na pamahalaan mula sa mga buwis sa pagbebenta.

(q) Sa Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas, tinitiyak na pinapangasiwaan at pinapatawan ng buwis ang pagtaya sa sports, para magawa ng mga nasa hustong gulang na gustong makibahagi rito na gawin ito nang legal, habang pinapataas ang kita para sa edukasyon, pampublikong kaligtasan at kalusugan ng pag-iisip, at sinisigurong may mahihigpit na proteksyon sa mamimili, lalo na sa mga bata, at pinapaigting ang pagpapatupad ng mga batas sa pagsusugal.

SEK. 3. Mga Layunin at Intensyon.

Layunin ng Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas na pangasiwaan at patawan ng buwis ang pagtaya sa sports sa California at paigtingin ang mga regulasyon at pag-iingat sa pagsusugal sa pamamagitan ng:

(a) Pangangasiwa at pagpapataw ng buwis sa pagtaya sa sports para maalis ang pagtaya sa sports sa black market at gumawa ng istruktura sa pangangasiwa na pumipigil sa mga menor de edad na magkaroon ng access dito, at pumoprotekta sa pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng pagtaya sa sports sa mga pinapangasiwaan at ligtas na pasilidad na may karanasan na sa mga operasyon sa pamumusta.

(b) Pagpapahintulot sa mga pamahalaan ng tribo na mag-alok ng pagtaya sa sports, roulette, at larong may dice, pagkatapos ng mga negosasyon alinsunod sa batas ng estado at pederal, dahil ang mga pamahalaan ng tribo ay eksperto sa mga operasyon sa pamumusta at may mga mapagkukunan ng pananalapi para responsableng magpatakbo ng pagtaya sa sports.

(c) Pagpapahintulot sa mga naaprubahang nagpapatakbo ng karerahan na mag-alok ng pagtaya sa sports dahil pinapangasiwaan din ang mga nagpapatakbo na ito, at mayroon silang karanasan sa mga operasyon sa pamumusta.

(d) Pagtiyak na maganda ang karangalan ng mga pasilidad at nagpapatakbo na ito sa mga naaangkop na ahensya sa pangangasiwa ng pederal, estado, at lokal.

(e) Paggawa ng mahihigpit na proteksyon sa mamimili para isulong ang responsableng pagtaya sa sports at protektahan ang mga bata at ang pampublikong kalusugan, gaya ng:

(1) Pag-aatas sa mga nasa hustong gulang na edad 21 pataas na aktwal na pumunta sa isang pasilidad para makataya sa mga palaro.

(2) Pagpapahintulot sa pagtaya sa sports ng mga edad 21 pataas lang para maiwasan ang pagsusugal ng mga wala pa sa hustong gulang.

(3) Pagbabawal na mag-merkado at ipamalita ang pagtaya sa sports sa mga taong wala pang 21 taong gulang.

(4) Pagpapahintulot ng pagtaya sa sports sa mga propesyonal, pangkolehiyo, o amateur na sports o atletikong paligsahan lang.

(5) Pagbabawal ng pagtaya sa anumang sports o atletikong paligsahan sa high school para maprotektahan ang ating mga mag-aaral.

(6) Pagbabawal ng pagtaya sa anumang sports o atletikong paligsahan kung saan kasali ang anumang koponan sa kolehiyo ng California, na poprotekta sa ating mga mag-aaral at sa ating mga kolehiyo at unibersidad, habang pinapahintulutan ang pagtaya sa sports sa mga sikat na paligsahan gaya ng torneo sa basketball ng NCAA.

(7) Pagbabawal ng pagtaya sa anumang palarong palgsahan o paligsahan na ilegal sa kasalukuyan, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga karera ng hayop, gaya ng greyhound o iba pang karera ng aso, para maiwasan ang pananamantala sa mga hayop.

(8) Pagpapahintulot sa Lehislatura na bigyang-daan ang mga panukala laban sa katiwalian para matiyak ang integridad ng mga palarong paligsahan.

(f) Pagpapataw ng 10 porsyentong buwis sa aktibidad sa pagtaya sa sports na isinasagawa ng mga naaprubahang pagpapatakbo ng karerahan para mapondohan ang mga programang nauugnay sa pag-iwas sa pagsusugal na nagdudulot ng problema at kalusugan ng pag-iisip, at pagpapatupad at pagsubaybay ng pagtaya sa sports at iba pang uri ng pamumusta, at makatulong sa pagpopondo sa mga priyoridad sa pangkalahatang pondo ng estado na nauugnay sa edukasyon at pampublikong kaligtasan.

(g) Pag-audit sa paggasta ng kita sa pagtaya sa sports para matiyak na maayos at mahusay ang paggasta sa kitang ito.

(h) Pagprotekta sa kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagpapaigting sa pagpapatupad sa mga kasalukuyang batas sa pagsusugal ng California para mapapanagot ng mga Californian ang mga ilegal na aktibidad at operasyon sa pagsusugal.

(i) Paghihigpit sa pagpapatupad sa mga kasalukuyang panuntunan sa pagsusugal para matiyak na ang lahat ng establisyimentong nag-aalok ng pagkakataong magsugal ay sumusunod sa mga panuntunan at sa batas. Sa mas mahihigpit na panukalang ito sa pagpapatupad, matitiyak na walang elemento ng krimen at katiwalian sa lahat ng pagsusugal na sumusunod sa batas, at isinasagawa ang mga ito nang matapat at sa kompetitibong paraan ng mga naaangkop na nagpapalakad, at nananagot ang mga negosyo ng pamumusta nang walang pahirap sa pagpapatupad ng lokal na batas.

(j) Pagtiyak na sumusunod sa mga panuntunan ang mga establisyimentong nag-aalok ng legal na pagtaya sa sports sa pamamagitan ng pagpapailalim sa mga ito sa mga naangkop na pamantayan sa pag-audit.

SEK. 4. Inamyendahan ang Seksyon 19 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California para isaad ang mga sumusunod:

Sek. 19. (a) Walang kapangyarihan ang Lehislatura na magpahintulot ng mga loterya, at ipagbabawal nito ang pagbebenta ng mga tiket sa loterya sa Estado.

(b) Magagawa ng Lehislatura na bigyang-daan ang pangangasiwa sa mga karera ng kabayo at mga meeting at pagtaya sa mga resulta ng karera ng kabayo.

(c) Sa kabila ng nakasaad sa subdibisyon (a), posibleng pahintulutan ng Lehislatura, sa ilalim ng batas, ang mga lungsod at county na magsagawa ng mga larong bingo, pero para lang sa mga layunin sa pagkakawanggawa.

(d) Sa kabila ng nakasaad sa subdibisyon (a), pinapahintulutan ang pagbuo ng Loterya sa Estado ng California.

(e) Walang kapangyarihan ang Lehislatura na magpahintulot ng, at ipagbabawal nito ang, mga casino na kauri ng mga kasalukuyang pinapatakbo sa Nevada at New Jersey.

(f) Sa kabila ng nabanggit sa subdibisyon (a) at (e), at iba pang probisyon ng batas ng estado, awtorisado ang Gobernador na makipagnegosasyon at pumasok sa mga kasunduan para sa pag-apruba ng Lehislatura, sa pagpapatakbo ng mga slot machine at pagsasagawa ng mga laro sa loterya at banking at percentage card game*, roulette, larong may dice, at pagtaya sa sports* ng mga Indian na tribong kinikilala ng pederal sa mga Indian na lupain sa California alinsunod sa pederal ng batas. Kasunod nito, pinapahintulutan ang pagsasagawa at pagpapatakbo ng mga slot machine, laro sa loterya, banking at percentage card game*, roulette, larong may dice, at pagtaya sa sports* sa mga *Indian na* ~~pantribong~~ lupain na napapailalim sa mga kasunduang iyon.

~~(f)~~ *(g)* Sa kabila ng nabanggit sa subdibisyon (a), puwedeng pahintulutan ng Lehislatura ang mga pribado, nonprofit, at kwalipikadong organisasyon, ayon sa paglalarawan ng Lehislatura, na magsagawa ng mga raffle bilang mekanismo ng pagpopondo para suportahan ang mga kapaki-pakinabang at mapagkawanggawang gawain ng kanilang sariling o ng iba pang pribado, nonprofit, at kwalipikadong organisasyon, basta't (1) hindi bababa sa 90 porsyento ng gross na makukuha sa raffle ay direktang mapupunta sa mga kapaki-pakinabang at mapagkawanggawang layunin sa California, at (2) ang sinumang makakatanggap ng kabayaran kaugnay ng pagpapatakbo sa raffle ay isang empleyado ng pribadong nonprofit na organisasyon na nagpapatakbo sa raffle. Magagawa ng Lehislatura, na dalawang-katlo ng mga miyembro ng bawat sasang-ayong kapulungan, na amyendahan ang porsyento ng gross na bahaging iaatas ng subdibisyong ito na ilaan sa mga kapaki-pakinabang o mapagkawanggawang layunin sa pamamagitan ng isang batas na lalagdaan ng Gobernador.

*(h) Sa kabila ng nabanggit sa subdibisyon (a) at (e), simula sa Enero 1, 2022, ang mga naaprubahang nagpapatakbo ng karerahan, ayon sa paglalarawan ng Seksyon 19670 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon, ay puwedeng mag-alok ng pagtaya sa sports basta't ang anumang papahintulutang pagtaya sa sports alinsunod sa subdibisyong ito ay aktwal na gagawin ng mga patron, at tatanggapin ng naaprubahang nagpapatakbo ng karerahan, na may nakalaang gusali ng karerahan kung saan nagsagawa na ang isang naaprubahang nagpapalakad ng karerahan ng mga live na karera ng kabayo sa nakalipas na 18 buwan. Ang mga pagtaya sa sports na papahintulutan alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi puwedeng gawin sa mga kiosk para sa pagtaya o sa mga self-service na gaming terminal sa labas ng mga nakalaang gusali ng karerahan.*

*(i) (1) Para sa mga layunin ng subdibisyon (f) at (h), tumutukoy ang "pagtaya sa sports" sa pagtaya sa mga resulta ng anumang propesyonal, pangkolehiyo, o amateur na palaro o atletikong paligsahan. Hindi tumutukoy ang pagtaya sa sports sa pagtaya sa mga resulta ng:*

*(A) Anumang sports o atletikong paligsahan sa high school.*

*(B) Sports o atletikong paligsahan kung saan may kasaling koponan sa kolehiyo ng California, saanman ganapin ang paligsahan; gayunpaman, ang sports o atletikong paligsahan kung saan kasali ang anumang  sa koponang kolehiyo ng California ay hindi dapat kabilangan ng iba pang laro ng isang pangkolehiyong sports o atletikong torneo kung saan may kasaling koponan sa kolehiyo ng California.*

*(C) Anumang natapos nang palaro o atletikong paligsahan o karera ng kabayo. Bukod pa rito, hindi dapat ipakita o ikatawan ang resulta, kasama ang pag-redeem sa mga napanalunan, ng anumang palaro o atletikong paligsahan o karera ng kabayo, sa paraang tulad sa slot machine o iba pang laro sa casino, kasama ang, pero hindi limitado sa, blackjack, roulette, o craps.*

*(D) Mga karera ng kabayo at meeting at pagtaya sa mga resulta ng karera ng kabayo na pinapahintulutan ng subdibisyon (b) at mga batas na ipinapatupad alinsunod sa subdibisyong iyon.(2) Papahintulutan ng Lehislatura ang mga batas na kinakailangan para maipatupad ang subdibisyong ito, na magbibigay-daan din sa mga proteksyon sa msmimili at mga panukala laban sa katiwalian para matiyak ang integridad ng sports o atletikong paligsahan.*

SEK. 5. Pagpapatupad Kaugnay ng Pangangasiwa sa Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas.

SEK. 5.1. Idinagdag ang Artikulo 12 (na nagsisimula sa Seksyon 19670) sa Kabanata 4 ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon para isaad ang mga sumusunod:

*Artikulo 12. Pagtaya sa sports sa Mga Lisensyadong Pasilidad para sa Karera ng Kabayo*

*19670. Mga Pagpapakahulugan*

*Para sa mga layunin ng artikulong ito at ng Seksyon 19 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California, tumutukoy ang "mga naaprubahang nagpapalakad ng karerahan" sa mga nagpapalakad na nilisensyahan ng Lupon sa Karera ng Kabayo sa California noong 2019 taon ng kalendaryo para magsagawa ng mga meeting sa live na karera ng kabayo sa mga karerahan sa County ng Alameda, Los Angeles, Orange, o San Diego, at pinapatakbo ng pribadong entidad, kasama ang isang pribadong entidad na nagpapatakbo sa isang fairground ng estado sa mga tinukoy na county. Hindi kasama sa "mga naaprubahang nagpapatakbo ng karerahan" ang mga karerahan sa "mga perya na inilaan ng estado," ayon sa paglalarawan ng subdibisyon (a) ng Seksyon 19418 noong Enero 1, 2020.*

*19671. Buwis sa Pagtaya sa sports*

*(a) Ang pang-araw-araw na kabuuang taya sa sports sa isang naaprubahang nagpapalakad ng karerahan, pagkatapos ibawas ang pang-araw-araw na kabuuang panalo ng mga patron, ay papatawan ng 10 porsyentong buwis.*

*(b) Ipapataw at kokolektahin ng Departamento sa Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California ang buwis na itinatakda ng subdibisyon (a), at magagawa nitong magtakda, magsabatas, at magpatupad ng mga regulasyong nauugnay sa pangangasiwa at pagpapatupad ng seksyong ito, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, pagsasama-sama sa pang-araw-araw na kabuuan bawat quarter, taon, o iba pang pana-panahong batayan, pangongolekta, pag-uulat, pagbabalik-bayad, at pag-apela.*

*(c) Ang lahat ng kitang makukuha sa buwis alinsunod sa subdibisyon (a) ay idedeposito sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California na binuo ng Seksyon 19672.*

*19672. Pondo sa Pagtaya sa sports ng California*

*(a) Sa pamamagitan nito, itinatakda ang Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas at, sa kabila ng nakasaad sa Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, patuloy itong ilalaan nang walang pagsasaalang-alang sa taon ng pananalapi para sa pagsasagawa sa mga layunin ng artikulong ito.*

*(b) Ang lahat ng kitang makukuha alinsunod sa buwis na ipinapataw ng Seksyon 19671 ay idedeposito sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California.*

*(c) Ang mga pagbabayad na gagawin sa estado alinsunod sa mga kasunduan ng tribo at estado na nauugnay sa pagtaya sa sports ay puwedeng ideposito sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California.*

*(d) Para sa mga layunin ng mga pagkakalkula na iniaatas ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California, ang mga pondong ililipat sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California ay ituturing na kita sa Pangkalahatang Pondo na puwedeng ilaan alinsunod sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California.*

*19673. Pamamahagi sa Pera mula sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California*

*(a) Ang anumang aktwal at makatuwirang halagang magagastos ng Tagakontrol at Departamento sa Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California kaugnay ng pangangasiwa sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California at pangongolekta sa buwis na itinatakda ng Seksyon 19671, na tutukuyin ng Tagapangasiwa ng Pananalapi, ay ibabawas sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California bago gumugol ng pondo alinsunod sa subdibisyon (b).*

*(b) Sa bawat taon ng pananalapi na magsisimula sa 2022–23, igugugol ng Tagakontrol ang matitirang pera na nakadeposito sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California pagkatapos ng paggugol, alinsunod sa subdibisyon(a) sa sumusunod na paraan:*

*(1) Labinlimang porsyento sa Departamento sa Pampublikong Kalusugan ng Estado para sa pananaliksik, pag-unlad, at pagpapatupad ng mga programa at paggawad para sa pag-iwas sa pagsusugal na nagdudulot ng problema at kalusugan ng pag-iisip, at para sa mga paggawad sa mga lungsod, lungsod at county, at county para sa mga lokal na programa para matugunan ang pagsusugal na nagdudulot ng problema at kalusugan ng pag-iisip.*

*(2) Labinlimang porsyento sa Kawanihan sa Pagkontrol ng Pagsusugal sa Departamento ng Katarungan para sa mga aktwal at makatuwirang gastusin sa pagpapatupad at pagsasagawa ng pagtaya sa sports at iba pang uri ng laro sa Estado ng California. Hindi hihigit sa 5 porsyento ang gagastusin ng Kawanihan sa Pagkontrol ng Pagsusugal mula sa kabuuang pondong matatanggap nito mula sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California taun-taon para sa mga pang-administratibong gastusin alinsunod sa mapagpapasyahan ng Tagapangasiwa ng Pananalapi.*

*(3) Pitumpung porsyento sa Pangkalahatang Pondo.*

*(c) Bawat dalawang taon, itutuus ng Tagakontrol ang mga programang pinapatakbo ng mga ahensyang nakasaad sa talata (1) at (2) ng subdibisyon (b) para matiyak na ginugugol at ginagasta ang pondo alinsunod lang sa artikulong ito, at iuulat nito ang mga mapag-aalaman sa Lehislatura at sa publiko.*

*(d) Dapat gamitin ang pondong inilalarawan sa talata (1) at (2) ng subdibisyon (b) para palawakin ang mga programa para sa mga layunin ng batas na ito. Hindi dapat gamitin ang pondong ito para dagdagan ang dati nang pondo ng estado o lokal para sa mga layuning ito.*

*19674. Limitasyon sa Edad para sa Pagtaya sa sports*

*(a) Ang isang taong wala pang 21 taong gulang ay hindi dapat tumaya sa mga palaro, o payagang tumaya sa mga palaro, o mangolekta, nang in-person o sa pamamagitan man ng ahente, ng napanalunan sa isang pagtaya sa sports, sa anumang sports o atletikong paligsahan sa isang lokasyon ng naaprubahang nagpapalakad ng karerahan.*

*(b) Ang isang taong wala pang 21 taong gulang ay hindi dapat magpresenta o mag-alok sa anumang naaprubahang nagpapalakad ng karerahan, o sa isang ahente ng naaprubahang nagpapalakad ng karerahan, ng anumang nakasulat, naka-printa, o photostatic na katibayan ng edad at pagkakakilanlan na hindi totoo, mapanloko, o hindi sa kanya para makataya sa isang palarong paligsahan.*

*(c) Magkakasala ng misdemeanor ang sinumang wala pang 21 taong gulang na lalabag sa seksyong ito.*

SEK. 5.2. Idinagdag ang Artikulo 18 (na nagsisimula sa Seksyon 19990) sa Kabanata 5 ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon para isaad ang mga sumusunod:

*Artikulo 18. Pagpapatupad Kaugnay ng Pagsusugal na Labag sa Batas*

*19990. Pagpapatupad Laban sa Mga Aktibidad sa Pagsusugal na Labag sa Batas*

*(a) Bukod sa iba pang parusang ipinapataw ng batas, ang sinumang makikibahagi sa anumang gawing labag sa Kabanata 10 (na nagsisimula sa Seksyon 330) ng Titulo 9 ng Bahagi 1 ng Kodigo Penal, hindi kasama ang Seksyon 335 at 337 ng Kodigo Penal, ay papatawan ng sibil na multang hanggang sampung libong dolyar ($10,000) para sa bawat paglabag at mapapailalim sa utos para mapigilan ang Pangkalahatang Abugado na iharap sa mga tao ng Estado ng California ang labag sa batas na gawing iyon sa isang sibil na aksyon. Bukod pa rito, may kapangyarihan ang Pangkalahatang Abugado na ipatupad ang seksyong ito sa pamamagitan ng paglalabas ng kautusan sa pagsasara na 24 na oras para sa unang paglabag, kautusan sa pagsasara na 48 oras para sa pangalawang paglabag, at kautusan sa pagsasara na 30 araw para sa pangatlo at anumang susunod na paglabag.*

*(b) Ang sinumang tao o entidad na may matutukoy na sinumang nakikibahagi sa anumang gawing labag sa Kabanata 10 (na nagsisimula sa Seksyon 330) ng Titulo 9 ng Bahagi 1 ng Kodigo Penal, hindi kasama ang Seksyon 335 at 337 ng Kodigo Penal, ay puwedeng maghain ng sibil na aksyon para sa mga sibil na parusa at injunctive relief gaya ng nakasaad sa subdibisyon (a), kung bago ang paghahain ng nasabing aksyon ay maghahain ang tao o entidad sa Pangkalahatang Abugado ng nakasulat na kahilingan para simulan ng Pangkalahatang Abugado ang aksyon. May nakasaad dapat sa kahilingan na malinaw at maikling pahayag ng mga batayan para maniwalang may sanhi ang nasabing aksyon.*

*(1) Kung maghahain ng kaso ang Pangkalahatang Abugado sa loob ng 90 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingang simulan ang aksyon, wala nang iba pang puwedeng gawin, maliban na lang kung idi-dismiss nang walang maling hinala ang inihaing aksyon ng Pangkalahatang Abugado.*

*(2) Kung hindi maghahain ng kaso ang Pangkalahatang Abugado sa loob ng 90 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingang simulan ang aksyon, puwedeng magpatuloy sa paghahain ng sibil na aksyon ang nasabing tao o entidad na humihiling sa aksyon.*

*(3) Ang yugto ng panahon kung kailan dapat magsimula ng sibil na aksyon ay dapat i-toll mula sa petsa kung kailan natanggap ng Pangkalahatang Abugado ang nakasulat na kahilingan hanggang sa petsa ng pagkaka-dismiss sa sibil na aksyon nang walang maling hinala, o sa loob ng 150 araw, alinman doon ang mahuli, pero para lang sa sibil na aksyon ng tao o entidad na humiling sa Pangkalahatang Abugado na simulan ang aksyon.*

*(c) Kung may ilalabas na hatol laban sa nakahabla o mga nakahabla sa anumang aksyon alinsunod sa seksyong ito, o kung mase-settle ang usapin, ang halagang matatanggap bilang parusang sibil o alinsunod sa settlement ng aksyon ay idedeposito sa Pondo sa Pagtaya sa sports ng California na ginawa ng Seksyon 19672.*

*19991. Pagbabawal na Mag-merkado at Ipamalita ang Pagtaya sa sports sa Mga Menor de Edad*

*(a) Para sa mga layunin ng seksyong ito:*

*(1) Tumutukoy ang "mag-advertise" sa paglalathala o pag-kalat ng advertisement.*

*(2) Ang "advertisement" ay kinabibilangan ng anumang nakasulat o pasalitang pahayag, larawan, o depiksyon na naglalayong isulong ang pagtaya sa sports, kasama ang anumang nakasulat, naka-print, grapika, o iba pang materyales, billboard, karatula, o iba pang panlabas na display, tarheta ng pampublikong transportasyon, iba pang peryodikal na literatura, lathalain, o nasa isang himpapawid sa radyo o telebisyon, o sa iba pang media. Hindi kasama sa terminong ito ang anumang editoryal o iba pang materyales sa pagbabasa, kasama ang balita, sa anumang peryodiko o lathalain o pahayagan para sa lathlahain kung saan walang babayaran o ipinapangakong pera o bagay na may halaga, direkta man o hindi direkta, ang anumang pasilidad na nagpapatakbo ng pagtaya sa sports, at hindi isinulat o ayon sa tagubilin ng pasilidad na nagpapatakbo ng pagtaya sa sports.*

*(3) Tumutukoy ang "mag-market" o "marketing" sa anumang pagkilos o prosesong nagsusulong ng pagtaya sa sports, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, pag-sponsor ng mga palarong paligsahan, point-of-sale na advertising, at pag-unlad ng mga produktong partikular na idinisenyo para makahikayat ng ilang partikular na demograpiko.*

*(b) Ang anumang advertising o marketing na ilalagay sa broadcast, cable, radyo, print, at digital na komunikasyon ay dapat idirekta lang sa kung saan makatuwirang inaasahang edad 21 pataas ang madlang manonood, ayon sa maaasahang maka-panahon na data ng komposisyon ng madlang manonood.*

*(c) Ang anumang advertising o marketing na nauugnay sa direktang indibidwal na komunikasyon o dialogue na kinokontrol ng pasilidad na nagpapatakbo ng pagtaya sa sports ay dapat gumamit ng paraan ng pagkumpirma ng edad para matiyak na edad 21 pataas ang tatanggap bago siya makibahagi sa komunikasyon o diyalogo na iyon na kinokontrol ng pasilidad na nagpapatakbo sa pagtaya sa sports. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang paraan ng pagkumpirma ng edad ay puwedeng kabilangan ng pagkumpirma ng gagamit, paghahayag sa petsa ng kapanganakan, o iba pang katulad na paraan ng pagpaparehistro.*

*(d) Ang isang pasilidad na nagpapatakbo ng pagtaya sa sports ay hindi dapat:*

*(1) Mag-advertise o mag-market ng pagtaya sa sports sa paraang makakahikayat ng mga taong wala pang 21 taong gulang na makibahagi sa pagtaya sa sports.*

*(2) Maglathala o mag-kalat ng advertising o marketing na nakakahikayat sa mga bata.*

*19992. Pag-audit sa Mga Pasilidad para sa Pagtaya sa Mga Palaro*

*Isasagawa ng Kawanihan sa Pagkontrol ng Pagsusugal sa Departamento ng Katarungan ang lahat ng pagsisiyasat at pag-audit na nakasaad sa Seksyon 19826 at 19827 sa mga pasilidad na nagpapatakbo ng pagtaya sa sports, maliban na lang kung iba ang nakasaad sa kasunduan ng tribo at estado.*

SEK. 5.3. Idinagdag ang Seksyon 12012.200 sa Kodigo ng Pamahalaan para isaad ang mga sumusunod:

*12012.200. Kabayaran para sa Mga Pampangasiwaang Gastusin sa Mga Pag-aamyenda sa Pagtaya sa sports*

*Ang lahat ng pag-aamyenda sa mga kasunduan sa gaming ng tribo at estado para pahintulutan ang pagtaya sa sports alinsunod sa subdibisyon (f) ng Seksyon 19 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California ay kabibilangan ng mga probisyon para sa kabayaran sa mga aktwal na gastusin ng estado sa pangangasiwa na nauugnay sa pagtaya sa sports, kaugnay ng*

26

27

*pagpapatupad at pangangasiwa ng mga kasunduan sa gaming ng tribo at estado alinsunod sa Batas sa Pangangasiwa ng Indian na Gaming ng 1988 (25 Estados UnidosC. Sek. 2710(d)(4)).*

SEK. 6. Mga Pag-aamyenda.

Dapat ay malawak na ipakahulugan ang batas na ito para matupad ang mga layunin nito. Puwedeng amyendahan ang mga probisyon ng Seksyon 5, 5.1, 5.2, at 5.3 basta't ang mga nasabing pag-aamyenda ay naaayon at nagpapalawig pa sa intensyon ng batas na ito sa pamamagitan ng isang batas na ipapasa ng dalawang-katlo ng boto ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura.

SEK. 27. Pagiging Naihihiwalay.

Naihihiwalay ang mga probisyon ng batas na ito. Kung mapag-aalaman ng anumang hukumang may naaangkop na hurisdiksyon na walang bisa ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, hugnay, pangungusap, parirala, salita, o paggamit ng batas na ito para sa anumang dahilan, hindi makakaapekto ang pasyang iyon sa bisa ng iba pang bahagi ng batas na ito. Ipinapahayag ng mga tao sa Estado ng California, sa pamamagitan nito, na pagtitibayin nila ang batas na ito at ang bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, clause, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi ipinahayag na walang bisa o labag sa Saligang-Batas, maideklara mang walang bisa ang anumang bahagi ng batas na ito o ang paglalapat nito sa ibang pagkakataon.

# PROPOSISYON 27

Ang panukalang inisyatibang ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Nagdaragdag ang panukalang inisyatibang ito ng mga seksyon sa Saligang-Batas ng California at sa Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon; *naka-italics* ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag para ipabatid na bago ang mga ito.

## IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay tatawagin, at puwedeng banggitin, bilang Batas ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip.

SEK. 2. Pahayag ng Intensyon at Mga Layunin.

Isinasaad at inihahayag ng mga tao sa Estado ng California ang mga sumusunod:

(a) Nangangailangan ng pagkilos ang krisis sa kawalan ng tirahan at kalusugan ng pag-iisip sa California. Halos kalahati ng lahat ng walang matirhan sa bansa ay nakatira sa California, at ayon sa data ng mga pampublikong paaralan, mahigit 250,000 mag-aaral sa pampublikong paaralan ang walang matirhan.

(b) Ang mga problema sa kalusugan ng pag-iisip ang mga pinakakaraniwang kundisyon sa kalusugan na kinakaharap ng mga Californian: halos 1 sa 6 na nasa hustong gulang na Californian ang may sakit sa pag-iisip; 1 sa 24 ang may matinding sakit sa pag-iisip na nagpapahirap sa pagsasagawa ng mga pangunahing aktibidad sa buhay; at 1 sa 13 bata ang may emotional disturbance na naglilimita sa pakikibahagi sa mga pang-araw-araw na aktibidad. Dahil walang sapat na permanenteng pondo, inalis ng bawat antas ng pamahalaan ang pamumuhunan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip—at naiwang walang tulong ang mga pinakanangangailangan ng suporta.

(c) Noong Mayo 2018, inalis ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang pagbabawal ng pederal sa pagtaya sa sports. Dahil dito, may kalayaan na ngayon ang mga estadong pahintulutan ang pagtaya sa sports online sa mga lokasyon sa kani-kanilang border at magtakda ng mga regulasyon, proteksyon sa mamimili, panukala sa responsableng gaming, at buwis sa pagtaya sa sports online.

(d) Kasalukuyang nangyayari ang hindi pinapangasiwaan at hindi pinapatawan ng buwis na pagtaya sa sports online sa buong California sa ilegal na merkado na walang anumang proteksyon sa mamimili o responsableng gaming. Sa pagtataya ng mga nangungunang ekonomista at eksperto sa industriya, lumalago ang ilegal na merkado at nakakuha ito ng bilyun-bilyong dolyar na taya online sa buong Estados Unidos taun-taon.

(e) Kung papayagan ang mga entidad na pinapangasiwaan ng estado na mag-alok ng responsableng online na pagtaya online na may komprehensibong programa sa paglilisensya, malilimitahan ang pagtaya sa sports online sa mga indibidwal na edad 21 pataas, at magpapatupad ng mga panukala sa pananagutan na kakalap ng bilyun-bilyong dolyar na kita para malabanan ang kawalan ng tirahan at mapalawak ang suporta sa kalusugan ng pag-iisip sa California.

(f) Sa ligtas na legal na pagtaya sa sports online, kung saan magagawa ng mga taong may edad na 21 pataas na tumaya sa sports sa pamamagitan ng internet at sa mga mobile device, inaatasan ang mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na magtakda ng teknolohiya sa pagkumpirma ng edad at pagbabahagi ng impormasyon na napatunayan nang mabisa sa ibang estado pagdating sa pagpigil sa mga menor de edad na makibahagi, at magpataw ng mga parusa at multa para sa mga paglabag.

(g) Ang ligtas at legal na pagtaya sa sports online ay papangasiwaan ng Departamento ng Katarungan para matiyak na napoprotektahan ang mga menor de edad at bata, napapanatili ang integridad ng mga palarong paligsahan, at may tamang lisensya ang mga nagpapalakad. Gagamit ng mahuhusay na teknolohiya at pagbabahagi ng impormasyon sa mga liga sa mga palaro, mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, at departamento para maprotektahan ang mga menor de edad at mapanatili ang integridad ng mga palaro.

(h) Kinakailangan sa pagtaya sa sports online ang pagiging eksperto ng mga entidad na may malawak nang karanasan sa pagpapatakbo ng mga plataporma ng pagtaya sa sports online sa iba pang estado at teritoryo ng Estados Unidos. Kaya naman bibigyan ang mga tribong may gaming ng opsyong mag-alok ng pagtaya sa sports online na pinapangasiwaan ng estado sa mga indibidwal na tataya habang sila ay pisikal na nasa estadong ito pero wala sa mga Indian na lupain; magagawa ng mga kwalipikadong provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online na ialok ang kanilang mga produkto at serbisyo sa mga tribong may gaming; at papahintulutan ang mga kwalipikadong entidad sa gaming na may kasunduan sa pag-access ng merkado sa isang tribong may gaming na mag-alok ng pagtaya sa sports online sa estadong ito.

(i) Ang legal na merkado para sa online at in-person na pagtaya sa sports ay dapat patakbuhin ng mga tao at entidad na may kakayahang protektahan ang mga mamimili, pigilan ang mga menor de edad na i-access ang pagtaya sa sports, at nagsusulong at nagpapanatili ng responsableng paglalaro, at nagbibigay-daan sa isang marketplace na responsableng pag-sulit ng kita para

makamit ang mga layunin sa pampublikong patakaran ng pagkilos na ito. Nag-aatas ang batas na ito ng mga minimum na kwalipikasyong dapat matugunan ng mga nasabing tao at entidad bago sila mag-alok ng pagtaya sa sports online sa Estado ng California.

(j) Ang pagtaya sa sports online at nang in-person ay komplementaryo at suplementaryo sa isa't isa. Puwedeng ialok ang mga ito nang magkasabay sa California para mapasulit ang makakalap na kita sa buwis.

SEK. 3. Idinagdag ang Seksyon 19.5 sa Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California para isaad ang mga sumusunod:

*Sek. 19.5. Sa kabila ng anumang salungat na probisyon ng Saligang-Batas na ito o iba pang batas:*

*(a) Magagawa ng isang tribong may gaming, isang provider ng platform ng pagtaya sa sports online na may kasunduan sa pagpapatakbo sa isang tribong may gaming, o isang kwalipikadong entidad sa gaming na may kasunduan sa pag-access ng merkado sa isang tribong may gaming na mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online sa pamamagitan ng internet at sa mga mobile device sa mga taong may edad na 21 pataas na pisikal na nasa Estadong ito pero nasa labas ng mga Indian na lupain ng isang Indian na tribong kinikilala ng pederal.*

*(b) (1) Ang pagtaya sa sports online ay sa Estado lang na ito, pero sa labas ng mga Indian na lupain, iaalok, isasagawa, o papatakbuhin gaya ng partikular na nakasaad sa Kabanata 4.7 (na nagsisimula sa Seksyon 19750) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.*

*(2) Ang pagpapatupad at pangangasiwa sa seksyong ito ay mapapailalim sa Kabanata 4.7 (na nagsisimula sa Seksyon 19750) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon, na may mga probisyong hayagang pinapahintulutan at iniaatas ng seksyong ito ng Saligang-Batas.*

*(c) Hindi papahintulutan ang pagtaya sa sports online sa mga pangkabataang palarong paligsahan.*

*(d) (1) Ang mga buwis na ipinapataw ng Artikulo 8 (na nagsisimula sa Seksyon 19775) ng Kabanata 4.7 ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon ay magiging kapalit ng at magpe-preempt sa lahat ng iba pang buwis sa estado at lokal sa kasalukuyan at sa hinaharap na ipinapataw at ipapataw ng alinman sa mga sumusunod:*

*(A) Ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa kapasidad nito bilang nagpapalakad ng pagtaya sa palaro online.*

*(B) Pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online.*

*(C) Kitang makakalap mula sa pagtaya sa sports online.*

*(2) Sa kabila ng nabanggit sa talata (1), hindi ipinagbabawal ng subdibisyong ito ang pagpapataw ng buwis kung naaangkop ang lahat ng sumusunod:*

*(A) Nalalapat ang buwis, sa pangkalahatan, sa malawak na hanay ng mga negosyo, aktibidad sa negosyo, gawi, property, o produkto.*

*(B) Ang buwis ay hindi nagtatakda ng o dumedepende sa isang klasipikasyong nauugnay o may kinalaman sa alinman sa mga sumusunod:*

*(i) Mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online.*

*(ii) Pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online.*

*(iii) Kita mula sa pagtaya sa sports nline.*

*(C) Ilalapat ang buwis sa paraang iiwas sa karagdagang pagpapataw ng buwis sa pagpapatakbo ng, o sa mga kitang makakalap sa, pagtaya sa sports online.*

*(e) Ilalarawan ng mga pagpapakahulugang iyon sa ilalim ng batas ang anumang salita o parirala sa seksyong ito na nasa Artikulo 13 (na nagsisimula sa Seksyon 19794) din ng Kabanata 4.7 ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.*

*(f) Magkakabisa ang seksyong ito sa susunod na Enero 1 pagkatapos itong maaprubahan ng mga tao sa Estado ng California.*

SEK. 4. Idinagdag ang Kabanata 4.7 (na nagsisimula sa Seksyon 19750) sa Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon para isaad ang mga sumusunod:

*Kabanata 4.7. Pagtaya sa sports Online*

*Artikulo 1. Trust Fund ng California sa Pagtaya sa sports Online*

*19750. Trust Fund ng California sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Itinatakda, sa pamamagitan nito, ang Trust Fund ng California sa Pagtaya sa sports Online sa Kabang-yaman ng Estado.*

*(b) Sa kabila ng anumang probisyon ng batas, ang pondo, at ang bawat account sa pondo, ay idinedeklara, sa pamamagitan nito, bilang trust fund.*

*(c) Maliban kung iba ang nakasaad sa Seksyon 16310 at 16381 ng Kodigo ng Pamahalaan noong Enero 1, 2018, ang pera sa pondo ay hindi hihiramin, ipauutang, o ililipat sa Pangkalahatang Pondo o iba pang pondo sa Kabang-yaman ng Estado. Ang mga perang idedeposito sa pondo, at anumang account sa pondo, pati ang anumang interes na kikitain nito, ay gagamitin lang para sa mga partikular na layuning nakasaad sa kabanatang ito. Hindi gagawa ng pagkilos na permanente o pansamantalang nagbabago sa katayuan ng pondo bilang trust fund, o na humihiram, nag-lihis, o naglalaan ng pera sa pondo sa paraang hindi naaayon sa kabanatang ito.*

*(d) Pagkatapos ibawas at ilipat ang kinakailangang pera alinsunod sa talata (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 19751, at bayaran ang loan na pinahintulutan ng Seksyon 19784, taun-taong ilalaan at ililipat ng Tagakontrol ang matitirang pera sa pondo sa mga sumusunod na account, sa mga sumusunod na halaga:*

*(1) (A) Walumpu't limang porsyento sa Account ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng pag-iisip, na ginagawa sa pondo sa pamamagitan nito. Gaya ng nakasaad sa talatang ito, ilalaan ang pera sa account alinsunod sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California para maghatid ng permanente at pansamantalang pabahay, kasama ang tulong sa upa, mga pansuportang serbisyo, at magpatakbo ng mga subsidiya o mga reserba para sa mga layuning ito.*

*(i) Gagawing pwedeng kunin ang pera sa account sa mga lungsod, lungsod at county, at county, at pagpapatuloy ng pangangalaga ayon sa parehong pormula ng paglalaan para sa pinakakamakailang taon ng pananalapi na ginagamit para mamahagi ng pera sa mga entidad na iyon sa ilalim ng programa para sa Pag-iwas sa Kawalan ng Tirahan at Pabahay at Tulong sa Walang Matirhan sa Kabanata 6 (na nagsisimula sa Seksyon 50216) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 31 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan (batas sa (batas sa Programa ng*

27

*Pabahay sa Walang Matirhan at para sa Tulong (Homeless Housing and Assistance Program, HHAP)), o anumang papalit na batas.*

*(ii) Ang perang ilalaan mula sa account ay ibibigay sa mga lungsod, lungsod at county, county, at pagpapatuloy ng pangangalaga nang may mga kinakailangan sa pananagutan at pag-uulat na pareho sa itinatakda ng batas sa HHAP, o anumang papalit na batas.*

*(iii) Ang perang ilalaan mula sa account ay puwedeng limitahan pa sa pagsusulong sa mga layunin ng estado na pagandahin ang mga kahihinatnan ng mga taong walang matirhan na nangangailangan ng access sa kalusugan ng pag-iisip, paggamot ng problema sa paggamit ng substance, at pabahay na may pinahusay na serbisyo.*

*(B) Puwedeng gamitin ang pera sa account, o ang ilang bahagi nito, sa pagbabayad ng utang sa bono sa kita. Ang kikitain sa mga bonong iyon sa kita ay gagamitin nang eksklusibo at para lang sa pagkamit sa mga layuning inilalarawan sa (A). Walang anumang pera sa account ang gagamitin para sa pagbabayad ng mga pangkalahatang obligasyong bono.*

*(C) Sa kabila ng nabanggit sa subparagraph (A), puwede ring ilaan ang ilan sa pera sa account para sa mga programa sa paggamot ng kalusugan ng pag-iisip sa ilalim ng Kabanata 8 (na nagsisimula sa Seksyon 4369) ng Bahagi 3 Dibisyon 4 ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon.*

*(D) Ang perang ilalaan alinsunod sa talatang ito ay dapat gamitin para dagdagan at pahusayin ang mga layuning inilalarawan sa subparagraph (A) at (C), at hindi para palitan ang iba pang dati nang kita para sa mga layuning iyon, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga dati nang pinagmumulan ng kita na sumusuporta sa batas sa HHAP. Responsibilidad ng estado at mga tatanggap na lungsod, lungsod at county, county, at pagpapatuloy ng pangangalaga na magbigay ng malinaw at nakakakumbinsing katibayan na ang perang ilalaan alinsunod sa talatang ito ay hindi gagamiting pandagdag sa mga dati nang kita.*

*(E) (i) Maliban na lang kung iba ang nakasaad sa hugnay (ii), hindi dapat lumampas sa 40 porsyento ng pera sa account ang ilaan o gamitin para sa pansamantalang pabahay.*

*(ii) Sa anumang taon ng pananalapi kung saan ang perang ilalaan para sa batas sa HHAP ay katumbas ng o mas malaki sa halagang inilaan para sa layuning iyon noong 2021–22 taon ng pananalapi, hindi mailalapat ang paghihigpit sa hugnay (i).*

*(2) (A) Labinlimang porsyento sa Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo, na napapailalim sa subparagraph (B).*

*(B) Kung sakaling matukoy ng hukuman na may mahusay na hurisdiksyon na hindi maipapatupad nang buo o hindi buo ang Seksyon 19679 sa ilalim ng batas ng estado o pederal, ilalaan at ililipat ng Tagakontrol ang perang inilalarawan sa subparagraph (A) sa Account ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip.*

*(e) (1) Ilalaan ang pera mula sa pondo alinsunod sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California para sagutin ang mga gastusin sa pagpapatakbo ng dibisyon at departamento sa pagpapatupad sa kabanatang ito. Malinaw na sapat dapat ang taunang paglalaan para sa dibisyon at departamento para matiyak na may sapat na kawani ang dibisyon, na sapat na napapangasiwaan ang pagtaya sa sports online, at matapat na isinasakatuparan ang mga layunin ng kabanatang ito.*

*(2) Sa perang ilalaan alinsunod sa subdibisyong ito, 85 porsyento ang kukunin sa Account ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip, at 15 porsyento ang kukunin sa Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo.*

*19751. Pagsubaybay at Pananagutan ng California sa Trust Fund ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Ipinapahayag ng mga tao sa Estado ng California, sa pamamagitan nito, ang kanilang hindi kwalipikadong intensyon na gamitin ang mga kitang makakalap sa kabanatang ito para suportahan ang mga layuning nakasaad sa Seksyon 19750 nang walang pagkaantala o abala. Ang layunin ng seksyong ito ay magbigay ng mga paraan ng pagsubaybay at pananagutan para magarantiyang maisasakatuparan ang intensyon ng mga tao.*

*(b) Mabilis na iimbestigahan ng Pangkalahatang Abugado o ng lokal na abugado sa distrito ang anumang mali o hindi awtorisadong paggamit ng perang nakadeposito sa o inilaan mula sa Trust Fund ng California sa Pagtaya sa sports Online o sa anumang account sa pondo, at puwede siyang humiling ng mga sibil o pangkrimeng parusa kaugnay nito.*

*(c) (1) Magsasagawa ang di-partidistang Auditor ng Estado ng California ng kada-ikalawang taon na independiyenteng pag-audit ng pananalapi sa mga programang nakakatanggap ng pera mula sa pondo. Iuulat ng Auditor ng Estado ng California ang mga mapag-aalaman nito sa Gobernador at sa parehong kapulungan ng Lehislatura, at isasapubliko nito sa website nito sa internet ang nasabing impormasyon.*

*(2) (A) Mababayaran ang Auditor ng Estado ng California mula sa pera sa pondo para sa mga aktwal na magagastos nito sa pagsasagawa sa mga kada-ikalawang taon na pag-audit na iniaatas ng subdibisyong ito, sa halagang hindi lalampas sa anim na raang libong dolyar ($600,000) bawat pag-audit.*

*(B) Iwa-wasto kada-sampung taon ang anim na raang libong dolyar ($600,000) para sa bawat pinaka-sulit na limitasyon ng pag-audit para ipakita ang anumang pagtaas sa inflation alinsunod sa pagsukat ng Index ng Presyo sa Consumer para sa Lahat ng Consumer sa Lungsod (CPI-U). Kakalkulahin at ilalathala ng opisina ng Ingat-yaman ang mga pagwawasto na iniaatas ng subparagraph na ito.*

*(d) (1) Kung ang anumang pagsubok na ipawalang bisa ang isang aksyon na lumalabag sa paggamit ng perang inilaan alinsunod sa kabanatang ito, gaya ng nakasaad sa kabanatang ito, ay magtatagumpay sa pamamagitan ng pinal na pasya, pag-aareglo, o resolusyon ng panghukuman, pang-administratibo, o pambatasang pagkilos, sa pamamagitan nito, patuloy na ilalaan ng Tagakontrol mula sa Pangkalahatang Pondo, nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi, ang halagang iyon ng pera na kinakailangan para maibalik ang Trust Fund ng California sa Pagtaya sa sports Online, o ang account sa pondo, sa katayuan nito sa pananalapi kung hindi isinagawa ang pagkilos na labag sa batas.*

*(2) Ang interes na makakalkula sa rate ng Account ng Investment para sa Pinagsama-samang Pera mula sa petsa o mga petsa kung kailan ginamit ang pera nang labag sa batas ay tutubo hanggang sa mga halagang kinakailangang maibalik alinsunod sa seksyong ito. Sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pagtatagumpay ng isang pagsubok, gagawin ng Tagakontrol ang paglilipat na iniaatas ng patuloy na paglalaan na nakasaad sa talata (1) at maglalabas ito ng abiso sa mga partido na nakumpleto na ang paglilipat.*

*(3) Kung may ilalabas na restraining order o preliminary injuction sa anumang pagsubok na idudulog alinsunod sa*

*seksyong ito, hindi aatasan ang mga nagsasakdal o petisyoner na mag-post ng bond na nag-oobliga sa mga nagsasakdal o petisyoner na hindi papanagutin ang mga akusado ng pamahalaan o ang Estado ng California para sa anumang pinsalang puwedeng idulot ng restraining order o preliminary injunction.*

*(e) (1) Kada apat na taon, io-audit ng Tagakontrol ang pagganap sa mga pagsisikap at programang pinopondohan ng pera mula sa Account ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip para matiyak na ginugugol at ginagastos ang pera nang naaayon lang sa kabanatang ito, at iuulat ang mga mapag-aalaman ng Tagakontrol sa Gobernador, Lehislatura, at sa publiko.*

*(2) Ang pera sa Account ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip ay puwedeng ilaan alinsunod sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California para ma-bayaran ang Tagakontrol para sa gastusin sa pagsasagawa sa mga pag-audit na iniaatas ng subdibisyong ito. Kung maglalaan ng pera mula sa account na iyon para sa layuning ito, hindi lalampas ang halaga sa limitasyon sa dolyar na inilalarawan sa talata (2) ng subdibisyon (c).*

*19751.5. Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo*

*(a) Ginagawa, sa pamamagitan nito, ang Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo sa Trust Fund ng California sa Pagtaya sa sports Online.*

*(b) (1) Sa kabila ng nabanggit sa Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan o iba pang batas, ang lahat ng perang nakadeposito sa Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo, kasama ng anumang interes na kikitain nito, ay patuloy na ilalaan, nang walang pagsasaalang-alang sa mga taon ng pananalapi, sa mga Indian na tribong kinikilala ng pederal sa California na wala ng alinman sa mga sumusunod:*

*(A) Pantribong lisensya ng nagpapalakad.*

*(B) Kasunduan sa pagpapatakbo sa isang provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(C) Kasunduan sa pag-access ng merkado sa isang kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(2) Magsisimula nang hindi mas maaga sa isang taon mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito, ililipat ng Tagakontrol ang mga kita sa Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo sa mga Indian na tribong inilalarawan sa talata (1). Gagawin ang mga paglilipat alinsunod sa mga pamamaraang ipinatupad alinsunod sa subdibisyon (c).*

*(c) Ang dibisyon, sa pagkonsulta sa Komisyon sa Pagkontrol ng Pagsusugal sa California at opisina ng Pantribong Tagapayo ng Gobernador ay magpapatibay ng regulasyong nagtatakda ng pormula para sa paglalaan ng pera sa Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo sa mga Indian na tribong inilalarawan sa talata (1) ng subdibisyon (b). Sa minimum, ibibigay ng pormula ang paraan ng paglalaan at ang iskedyul ng mga pagbabayad.*

*(d) Ang perang matatanggap ng mga Indian na tribo alinsunod sa seksyong ito ay puwedeng gamitin para suportahan, pahusayin, at palawakin ang pamahalaan ng tribo, pampublikong kalusugan, edukasyon, imprastruktura, pagpapaunlad ng ekonomiya, at oportunidad sa trabaho.*

*Artikulo 2. Proteksyon sa Mga Menor de Edad at Mamimili*

*19752. Mga Menor de Edad na Pinagbabawalang Makibahagi sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Hindi puwedeng gawin ng isang taong wala pang 21 taong gulang ang alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Mangolekta ng mga napanalunan mula sa mga taya sa anumang palarong paligsahan nang in-person o sa pamamagitan ng ahente.*

*(2) Magpresenta o mag-alok sa anumang naaprubahang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, o sa sinumang ahente ng nagpapalakad na iyon, ng anumang nakasulat, naka-print, o photostatic na katibayan ng edad at pagkakakilanlan na hindi totoo, mapanloko, o hindi sa kanya para makataya sa isang palarong paligsahan.*

*(3) Magbukas, magpanatili, o gumamit, sa anumang paraan, ng account para sa pagtaya sa sports online o sumubok na tumaya sa sports online.*

*(b) Hindi dapat gawin ng isang tao, nang may kabatiran, ang alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Tumanggap o tumubos ng taya ng, o mag-alok na tumanggap o tumubos ng taya sa ngalan ng, isang taong wala pang 21 taong gulang.*

*(2) Payagan ang isang taong alam na wala pang 21 taong gulang na magbukas, magpanatili, o gumamit, sa anumang paraan, ng account para sa pagtaya sa sports online o tumaya sa sports online.*

*(c) Ang isang taong lalabag sa seksyong ito ay papatawan ng mga parusang itinatakda ng dibisyon gaya ng nakasaad sa Seksyon 19781. Ang isang taong may lisensya sa ilalim ng kabanatang ito na lalabag sa seksyong ito ay mapapailalim sa higit pang pang-administratibong pagdidisiplina na itinatakda ng dibisyon.*

*19753. Mga Proteksyon at Pag-aatas sa Mamimili*

*(a) Komersyal na makatuwirang magsisikap ang isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online para makumpirmang nasa legal na minimum na edad para sa pagtaya ang isang taong tumataya o nagpapasimula ng taya sa isang palarong paligsahan.*

*(b) Dapat magpakita ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, sa website nito sa internet at sa mobile application nito, ng pahayag na ilegal para sa isang taong wala pang 21 taong gulang na makibahagi sa anumang pagtaya sa sports online sa estadong ito.*

*(c) Dapat magpakita ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng link sa platapormang ito ng pagtaya sa sports online o sa mobile application nito ng screen na nakalaan sa responsableng gaming, na kabibilangan ng lahat ng sumusunod:*

*(1) Mga instrumento para sa pagpapatupad ng mga boluntaryong pansariling paghihigpit sa aktibidad sa pagtaya.*

*(2) Malinaw na mensaheng nagsasabing "Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay may problema sa pagsusugal at nangangailangan ng tulong, tumawag sa 1-800-GAMBLER," o ng katulad na mensahe.*

*(3) Link papunta sa isang naaangkop na organisasyong nagbibigay ng impormasyon tungkol sa responsableng gaming.*

*(d) Dapat magpatupad ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga responsableng programa sa gaming na nagbibigay ng komersyal na makatuwirang pagsasanay sa mga empleyado patungkol sa pagtukoy at pagtugon sa mga senyales ng pagsusugal na nagdudulot ng problema.*

27

*19754. Mga Boluntaryong Paghihigpit sa Aktibidad sa Pagtaya*

*(a) Dapat payagan ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang mga indibidwal na boluntaryong ibukod ang kanilang sarili mula sa pagtaya sa nagpapalakad, at dapat ay komersyonal at makatuwiran silang magsikap para hindi makataya ang mga indibidwal na nagbubukod ng kanilang sarili.*

*(b) Magtatakda ang dibisyon ng proseso kung saan makakapagsumite ang mga indibidwal ng mga kahilingang maibukod mula sa pagtaya sa sports sa lahat ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online. Magpapanatili ang dibisyon ng listahan ng mga indibidwal na nagbubukod ng kanilang sarili mula sa pagtaya sa mga palarong paligsahan, at gagawin nitong accessible ang nasabing listahan sa lahat ng nagpapatakbo ng pagtaya sa sports online.*

*(c) Ang anumang taya ng indibidwal bago niya ibukod ang kanyang sarili ay dapat pahintulutang makapasok at hindi kakailanganing kanselahin.*

*19755. Mga Advertisement ng Operator ng Pagtaya sa Sports Online*

*(a) Gagawin ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang mga sumusunod:*

*(1) Gumamit ng mga komersyal at panteknolohiyang makatuwirang paraan para matiyak na hindi sadyang mata-target ng marketing at mga advertisement ang mga indibidwal na nagbubukod ng kanilang sarili mula sa pagtaya sa mga palarong paligsahan.*

*(2) Gumamit ng mga komersyal na makatuwirang paraan para matiyak na ang mga advertisement para sa pagtaya sa sports online ay:*

*(A) Hindi sadyang nagta-target ng mga menor de edad, iba pang taong hindi kwalipikadong tumaya, o mga indibidwal na nagbubukod ng kanilang sarili.*

*(B) Naghahayag sa pagkakakilanlan ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(C) Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa, o ng mga link papunta sa, mga mapag-kukunan na nauugnay sa gaming na nagdudulot ng problema.*

*(D) Totoo, hindi mapanloko, o hindi mapanlinlang sa isang makatuwirang mamimili.*

*(E) Malinaw na naghahayag sa mga materyal na tuntunin ng anumang alok ng libre o pampromosyong credit. Posibleng matugunan ng mga online na advertisement ang talatang ito sa pamamagitan ng pagsasama ng hyperlink na direktang magdadala sa tumitingin sa mga materyal na tuntunin.*

*(3) Magpanatili ng kopya ng lahat ng advertisement sa mga mamimili sa estadong ito nang hindi bababa sa tatlong taon.*

*(b) Hindi aatasan ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na kumuha ng paunang pagsusuri o pag-apruba ng dibisyon para sa anumang advertisement o promosyon.*

*(c) Puwedeng makibahagi ang nagpapalakad na aplikante sa marketing bago ang paglulunsad na malinaw na naghahayag na ang nagpapalakad na aplikante ay hindi kasalukuyang nag-aalok, nagsasagawa, o nagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito.*

*(d) Hindi magtatakda ng limitasyon sa uri o halaga ng mga libreng taya o pampromosyong credit na iniaalok o ibinibigay ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online.*

*19756. Pagsasagawa sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Ang bawat nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ay magpapatupad ng house rules para sa game play na nangangasiwa sa mga transaksyon sa pagtaya sa sports online sa mga mamimili nito. Ang mga panuntunan ay kabibilangan ng, sa minimum, ng lahat ng sumusunod:*

*(1) Paraan ng pagkakalkula at pagbabayad sa mga nanalong taya.*

*(2) Epekto sa mga taya, kung mayroon, ng anumang pagbabago sa iskedyul ng palarong paligsahan.*

*(3) Paraan ng pagpapabatid sa mga mamimili ng mga pagbabago sa kalamangan.*

*(4) Paraan ng pakikipag-ugnayan sa nagpapalakad ng pagtaya sa sports online para sa tulong o paghahain ng reklamo.*

*(5) Isang paglalarawan ng mga taong pinagbabawalang tumaya sa mga partikular na palarong paligsahan batay sa kanilang kaugnayan sa lupong nangangasiwa ng mga palaro, liga sa mga palaro, o palarong paligsahan.*

*(6) Mga paraan ng pagpopondo ng account sa pagtaya sa sports online.*

*(7) Mga sitwasyon kung kailan puwedeng ipawalang bisa ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang isang taya sa sarili nitong pagpapasya, kasama ang mga malinaw na pagkakamali, at paraan ng pag-abiso sa mga mamimili na napawalang bisa ang isang taya.*

*(b) Puwedeng gumawa ang mga mamimili ng mga account sa pagtaya sa sports online sa isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa mga sumusunod na paraan:*

*(1) Sa pamamagitan ng internet, sa mga mobile device.*

*(2) Nang in-person sa mga lokasyong naaprubahan ng dibisyon, kung iniaalok ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online.*

*(c) Hindi puwedeng magparehistro ang isang mamimili ng mahigit sa isang account sa bawat plataporma ng pagtaya sa sports online. Gagamit ang mga operator ng pagtaya sa sports online ng mga komersyal na makatuwirang paraan para matiyak na malilimitahan ang bawat customer sa iisang account sa bawat platform.*

*(d) Puwedeng pahintulutan ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang mga may-ari ng account na magdeposito at mag-withdraw ng pondo sa mga account sa pagtaya sa sports online sa internet, pati sa mga mobile device. Ang mga pinapahintulutang paraan ng pagpopondo at pag-withdraw ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga credit card, debit card, gift card, nare-reload na prepaid card, libre at pampromosyong credit, naka-automate na clearing house transfer, sistema ng pagbabayad online at sa mobile na sumusuporta ng mga online na pag-lipat ng pera, at wire transfer. Puwedeng mag-apruba ang dibisyon ng mga karagdagang paraan ng pagpopondo at pag-withdraw, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, pagdeposito ng cash sa mga naaprubahang lokasyon at matatag na cryptocurrency.*

*(e) Ang bawat nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ay gagamit ng komersyal na makatuwirang teknolohiya sa geolocation at geofencing para matiyak na mga taya lang mula sa mga mamimili na pisikal na nasa estadong ito pero wala sa mga Indian na lupain ang tatanggapin nito.*

*(f) Tutukuyin at ipapakita ng bawat nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang mga naaangkop na linya, lamang sa puntos, kalamangan, o iba pang impormasyon kaugnay ng*

*pagtaya sa sports online. Hindi tutukuyin ng dibisyon ang paraan ng pagtukoy sa mga linya, lamang sa puntos, o kalamangan, at hindi nito iaatas na ihayag sa publiko ang impormasyong iyon. Ang dibisyon ay hindi magtatakda o mag-aatas ng minimum o pinakasulit na hold rate.*

*(g) (1) Papanatilihin ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa estadong ito, o sa iba pang lokasyong naaprubahan ng dibisyon at naaayon sa pederal na batas, ang server o mga server ng computer na ginagamit sa pagtanggap ng mga transmisyon ng mga kahilingan sa pagtaya, at na nagpapadala ng kumpirmasyon ng pagtanggap ng mga taya sa mga palarong paligsahan ng mga mamimili na pisikal na nasa estado pero wala sa mga Indian na lupain.*

*(2) Ang lahat ng tayang pinapahintulutan sa kabanatang ito ay dapat simulan o gawin ng isang nagtataya habang siya ay pisikal na nasa estado pero nasa labas ng mga Indian na lupain.*

*(3) Sa intermediate na pagruruta ng electronic na data na nauugnay sa mga loob ng estado na tayang pinapahintulutan sa kabanatang ito, hindi matutukoy ang lokasyon o mga lokasyon kung saan sinimulan, ipinadala, natanggap, o ginawa ang taya.*

*19757. Pagkontrol ng Panganib*

*(a) Magagawa ng isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na lisensyadong mag-alok ng pagtaya sa sports, in-person man o online, sa estadong ito at sa isa o higit pang estado o teritoryo ng Estados Unidos na i-pagsama-sama ang liquidity mula sa lahat ng estado at teritoryong iyon.*

*(b) Puwedeng gumamit ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga sistemang bumabawi ng pagkalugi o nagkokontrol o nag-aalis ng panganib sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online.*

*(c) Ang mga sistemang inilalarawan sa subdibisyong ito ay (b) kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga liquidity pool at pagpapalit o katulad na mekanismo sa iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos kung saan lisensyado ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports, in-person man o online.*

*(d) Magagawa ng isang supplier ng pagtaya sa sports online na lisensyadong mag-alok ng pagtaya sa sports, in-person man o online, sa estadong ito at sa isa o higit pang estado o teritoryo ng Estados Unidos na gamitin ang mga sistemang inilalarawan sa seksyong ito sa ngalan ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online.*

*(e) Dapat tiyakin ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, o ng supplier ng pagtaya sa sports online na kumikilos sa ngalan ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, sa lahat ng pagkakataon, na sapat ang pwedeng kunin na pondo para mabayaran ang mga rehistradong manlalaro sa anumang liquidity pool.*

*Artikulo 3. Proteksyon sa Integridad ng Mga Palaro*

*19758. Pagpapanatili sa Integridad ng Mga Palarong Paligsahan*

*Dapat gumamit ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga komersyal na makatuwirang paraan para magawa ang lahat ng sumusunod:*

*(a) Pagbawalan ang mga tagapangasiwa, opisyal, prinsipal na may-ari, at empleyado ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, at ang sinumang kamag-anak na kasama niya sa bahay, na tumaya sa nasabing nagpapalakad ng pagtaya sa sports online.*

*(b) (1) Pagbawalan ang mga sumusunod na tao na tumaya sa anumang palarong paligsahan sa ilalim ng awtoridad ng kanilang liga sa mga palaro: mga atleta, coach, referee, prinsipal na may-ari ng mga koponan, miyembro ng liga sa mga palaro, at opisyal ng mga unyon na kumakatawan ng mga atleta at referee.*

*(2) Sa pagpapasya sa kung sino ang ibubukod sa pagtaya sa mga partikular na palarong paligsahan sa ilalim ng subdibisyong ito, eksklusibong dedepende ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa mga listahan ng mga taong posibleng ibigay ng mga liga sa sports sa dibisyong iyon. Ikakalat ng dibisyon ang mga listahang iyon sa mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online.*

*(c) Pagbawalan ang sinumang kakilalang may access sa hindi pampublikong kumpidensyal na impormasyon sa pagtaya na hawak ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na tumaya sa nagpapalakad na iyon.*

*(d) (1) Panatilihin ang seguridad ng data sa pagtaya, data ng mamimili, at iba pang kumpidensyal na impormasyon mula sa hindi awtorisadong pag-access at pag-kalat.*

*(2) Sa kabila ng nabanggit sa talata (1), walang anumang nakapaloob sa kabanatang ito ang magbabawal sa paggamit ng internet o pag-host ng data at impormasyon sa cloud, o sa paghahayag ng data o impormasyon alinsunod sa iniaatas ng batas o kautusan ng hukuman.*

*(e) Magsagawa ng mga background check sa mga empleyadong hindi pa sumailalim dito sa panahon ng kanilang pagtatrabaho sa nagpapalakad ng pagtaya sa sports online. Kasama sa background check ang pagtukoy sa mga kinasangkutang krimen, pati sa anumang asunto o hatol na nauugnay sa katiwalian o pagmamanipula ng mga palarong paligsahan at kaugnayan sa organisadong krimen.*

*19759. Abnormal na Pagtaya at Iba Pang Kahina-hinalang Aktibidad*

*(a) Magiging pangunahing responsibilidad ng departamento na magsagawa, o tumulong sa dibisyon sa pagsasagawa, ng mga imbestigasyon sa abnormal na aktibidad sa pagtaya, pagluluto ng labanan, at iba pang gawaing nakakaimpluwensya sa kahihinatnan ng pagtaya sa isang palarong paligsahan o mga paligsahan para sa pinansyal na kapakinabangan.*

*(b) Komersyal na makatuwirang magsisikap ang dibisyon at ang mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na makipagtulungan sa mga imbestigasyong isasagawa ng mga lupong nangangasiwa ng sports o ahensya sa pagpapatupad ng batas. Ang mga pagsisikap na ito ay kabibilangan ng, pero hindi limitado sa, paggamit ng mga komersyal na matuwirang pagsisikap para maibigay ang, o maisaayos ang pagbibigay sa, impormasyon sa pagtaya.*

*(c) (1) Dapat iulat ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa dibisyon, sa lalong madaling panahon, ang anumang impormasyong nauugnay sa:*

*(A) Mga pangkrimen o materyal na pandisiplinang paglilitis na sinimulan laban sa nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng estadong ito, iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos, o ng Estados Unidos, kaugnay ng mga operasyon nito.*

*(B) Abnormal na aktibidad o mga di-pangkaraniwang palakad sa pagtaya na posibleng nagpapahiwatig ng isyu sa integridad ng palarong paligsahan o mga paligsahan.*

*(C) Iba pang gawi na nakakaimpluwensya sa kahihinatnan ng pagtaya sa isang palarong paligsahan o mga paligsahan para sa pinansyal na kapakinabangan, kasama ang pagluluto ng laban.*

*(D) Mga kahina-hinala o ilegal na aktibidad sa pagtaya, kung alam ng nagpapalakad, kasama ang, pero hindi limitado sa, paggamit ng pondo mula sa ilegal na aktibidad, mga taya para maitago o ma-launder ang pondo mula sa ilegal na aktibidad, paggamit ng mga ahente sa pagtaya, o paggamit ng hindi totoong pagkakakilanlan. Walang anumang nakapaloob dito ang nag-aatas na ihayag ang mga ulat sa kahina-hinalang aktibidad na ginawa alinsunod sa at itinuturing na kumpidensyal sa ilalim ng pederal na batas.*

*(2) Magpapatupad ang nagpapatakbo ng pagtaya sa sports online ng mga komersyal na makatuwirang internal na kontrol para matukoy ang mga aktibidad na inilalarawan sa subdibisyong ito.*

*(3) Ang impormasyong inilalarawan sa subparagraph (B) at (C) ng talata (1) ay dapat iulat ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa lalong madaling panahon, pati sa nauugnay na lupong nangangasiwa ng sports at sa dibisyon.*

*(d) Papanatilihin ng dibisyon at mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong ibibigay ng lupon na nangangasiwa ng sports para maimbestigahan o maiwasan ang mga aktibidad na inilalarawan sa subparagraph (B) at (C) ng talata (1) ng subdibisyon (c), maliban na lang kung ang nasabing paghahayag ay papahintulutan ng lupong nangangasiwa ng sports o iaatas ng batas ng estado, dibisyon, o kautusan ng hukuman.*

*19759.5. Mga Paghihigpit sa Pagtaya na Hinihiling ng Mga Lupong Nangangasiwa ng Mga Palaro*

*(a) Puwedeng magsumite ang lupong nangangasiwa ng sports sa dibisyon ng nakasulat na kahilingan, sa uring iniatas ng dibisyon, para paghigpitan, limitahan, o ibukod ang isang partikular na uri, klase, o kategorya ng pagtaya sa sports online sa isang sinasaklaw na palarong paligsahan ng lupong nangangasiwa ng mga palaro, kung sa palagay ng lupong nangangasiwa ng sports ay puwedeng makaapekto ang uri, klase, o kategorya ng pagtaya sa sports online sa sinasaklaw na palarong paligsahan ng lupong nangangasiwa ng sports sa integridad o ipinagpapalagay na integridad ng lupon o mga sinasaklaw na mga palarong paligsahan ng lupong iyon.*

*(b) Hihingi ng komento ang dibisyon sa mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa lahat ng kahilingang gagawin alinsunod sa seksyong ito. Pagkatapos isaalang-alang ang lahat ng matatanggap na komento, pagbibigyan ng dibisyon ang kahilingan kapag natukoy nito, nang may makatuwirang dahilan mula sa humihiling, na malamang ay makaapekto sa integridad o ipinagpapalagay na integridad ng lupon o mga palarong paligsahan ng lupon na iyon ang uri, klase, o kategorya ng pagtaya sa sports.*

*(c) (1) Hindi tutugon ang dibisyon sa isang kahilingan kaugnay ng sinasaklaw na palarong paligsahan bago magsimula ang paligsahan, o kung hindi posibleng makasagot ito bago magsimula ang paligsahan, hindi hihigit sa 7 araw pagkatapos gawin ang kahilingan.*

*(2) Kung matutukoy ng dibisyon na malamang ay hindi magtagumpay ang humihiling sa pagpapakitang may magandang hangarin ang kahilingang nito, puwedeng pansamantalang pagbigyan ng dibisyon ang kahilingan ng lupong nangangasiwa ng sports habang hinihintay ang pinal na pasya ng dibisyon. Maliban na lang kung pansamantalang pagbibigyan ng dibisyon ang kahilingan, puwedeng patuloy na mag-alok ang mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng pagtaya sa sports at puwede silang tumangggap ng mga taya sa mga sinasaklaw na palarong paligsahan habang hinihintay ang pinal na pasya ng dibisyon.*

*19760. Mga Tala ng Mga Taya*

*(a) Magpapanatili ang mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga tala ng lahat ng taya, kasama ang impormasyong nagbibigay ng in-person na pagkakakilanlan ng nagtataya, halaga at uri ng taya, oras ng pagtaya, lokasyon ng taya, kasama ng Internet Protocol (IP) address kung naaangkop, resulta ng taya, at tala ng abnormal na aktibidad sa pagtaya sa loob ng tatlong taon pagkatapos ng palarong paligsahan. Kung may video recording ang transaksyon, papanatilihin ito hindi bababa sa isang taon mula sa petsa kung kailan naganap ang palarong paligsahan. Gagawing pwedeng kunin ng mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang nasabing data para sa pag-iinspeksyon kapag hiniling ng dibisyon o iniatas ng kautusan ng hukuman.*

*(b) Gagamit ang mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga komersyal na makatuwirang pagsisikap para makapagpanatili nang real time at sa antas ng account ng di-kilala na impormasyon tungkol sa isang nag-tataya, halaga at uri ng taya, oras ng pagtaya, lokasyon ng taya, kasama ng IP address kung naaangkop, resulta ng taya, at mga tala ng abnormal na aktibidad sa pagtaya. Puwedeng hilingin ng dibisyon ang nasabing impormasyon sa uri at paraang iniaatas ng panuntunan ng dibisyon. Walang anuman sa subdibisyon na ito ang mag-aatas sa isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na ibigay ang anumang impormasyong ipinagbabawal ng mga batas o regulasyon ng pederal, estado, o lokal, kasama ang, nang walang limitasyon, mga batas at regulasyong nauugnay sa pagka-pribado at impormasyong nagbibigay ng in-person na pagkakakilanlan.*

*(c) Kung inabisuhan ng lupong nangangasiwa ng sports ang dibisyon na ang access sa impormasyong inilalarawan sa subdibisyon (a) para sa mga taya sa mga palarong paligsahan ng lupong nangangasiwa ng sports ay kinakailangan para masubaybayan ang integridad ng mga palarong paligsahan ng lupong iyon, at isasaad nito sa dibisyong ginagamit nito ang data, sa partikular, para sa mga layunin ng pagsubaybay sa integridad ng mga palarong paligsahan ng lupong nangangasiwa ng mga palaro, ibabahagi ng mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, sa isang komersyal na makatuwirang dalas, uri, at paraan, sa lupong nangangasiwa ng sports o sa (mga) itinalaga nito, ang parehong impormasyong kailangang panatilihin ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa ilalim ng subdibisyon (b) kaugnay ng mga taya sa sports ng lupong iyon na nangangasiwa ng mga palaro. Ang impormasyon lang na matatanggap sa ilalim ng seksyong ito para sa pagsubaybay ng integridad ang puwedeng gamitin ng mga*

*lupong nangangasiwa ng sports at ng kanilang mga itinalaga, at hindi nila puwedeng gamitin ang impormasyong matatanggap sa ilalim ng seksyong ito para sa anumang komersyal o iba pang layunin. Walang anuman sa seksyong ito ang mag-aatas sa isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na ibigay ang anumang impormasyong ipinagbabawal ng mga batas o regulasyon ng pederal, estado, o lokal, kasama ang, nang walang limitasyon, mga batas at regulasyong nauugnay sa pagka-pribado at impormasyong nagbibigay ng in-person na pagkakakilanlan.*

*19761. Mga Pinapayagang Uri at Paligsahan ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) (1) Magpapanatili ang dibisyon, nang real time, ng pampublikong listahan ng mga palarong paligsahan, liga sa mga palaro, at uri ng taya na pinapahintulutan para sa pagtaya sa sports online alinsunod sa kabanatang ito.*

*(2) Puwedeng tumanggap ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga taya sa mga palarong paligsahan, liga sa mga palaro, at uri ng taya na nasa listahan.*

*(3) Puwedeng magsumite ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng nakasulat na kahilingan sa dibisyon na humihiling na magdagdag ng higit pang palarong paligsahan, liga sa mga palaro, at uri ng taya sa listahan alinsunod sa seksyong ito.*

*(b) Isasaalang-alang ng dibisyon ang mga sumusunod na salik sa pagpapasya sa mga kahilingang isusumite alinsunod sa talata (3) ng subdibisyon (a):*

*(1) Kung puwedeng kumpirmahin ang resulta ng palarong paligsahan o ang uri ng taya.*

*(2) Kung posibleng maapektuhan ng anumang gagawing uri ng taya ang resulta ng palarong paligsahan.*

*(3) Kung isasagawa ang palarong paligsahan nang nakakasunod sa lahat ng naaangkop na batas.*

*(c) Hindi papahintulutan o papayagan ang pagtaya sa alinman sa mga sumusunod kaugnay ng mga palarong paligsahan:*

*(1) Kapag may nagtamo ng pinsala o napatawan ng parusa.*

*(2) Resulta ng mga desisyon sa pagdidisiplina ng manlalaro.*

*(3) Resulta ng mga pagsusuri ng replay.*

*(d) (1) Aaprubahan o tatanggihan ng dibisyon ang kahilingang ginawa alinsunod sa talata (3) ng subdibisyon (a) sa loob ng limang araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan.*

*(2) Pagsisikapan ng dibisyon na maglabas ng pasya bago ang susunod na pagkakataon ng pag-aalok o pagtanggap ng mga taya sa palarong paligsahan, liga sa mga palaro, o uri ng taya depende sa kahilingan kung gagawin ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang kahilingan hindi bababa sa tatlong araw ng negosyo bago ang mga iyon. Kung maaaprubahan ang kahilingan, idaragdag sa listahan ang palarong paligsahan, liga sa mga palaro, o uri ng taya nang walang pagkaantala alinsunod sa talata (1) ng* subdibisyon (a).

*(3) Kung hindi maipapabatid ng dibisyon ang pasya nito sa nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa loob ng limang araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan, mailalapat ang mga sumusunod:*

*(A) Papahintulutan ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na mag-alok ng pagtaya sa susunod na palarong paligsahan, liga sa mga palaro, o uri ng taya pagkatapos mag-wakas ang huling araw na limang araw ng negosyo.*

*(B) Idaragdag ng dibisyon sa listahan, nang walang pagkaantala, ang palarong paligsahan, liga sa mga palaro, o uri ng taya nang walang pagkaantala alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (a).*

*(e) Kung pinahintulutan ang isang palarong paligsahan o liga sa mga palaro, sa pangkalahatan, ng dibisyon alinsunod sa seksyong ito, puwedeng tumanggap ang isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng mga taya sa lahat ng palarong paligsahan na pareho sa uri ng pangkalahatang isinasagawa ng liga sa mga palaro.*

*Artikulo 4. Mga Nagpapalakad ng Pagtaya sa sports Online*

*19762. Pagpapahintulot sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Sa pamamagitan nito, pinapahintulutang mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito alinsunod sa kabanatang ito at sa Seksyon 19.5 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California.*

*(b) Ang pagtaya sa sports online ay iaalok, isasagawa, at papatakbuhin lang sa estadong ito alinsunod sa isang lisensya ng nagpapatakbo ng pagtaya sa sports online na ibibigay ng dibisyon sa isang tribong may gaming, provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online na may kasunduan sa pagpapatakbo sa isang tribong may gaming, o kwalipikadong entidad sa gaming na may kasunduan sa pag-access ng merkado sa isang tribong may gaming.*

*(c) Walang sinuman ang puwedeng makibahagi sa anumang aktibidad na nauugnay sa pagtaya sa sports online sa estadong ito maliban na lang kung nakuha na ang lahat ng kinakailangang lisensya o pansamantalang lisensya alinsunod sa kabanatang ito at sa mga panuntunan at regulasyon ng dibisyon.*

*(d) Ang lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na ibibigay alinsunod ng kabanatang ito ay hindi mag-aatas sa may-ari ng lisensya na tumanggap ng taya mula sa sinumang pisikal na nasa mga Indian na lupain sa panahon ng paggawa o pagpapasimula sa taya.*

*19763. Mga Lisensya ng Mga Nagpapatakbo ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Kukuha ng lisensya ang bawat nagpapatakbo ng pagtaya sa sports online gaya ng nakasaad sa kabanatang ito.*

*(b) (1) Puwedeng mag-apply ang mga sumusunod para sa lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online:*

*(A) Tribong may gaming ("aplikasyon ng tribo"). Sa aplikasyon ng tribo, tribong may gaming ang nagpapalakad na aplikante. Kung maaaprubahan ang aplikasyon, bibigyan ng lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang tribong may gaming ("pantribong lisensya ng nagpapalakad").*

*(B) Kwalipikadong entidad sa gaming ("aplikasyon ng kwalipikadong entidad sa gaming"). Sa ilalim ng aplikasyon ng kwalipikadong entidad sa gaming, kwalipikadong entidad sa gaming ang nagpapalakad na aplikante. Kung maaaprubahan ang aplikasyon, bibigyan ng lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang kwalipikadong entidad sa gaming ("lisensya ng nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming").*

*(C) Provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ("aplikasyon ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online"). Sa ilalim ng aplikasyon ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online, provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ang nagpapalakad na aplikante. Kung maaaprubahan ang aplikasyon, ibibigay ang lisensya ng*

*nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ("lisensya ng nagpapalakad ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online").*

*(2) Walang sinuman ang puwedeng kumuha ng lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa palaro online, alinsunod sa seksyong ito, maliban sa isang tribong may gaming, kwalipikadong entidad sa gaming, o provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(3) Bukod pa sa mga hayagang iniaatas ng kabanatang ito, puwedeng tumukoy ang dibisyon ng karagdagang impormasyong iaatas na isumite bilang bahagi ng aplikasyon ng tribo, aplikasyon ng kwalipikadong entidad sa gaming, o aplikasyon ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(c) (1) Dapat magsumite ang nagpapalakad na aplikante ng aplikasyon sa dibisyon, sa paraang itinatakda ng dibisyon nang may kasamang bayarin sa aplikasyon na isang daan at limampu't libong dolyar ($150,000).*

*(2) (A) Sasagutin ng singil sa aplikasyon sa talata (1) ang hanggang 2,000 oras na ilalaan ng mga propesyonal na kawani ng dibisyon sa mga usaping direktang nauugnay sa aplikasyon.*

*(B) Babayaran ng nagpapalakad na aplikante ang dibisyon para sa anumang karagdagang oras na kakailanganin para maproseso ang aplikasyon sa orasang rate para sa mga serbisyo ng human resources na ginagamit ng Nakontratang unit ng Human Resources ng Opisina ng Human Resources sa Departamento ng Mga Pangkalahatang Serbisyo, gaya ng nakasaad sa Aklat ng Presyo ng departamentong iyon.*

*(3) Hindi kailanman lalampas ang pinagsama-samang kabuuang halagang babayaran ng isang nagpapalakad na aplikante, alinsunod sa subdibisyong ito, sa dalawang daan at limampu't libong dolyar ($250,000).*

*(d) Sa pagtukoy kung aaprubahan ang aplikasyon ng isang nagpapalakad na aplikante na maging nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, puwedeng hilingin at isaalang-alang ng nagpapalakad na aplikante ang alinman sa o ang lahat ng sumusunod na impormasyon:*

*(1) Kung may sapat na kapital at pinansyal na kakayahan ang nagpapalakad na aplikante na responsableng bayaran ang mga naka-secure at hindi naka-secure na utang nito alinsunod sa mga kasunduan nito sa pananalapi at iba pang obligasyon nito sa kontrata.*

*(2) Kung may kasaysayan ba ang nagpapalakad na aplikante ng materyal na hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa paglilisensya ng pagtaya sa sports ng estadong ito, o ng iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos, kung saan nagresulta ang hindi pagsunod sa materyal na aksyon sa pagpapatupad ng ahensya ng pamahalaan na may awtoridad sa nagpapalakad na aplikante.*

*(3) Kung nasakdal, na-akusahan, naaresto, nahatulan, umamin na pagka-sala o nolo contendere, o nag-forfeit ba ng piyansa ang nagpapalakad na aplikante o ang sinumang pangunahing tao ng nagpapalakad na aplikante para sa anumang misdemeanor o felony na kriminal na paglabag sa ilalim ng mga batas ng estadong ito, iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos, o Estados Unidos, maliban sa mga paglabag sa trapiko.*

*(4) Kung naghain ba ang nagpapalakad na aplikante ng paglilitis para sa pagka-bangkarote o kung nasangkot ba ito sa anumang pormal na proseso para i-wasto, ipagpaliban, suspindihin, o ayusin ang pagbabayad ng anumang utang.*

*(5) Kung may kasaysayan ba ang nagpapalakad na aplikante ng materyal na hindi pagsunod sa anumang pampangasiwaang pag-aatas ng estadong ito, o ng iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos, kung saan nagresulta ang hindi pagsunod sa mga materyal na pagkilos sa pagpapatupad ng ahensya ng pamahalaan na may awtoridad sa nagpapalakad na aplikante.*

*(e) Kapag naaprubahan na ng dibisyon, at nabayaran na ang paunang bayarin sa lisensya na nakasaad sa subdibisyon (f), ibibigay ng dibisyon ang lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online, na mag-wawakas sa loob ng limang taon mula sa petsa ng pagbibigay.*

*(f) Kapag may abiso na mula sa dibisyon na naaprubahan na nito ang aplikasyon para sa lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, at bago ibigay ang lisensya, magbabayad ang nagpapalakad na aplikante sa dibisyon ng paunang bayarin sa lisensya sa sumusunod na paraan:*

*(1) Ang paunang bayarin para sa pantribong lisensya ng nagpapalakad o lisensya ng nagpapalakad ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ay sampung milyong dolyar ($10,000,000).*

*(2) Ang paunang bayarin para sa lisensya ng nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming ay isang daang milyong dolyar ($100,000,000).*

*(g) Bilang bahagi ng aplikasyon ng nagpapalakad na aplikante, puwedeng tumukoy at humingi ng mga aplikasyon ang dibisyon mula sa mga tinukoy na pangunahing tao ng nagpapalakad na aplikante gaya ng nakasaad sa Artikulo 7 (na nagsisimula sa Seksyon 19774).*

*(h) (1) Papahintulutan ng lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang may-ari ng lisensya na magpatakbo ng isang plataporma ng pagtaya sa sports online, na napapailalim sa mga probisyon sa pag-brand na nakasaad sa talata (2) ng subdibisyon (i).*

*(2) (A) Puwedeng kumilos ang taong may lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online bilang provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online, basta't ang nasabing tao ay:*

*(i) Nagsumite ng dokumentong kinakailangan ng Seksyon 19767 para sa mga provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(ii) Nagbayad ng paunang bayarin sa lisensya alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (f) para sa bawat tribong may gaming kung saan isa itong provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(B) Hindi magbibigay ang isang provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ng anumang serbisyong may paglalarawang pasok sa kahulugan ng "provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online" sa anumang tribong may gaming, maliban kung nakasaad sa subdibisyong ito.*

*(i) (1) (A) Kung mabibigyan ng pantribong lisensya ng nagpapalakad ang isang tribong may gaming, papatakbuhin ng tribong may gaming ang plataporma ng pagtaya sa sports online sa ilalim ng sariling pangalan ng tribo o, kung magiging tribong may gaming ang nasabing tribo bago ang Hulyo 1, 2021, isang trademark na pag-aari ng tribong may gaming pagsapit ng Hulyo 1, 2021.*

*(B) Kung magiging tribong may gaming ang isang tribo pagkalipas ng Hulyo 1, 2021, magpapatakbo ang nasabing*

*tribong may gaming ng anumang plataporma ng pagtaya sa sports online sa ilalim lang ng sariling pangalan ng tribong may gaming.*

*(2) Kapag nabigyan ang isang kwalipikadong entidad sa gaming ng lisensya ng nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming, puwede itong magpatakbo ng plataporma ng pagtaya sa sports online nito sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na pangalan, na pipiliin ayon sa pagpapasya ng kwalipikadong entidad sa gaming:*

*(A) Pangalan, trade name, lisensyadong trademark, o ipinagpapalagay na pangalan ng negosyo ng kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(B) Pangalan, trade name, lisensyadong trademark, o ipinagpapalagay na pangalan ng negosyo ng kasanib ng kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(C) Pangalan ng tribong may gaming kung saan may kasunduan sa pag-access ng merkado ang kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(D) Kung naging tribong may gaming ang tribo kung saan may kasunduan sa pag-acces ng merkado ang kwalipikadong entidad sa gaming bago ang Hulyo 1, 2021, trademark na pag-aari ng tribong may gaming noong Hulyo 1, 2021.*

*(E) Anumang kumbinasyon ng mga pangalang inilalarawan sa subparagraph (A) hanggang (D), na inklusibo.*

*(3) Kapag nabigyan ang isang provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ng lisensya ng nagpapalakad ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online, papatakbuhin o papangasiwaan o susuportahan ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ang plataporma ng pagtaya sa sports online sa ilalim lang ng pangalang pinapahintulutan sa ilalim ng subparagraph (A) o (B) ng talata (1) ng subdibisyong ito para sa paggamit ng tribong may gaming kung saan nagbibigay ng mga serbisyo ang provider ng plataporma ng pagtaya sa sports alinsunod sa isang kasunduan sa pagpapatakbo.*

*19764. Mga Pansamantalang Lisensya ng Nagpapalakad ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Magbibigay ang dibisyon ng pansamantalang lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa anumang nagpapalakad na aplikante kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:*

*(1) Nagsumite ng aplikasyon ang nagpapalakad alinsunod sa Seksyon 19763.*

*(2) Natutugunan ng nagpapalakad ang mga kundisyon ng talata (1) o (2) ng subdibisyon (ag) ng Seksyon 19794.*

*(3) Babayaran ng nagpapalakad na aplikante ang paunang bayarin sa lisensya na nakasaad sa subdibisyon (f) ng Seksyon 19763.*

*(b) (1) Sa loob ng 30 araw pagkatapos makatanggap ng kahilingan para sa isang pansamantalang lisensya, ibibigay ng dibisyon ang pansamantalang lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online sa isang nagpapalakad na aplikanteng makakatugon sa mga iniaatas ng subdibisyon (a). Ang pansamantalang lisensya ay mag-wawakas dalawang taon mula sa petsa ng pagbibigay nito o mula sa petsa ng pagbibigay ng lisensya ng dibisyon sa nagpapalakad na aplikante alinsunod sa Seksyon 19763, alinman doon ang mauna.*

*(2) Sa pamamagitan ng pansamantalang lisensyang ibibigay alinsunod sa seksyong ito, magagawa ng isang taong makibahagi kaagad sa lahat ng aktibidad na puwedeng gawin ng isang taong may lisensya alinsunod sa Seksyon 19763.*

*(c) Kung hindi makakagawa ng pinal na pasya ang dibisyon sa aplikasyong isinumite alinsunod sa Seksyon 19763 sa loob ng paunang dalawang taon ng pansamantalang lisensya, papalawigin ang pansamantalang lisensya sa mga dalawang taong inkremento o hanggang sa makagawa ng pinal na pasya, alinman doon ang mauna.*

*19765. Pagsusubok sa Plataporma ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Kung magtatakda ang dibisyon ng kahilingan sa pagsusubok para sa mga plataporma ng pagtaya sa sports online dapat nitong tanggapin ang alinman sa mga sumusunod na resulta ng pagsusubok para sa plataporma ng pagtaya sa sports online kapalit ng bagong pagsusubok, kung maibibigay ito hindi hihigit sa 180 araw bago maisumite ang aplikasyong nauugnay sa artikulong ito o sa Artikulo 6 (na nagsisimula sa Seksyon 19771):*

*(1) Kasiya-siyang resulta mula sa isang independiyenteng laboratoryo ng pagsusubok, kung naaprubahan ng dibisyon o ng isang estado o teritoryo ng Estados Unidos ang laboratoryo na isagawa ang pagsusubok na iyon.*

*(2) Kasiya-siyang resulta mula sa isang estado o teritoryo ng Estados Unidos.*

*(b) Ang seksyong ito ay ilalapat lang sa mga nagpapalakad ng pagtaya sa sports online, pati sa mga provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online, at supplier ng pagtaya sa sports online.*

*19766. Pag-bago Muli ng Mga Lisensya ng Nagpapalakad ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Magtatakda ang dibisyon ng proseso para ma-bago ng isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang lisensya nito alinsunod sa seksyong ito.*

*(b) Sa pag-bago ng lisensya, dapat isumite ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang lahat ng sumusunod sa dibisyon:*

*(1) Lahat ng dokumentasyon o impormasyong posibleng hingin ng dibisyon na nagpapakitang patuloy na natutugunan ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang mga kinakailangan ng kabanatang ito at ang mga regulasyon ng dibisyon.*

*(2) Bayarin sa aplikasyon para sa pag-bago na limampung libong dolyar ($50,000).*

*(c) Kung magsusumite ang isang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng aplikasyon para sa pag-bago sa dibisyon hindi bababa sa 60 araw bago ang pag-wawakas ng kasalukuyang lisensya ng nagpapalakad, pagpapasyahan ng dibisyon ang aplikasyon para sa pag-bago bago mag-wakas ang kasalukuyang lisensya.*

*(d) Ibabago muli ng dibisyon ang lisensya ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports para sa karagdagang limang taon maliban na lang kung makikita sa aplikasyon para sa pag-babago ng nagpapalakad ng pagtaya sa sports online na hindi nito matutugunan ang lahat ng kinakailangan ng kabanatang ito at ng mga regulasyon ng dibisyon. Kapag na-bago na ang lisensya, magbabayad ang nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ng bayarin sa pag-babago ng lisensya na isang milyong dolyar ($1,000,000) para sa pantribong lisensya ng nagpapalakad o lisensya ng nagpapalakad ng plataporma ng pagtaya sa sports online at sampung milyong*

27

*dolyar ($10,000,000) para sa lisensya ng nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming.*

*19767. Mga Kinakailangan sa Dokumentasyon na Nauugnay sa Mga Tribong May Gaming*

*(a) Bago magsagawa ng pagtaya sa sports onine sa estadong ito alinsunod sa mga lisensyang ibibigay sa ilalim ng artikulong ito, magsusumite ang taong may lisensya ng nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming o lisensya ng nagpapalakad ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online ng mga kopya ng kasunduan sa pagitan ng may-ari ng lisensya at tribong may gaming sa sumusunod na paraan:*

*(1) Magsusumite ang may-ari ng lisensya ng nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming sa dibisyon ng kasunduan sa pag-access ng merkado, na papasukin ng kwalipikadong entidad sa gaming at tribong may gaming, kaugnay ng alok ng kwalipikadong entidad sa gaming na pagtaya sa sports online sa estadong ito. Ang mga tuntunin ng kasunduan sa pag-access ng merkado ay pagpapasyahan ng mga partido lang sa kasunduan.*

*(2) Magsusumite ang may-ari ng lisensya ng nagpapalakad ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online sa dibisyon ng kasunduan sa pagpapatakbo, na papasukin ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online at tribong may gaming. Ang layunin ng kasunduan sa pagpapatakbo ay isaad ang paglalaan ng mga karapatan, responsibilidad, at obligasyon sa pagitan ng provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online at tribong may gaming kung saan nagbibigay ng mga serbisyo ang provider ng plataporma.*

*(A) Magkakabisa ang kasunduan sa pagpapatakbo sa parehong partido. Kapag naaprubahan na ng dibisyon, hindi puwedeng gumawa ng mga materyal na pagbabago sa kasunduan sa pagpapatakbo nang walang nakasulat na pag-apruba ng dibisyon. Maglalabas ang dibisyon ng nakasulat na tugon sa anumang kahilingan para sa materyal na pagbabago sa isang kasunduan sa pagpapatakbo sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos ng kahilingan.*

*(B) Isasaad ang mga usapin sa kasunduan sa pagpapatakbo, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:*

*(i) Pangalang gagamitin sa pagpapatakbo sa plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(ii) Paglalaan ng bahagi sa kita, kung mayroon, sa pagitan ng tribong may gaming at provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*(iii) Iba pang impormasyong kailangan ng dibisyon.*

*(b) Puwedeng gumamit ang dibisyon ng modelo o pagkokopyahan na kasunduan sa pagpapatakbo na gagamitin ng mga provider ng plataporma ng pagtaya sa sports online.*

*19768. Pagpoproseso sa Mga Aplikasyon ng Nagpapalakad ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Sa kabila ng anumang salungat na probisyon ng batas, ang isang aplikasyong isusumite alinsunod sa kabanatang ito o sa Artikulo 6 (na nagsisimula sa Seksyon 19771), at ang lahat ng dokumento, ulat, at data na isusumite kaugnay nito, na may kumpidensyal na impormasyon, mga trade secret, pinansyal na impormasyon, o in-person na impormasyon tungkol sa sinumang tao ay ibubukod mula sa paghahayag sa ilalim ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksyon 6250) ng Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang papalit na batas.*

*(b) Kapag nangangailangan ang isang aplikasyon sa ilalim ng artikulong ito ng imbestigasyon sa kriminal na nakaraan ng isang indibidwal, at sumailalim ang indibidwal sa isang background check para sa mga krimen sa estadong ito o sa iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos sa nakalipas na 12 buwan, hindi aatasan ang indibidwal na sumailalim sa isa pang background check para sa mga krimen, o magsumite ulit ng mga fingerprint, kung isusumite ng indibidwal ang mga resulta ng nakaraang background check para sa mga krimen at magbibigay siya ng deklarasyon sa ilalim ng parusang pagsisinungaling na naghahayag na walang nagbago sa kasaysayan ng krimen ng indibidwal sa nakalipas na 12 buwan.*

*(c) Ang mga bayaring nakasaad sa artikulong ito, sa Artikulo 6 (na nagsisimula sa Seksyon 19771), at sa Artikulo 7 (na nagsisimula sa Seksyon 19774) ay iwawasto nang kada-sampung taon para ipakita ang anumang pagtaas sa inflation alinsunod sa pagsukat ng Presyo sa Consumer para sa Lahat ng Consumer sa Lungsod (CPI-U). Kakalkulahin at ilalathala ng opisina ng Ingat-yaman ang mga pag-wawasto na iniaatas ng subdibisyong ito.*

*Artikulo 5. Hurisdiksyon ng Estado ng California sa Pagtaya sa sports Online*

*19769. Hurisdiksyon sa Pagtaya sa sports Online na Pinapanatili ng Estado ng California*

*(a) Magpapatupad ang dibisyon ng mga kundisyon sa pagbibigay, pagpapanatili, at pag-babago ng bawat pantribong lisensya ng nagpapalakad sa oras na pahintulutan ng tribong may gaming ang lahat ng sumusunod:*

*(1) Pagbabayad sa surcharge na nakasaad sa Seksyon 19775, at anumang kasunod na pag-aamyenda.*

*(2) Pagbabayad ng mga multa para sa anumang paglabag sa kabanatang ito na nakasaad sa Seksyon 19781, at lahat ng iba pang bayaring dapat bayaran alinsunod sa kabanatang ito o sa mga regulasyon dito.*

*(3) Pagsunod sa lahat ng batas ng estado na nangangasiwa sa pagtaya sa sports online na nakasaad sa kabanatang ito, at sa lahat ng regulasyon, panuntunan, kautusan, o interpretasyong pinagtibay o ipinatupad alinsunod sa kabanatang ito.*

*(4) Pagsusumite sa hurisdiksyon ng mga hukuman ng estadong ito, at sa iba pang naaangkop na hukuman ng estado o pederal na may hurisdiksyon at pook ng paglilitis, para sa limitadong layunin na ipatupad ang kabanatang ito, kasama ang lahat ng sumusunod:*

*(A) Hayagang limitadong pagsuko ng sovereign immunity, at ng anumang karapatang magkaroon ng sovereign immunity, laban sa estadong ito o sa dibisyon.*

*(B) Pagpapahintulot na masampahan ng kaso ng Estado ng California o ng dibisyon sa mga hukuman ng estado ng California, at sa iba pang hukuman ng estado o pederal na may hurisdiksyon at pook ng paglilitis, at mapailalim sa mga pasya rito, nang may limitadong layunin na bayaran ang surcharge na inilalarawan sa talata (1), bayaran ang mga multa at bayaring inilalarawan sa talata (2), at pagsunod sa mga batas, regulasyon, panuntunan, kautusan, at interpretasyong inilalarawan sa talata (3).*

*(C) Hayagang pagsuko na nagamit na ang lahat ng remedyo ng tribo.*

*(5) Pagsusumite sa huridiksyon ng dibisyon, kasama ang, pero hindi limitado sa, pag-iinspeksyon at pag-audit sa mga operasyon at tala ng pagtaya sa sports online ng tribong may gaming para matiyak na napoprotektahan ang mga menor de*

*edad at mamimili, napoprotektahan ang integridad ng mga palaro, at kumpleto at eksakto ang pagbabayad sa surcharge na nakasaad sa Seksyon 19775.*

*(b) Hindi magbibigay o magbabago ang dibisyon ng pantribong lisensya ng nagpapalakad maliban na lang kung makakasunod ang tribong may gaming sa seksyong ito.*

*19770. Limitasyon sa Hurisdiksyon ng Estado sa Mga Tribong May Gaming*

*(a) Sa kabila ng anumang nabanggit na salungat sa kabanatang ito, nang may pagsasaalang-alang sa mga tribong may gaming, pagtaya sa sports online lang ng mga taong pisikal na nasa estadong ito pero wala sa mga Indian na tribo ang papangasiwaan ng kabanatang ito.*

*(b) Hindi pinapalawak ng kabanatang ito ang hurisdiksyon ng Estado ng California sa pagtaya ng mga taong pisikal na nasa mga Indian na tribo sa panahon ng paggawa o pagpapasimula ng taya.*

*(c) Ang kabanatang ito ay hindi gumagawa o nagpapalawig ng anumang hurisdiksyon o awtoridad sa pangangasiwa ng Estado ng California sa iba pang operasyon sa gaming ng isang Indian na tribong kinikilala ng pederal.*

*Artikulo 6. Mga Supplier ng Pagtaya sa sports Online*

*19771. Mga Lisensya ng Mga Supplier ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Ang mga supplier ng pagtaya sa sports online ay dapat kumuha ng lisensya alinsunod sa artikulong ito.*

*(b) (1) Dapat magsumite ang mga supplier na aplikante ng aplikasyon ng supplier sa dibisyon, sa paraang itinatakda ng dibisyon nang may kasamang bayarin sa aplikasyon na dalawampu't limang libong dolyar ($25,000).*

*(2) (A) Sasagutin ng bayarin sa aplikasyon sa talata (1) ang hanggang 333 oras na ilalaan ng mga propesyonal na kawani ng dibisyon sa mga usaping direktang nauugnay sa aplikasyon.*

*(B) Babayaran ng supplier na aplikante ang dibisyon para sa anumang karagdagang oras na kakailanganin para maproseso ang aplikasyon sa orasang rate para sa mga serbisyo ng human resources na ginagamit ng Nakontratang unit ng Human Resources ng Opisina ng Human Resources sa Departamento ng Mga Pangkalahatang Serbisyo, gaya ng nakasaad sa Aklat ng Presyo ng departamentong iyon.*

*(3) Hindi kailanman lalampas ang pinagsama-samang kabuuang halagang babayaran ng isang supplier na aplikante, alinsunod sa subdibisyong ito, sa apatnapung libong dolyar ($40,000).*

*(c) (1) Kapag may abiso na mula sa dibisyon na naaprubahan na nito ang aplikasyon para sa lisensya ng supplier ng pagtaya sa sports online, at bago ibigay ang lisensya, magbabayad ang supplier na aplikante ng paunang bayarin sa lisensya na isang daang libong dolyar ($100,000) sa dibisyon.*

*(2) Ang anumang lisensya ng supplier ng pagtaya sa sports online na ibibigay alinsunod sa seksyong ito ay may bisa nang limang taon mula sa petsa ng pagbibigay.*

*(d) Puwedeng isagawa ng isang lisensyadong nagpapalakad ng pagtaya sa sports online ang anuman at lahat ng tungkulin ng isang supplier ng pagtaya sa sports online nang hindi kumukuha ng hiwalay na lisensya ng supplier ng pagtaya sa sports online.*

*19772. Mga Pansamantalang Lisensya ng Mga Supplier ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Magbibigay ang dibisyon ng pansamantalang lisensya ng supplier ng pagtaya sa sports online sa sinumang aplikanteng supplier na nagsumite ng aplikasyon alinsunod sa Seksyon 19771 at nabigyan ng lisensya at nabigyan din ng awtorisasyon para magbigay ng mga katulad na serbisyo para sa pagtaya sa sports online sa hindi bababa sa dalawang iba pang estado o teritoryo ng Estadong Unidos.*

*(b) (1) Sa loob ng 30 araw pagkatapos makatanggap ng kahilingan para sa isang pansamantalang lisensya, ibibigay ng dibisyon ang pansamantalang lisensya ng supplier ng pagtaya sa sports online sa isang kwalipikadong supplier na aplikante. Ang pansamantalang lisensya ay mag-wawakas dalawang taon mula sa petsa ng pagbibigay nito o mula sa petsa ng pagbibigay ng lisensya ng dibisyon sa supplier na aplikante alinsunod sa Seksyon 19771, alinman doon ang mauna.*

*(2) Sa pamamagitan ng pansamantalang lisensyang ibibigay alinsunod sa seksyong ito, magagawa ng isang taong makibahagi kaagad sa lahat ng aktibidad na puwedeng gawin ng isang taong may lisensya alinsunod sa Seksyon 19771.*

*(c) Kung hindi makakagawa ng pinal na pasya ang dibisyon sa aplikasyong isinumite alinsunod sa Seksyon 19771 sa loob ng paunang dalawang taon ng pansamantalang lisensya, papalawigin ang pansamantalang lisensya sa mga dalawang taong inkremento o hanggang sa makagawa ng pinal na pasya, alinman doon ang mauna.*

*19773. Pag-bago ng Mga Lisensya ng Mga Supplier ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Magtatakda ang dibisyon ng proseso para mag-pabago ng lisensyadong supplier ng pagtaya sa sports online ang lisensya niya alinsunod sa seksyong ito.*

*(b) Sa pag-bago ng lisensya, dapat isumite ng supplier ng pagtaya sa sports online ang lahat ng sumusunod sa dibisyon:*

*(1) Lahat ng dokumentasyon o impormasyong posibleng hingin ng dibisyon na nagpapakitang patuloy na natutugunan ng supplier ng pagtaya sa sports online ang mga kinakailangan ng kabanatang ito at ang mga regulasyon ng dibisyon.*

*(2) Singil sa pag-bago na sampung libong dolyar ($10,000).*

*(c) Kung magsusumite ang supplier ng pagtaya sa sports online ng aplikasyon para sa pag-babago sa dibisyon hindi bababa sa 60 araw bago ang pag-wawakas ng kasalukuyang lisensya ng supplier, pagpapasyahan ng dibisyon ang aplikasyon para sa pag-papabago bago mag-wakas ang kasalukuyang lisensya.*

*(d) Ipapabago ng dibisyon ang lisensya ng supplier ng pagtaya sa sports online para sa karagdagang limang taon maliban na lang kung makikita sa aplikasyon para sa pag-babago ng supplier ng pagtaya sa sports online na hindi nito matutugunan ang lahat ng kinakailangan ng kabanatang ito at ng mga regulasyon ng dibisyon. Sa pag-pabago ng lisensya, dapat magbayad ang supplier sa pagtaya sa sports online ng bayarin sa pag-pabago na limampung libong dolyar ($50,000).*

*Artikulo 7. Mga Key Person sa Pagtaya sa sports Online*

*19774. Mga Lisensya ng Key Person*

*(a) (1) Puwedeng atasan ng dibisyon ang isang key person ng isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online, aplikanteng nagpapalakad, supplier sa pagtaya sa sports online, o aplikanteng supplier na magsumite ng aplikasyon at kumuha ng lisensya alinsunod sa artikulong ito.*

*(2) Kapag ang mga key person ay inaatasang magsumite ng mga aplikasyon alinsunod sa artikulong ito, gagamit ang dibisyon ng maraming hurisdiksyon na paraan ng paglilisensya na ginagamit ng iba pang estado at teritoryo sa Estados Unidos, saanman ito posible. Hihingi ang direktor ng payo mula sa komite hinggil sa gagamiting pinakanaaangkop na maraming hurisdiksyong paraan ng paglilisensya.*

*(b) (1) Maglalabas ang dibisyon ng pansamantalang lisensya ng key person kung ang tao ay may katulad na lisensya o katulad ng awtorisasyong ibinigay ng ibang estado o teritoryo ng Estados Unidos, kung saan legal ang pagtaya sa sports online, kasama ang mga awtorisasyon kung saan naaayon na nagsasagawa ng kumprehensibong pagsusuri sa pagiging bagay ng tao sa panahon ng paglilisensya ng ibang entidad, pero walang pormal na lisensya o katulad na dokumento ang ibinigay sa tao.*

*(2) (A) Puwedeng tanggapin ng dibisyon ang isang katulad ng lisensya o katulad na awtorisasyon na inilalarawan sa talata (1) sa ganap na pagtupad ng mga ipinag-aatas para makakuha ng key person, alinsunod sa artikulong ito. Kung tatanggi ang dibisyon na tanggapin ang katulad na lisensya o katulad ng awtorisasyon mula sa ibang estado o teritoryo ng Estados Unidos, magbibigay ito ng nakasulat na pangangatwiran para sa pagtanggi sa taong humihingi ng lisensya.*

*(B) Kapag tumanggi ang dibisyon na tumanggap ng katulad na lisensya o katulad na awtorisasyon, magkakaroon ang taong humihingi ng lisensya ng iapela ang pasya ng dibisyon sa Pangkalahatang Abugado.*

*(c) Para sa mga taong hindi kwalipikado para sa pansamantalang lisensya ng key person alinsunod sa subdibisyon (b), puwedeng magbigay ang dibisyon ng pansamantalang lisensya ng key person kapag nakumpleto ang isang pagsusuri sa kriminal na nakaraan.*

*(d) Puwedeng magbigay ang dibisyon ng lisensya sa nagpapalakad sa pagtaya sa sports online o lisensya sa supplier sa pagtaya sa sports online, o pansamantalang bersyon ng mga lisensyang iyon, habang nakabinbin pa at sinusuri ang isang aplikasyon sa lisensya ng key person.*

*(e) (1) Puwedeng magpataw ang dibisyon ng bayarin sa aplikasyon sa key person na hanggang dalawang libo at apat na raang dolyar ($2,400).*

*(2) (A) Sasagutin ng singil sa aplikasyon sa talata (1) ang hanggang 100 oras na ilalaan ng mga propesyonal na kawani ng dibisyon sa mga usaping direktang nauugnay sa aplikasyon.*

*(B) Babayaran ng key person na aplikante ang dibisyon para sa anumang karagdagang oras na kakailanganin para maproseso ang aplikasyon sa orasang rate para sa mga serbisyo ng human resources na ginagamit ng Nakontratang unit ng Human Resources ng Opisina ng Human Resources sa Departamento ng Mga Pangkalahatang Serbisyo, gaya ng nakasaad sa Aklat ng Presyo ng departamentong iyon.*

*(3) Hindi kailanman lalampas ang pinagsama-samang kabuuang halagang babayaran ng isang key person na aplikante, alinsunod sa subdibisyong ito, sa sampung libong dolyar ($10,000).*

*(f) Bago ang pagbibigay ng lisensya ng key person, dapat magbayad ang key person ng bayarin sa lisensya na pitong daan at limampung dolyar ($750).*

*(g) May bisa ang isang lisensya ng key person nang hindi lalampas sa 5 taon. Puwedeng magpataw ang dibisyon ng bayarin sa aplikasyon sa pag-pabago na hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), at bayarin sa pag-pabago ng lisensya na hindi hihigit sa pitong daan at limampung dolyar ($750).*

*(h) Hindi ipag-aatas ng dibisyon ang paglilisensya ng sinumang tao na hindi mga key person, pero posible itong mag-atas ng mga pagsusuri sa kriminal na nakaraan ng mga taong hindi key person, kapag may mabuting layunin para gawin ito.*

*Artikulo 8. Mga Surcharge sa Pagtaya sa sports Online*

*19775. Surcharge sa Nagpapatakbo sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Sa pamamagitan nito ay may ipinapataw na surcharge sa bawat nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na katumbas ng 10 porsynto ng isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online, na nakuha sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito. Ang paraan ng accrual ng accounting ay gagamitin para sa mga layunin ng pagkalkula sa halaga ng surcharge na pagmamay-ari ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online alinsunod sa seksyong ito.*

*(b) (1) Ang surcharge na ipinapataw alinsunod sa seksyong ito ay dapat bayaran at babayaran sa dibisyon sa buwanang hulogan sa o bago ang huling araw ng buwan sa kalendaryo kasunod ng buwan ng kalendaryo, kung kailan natanggap ang isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online.*

*(2) Sasagutan at kukumpletuhin ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ang isang return para sa kasunod na buwan sa pamamagitan ng elektronika na komunikasyon sa dibisyon, sa o bago ang huling araw ng kalendaryo ng bawat buwan, sa paraang ipinapayo ng dibisyon. Dapat ibigay ng return ang lahat ng sumusunod:*

*(A) Ang kabuuang gross na resibo at isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports mula sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa buwan.*

*(B) Ang halaga ng surcharge kung saan may pananagutan ang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(C) Anumang karagdagang impormasyong kinakailangan sa pag-compute at pagkolekta ng surcharge sa isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online na ipinag-aatas ng dibisyon.*

*(3) Ang ipinapakitang halaga ng surcharge na dapat bayaran ay dapat i-remit sa pamamagitan ng elektronikang paglipat ng mga pondo kasabay ng pag-file ng return.*

*(c) (1) Isang negatibong numero para sa isang buwan ang isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online kapag ang kabuuang gross na resibo ng nagpapalakad na kinuha mula sa mga pagtaya ng mga mamimili ay mas mababa kaysa sa kabuuan ng lahat ng sumusunod:*

*(A) Lahat ng pananalunan na ibinayad sa mga mamimili na tumaya sa plataporma ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(B) Lahat ng napa-walang bisa na pagtaya.*

*(C) Lahat ng excise na buwis na binayaran alinsunod sa pederal na batas.*

*(D) Ang halaga ng lahat ng merchandise o pag-aari na ibinigay bilang premyo sa mga tumataya.*

*(2) (A) Kapag negatibong numero para sa isang buwan ang isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online ng isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online, alinsunod sa pormula na itinakda sa talata (1), papayagan ng dibisyon ang nagpapalakad na ipagpabukas ang negatibong halaga sa loob ng 12 buwan at ibawas ang nasabing halaga mula sa pananagutan nito sa surcharge para sa buwang iyon. Puwedeng iatas ng dibisyon na hatiin ang negatibong halaga sa maraming buwan sa loob ng 12 buwang panahon.*

*(B) Ang negatibong halaga ng isinaayos na gross na resibo ay hindi puwedeng ibalik sa mas maagang buwan at hindi puwedeng ibalik-bayad ang perang nabayaran sa dibisyon, maliban na lang kung ibabalik ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ang kanyang lisensya at nag-ulat ng negatibong isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online ang huling return na iniulat ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(d) (1) (A) Puwedeng magkaroon ng credit ang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online sa surcharge na inilalarawan sa subdibisyon (a) na katumbas ng 20 porsyento ng inisyal na bayarin sa lisensya na ibinayad alinsunod sa subdibisyon (f) ng Seksyon 19763 sa bawat isa sa unang limang taon sa kalendaryo kasunod ng pagbibigay ng lisensya o pansamantalang lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(B) Kung ipagpapabago ng isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ang kanyang lisensya, ang kabuuan ng anumang credit na hindi nalapat sa bawat isa sa unang limang taon ng kalendaryo kasunod ng pagbibigay ng isang inisyal na lisensya o pansamantalang lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ay puwedeng ipagpa-bukas sa ikaanim na taon at mga kasunod na taon ng kalendaryo hanggang sa maubos ang credit.*

*(2) (A) Puwedeng magkaroon ng credit ang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online sa surcharge na inilalarawan sa subdibisyon (a) na katumbas ng 20 porsyento ng bayarin sa pag-papabago ng lisensya na ibinayad alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksyon 19766, dagdag pa ang anumang credit na na-ipinagpabukas alinsunod sa talata (1), sa bawat isa sa limang taon sa kalendaryo kasunod ng pag-pabago ng lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(B) Kung ipagpabago ng isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ang kanyang lisensya nang mahigit na isang beses, ang kabuuan ng anumang credit na hindi nalapat sa bawat isa sa unang limang taon ng kalendaryo kasunod ng nauna nitong pag-pabago ng lisensya sa pagtaya sa mga laro online ay puwedeng ipagpa-bukas sa ikaanim na taon at mga kasunod na taon ng kalendaryo hanggang sa maubos ito.*

*(3) Hindi kailanman bababa sa zero sa halaga ng surcharge na dapat bayaran ang halaga ng credit na inilalapat alinsunod sa subdibisyong ito para sa anumang taon ng kalendaryo.*

*(4) Ang credit na inilalarawan sa subdibisyong ito ay puwedeng ibawas sa isa o higit pang buwanang paghuhulog na ginawa alinsunod sa subdibisyon (b), hangga't ang kabuuang halaga ng credit na ibinawas ay hindi lalampas sa mga limitasyong itinatakda sa talata (1) at (2).*

*(e) Ang mga sumusunod ay agarang ililipat mula sa dibisyon patungo sa Kontroler para sa pagdedeposito sa pondo:*

*(1) Mga nalikom na surcharge na ipinataw alinsunod sa seksyong ito.*

*(2) Ang mga bayarin at gastusing ipinag-aatas ng mga subdibisyon (c) at (f) ng Seksyon 19763, subdibisyon (b) at (d) ng Seksyon 19766, subdibisyo (b) at (c) ng Seksyon 19771, at subdibisyon (b) at (d) ng Seksyon 19773.*

*(3) Anumang halagang ibinayad alinsunod sa Seksyon 19774.*

*(f) Kung hiniling ng dibisyon, dapat sumang-ayon ang isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na makipag-ugnayan sa isang hiwalay na kumpanya ng mga sertipikadong pampublikong accountant na aprubado ng dibisyon na magsagawa ng taunang pag-audit para matiyak na ang ipinapataw na surcharge ng seksyong ito ay tumpak na nakakalkula at nababayaran.*

27

*19776. Surcharge sa Mga Pagtaya ng Ginawa sa Pamamagitan ng Mga Ilegal o Walang Buwis na Plataporma sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) (1) Sa pamamagitan nito ay isang buwis ang ipinapataw sa isang tumataya para sa pribilehiyo ng paglalagay o paggawa, habang pisikal na nasa estado pero nasa labas ng mga lupaing-Indian, ng pagtaya sa o sa pamamagitan ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online. Ang rate ng buwis ay dapat 15 porsyento ng halaga sa dolyar ng pagtaya sa o sa pamamagitan ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online.*

*(2) Sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ng mga mamamayan ng Estado ng California na ang katangian ng buwis na ipinapataw ng seksyong ito, batay sa mga pangyayari nito at mula sa natural at legal nitong epekto, ay isang obligasyon sa taong naglalagay o gumagawa ng pagtaya sa lokasyon kung saan pisikal na naroon ang tao noong ginawa o pinasimulan ang pagtaya, at hindi obligasyon ng may-ari o nagpapalakad ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online.*

*(b) Puwedeng ipatupad ng dibisyon ang anumang regulasyon at puwede itong gumawa ng anumang kinakailangan o nararapat na pagkilos para sa pagsasagawa at pagpapatupad ng seksyong ito. Posibleng kasama sa mga regulasyong ito ang, pero hindi limitado, sa lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Pag-aatas sa mga indibidwal na naglalagay o gumagawa ng pagboto sa o sa pamamagitan ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online na magparehistro sa dibisyon bago gawin o ilagay ang pagtaya na iyon.*

*(2) Pag-aatas sa mga may-ari, nagpapalakad, o ahente ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online na ibunyag ang mga pangalan ng mga taon gumawa o naglagay ng pagtaya sa o sa pamamagitan ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online habang pisikal na nasa estado pero nasa labas ng mga lupaing-Indian.*

*(3) (A) Pagsasagawa ng anuman at lahat ng legal na pagkilos laban sa may-ari, nagpapalakad, partner sa negosyo, o ahente ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online na tumatangging ibunyag ang mga pangalan ng mga tumataya alinsunod sa talata (2), para maiutos ang pagbubunyag ng mga hinihiling na pangalan.*

*(B) Posibleng kasama sa mga pagkilos ang paghadlang ng access sa internet website o mobile application ng ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online mula sa anuman at lahat ng lokasyon sa California pero sa labas ng mga lupaing-Indian.*

*(4) Pakikipagkontrata sa Departamento ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin para sa tulong sa pangangasiwa ng pagkolekta ng buwis.*

*(5) Pagtatalaga ng mga huling araw para sa pagbabayad at pagkolekta ng buwis. Posibleng ipag-atas ng dibisyon na bayaran ang buwis sa panahong ginawa o pinasimulan ang pagtaya, o sa arawan, lingguhan, buwanan, kada ikatlong buwan, dalawang beses sa isang taon, o taunang batayan, o anumang kumbinasyon nito.*

*(6) Paglalathala ng listahan ng mga nalalaman na ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online.*

*(c) Bukod pa sa anumang iba pang parusa, sa pamamagitan nito ay may itinatatag na sibil na parusa na isang libong dolyar ($1,000) para sa bawat araw na ang anumang buwis na dapat bayaran alinsunod sa seksyong ito ay hindi nabayaran sa takdang oras alinsunod sa mga regulasyong ipinapatupad ng dibisyon. Ang mga nalikom sa anumang parusa alinsunod sa subdibisyong ito ay idedeposito sa pondo.*

*(d) Ang mga nalikom na ito mula sa buwis na ipinapataw ng seksyong ito ay idedeposito sa pondo.*

*(e) Ang buwis na ipinapataw alinsunod sa seksyong ito ay hindi malalapat sa, o hindi ipapataw sa, sinumang tao para sa paggawa o paglagay ng pagtaya na anuman ang uri, kung ang tao ay pisikal na naroon sa mga lupaing-Indian sa panahon na ginawa o pinasimulan ang pagtaya.*

*(f) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang isang "ilegal o walang buwis na plataporma sa pagtaya sa sports online" ay isang plataporma sa pagtaya sa sports online na alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Pagmamay-ari ng isang taong hindi napapatawan ng surcharge ayon sa Seksyon 19775.*

*(2) Pagmamay-ari o pinapatakbo ng isang taong hindi pa nagsumite sa hurisdiksyon at panregulatoryong kontrol ng dibisyon.*

*(3) Pagmamay-ari o pinapatakbo ng isang walang lisensyang kinakailangan ng kabanatang ito para sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito pero sa labas ng mga lupaing-Indian.*

*Artikulo 9. Dibisyon ng Pagkontrol sa Pagtaya sa sports Online*

*19777. Pagtatatag ng Dibisyon ng Pagkontrol sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Hindi isinasaalang-alang ang salungat na probisyon ng batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, Bahagi 6 (nagsisimula sa Seksyon 15000) ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, itinatatag sa pamamagitan nito ang Dibisyon ng Pagkontrol sa Pagtaya sa sports Online na napapailalim sa Departamento ng Hustisya.*

*(b) Patuloy na iiral ang dibisyon sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito, at mananatiling hiwalay at independiyente mula sa lahat ng iba pang dibisyon, kawanihan, sangay, seksyon, at unit sa Opisina ng Pangkalahatang Abugado at Departamento ng Hustisya.*

*(c) Magtatalaga ang Pangkalahatang Abugado ng direktor ng dibisyon, na mangangasiwa sa dibisyon sa pagsasagawa ng mga tungkulin nito. Magsisilbi ang direktor sa kagustuhan ng Pangkalahatang Abugado.*

*(d) Alinsunod sa mga naaangkop na batas sa serbisyong sibil, papanatilihin, itatalaga, o itatakda ng Pangkalahatang Abugado ang mga empleyado sa dibisyon na sapat para isagawa ang mga tungkulin nito, ayon sa itinatakda ng kabanata na ito at ng mga regulasyon sa pagpapatupad. Kokonsulta ang Pangkalahatang Abugado sa direktor hinggil sa dami at mga kwalipikasyon ng mga empleyadong kinakailangan para maisagawa ng dibisyon ang mga tungkulin nito. Maaaring makipagkontrata ang dibisyon para sa mga serbisyong hindi maipagkakaloob ng mga empleyado.*

*19778. Mga Kapangyarihan ng Dibisyon*

*(a) Ang dibisyon ay may eksklusibong kapangyarihan, awtoridad, at hurisdiksyon sa pagsasagawa at pagpapatupad ng kabanata na ito at sa pangangasiwa ng pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online ng Estado ng California, pero sa labas ng mga lupaing-Indian.*

*(b) Dapat gawin ng dibisyon ang lahat ng sumusunod:*

*(1) Gamitin ang lahat ng kapangyarihan ng Opisina ng Pangkalahatang Abugado at Departamento ng Hustisya sa pagsasagawa ng mga tungkulin nito.*

*(2) Pagpapatupad, pagsusog, at pagpapawalang-bisa ng mga regulasyong kinakailangan sa pagsasagawa ng mga layunin at probisyon ng kabanatang ito.*

*(3) Pagkonsulta sa, at pagkuha ng nakasulat na input mula sa komite bago ang pagpapanukala, pagpapatupad, pagsusog, o pagpapawalang-bisa ng anumang regulasyon o pang-kagipitan na regulasyon.*

*(4) Pagsusuri ng mga regulasyong ipinapatupad sa iba pang estado o teritoryo ng Estados Unidos kung saan legal na isinasagawa ang pagtaya sa sports online at, hangga't maisasagawa, pagpapatupad ng katulad na panregulatoryong balangkas. Puwedeng gamitin ng dibisyon ang tulong ng komite sa pagtukoy at pagsusuri ng nauugnay na mga regulasyong ipinapatupad sa ibang estado o teritoryo ng Estados Unidos.*

*(5) Magpatupad at magpanatili ng opisina para sa transaksyon ng negosyo nito sa Sacramento.*

*(c) (1) Kasama sa pangkalahatang kapangyarihan ng dibisyon na magpatupad, magsusog, at magpawalang-bisa ng mga regulasyon, ay ang kapangyarihang nauugnay sa sumusunod:*

*(A) Pagtanggap ng mga pagtaya sa isang palarong paligsahan, o isang serye ng mga palarong paligsahan.*

*(B) Ang mga uri ng talaang papanatilihin.*

*(C) Ang mga proteksyon para sa mga mamimili sa pagtaya.*

*(D) Ang promosyon ng panlipunang responsibilidad, responsableng gaming, at pagsasama ng pahayag na, "Kung ikaw o may kakilala ka na may problema sa pagsusugal, na nangangailangan ng tulong, tumawag sa 1-800-GAMBLER," o katulad ng mensahe sa isang plataporma sa pagtaya sa sports online.*

*(2) Ang talata (1) ay isang hindi kumpletong paglalarawan ng mga panregulatoryong kapangyarihan ng dibisyon. Wala sa talata (1) ang dapat unawain bilang anumang limitasyon o anupaman sa mga kapangyarihan ng dibidsyon.*

*(d) Ang dibisyon ay hindi magsasagawa o magpapatupad ng anumang panuntunan o regulasyon na:*

*(1) Nag-aatas sa isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na panatilihin ang anumang hold, hayagan mang porsyento ng mga pagtaya, partikular na halaga, o iba pa.*

*(2) Nag-aatas na iulat o ipakita ng isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ang handle o halagang pagtaya sa mga indibidwal na palarong paligsahan o uri ng pagtaya.*

*(e) Puwede lang tanggihan, limitahan, ikondisyon, o paghigpitan ng dibisyon ang isang lisensya, permit, rehistro, o pag-apruba para sa mabuting dahilan, alinsunod sa naaayong proseso.*

*(f) Bukod para sa ibang kapangyarihan, puwedeng gawin ng dibisyon ang alinman sa mga sumusunod na pagkilos:*

*(1) Mag-subpoena ng mga testigo, ipilit ang kanilang pagdalo at pagbigay ng patotoo, pangasiwaan ang mga panunumpa at pagkumpirma, kumuha ng katibayan at hilingin ang paggawa ng anumang libro, papel, talaan, o iba pang materyal na bagay sa pagsasagawa ng mga tungkulin ng dibisyon o paggamit ng mga kapangyarihan nito sa pamamagitan ng subpoena, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kapangyarihan nito upang maawdit ang pagsunod ng isang tao sa kabanata na ito.*

*(2) Itaguyod at ipagtanggol ang mga sibil na pagkilos sa anumang hukuman para pigilin o pahintuin ang paglabag sa kabanatang ito.*

*(3) Magpasimula ng pagkilos sa pagdidisiplina para sa mga paglabag sa kabanatang ito.*

*(4) Mag-inspeksyon ng mga kagamitan, supply, at sistema ng isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online o supplier sa pagtaya sa sports online.*

*(5) Atasan ang sinumang mag-apply para sa lisensya, permit, rehistro, o pag-apruba, ayon sa tinutukoy sa kabanatang ito o sa anumang regulasyong ginagamit alinsunod sa kabanatang ito. Puwedeng ilimita, ikundisyon, o limitahan ng dibisyon ang anumang lisensya, permit, rehistro, o pag-apruba.*

*19779. Delegasyon ng Kapangyarihan ng Direktor*

*(a) Ang lahat ng kapangyarihang kinakailangan para isagawa ang mga pang-administratibo at ehekutibong tungkulin ng dibisyon ay itinatalaga sa direktor, sa pamamagitan nito. Posibleng kasama sa mga kapangyarihang ito ang, pero hindi limitado, sa lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Ang pagbibigay at pag-babago ng mga lisensya.*

*(2) Ang pagsasagawa ng mga imbestigasyon, inspeksyon, at nasa hustong gulang.*

*(3) Ang sibil na pag-uusig at pakikipag-areglo sa mga paglabag ng kabanatang ito.*

*(4) Ang pag-apruba ng mga paraan ng pagtaya, uri ng mga palarong paligsahan, at liga sa mga palaro.*

*(5) Ang pagbibigay ng mga kahilingan at waiver, pagsagot ng mga siyasat, pagbibigay ng mga interpretasyon, at kung hindi naman ay pagsasagawa ng lahat ng pagkilos na makatuwirang hiniling ng mga aplikante at mga licensee sa pagsasagawa ng, at naaayon sa, mahusay na pangangasiwa at pagpapatupad ng kabanatang ito.*

*(b) Puwedeng iapela ng isang aplikante o licensee na tumanggap ng salungat na pagpapasya, pagtanggi, o hindi pagtanggap ang mula sa direktor ang salungat na pagpapasya, pagtanggi, o hindi pagtanggap sa Pangkalahatang Abugado. Hiwalay na susuriin ng Pangkalahtang Abugado ang mga apelang idinulog alinsunod sa subdibisyon de novo na ito.*

*19780. Kumpidensyalidad*

*(a) Magpapanatili ang dibisyon ng file ng lahat ng aplikasyon para sa mga lisensya sa ilalim ng kabanatang ito. Ang dibisyon ay magpapanatili ng talaan ng lahat ng pagkilos na isinagawa hinggil sa mga aplikasyong iyon.*

*(b) Maliban na lang kung kinakailangan para sa administrasyon ng kabanatang ito, walang taong nagkaroon ng access sa kumpidensyal na mga talaan o impormasyon sa pagsasagawa ng mga tungkulin alinsunod sa kabanatang ito, ang dapat hayagang magbunyag o magbigay ng mga talaan o impormasyon, o anumang bahagi nito, sa sinumang tao na hindi awtorisado ng batas na tumanggap nito. Ang isang paglabag sa subdibisyong ito ay pagsuway at posibleng magpataw sa lumabag sa sibil na pananagutan, kasama ang mga pinsala, at pandisiplinang aksyon.*

*(c) Hindi isinasaalang-alang ang subdibisyon (k) ng Seksyon 1798.24 ng Kodigong Sibil, hindi maipag-uutos ng isang hukuman ang pagbubunyag ng in-person na impormasyong hawak ng dibisyon sa sinumang tao sa anumang sibil na paglilitis, kung saan hindi isang panig ang dibisyon o Pangkalahatang Abugado, maliban sa mabuting layunin at kapag naipakita na hindi makuha ang impormasyon. Hindi papahintulutan ng seksyong ito ang pagbubunyag ng in-person na impormasyon na hindi naibubukod mula sa pagbubunyag.*

*(d) Ang mga pagbubunyag na inaasahang gawin ng dibisyon bilang kinakailangan para sa administrasyon ng kabanata, ay hindi magwe-waive ng pribilehiyo ng abugado at kliyente na mayroon ang tao o kaanib ng taong inaatasang gawin ang pagbubunyag na ito.*

*19781. Mga Multa at Parusa para sa Paglabag sa Kabanata*

*(a) Ang dibisyon ay puwedeng magpataw ng mga multa, maglalagay sa probasyon sa mga licensee, at magbabawi ng mga lisensya bilang tugon sa mga paglabag sa kabanatang ito, alinsunod sa naaayong proseso. Puwedeng magtalaga ang dibisyon ng mga multa sa sinumang taong mayroon, o inaatasang magkaroon, ng lisensya, permit, rehistro, o pag-apruba sa kabanatang ito o sa mga regulasyong ipinapatupad alinsunod sa kabanatang ito.*

*(b) Ang dibisyon ay may natatangi at eksklusibong kapangyarihan para ipatupad ang kabanatang ito at ipataw ang mga multa at iba pang parusa para sa paglabag sa kabanatang ito.*

*(c) Mga pinakasulit na multa para sa mga paglabag ng kabanatang ito ay ang mga sumusunod:*

*(1) Para sa isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online o supplier sa pagtaya sa sports online:*

*(A) Labinlimang libong dolyar ($15,000) kung saan ang paglabag ay nauugnay sa isang taong wala pang 21 taong gulang.*

*(B) Sampung libong dolyar ($10,000) para sa lahat ng iba pang paglabag.*

*(2) Para sa isang key person:*

*(A) Pitong libo at limang daang dolyar ($7,500) kung saan ang paglabag ay nauugnay sa isang taong wala pang 21 taong gulang.*

*(B) Limang libong dolyar ($5,000) para sa lahat ng iba pang paglabag.*

*(3) Para sa lahat ng iba pang tao:*

27

*(A) Limang libong dolyar ($5,000) kung saan ang paglabag ay nauugnay sa isang taong wala pang 21 taong gulang.*

*(B) Dalawang libo at limang daang dolyar ($2,500) para sa lahat ng iba pang paglabag.*

*(d) Hindi isinasaalang-alang ang subdibisyon (c), ang pinakasulit na multa para sa maraming paglabag sa kabanatang ito bilang resulta ng parehong transaksyon, pangyayari, o hanay ng mga sitwasyon, ay ang mga sumusunod:*

*(1) Isandaang libong dolyar ($100,000) para sa isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online o supplier sa pagtaya sa sports online.*

*(2) Limampung libong dolyar ($50,000) para sa isang key person.*

*(3) Dalawampu't limang libong dolyar ($25,000) para sa lahat ng iba pang tao.*

*(e) (1) Wala sa kabanatang ito ang mapapailalim sa, o mauunawaang gumawa ng, isang pribadong karapatan ng pagkilos.*

*(2) Hindi nalalapat ang Artikulo 18 (nagsisimula sa Seksyon 19990) ng Kabanata 5 ng Dibisyon 8 sa anumang pagkilos na ginawang naaayon sa batas ng kabanatang ito o mga regulasyon ipinapatupad dito.*

*19782. Mga Pang-kagipitan na Regulasyon*

*(a) Ang dibisyon ay nagpapatupad ng mga pang-kagipitan na regulasyong sapat para pahintulutan ang mga online na pagtaya sa sports na ialok, isagawa, o ipatupad sa estadong ito, pero sa labas ng mga lupaing-Indian. Ipapatupad ang mga pang-kagipitan na regulasyon ayon sa iskedyul na itinakda sa Seksyon 19791.*

*(b) Ang anumang regulasyong pang-kagipitan na ipinatupad alinsunod sa kabanatang ito ay ipapatupad alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at, para sa mga layunin ng kabanatang iyon, kasama ang Seksyon 11349.6 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang pagpapatupad ng regulasyon ay isang kagipitan at ituturing ng Opisina ng Pang-administratibong Batas bilang kinakailangan para sa agarang pagpapanatili ng kapayapaan, kalusugan at kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan ng publiko. Hindi isinasaalang-alang ang anumang kasalungat na probisyon ng batas, ang isang pang-kagiptan na regulasyong ipinapatupad ng dibisyon ay dapat manatiling may bisa hanggang sa ipatupad ang isang permanenteng kapalit na regulasyon.*

*19783. Pag-uulat ng Mga Paglabag sa Dibisyon*

*Ang sinumang tao o entidad na may lisensya, permit, o pag-apruba sa kabanatang ito ay dapat mag-ulat ng mga nalalamang paglabag sa kabanatang ito o sa iba pang naaangkop na batas, o regulasyong ipinapatupad sa kabanatang ito, sa dibisyong ito. Ang mga paglabag ay iuulat sa komersyal na makatuwirang bilis, na magsasama ng sapat na panahon para magsagawa ng internal na imbestigasyon hinggil sa anumang potensyal na paglabag.*

*19784. Start-Up na Pautang ng Dibisyon*

*(a) Hindi isinasaalang-alang ang anumang iba pang probisyon ng batas, ang isang pautang sa halagang hanggang tatlumpung milyong dolyar ($30,000,000) ay ginagawa mula sa Pangkalahatang Pondo sa Pangkalahatang Abugado para sa mga layunin ng pagtatalaga ng dibisyon, pagkuha ng direktor at iba pang empleyado ng dibisyon, pagkuha ng espasyo ng opisina para sa dibisyon, pagpapatupad ng mga regulasyon, pagsusuri at pagproseso ng mga aplikasyon, at pangangasiwa ng kabanatang ito.*

*(b) Babayaran ang pautang sa loob ng limang taon. Maglalaan ang Lehislatura ng pera sa pondo para bayaran ang pautang.*

*(c) Isasagawa ng Kontroler at lahat ng iba pang responsableng opisyal ng estado ang lahat ng kinakailangang pagkilos para ipatupad ang pautang na kinakailangan ng seksyong ito.*

*Artikulo 10. Hiwalay na Komite sa Pagpapayo sa Pagtaya sa sports Online*

*19785. Pagtatatag ng Hiwalay na Komite sa Pagpapayo sa Pagtaya sa sports Online*

*(a) Sa pamamagitan nito, isang Hiwalay na Komite sa Pagpapayo sa Pagtaya sa sports Online ang itinatatag sa dibisyon.*

*(b) Walang indibwal na may pederal, pang-estado, tribal, o lokal na inihalal o itinalagang tungkulin at walang opisyal ng anumang politikal na partido ang kwalipikadong italaga sa komite.*

*(c) Siyam na miyembro ng komite ang bubuo sa isang korum para sa mga layunin ng pagboto at pagsasagawa ng negosyo ng komite.*

*(d) Maghahalal ang komite ng tagapangulo mula sa mga miyembro. Maglilingkod ang tagapangulo sa kapasidad na iyon para sa dalawang taon at kwalipikado siya sa muling paghahalal. Papangasiwaan ng tagapangulo ang lahat ng pulong at magkakaroon siya ng lahat ng kapangyarihan at pribilehiyo ng iba pang miyembro ng komite.*

*(e) Magpupulong ang komite nang kahit man lang isang beses kada ikatlong buwan, at puwedeng magsagawa ng karagdagang regular at espesyal na pulong sa tawag ng komite o tagapangulo.*

*(f) Hindi bababa sa dalawang empleyado ng dibisyon ang itatalaga nang full-time sa pagiging kawani at sa pagsuporta ng komite.*

*19786. Pagiging Miyembro ng Komite*

*(a) Ang komite ay bubuuin ng 17 miyembrong itatalaga ayon sa sumusunod:*

*(1) Magtatalaga ang Gobernador ng apat na miyembro: isang kinatawan na may espesyalisasyon sa pagpapatupad ng batas o pampublikong kalusugan, isang kinatawan ng pangkalahatang publiko, isang kinatawan ng mga gaming tribe, at isang kinatawan ng mga kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(2) Magtatalaga ang Tagapagsalita ng Asembleya ng tatlong miyembro: isang kinatawan ng pangkalahatang publiko, isang kinatawan ng mga gaming tribe, at isang kinatawan ng mga kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(3) Magtatalaga ang Pansamantalang Presidente ng Senado ng tatlong miyembro: isang kinatawan ng pangkalahatang publiko, isang kinatawan ng mga gaming tribe, at isang kinatawan ng mga kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(4) Magtatalaga ang Tenyente Gobernador ng dalawang miyembro: isang kinatawang may espesyalisasyon sa responsableng gaming, at isang kinatawan ng mga tribong may gaming o kwalipikadong entidad.*

*(5) Magtatalaga ang Kontroler ng dalawang miyembro: isang kinatawang may espesyalisasyon sa accounting, at isang kinatawan ng mga gaming tribe.*

*(6) Magtatalaga ang Ingat-Yaman ng dalawang miyembro: isang kinatawang may espesyalisasyon sa pampublikong pananalapi, at isang kinatawan ng mga kwalipikadong entidad sa gaming.*

*(7) Magtatalaga ang Kalihim ng Estado ng isang miyembro na may espesyalisasyon sa teknolohiya o pribasya.*

*(b) Walang organisasyon, kasama ang, pero hindi limitado sa, isang gaming tribe, kwalipikadong entidad sa gaming, organisasyon sa pagpapatupad ng batas, o organisasyon sa pampublikong kalusugan, ang dapat magkaroon ng higit sa isang indibidwal mula sa kanilang organisasyon na itatalaga sa komite sa anumang partikular na panahon.*

*(c) Ang Pangkalahatang Abugado, o ang kinatawan ng Pangkalahatang Abugado, ay magsisilbing hindi bumobotong ex officio na miyembro ng komite.*

*(d) Ang bawat miyembro ng komite ay dapat isang mamamayan o residente ng Estados Unidos o nakakatugon sa mga ipinag-aatas ng subdibisyon (b) ng Seksyon 1020 ng Kodigo ng Pamahalaan.*

*19787. Mga Termino ng Miyembro ng Komite*

*(a) Dapat gawin ng bawat nagtatalagang awtoridad na inilalarawan sa Seksyon 19786 ang kanilang inisyal na pagtatalaga sa komite, alinsunod sa iskedyul na itinatalaga sa Seksyon 19791.*

*(b) Ang termino ng mga inisyal na itinalaga sa komite ay magsisimula sa ika-45 na araw pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito. Ang mga termino ng mga inisyal na itinalaga sa komite ay ang sumusunod:*

*(1) Magsisilbi sa loob ng apat na taon ang mga inisyal na itinalaga ng Gobernador at Tenyente Gobernador.*

*(2) Magsisilbi sa loob ng tatlong taon ang mga inisyal na itinalaga ng Tagapagsalita ng Asembleya at Pansamantalang Presidente ng Senado.*

*(3) Magsisilbi sa loob ng dalawang taon ang mga inisyal na itinalaga ng Kontroler, Ingat-Yaman, at Kalihim ng Estado.*

*(c) Pagkatapos ng mga inisyal na termino, ang termino ng bawat itinalaga o muling itinalaga na miyembro ng komite ay magiging apat na taon. Ang bawat miyembro ng komite ay magsisilbi hanggang sa may maitalaga na kasunod nila.*

*(d) Puwedeng alisin ng nagtatalagang awtoridad ang isang miyembro ng komite dahil sa kamalian sa katungkulan o pagpapabaya sa tungkulin. Walang miyembro ang aalisin maliban na lang kung ang mga dahilan sa pag-aalis ay inilahad sa pamamagitan ng pagsulat sa miyembro.*

*(e) (1) Sa loob ng 10 araw ng nagbagong sitwasyon, isang miyembro ng komite na itinalaga para katawanin ang isang partikular na espesyalisasyon, organisasyon, o uri ng entidad ang mag-aabiso sa pamamagitan ng pagsulat sa kanilang nagtatalang awtoridad, kung wala na sa kanila o hindi na nila kinakatawan ang partikular na espesyalisasyon, organisasyon, o uri ng entidad, o kung hindi na nila maipagpapatuloy ang paglilingkod bilang miyembro ng komite.*

*(2) Kapag natanggap ng nagtatalagang awtoridad ang nakasulat na abiso, ituturing na bakante ang posisyon ng miyembro sa komite. Sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng nakasulat na abiso, magtatalaga ang nagtatalagang awtoridad ng papalit para mapagsilbihan ang natitirang termino ng dating miyembro. Sa pag-wawakas ng hindi nagwakas na termino, puwede ring italaga ang kapalit sa isang kumpletong termino.*

*19788. Mga Tungkulin ng Komite*

*(a) Ang komite ay magpapayo at magrerekomenda sa dibisyon at direktong, hinggil sa pagpapatupad ng kabanatang ito. Ang komite ay magpapayo at magrerekomenda sa anumang aspeto ng pagpapatupad sa kabanatang ito, kung saan kasama ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:*

*(1) Mga teknolohiya at iba pang panukala na puwedeng gamitin para mapigilang tumaya ang mga taong wala pang 21 taong gulang.*

*(2) Paggamit ng mga pinakamahuhusay na kasanayan sa pagtaya sa sports online sa ibang estado at teritoryo ng Estados Unidos.*

*(3) Mga opsyong naaayon sa kabanaang ito, na responsableng magpapasulit sa halaga ng mga kitang ibinayad sa pondo.*

*(4) Pang-administratibong gabay at gabay sa teknikal na suporta sa dibisyon, hinggil sa pagtaya sa sports online.*

*(5) Mga rekomendasyon sa mga bagong regulasyon na dapat ipatupad, at mga kasalukuyang regulasyon na dapat susugan, isapanahon, o ipawalang-bisa.*

*(b) Awtorisado ang komite na gawin ang, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod:*

*(1) Magsagawa ng mga imbestigasyon o pag-aaral.*

*(2) Magbigay ng mga nakasulat na ulat.*

*(3) Mag-post ng anumang ulat o rekomendasyon sa internet website ng dibisyon sa ilalim ng sariling link ng komite.*

*19789. Kabayaran*

*(a) Ang bawat miyembro ng komite, maliban sa mga ex officio na miyembro, ay kwalipikadong makatanggap ng isang daan at limampung dolyar ($150) kada araw na panggastos. Babayara ang kada araw sa mga miyembro ng komite para sa bawat araw na iginugol sa aktuwal na pagdalo sa, o papunta o paalis sa, mga pulong ng komite, o sa espesyal na pagtatalaga ng komite, ayon sa pag-apruba ng tagapangulo at direktor ng komite.*

*(b) Walang miyembro ng komite ang makakatanggap ng kada araw na panggastos para sa higit na 40 araw sa isang taon ng kalendaryo.*

*(c) Matatanggap ng mga miyembro ng komite ang kinakailangang gastos sa pagbiyahe at panggastos sa pagkain, ayon sa pag-apruba ng direktor.*

*(d) Ang kada araw na panggastos at pag-babayad na awtorisado sa seksyong ito ay ganap na ibabayad mula sa mga pera sa pondo.*

*Artikulo 11. Pagsusog, Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa, at Pagsisimula ng Pagtaya sa sports Online*

*19790. Pagsusog*

*(a) Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng mga mamamayan ng Estado ng California ang mga sumusunod:*

*(1) Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, at ayon sa inilalarawan sa People v. Kelly (2010) 47 Cal.4th 1008, kulang ang kapangyarihan ng Lehislatura para gumawa ng anumang pagsusog sa isang inisyatibang batas nang wala ang kasunod na pag-apruba ng botante, maliban na lang kung partikular na pinahintulutan ng mga mamamayan na gumawa ng mga pagsusog nang wala ang pag-apruba ng botante.*

*(2) Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, at ayon sa inilalarawan sa Amwest Surety Insurance Company v. Wilson (1995) 11 Cal.4th*

27

27

*1243, kapag pinapahintulutan ng Lehislatura na susugan ang isang inisyatibang batas, may kapangyarihan ang mga mamamayan na magsama ng mga kundisyon sa awtorisasyon.*

*(b) (1) Maliban sa inilalahad sa talata (2), matapos ang petsa ng pagkabisa ng kabanatang ito, ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa kabanatang ito sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan na ipinasok sa journal, limang-kaanim bahagi ng mga miyembro ang sumang-ayon, sa kondisyon na ang batas ay kaayon ng, at nagsusulong ng layunin, ng kabanatang ito. Walang panukalang-batas na susugan ang kabanatang ito matapos ang petsa ng pagkabisa ng kabanatang ito na maaaring ipasa o humantong sa pagiging isang batas maliban kung ang panukalang-batas ay nalimbag at naipamahagi sa mga miyembro, at nailathala sa internet, sa pinal na anyo nito, para sa hindi kukulangin sa 15 araw ng trabaho bago ang pagpasa sa alinmang kapulungan ng Lehislatura.*

*(2) Hindi isinasaalang-alang ang talata (1), puwedeng baguhin ng Lehislatura ang porsyento ng paglalaan ng mga pera sa pagitan ng Account ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip at sa Account sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng Tribo na nakatalaga sa subdibisyon (d) ng Seksyon 19750 at talata (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 19750 sa pamamagitan ng isang batas na ipapasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan na ipinasok sa journal, dalawa-na-ikatlo na bahagi ng mga miyembro ang sumasang-ayon.*

*(c) Walang batas na ipinatupad matapos ang Oktubre 1, 2021, pero bago ang petsa ng pagkabisa ng kabanatang ito, ang hahantong sa pagsusog ng kabanatang ito, dapat ipatupad matapos ang petsa ng pagkabisa ng kabanatang ito maliban kung naipasa ang batas alinsunod sa mga iniaatas sa subdibisyon (b).*

*(d) Ang mga layunin ng kabanatang ito ay inilalarawan sa Seksyon 2 ng Batas ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip.*

*19791. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa at Pagsisimula ng Pagtaya sa sports Online*

*(a) Magkakabisa ang kabanatang ito sa susunod na Enero 1 pagkatapos itong maaprubahan ng mga mamamayan sa Estado ng California.*

*(b) Hindi lalampas nang 30 araw pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito, gagawin ang lahat ng inisyal na pagtatalaga sa komite.*

*(c) Sa loob ng 120 araw pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito, maglalathala ang dibisyon ng iminumungkahing pang-kagipitan na regulasyon na sapat para sa pagpapatupad ng kabanatang ito, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga form ng aplikasyon para sa mga lisensya at pagsusumiteng awtorisado ng Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 19762), Artikulo 5 (nagsisimula sa Seksyon 19769), Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 19771), at Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksyon 19774). Hihingi at isasaalang-alang ng dibisyon ang mga komento mula sa publiko at komite tungkol sa iminumungkahing pang-kagipitan na regulasyon.*

*(d) Sa loob ng 150 araw pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito dapat magpatupad ang dibisyon ng pinal na pang-kagipitan na regulasyon na nagtatalaga sa kabanatang ito, kasama ang mga form sa aplikasyon, ayon sa inilalarawan sa subdibisyon (c).*

*(e) Sa loob ng 160 araw pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito, magsisimulang tumanggap ang dibisyon ng mga aplikasyon sa lisensya mula sa mga aplikanteng nagpapalakad, aplikanteng supplier, mga key person, at para sa mga pansamantalang lisensya. Gagawa ang dibisyon ng pagpapasya tungkol sa aplikasyon sa loob ng 60 araw mula sa pagtanggap nito.*

*(f) (1) Sa loob ng 240 araw pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng kabanatang ito, papayagan ng dibisyon ang mga nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na magsimulang mag-alok, magsagawa, o mag-patakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito, ayon sa inilalahad sa kabanatang ito.*

*(2) Ang lahat ng aplikanteng nagpapalakad na nagsumite ng aplikasyon alinsunod sa Seksyon 19763 sa loob ng 30 araw mula sa pagpapatupad ng pinal na pang-kagipitan na regulasyon ayon sa subdibisyon (d), ay mabibigyan ng patas na oportunidad para unang simulan ang pag-aalok, pagsasagawa, o pag-papatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito, sa parehong araw.*

*(3) Ang lahat ng aplikanteng nagpapalakad na nagsumite ng aplikasyon alinsunod sa Seksyon 19763 at Seksyon 19764 sa loob ng 30 araw mula sa pagpapatupad ng pinal na pang-kagipitan na regulasyon ayon sa subdibisyon (d), ay mabibigyan ng patas na oportunidad para unang simulan ang pag-aalok, pagsasagawa, o pag-papatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito, sa parehong araw. Ang mga aplikanteng nagpapalakad na inilalarawan sa talatang ito ay puwedeng pahintulutan munang simulan ang pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito bago ang mga aplikanteng nagpapalakad na inilalarawn sa talata (2).*

*Artikulo 12. Mga Trade Secret at In-person at Pagmamay-aring Impormasyon*

*19792. Mga Trade Secret at In-person at Pagmamay-aring Impormasyon*

*(a) Ang anumang pagsusumite sa dibisyon alinsunod sa kabanatang ito, at ang lahat ng dokumento, ulat, at data na isusumite kaugnay nito, na may kumpidensyal na impormasyon, mga trade secret, pinansyal na impormasyon, o in-person na impormasyon tungkol sa sinumang tao o entidad ay hindi pampublikong talaan na napapailalim sa pagbubunyag para sa mga layunin ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksyon 6250) ng Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang batas ng estado.*

*(b) Ang mga pagsusumiteng inilalarawan sa subdibisyon (a) ay dapat ituring ng dibisyon bilang mga kumpidensyal na talaan at puwede lang ibunyag o ipahayag maliban na lang kung ipinag-aatas ng isang hukumang may karapat-dapat na hurisdiksyon.*

*19793. In-person na Impormasyon at Pagsunod sa Batas ng Estado*

*(a) Ang koleksyon, paggamit, pagpapanatili, at pagbabahagi ng in-person na impormasyon alinsunod sa kabanata at mga regulasyong ipinapatupad dito ay mapapailalim sa kabanatang ito at hindi sa anumang iba pang batas ng estado.*

*(b) Para sa mga layunin ng batas ng California, kasama ang, pero hindi limitado sa, Titulo 1.81.5 (nagsisimula sa Seksyon 1798.100) ng Bahagi 4 ng Dibisyon 3 ng Kodigo Sibil, sa pamamagitan nito ay pinapatunayan at ipinapahayag ng mga mamamayan na kinakailangan ang pagkolekta, paggamit,*

*pagpapanatili, at pagbabahagi ng in-person na impormasyong awtorisado ng kabanatang ito para sumunod sa batas ng estado ng California na itinatakda sa kabanatang ito.*

*Artikulo 13. Mga Kahulugan*

*19794. Mga Kahulugan*

*Para sa mga layunin ng kabanatang ito, gaya ng ginamit sa parehong pang-isahan at pangmaramihang anyo, ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat ilapat:*

*(a) Tumutukoy ang "isinaayos na gross na resibo sa pagtaya sa sports online" sa halaga sa dolyar na natitira pagkatapos ibawas ang mga halaga sa dolyar na inilalarawan sa talata (2) mula sa mga halaga sa dolyar na inilalarawan sa talata (1):*

*(1) Kabuuang gross na resibo.*

*(2) Ang kabuuang halaga sa dolyar ng lahat ng sumusunod na binayaran o napatalo ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online:*

*(A) Lahat ng perang ibinayad bilang panalo sa lahat ng tumataya.*

*(B) Ang halaga ng lahat ng merchandise o pag-aari na ibinigay bilang premyo sa mga tumataya.*

*(C) Lahat ng pederal na excise na buwis.*

*(D) Lahat ng napawalang-bisa na pagtaya.*

*(b) Tumutukoy ang "amateur na sports event" o "amateur na sporting event" sa anumang sports o atletikong paligsahan na hindi propesyonal na palarong paligsahan, collegiate na palarong paligsahan, o pangkabataang palarong paligsahan.*

*(c) Tumutukoy ang "collegiate na sports event" o "collegiate na sporting event" sa isang atletikong paligsahan o mga event kung saan kahit man lang isang kalahok ay isang koponan mula sa isang pampubliko o pribadong institusyon ng mataas na pag-aaral o isang indibidwal na lumalaban sa ngalan ng isang pampubliko o pribadong institusyon ng mas mataas na pag-aaral, saanman matatagpuan ang institusyon.*

*(d) Tumutukoy ang "komite" sa Hiwalay na Komite sa Pagpapayo sa Pagtaya sa sports Online na itinatag sa Artikulo 10 (nagsisimula sa Seksyon 19785).*

*(e) Tumutukoy ang "competitive na event" o "novelty na event" sa anumang iba pang event na anumang uri na awtorisado ng dibisyon sa pagtaya alinsunod sa kabanatang ito, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga awards show, hindi atletiko na kumpetisyon at event, kulturang popular, at kasalukuyang kaganapan. Hindi kasama sa "competitive na event" o "novelty na event" ang pederal, pang-estado, lokal, o dayuhan na halalan.*

*(f) Tumutukoy ang "covered na sporting event" o "covered na sports event" sa isang propesyonal, collegiate, o amateur na palarong paligsahan ng isang lupong nangangasiwa ng sports kung saan ang isa o higit pang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online ay nag-aalok o tumatanggap ng mga pagtaya.*

*(g) Tumutukoy ang "departamento" sa Departamento ng Hustisya.*

*(h) Tumutukoy ang "dibisyon" sa Dibisyon ng Pagkontrol sa Pagtaya sa sports Online na itinatag sa Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 19777).*

*(i) Tumutukoy ang "direktor" sa direktor ng Dibisyon ng Pagkontrol sa Pagtaya sa sports Online.*

*(j) Tumutukoy ang "electronic na sports event" o "electronic na sporting event" sa mga liga, competitive na circuit, torneo, o mga katulad ng kumpetisyon kung saan naglalaro ang mga indibidwal o koponan ng mga video game, na karaniwang para sa mga nanonood, nang in-person o online, para sa mga layunin ng premyo, pera, o aliwan.*

*(k) Tumutukoy ang "pondo" sa Trust Fund ng California para sa Pagtaya sa sports Online na itinatag sa Seksyon 19750.*

*(l) (1) Tumutukoy ang "gaming tribe" sa pederal na kinikilalang Indian tribe na legal na nagpapatakbo ng mga slot machine o nagsasagawa ng pagbabangko o percentage card game, roulette, o game na nilalaro gamit ang dice sa alinman sa mga sumusunod:*

*(A) Isang balido na compact na pinahintulutan ng Gobernador at pinagtibay ng Lehislatura bilang ibinibigay sa Seksyon 19 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California.*

*(B) Ang lahat ng class III na pamamaraan sa gaming na ibinigay ng Kalihim ng Departamentong Panloob ng Estados Unidos alinsunod sa pangremedyong probisyon ng Seksyon 2710(d)(7) ng Titulo 25 ng Kodigo ng Estados Unidos, o anumang papalit na pederal na batas.*

*(2) Kasama sa "gaming tribe" ang anumang instrumentality, politikal na subdibisyon, o iba pang legal na entidad kung saan nagpapatakbo ang isang tribong may gaming ng mga slot machine o nagsasagawa ng pagbabangko at percentage card game, pagtaya sa sports, roulette, o mga game na nilalaro gamit ang dice sa estadong ito*

*(m) Tumutukoy ang "handle" sa halaga sa dolyar na katumbas ng lahat ng pagtaya sa isang palarong paligsahan.*

*(n) Tumutukoy ang "hold" sa halaga sa dolyar na katumbas ng kabuuan ng lahat ng taya, maliban sa mga pagtaya na may libreng pagtaya o pampromosyong gaming credit, na kinokolekta ng licensee sa pagtaya sa sports online mula sa mga mamimili, na mas mababa sa kabuuang halaga ng lahat ng kabuuang ibinabayad bilang mga premyo sa lahat ng mamimili.*

*(o) Tumutukoy ang mga "Lupaing-Indian" sa mga lupaing-Indian ng isang pederal na kinikilalang Indian tribe, ayon sa tinutukoy sa Seksyon 2703(4) ng Titulo 25 ng Kodigo ng Estados Unidos, o anumang papalit na pederal na batas.*

*(p) Tumutukoy ang "key person" sa isang tagapamahalang empleyado ng isang aplikanteng nagpapalakad, aplikanteng supplier, nagpapalakad sa pagtaya sa sports online, o supplier sa pagtaya sa sports online na nagsasagawa ng tungkulin ng prinsipal na ehekutibong opisyal, prinsipal na opisyal sa pagpapatakbo, o prinsipal na opisyal sa accounting, at anumang prinsipal na may-ari ng licensee o aplikanteng iyon, maliban sa isang institusyonal na imbestor na nagho-hold para sa mga layunin ng pamumuhunan nang mas mababa sa 25 porsyento ng equity ng isang aplikante, nagpapalakad o supplier.*

*(q) Tumutukoy ang "kasunduan sa pag-access ng merkado" sa isang kasunduan sa pagitan ng kwalipikadong entidad sa gaming at isang tribong may gaming hinggil sa pag-aalok at pagsasagawa ng pagtaya sa sports online ng kwalipikadong entidad sa gaming sa mga taong pisikal na may presensya sa estadong ito pero nasa labas ng mga lupaing-Indian, kung saan ang mga tuntunin nito ay tutukuyin lang ng mga partido sa kasunduan.*

*(r) Tumutukoy ang "kaganapang sports na pang-motorsiklo" sa isang palarong paligsahan kung saan nagkukumpetisyon*

27

*ang mga kalahok gamit ang isang pinapatakbo ng de-makinang sasakyan o aparato.*

*(s) (1) Tumutukoy ang "pagtaya sa sports online" sa pagtanggap ng pagtaya sa pamamagitan ng plataporma sa pagtaya sa sports online sa alinman sa mga sumusunod:*

*(A) Mga palarong paligsahan.*

*(B) Mga bahagi o kumbinasyon ng mga palarong paligsahan.*

*(C) Indibidwal na istatistika o pagganap ng mga atleta o kalahok sa isang palarong paligsahan o kumbinasyon ng mga palarong paligsahan.*

*(2) Ang pagtaya sa sports online ay puwedeng sa paraan ng pagtaya sa pamamagitan ng anumang sistema o paraan ng pagtaya, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga single-game na pagtaya, mga teaser na pagtaya, parlay, over-under, moneyline, mga pool, exchange na pagtaya, in-game na pagtaya, mga in-play na pagtaya, mga proposisyon na pagtaya, at mga straight na pagtaya.*

*(3) Hindi kasama sa "pagtaya sa sports online" ang parimutuel na pagtaya sa karera ng kabayo, ayon sa itinatakda sa Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 19590) ng Kabanata 4 ng Dibisyon 8.*

*(t) (1) Tumutukoy ang "nagpapalakad sa pagtaya sa sports online" sa tao o mga taong inilalarawan sa talata (2) na lisensyado alinsunod sa kabanatang ito na mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito pero sa labas ng mga lupaing-Indian.*

*(2) (A) Kapag nakakuha ang isang tribong may gaming ng lisensya sa tribal operator alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula s a Seksyon 19762), ang tribong may gaming ang nagiging nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(B) Kapag nakakuha ang isang kwalipikadong entidad sa gaming ng lisensya ng kwalipikadong nagpapalakad ng entidad ng gaming alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 19762), ang kwalipikadong entidad sa gaming ang nagiging nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(C) Kapag nakakuha ang isang provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online ng lisensya ng provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 19762), ang provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online ang nagiging nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(u) Tumutukoy ang "lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online" sa lisensyang ibinigay ng dibisyon sa isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online alinsunod sa kabanatang ito para mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online sa estadong ito pero sa labas ng mga lupaing-Indian. Kasama sa "lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online" ang isang lisensya ng tribal operator, lisensya ng kwalipikadong nagpapalakad sa entidad ng gaming, at lisensya ng provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online.*

*(v) Tumutukoy ang "plataporma sa pagtaya sa sports online" o "plataporma" sa isang online-enabled na application, internet website, o iba pang electronika o digital na teknolohiyang ginagamit para mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online.*

*(w) Tumutukoy ang "provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online" sa isang taong nakikipagkontrata sa isang tribong may gaming para magbigay ng plataporma sa pagtaya sa sports online o iba pang serbisyo sa tribong may gaming na partikular sa pagtaya sa sports online at kinakailangan sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa pamamagitan ng gaming tribe, kasama ang mga impormasyon ng odd at linya, pagtaya, o pagpapanatili ng mga account ng mamimili sa pagtaya sa sports.*

*(x) Tumutukoy ang "provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online" sa isang aplikasyon na inilalarawan sa subparagraph (C) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 19763.*

*(y) Tumutukoy ang "lisensya ng provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online" sa isang lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na inilalarawan sa subparagraph (C) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 19763.*

*(z) Tumutukoy ang "supplier sa pagtaya sa sports online" sa isang taong nagbibigay o nag-aalok ng mga serbisyo sa isang nagpapalakad sa pagtaya sa sports online.*

*(aa) Tumutukoy ang "kasunduan sa pagpapatakbo" sa isang nakasulat na kontrata sa paraang aprubado ng dibisyon kung saan sumasang-ayon ang isang tribong may gaming at provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online sa lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Mag-aalok, magsasagawa, at magpapatakbo ang provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online ng pagtaya sa sports online bilang kahalili ng gaming tribe.*

*(2) Mag-a-apply ang provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online para sa lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online, at ito lang ang magiging partido sa kasunduan na kumukuha ng anumang lisensya alinsunod sa kabanatang ito.*

*(3) Hindi magkakaroon ang tribong may gaming ng aktibong tungkulin sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online.*

*(4) Kung ibabahagi ng provider ng platform sa pagtaya sa sports online ang bahagi ng mga kita mula sa pag-aalok, pagsasagawa, at pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa gaming tribe.*

*(5) Ang provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online ay magiging responsable para sa pagbabayad ng lahat ng bayarin sa lisensya, bayarin sa pag-pabago ng lisensya, buwis, parusa, multa, at surcharge na nalalapat sa pag-aalok, pagsasagawa, o pagpapatakbo ng pagtaya sa sports online sa mga taong pisikal na may presensya sa estado pero nasa labas ng mga lupaing-Indian*

*(ab) Tumutukoy ang "aplikanteng nagpapalakad" sa lahat ng sumusunod:*

*(1) Kapag nagsumite ang isang tribong may gaming ng aplikasyon sa tribal operator alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 19762), ang tribong may gaming ang aplikanteng nagpapalakad.*

*(2) Kapag nagsumite ang isang kwalipikadong entidad sa gaming ng aplikasyon ng kwalipikadong entidad sa gaming alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 19762), ang kwalipikadong entidad sa gaming ang nagiging aplikanteng nagpapalakad.*

*(3) Kapag nagsumite ang isang provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online ng aplikasyon ng provider ng plataporma sa pagtaya sa sports online alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 19762), ang provider ng plataporma*

*sa pagtaya sa sports online ang nagiging aplikanteng nagpapalakad.*

*(ac) Tumutukoy ang "patron," "tumataya," "consumer," o "mamimili" sa isang indibidwal sa estadong ito na kwalipikado na maglagay, gumawa, o magpasimula ng mga pagtaya sa mga palarong paligsahan alinsunod sa kabanatang ito na naglagay, gumawa, o nagpasimula, o sa hinaharap ay maglalagay, gagawa, o magpapasimula ng mga botong iyon.*

*(ad) Tumutukoy ang "tao" sa mga indibidwal, natural na tao, gaming tribe, tribal na entidad, pangkorporasyong entidad, at anumang iba pang legal na entidad na anuman ang uri. Kapag ginagamit bilang pangngalan, tumutukoy ang "indibidwal" sa isang tao.*

*(ae) Tumutukoy ang "prinsipal na may-ari" sa isang tao o entidad na may mahigit sa 10 porsyento ng interes sa pagmamay-ari.*

*(af) Tumutukoy ang "propesyonal na palarong paligsahan" o "professional na sporting event" sa isang atletikong paligsahan kung saan dalawa o higit pang magkalaban ang lumalahok at isa o higit pang magkalaban ang tumatanggap ng bayad para sa paglahok sa event. Ang anumang event na kwalipikado bilang collegiate na palaro ay hindi ituturing na propesyonal na palaro, binabayaran man o hindi ang mga magkalaban.*

*(ag) Tumutukoy ang "kwalipikadong entidad sa gaming" sa taong nakakatugon sa hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na kundisyon:*

*(1) Ang tao at ang mga kaanib nito ay kolektibong may lisensya o katulad na awtorisado para mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online sa hindi bababa sa 10 estado o teritoryo ng Estados Unidos.*

*(2) Ang tao at mga kaanib nito ay kolektibong:*

*(A) May lisensya o katulad na awtorisado para mag-alok, magsagawa, o magpatakbo ng pagtaya sa sports online sa hindi bababa sa limang estado o teritoryo ng Estados Unidos.*

*(B) Nagpapatakbo o namamahala ng hindi bababa sa 12 casino na pisikal na matatagpuan saanman sa loob ng estado o teritoryo ng Estados Unidos na nag-aalok ng mga laro na "Class III gaming" alinsunod sa Seksyon 2703 ng Titulo 25 ng Kodigo ng Estados Unidos, kung pinapatakbo ng isang Indian tribe ang casino.*

*(ah) Tumutukoy ang "aplikasyon ng kwalipikadong entidad sa gaming" sa isang aplikasyon na inilalarawan sa subparagraph (B) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 19763.*

*(ai) Tumutukoy ang "nagpapalakad ng kwalipikadong entidad sa gaming" sa isang lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na inilalarawan sa subparagraph (B) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 19763.*

*(aj) Tumutukoy ang "tribal na aplikasyon" sa isang aplikasyon na inilalarawan sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 19763.*

*(ai) Tumutukoy ang "lisensya ng operator ng tribo" sa isang lisensya ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online na inilalarawan sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 19763.*

*(al) (1) Tumutukoy ang "mga palarong paligsahan" o "sporting event" sa lahat ng sumusunod:*

*(A) Isang propesyonal na palarong paligsahan.*

*(B) Isang atletikong event.*

*(C) Isang collegiate na palarong paligsahan.*

*(D) Isang amateur na palarong paligsahan.*

*(E) Isang electronikang palarong paligsahan.*

*(F) Isang motor sports event.*

*(G) Isang kumpetisyong event o novelty na event.*

*(2) Hindi kasama sa "palarong paligsahan" o "sporting event" ang mga karera ng kabayo na napapailalim sa Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 19590) ng Kabanata 4 ng Dibisyon 8.*

*(am) Tumutukoy ang "grupong nangangasiwa sa mga palaro" sa isang organisasyong may headquarters sa Estados Unidos at nag-aatas ng mga pinal na panuntunan at nagpapatupad ng mga kodigo ng asal hinggil sa mga nasasaklawng mga palarong paligsahan at sa mga kalahok nito.*

27

*(an) Tumutukoy ang "liga ng palaro" sa organisasyong nagho-host o nangangasiwa ng mga umuulit na serye ng mga palarong paligsahan sa pagitan ng mga koponan o indibidwal na miyembro ng, o kaanib ng, organisasyon.*

*(ao) Tumutukoy ang "aplikanteng supplier" sa taong nag-a-apply para sa isang lisensya sa pagtaya sa sports online alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 19771).*

*(ap) Tumutukoy ang "kabuuang gross na resibo" sa kabuuang halaga sa dolyar ng lahat ng pagtaya sa sports online, maliban sa mga pagtaya sa sports na may mga libreng pagtaya o pampromosyong credit sa gaming, na kinokolekta ng nagpapalakad sa pagtaya sa sports online mula sa mga tumataya.*

*(aq) Tumutukoy ang "estado o teritoryo ng Estados Unidos" sa Distrito ng Columbia, anumang teritoryo ng Estados Unidos, o anumang estadong kinatawan sa Senado ng Estados Unidos, maliban sa Estado ng California.*

*(ar) (1) Tumutukoy ang "taya" o "wager" sa pag-pusta o pag-sugal ng tao ng bagay na may halaga para sa isang kasunduan o pag-unawa na ang tao o iba pang tao ay makakatanggap ng bagay na may halaga kung sakali lumitaw ang isang partikular na resulta. Hindi kasama sa mga termino ang:*

*(A) Anumang aktibidad na pinapangasiwaan ng mga batas sa seguridad ng Estados Unidos o ng estadong ito.*

*(B) Anumang kontrata sa indemnity o garantiya.*

*(C) Anumang kontrata para sa seguro.*

*(D) Paglahok sa anumang laro o paligsahan kung saan hindi itataya ng mga kalahaok ang anumang bagay na my halaga maliban sa mga in-person na pagsisikap ng kalahok sa pagsali sa laro o paligsahan o pagkuha ng access sa internet, o mga puntos o credit ng sponsor ng laro o paligsahan na ibinibigay ng libre sa mga kalahok at puwedeng gamitin o tubusin lang para sa paglahok sa mga laro o paglisahang iniaalok ng sponsor.*

*(E) Isang pantasyang palaro na paligsahan kung saan ang mga resulta ay nagpapakita sa nauugnay na kaalaman at kakayahan ng mga manlalaro at laganap na tinutukoy ng naipong istatistikal na pag-ganap ng mga atleta o indibidwal.*

*(2) Ang mga reperensiya sa isang pagtaya o wager na "ginagawa," "inilalagay," o "sinisimulan," o anumang kumbinasyon o pagsasama ng mga terminong iyon, ay ginagamit nang papalit-palit sa kabanatang ito.*

*(as) (1) Tumutukoy ang "pangkabataang palarong paligsahan" o "pangkabataang sporting event" sa isang atletiko na event o mga event kung saan umiiral ang alinman sa mga sumusunod na kundisyon:*

*(A) Ang karamihan ng mga kalahok ay wala pang 18 taong gulang.*

*(B) Ang kahit man lang isa sa koponan ay mula sa isang pampubliko o pribadong elementarya, middle, o sekundaryang paaralan, saan man matatagpuan ang paaralang iyon.*

*(2) Hindi isinasaalang-alang ang talata (1), kung ang isang atletiko na event ay isang Olympic na event o nakakatugon sa kahulugan ng "collegiate na palarong paligsahan" o "propersyonal na palarong paligsahan," hindi ituturing ang event na pangkabataang palarong paligsahan, anuman ang edad ng mga kalahok.*

*(3) Ang pagtatalaga ng isang "pangkabataang palarong paligsahan" ay magiging limitado sa isang laro o laban kung saan umiiral ang alinman sa mga kundisyong itinatalaga sa subparagraph (A) o (B) ng talata (1), at hindi ito dapat unawaing nagbabawal sa pagtaya sa ibang laro o sa isang torneo o maraming laro na event kung saan kasali ang isang pangkabataang palarong koponan.*

SEK. 5. Idinagdag ang Seksyon 15.5 sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California upang isaad ang sumusunod:

*Sek. 15.5. Hindi kasama sa "mga paglalaan alinsunod sa limitasyon" ng bawat entidad ng pamahalaan ang mga paglalaan ng mga kita mula sa Trust Fund ng California para sa Pagtaya sa sports Online (COSBTF) na ginawa ng Batas ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip, o anumang iba pang kitang idiniposito sa anumang iba pang pondo o account alinsunod sa batas na iyon. Walang pagsasaayos sa limitasyon ng mga paglalaan sa anumang entidad ng pamahalaan ang iaatas alinsunod sa Seksyon 19.5 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California bilang resulta ng mga kita na idinidiposito o inilalaan mula sa Trust Fund ng California para sa Pagtaya sa sports Online na ginawa ng Batas ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip, o anumang iba pang pondo o account alinsunod sa batas na iyon.*

SEK. 6. Idinagdag ang Seksyon 23.5 sa Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California upang isaad ang sumusunod:

*Sek. 23.5. Ang mga buwis na ipinapataw ng Batas ng California para sa Mga Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip at ang kita mula rito, kasama ang interes sa pamumuhunan, ay hindi ituturing na mga kita sa Pangkalahatang Pondo para sa mga layunin ng Seksyon 8 at sa mga ipinapatupad na batas nito, at hindi dapat ituring na "mga kita sa Pangkalahatang Pondo," "mga kita ng estado," o "nalikom sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo" para sa mga layunin ng subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 8 at mga ipinapatupad na batas nito.*

SEK. 7. Pagiging Naihihiwalay.

Naihihiwalay ang mga probisyon ng batas na ito. Kung mapag-aalaman ng anumang hukumang may naaangkop na hurisdiksyon na walang bisa ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, hugnay, pangungusap, parirala, salita, o paggamit ng batas na ito para sa anumang dahilan, hindi makakaapekto ang pasyang iyon sa bisa ng iba pang bahagi ng batas na ito. Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapahayag sa pamamagitan nito na pagtitibayin nila ang batas na ito at ang bawat isa at bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, hugnay, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi ipinahayag na walang-bisa o labag sa Saligang-Batas nang hindi isinasaalang-alang kung ang anumang bahagi ng batas na ito o ang paggamit nito ay idedeklarang walang-bisa sa huli.

SEK. 8. Mga Salungat at Hindi Salungat na Panukalang Inisyatibo.

(a) Mga Salungat na Panukalang Inisyatibo. Kung sakaling lumitaw sa parehong pambuong estadong balota ang panukalang inisyatibo na ito kasama ang iba pang panukalang inisyatibo o mga panukalang nagpapahintulot na maialok ang pagtaya sa sports sa internet at sa mga mobile device sa mga taong 21 taong gulang pataas na pisikal na nasa estado, pero nasa labas ng mga luaping-Indian, ituturing ang ibang panukalang inisyatibo o mga panukala na sumasalungat sa panukalang ito. Kung ang inisyatibong panukalang ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang inisyatibong panukala o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

(b) Mga Hindi Salungat na Panukalang Inisyatibo.

(1) Hindi isinasaalang-alang ang subdibisyon (a), hindi ituturing ang panukalang inisyatibo na ito na salungat sa Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas, na inisyal na idinisenyo bilang Inisyatibo Blg. 19-0029 Pagsusog #1 ng Pangkalahatang Abugado at #1886 ng Kalihim ng Estado.

(2) Ang mga botante sa pamamagitan nito ay nagpapahayag na ang batas na ito at ang mga panukalang inisyatibong inilalarawan sa talata (1) pantulong at karagdagan sa isa't isa, at hindi nakikipagkumpitensya sa mga all-or-nothing na alternatibo. Ang mga botante sa pamamagitan nito ay malaya at walang alinlangan na nagpapahayag ng kanilang layunin na kung ang batas na ito at inisyatibong panukala na inilalarawan sa talata (1) ay parehong naaprubahan sa parehong halalan, na ang batas na ito at ang iba pang inisyatibong panukala ay dapat na parehong ipatupad.

(3) Higit pang ipinapahayag ng mga botante na:

(A) Ang Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas at ang batas na ito ay pantulong at karagdagan sa isa't isa.

(B) Ang batas na ito at ang Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas ay hindi nakikipagkumpitensya sa mga all-or-nothing na alternatibo.

(C) Layunin ng mga tao na, kung parehong maaprubahan ng mga botante ang batas na ito at ang Batas sa Pagpapatupad ng California Kaugnay ng Pangangasiwa ng Pagtaya sa sports at Pagsusugal na Labag sa Batas sa parehong halalan, dapat bigyan ng ganap na pagpapatupad at bisa ang dalawang panukala para matiyak na ang mga benepisyo ng ligtas at legal na online at in-person na pagtaya sa sports ay parehong naisasakatuparan para sa Estado ng California.

(c) Kung ang inisyatibong panukalang ito ay aprubahan ng mga botante pero pinawalang-bisa sa kabuuan o bahagi ng anumang ibang kasalungat na panukalang inisyatibo na inaprubahan ng mga botante sa kaparehong halalan, at naturang kasalungat na panukala ay ipinasiyang walang-bisa sa bandang huli, ang panukalang ito ay dapat na nakakaganap sa sarili at bigyan ng buong puwersa at epekto.

SEK. 9. Liberal na Konstruksyon.

Ang batas na ito ay liberal na uunawaing magbibigay ng bisa sa intensyon at layunin nito, na ipinapahayag sa Seksyon 2 ng batas na ito.

SEK. 10. Legal na Depensa.

Ang layunin ng seksyong ito ay tiyakin na ang karapatan sa inisyatiba ng mga mamamayan ay hindi maaaring basta ipawalang-bisa ng mga politiko ng estado na tatangging depensahan ang kagustuhan ng mga botante. Samakatuwid, kung ang batas na ito ay aprubahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkaraan ay isinailalim sa isang hamong pambatas na sinusubukang limitahan ang saklaw o pagiging nalalapat ng batas na ito sa anumang paraan, o nagpaparatang sa batas na ito na lumalabag sa anumang pang-estado o pederal na batas sa kabuuan o bahagi nito, at pareho ng Gobernador at Pangkalahatang Abugado ay tumangging ipagtanggol ang batas na ito hanggang sa limitasyon pinapahintulutan sa ngalan ng Estado ng California, ang mga sumusunod na aksyon ay dapat gawin:

(a) Sa kabila ng anumang kasalungat ng nakasaad sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang ibang batas, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat magtalaga ng isang independiyenteng abugado upang matapat at matinding ipagtanggol ang batas na ito hanggang sa limitasyon pinapahintulutan sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago magtalaga o pagkaraan ay magpalit ng independiyenteng abugado, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat gumamit ng angkop na pagsisikap sa pagpapasiya ng mga kuwalipikasyon ng independiyenteng abugado at dapat kumuha ng nakasulat na pagpapatibay mula sa independiyenteng abugado na ang independiyenteng abugado ay matapat at matinding ipagtatanggol ang batas na ito hanggang sa limitasyong pinapahintulutan. Ang nakasulat na pagpapatibay ay dapat ihanda sa publiko kapag hiniling.

(c) Para masuportahan ang pagdepensa sa batas na ito sa mga sitwasyon kung saan hindi magagawa ng Gobernador at Pangkalahatang Abugado sa kabila ng kagustuhan ng mga botante, ang isang patuloy na paglalaan ay ginagawa sa pamamagitan nito mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Kontroler, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, sa isang halagang kailangan upang masakop ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abugado upang matapat at matinding ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California hanggang sa limitasyong pinapahintulutan.

# PROPOSISYON 28

Ang panukalang inisyatibang ito ay isinumite sa mga mamamayan alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Edukasyon; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

## IMINUNGKAHING BATAS

Seksyon 1: Mga Pagpapasiya at Pagpapahayag.

(a) Pinapatunayan ng mga pag-aaral sa mga edukasyonal na husay na pinapahusay ng sining at musika ang pag-aaral ng mag-aaral. Napatunayang pinapahusay ng edukasyon sa musika ang cognitive development at spatial reasoning, habang pinapahusay ng sining ang kumprehensyon sa pagbasa. Napatunayan ding pinapahusay ng edukasyon sa sining at musika ang pagdadalo sa paaralan at indibidwal na kumpiyansa sa sarili at motibasyon ng mag-aaral para matuto, partikular sa mahihirap at iba pang at-risk na mag-aaral. Nagbibigay din ang edukasyon sa sining ng mahusay na landas patungo sa isang trabaho sa mapanlikhang ekonomiya ng California, habang nabubuo at lumalawak ang kultura nito.

(b) Sa kabila ng malinaw na halaga ng edukasyon sa sinig at musika, napatunayan sa isang hiwalay na pag-aaral ng edukasyon sa sining sa California na:

(1) Siyamnapung porsyento ng paaralang elementarya ang hindi nakakapagbigay ng mataas na kalidad ng kurso ng pag-aaral sa lahat ng disiplina sa sining.

(2) Siyamnapu't anim na porsyento ng mga middle school ang hindi nakakapagbigay ng mataas na kalidad ng kurso ng pag-aaral sa lahat ng disiplina sa sining.

(3) Pitumpu't dalawang porsyento ng mga high school ang hindi nakakapagbigay ng mataas na kalidad ng kurso ng pag-aaral sa lahat ng disiplina sa sining.

(c) Napag-alaman din sa pag-aaral na partikular na nagkaroon ng pagbaba sa pag-enroll ng mag-aaral at inaalok na kurikulum sa edukasyon sa musika. Hindi na nakakabigla na mas hindi maayos ang access ng mag-aaral sa edukasyon sa sinig para sa mga mataas-sa-paghihirap na paaralan.

(d) Ang dahilan ng tuloy-tuloy na pagbagsak ng edukasyon sa sining at musika ay direktang nauugnay sa hindi sapat at hindi matatag na pagpo-pondo ng mga nasabing programa. Gaya ng sinabi ng isang punong guro: "Sa mga mahihirap na panahon, kapag binawasan mo ang mahahalaga, ang unang bagay na mawawala ay ang mga programa sa sining." Sa katunayan, mahigit 70 porsyento ng lahat ng punong guro ng paaralan ang nagsabi na malaking hadlang ang hindi sapat at hindi matatag na pagpo-pondo sa pagbibigay ng edukasyon sa sining sa kanilang mga mag-aaral.

(e) Malinaw ang solusyon sa problemang ito. Kailangan nating magbigay sa mga pampublikong paaralan ng California ng nakalaang taunang mapagkukunan ng karagdagang pondo para sa edukasyon sa sining at musika. Tinitiyak ng batas na ito na ang bawat mag-aaral sa mga K–12 na pampublikong paaralan ng California ay may access sa mataas na kalidad ng edukasyon sa sining sa pamamagitan ng:

(1) Pagpapataas at pag-tatag ng pagpo-pondo para sa edukasyon sa sining at musika para makabuo at makapagpanatili ang mga mag-aaral ng mataas na kalidad ng kurso ng pag-aaral sa sining at musika—taon-taon.

(2) Pagpapanagot sa mga pampublikong opisyal sa paggamit ng mga nasabing pondo para sa edukasyon sa sining at musika sa pamamagitan ng:

(A) Pag-aatas na pangunahing gamitin ang mga pondong ito sa mga may sertipikong guro sa sining, piling kawani, at mga katuwang sa pagtuturo.

(B) Pag-aatas sa mga paaralan na maglathala ng mga taunang ulat na tumutukoy sa mga partikular na programa sa sining na

ibinigay at sa dami ng mag-aaral na lumalahok sa mga pinopondohang programa.

(C) Pagtiyak na ang bawat pampublikong paaralan ay makakatanggap ng pondo para sa edukasyon sa sining at musika, at pagbibigay ng higit pang pondo para sa mga paaralang nagseserbisyo sa mga bata sa mga komunidad na mababa ang kita, na kulang sa access sa edukasyon sa sining at musika.

(D) Pagprotekta sa umiiral na pondo ng Proposisyon 98 ng mga pampublikong paaralan sa pamamagitan ng pag-aatas sa Lehislatura na gumamit ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para madagdagan ang Proposisyon 98.

(3) Paggawa ng lahat ng ito nang hindi nagtataas ng buwis.

(f) Ang panukalang ito ay magdudulot ng mga pondo nang mapataas sa mahigit 50 porsyento ang dami ng mga guro sa sining at musika sa mga silid-aralan.

(g) Samakatuwid, ipinapahayag ng mga mamayan ang edukasyon sa sining bilang priyoridad sa edukasyon na karapat-dapat sa dedikasyon ng estado sa isang minimum na garantiya sa pagpo-pondo ng karagdagang 1 porsyento ng halagang pinopondohan para sa pampublikong edukasyon, at sa pamamagitan nito ay ipinapatupad ang "Sining at Musika sa Mga Paaralan—Batas sa Garantiya at Pananagutan sa Pagpo-pondo."



SEK. 2. Sining at Musika sa Mga Paaralan—Batas sa Garantiya at Pananagutan sa Pagpo-pondo.

SEK. 2.1. Kabanata 5.1 (nagsisimula sa Seksyon 8820) ay idinaragdag sa Bahagi 6 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1 ng Kodigo sa Edukasyon, upang mabasang:

*Kabanata 5.1. Sining at Musika sa Mga Paaralan—*
*Batas sa Garantiya at Pananagutan sa Pagpo-pondo*

*8820. (a) Sa pamamagitan nito ay itinatalaga ang Sining at Musika sa Mga Paaralan—Batas sa Garantiya at Pananagutan sa Pagpo-pondo para sa layunin ng pagbibigay ng minimum na mapagkukunan ng taunang pondo sa mga K–12 na pampublikong paaralan, kasama ang mga charter na paaralan, para madagdagan ng pondo ang edukasyon sa sining para sa mga mag-aaral na pumapasok sa mga paaralang iyon.*

*(b) (1) Magsisimula sa unang taon ng pananalapi kasunod ng pagpapatupad ng batas na ito, at para sa bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, magkakaroon ng patuloy na ilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi mula sa Pangkalahatang Pondo sa departamento para sa mga layunin ng kabanata, isang halaga na katumbas ng 1 porsyento ng kabuuang estado at lokal na kitang natanggap ng mga lokal na pang-edukasyong ahensya sa susunod na taon na pananalapi na kasama sa pagkalkula ng garantiya sa minimum na pagpo-pondo na itinatatag sa Seksyon 8 at 8.5 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California, hindi kasama ang paglalaang ginawa alinsunod sa kabanatang ito.*

*(2) Kakalkulahin at ilalathala ng Direktor ng Pananalapi ang tinatantyang halagang kinakailangan para pondohan ang halagang ipinag-aatas na ilaan ng kabanatang ito bilang bahagi ng taunang Rebisyon sa Mayo ng Badyet ng Gobernador, at isasapinal niya ang pagkalkula at paglathala ng halaga ng ipinag-aatas na paglalaan bago ang Enero 10 ng bawat taon ng pananalapi bilang bahagi ng mga tungkulin ng direktor alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksyon 41206.01.*

*(3) Hindi isinasaalang-alang ang anumang iba pang batas, para sa mga layunin ng paggawa ng mga kompyutasyong ipinag-aatas ng subdibisyon (b) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California:*

*(A) Para sa unang taon ng pananalapi kasunod ng pagpapatupad ng kabanata na ito, ang mga paglalaan na ginawa alinsunod sa subdibisyong ito ay ituturing na mga karagdagang bayad na labis sa minimum na halagang kinakailangan para sa taon ng pananalapi na iyon alinsunod sa Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California at hindi ituturing na pagtupad sa mga ipinag-aatas ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California para sa taon ng pananalapi na iyon.*

*(B) Para sa mga kasunod na taon ng pananalapi, ang mga paglalaang ginawa alinsunod sa subdibisyong ito ay ituturing na mga pera na nakalaan para sa mga distrito ng paaralan mula sa mga nalikom sa buwis ng Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California.*

*(C) Magsisimula sa pangalawang taon ng pananalapi kasunod ng pagpapatupad ng batas na ito, at sa bawat taon ng pananalapi pagkatapos nito, "ang porsyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na inilaan para sa mga distrito ng paaralan at distrito ng kolehiyo ng komunidad, ayon sa pagkakabanggit, sa taon ng pananalapi 1986–87," para sa mga layunin ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California, ay dapat ituring na porsyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na ilalaan para sa mga entidad na iyon kung kakalkulahin ang bahagi ng Pangkalahatang Pondo ng mga karagdagang pondo alinsunod sa subdibisyong ito sa naunang taon ng pananalapi at nasama sa porsyento sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo na inilaan para sa mga distrito ng paaralan at distrito ng kolehiyo ng komunidad, ayon sa pagkakabanggit, sa taon ng pananalapi 1986–87.*

*(c) Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa kabanatang ito ay ilalaan ng departamento sa bawat lokal na pang-edukasyong ahensya bilang kabuuan ng halagang nakalkula alinsunod sa talata (1) at halagang nakalkula alinsunod sa talata (2) para sa bawat lugar ng paaralan sa lokal na pang-edukasyong ahensyang iyon, ayon sa sumusunod:*

*(1) Halagang katumbas ng makukuha sa 70 porsyento ng pondong inilaan sa subdibisyon (b) na na-multiply sa enrollment ng paaralan sa naunang taon ng pananalapi, at na-divide sa kabuuang pambuong estadong enrollment sa naunang taon ng pananalapi ng mga lokal na pang-edukasyong ahensya.*

*(2) Halagang katumbas ng makukuha sa 30 porsyento ng mga pondong inilaan sa subdibisyon (b) na na-multiply sa enrollment ng paaralan ng mga mag-aaral na economically disadvantaged sa naunang taon ng pananalapi, at na-divide sa kabuuang pambuong estadong enrollment ng mga mag-aaral na economically disadvantaged sa naunang taon ng pananalapi ng mga lokal na pang-edukasyong ahensya. Para sa mga paaralang naglilingkod sa mga preschool na mag-aaral, ang enrollment ng paaralan ng mga mag-aaral na economically disadvantaged ay ituturing na katumbas ng enrollment ng preschool na na-multiply sa parehong porsyento ng mga mag-aaral na economically disadvantaged sa pinakamalapit na elementaryang lugar ng paaralan sa loob ng lokal na pang-edukasyong ahensya ng preschool, kung naaangkop.*

*(d) Dapat maglaan ang mga lokal na pang-edukasyong ahensya sa bawat lugar ng paaralan ng halagang katumbas ng halagang nakalkula alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (c) at halagang nakalkula alinsunod sa talata (2) ng subdibisyon (c).*

*(e) Para sa bawat lugar ng paaralan o preschool, bubuo ang punong guro o direktor ng programa ng plano sa paggasta para sa mga pondong nakalaan alinsunod sa subdibisyon (d).*

*(f) Ang mga pondong ilalaan alinsunod sa subdibisyon (d) ay pwedeng kunin para sa paggamit ng hanggang sa tatlong taon ng pananalapi. Pagkatapos nito, ibabalik ang mga pondo sa departamento, na maglalaan ulit sa mga pondong iyon sa lahat ng lokal na pang-edukasyong ahensya sa susunod sa taon ng pananalapi alinsunod sa subdibisyon (c).*

*(g) Bilang kundisyon ng pagtanggap ng mga pondo alinsunod sa kabanatang ito, gagawin ng lokal na pang-edukasyong ahensya ang mga sumusunod taon-taon:*

*(1) Isertipika na ginagamit ang lahat ng pondo para magbigay ng edukasyon sa sining, at ang mga pondong ginastos sa naunang taon ng pananalapi, sa katunayan, ay ginamit para sa mga layuning iyon, maliban sa ibinibigay sa talata (3). Para sa mga lokal na pang-edukasyong ahensya na may enrollment na 500 o higit pang mag-aaral, titiyakin din sa sertipikasyon na hindi bababa sa 80 porsyento ng mga pondo ang gagastusin para kumuha ng mga sertipikado o piling empleyado para magbigay ng edukasyon sa pagtuturo sa sining at gagamitin ang mga natitirang pondo para sa pagsasanay, mga supply, at materyales, at sa mga programang pakikipagsosyo sa edukasyon sa sining.*

*(2) Isertipika na ang mga nasabing pondong natanggap ay gagamitin para dagdagan ang pondo para sa mga programa sa edukasyon sa sining at ang mga pondong natanggap sa naunang taon ng pananalapi, sa katunayan, ay ginamit bilang karagdagan sa mga programa sa edukasyon sa sining.*

*(3) Isertipika na hindi hihigit sa 1 porsyento ng mga pondong natanggap ang gagamitin para sa pang-administratibong gastusin ng lokal na pang-edukasyong ahensya para ipatupad ang kabanatang ito at ang natanggap na mga pondo sa naunang taon ng pananalapi, sa katunayan, ay ginagamit sa limitasyong iyon.*

*(4) Magsumite ng taunang ulat sa lupon- o inaprubahan ng lupon na ulat, sa paraang tinutukoy ng Superintendente, na ipo-post sa internet website ng lokal na pang-edukasyong ahensya at departamento, at idedetalye nito ang uri ng mga programa sa edukasyon sa sining na pinopondohan ng programa, dami ng full-time na katumbas na guro, piling kawani, at teaching aide, ang dami ng mga pinaglilingkurang mag-aaral, at ang dami ng mga lugar ng paaralan na nagbibigay ng mga programa sa edukasyon sa sining gamit ang mga pondong iyon.*

*(h) Magagawa ng departamento, para sa mabuting layunin ng ipinapakita, na magbigay ng waiver mula sa ipinag-aatas alinsunod sa talata (1) ng subdibisyon (g), kung may nakasulat na kahilingan mula sa punong guro ng lugar ng paaralan.*

*(i) Kasama dapat sa mga taunang pag-audit na isinasagawa alinsunod sa Seksyon 41020 ang lahat ng pondong natanggap at ipinamahagi ng lokal na pang-edukasyong ahensya alinsunod sa seksyong ito, at dapat kasama dito ang pagpapasya kung nagastos ang mga pondo alinsunod sa mga sertipikasyong isinumite at sa mga ipinag-aatas ng seksyong ito.*

*(j) Puwedeng bawasan ng Lehislatura ang taunang paglalaang kinakailangan sa kabanatang ito kung sususpindihin ng Lehislatura ang pagpapatakbo ng Proposisyon 98 sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isang agarang batas alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California. Ang porsyento ng pagbabawas ng taunang paglalaan na kinakailangan ng kabanatang ito ay hindi lalampas sa porsyento ng pagbabawas ng pondo na ibinibigay sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo ng komunidad para sa taon ng pananalapi na mas mababa sa antas ng pondo ng minimum na garantiya na dapat ibinigay alinsunod sa Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California, kung hindi nangyari ang pagsuspinde ng pagpapatakbo ng Proposisyon 98.*

*(k) Wala sa seksyong ito ang nagbabawal sa Lehislatura na ilaan ang mga pondo para sa programa na labis sa minimum na taunang paglalaan na ito.*

*8821. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, malalapat ang mga sumusunod na kahulugan:*

*(a) Kasama sa "programa sa edukasyon sa sining" ang, pero hindi limitado sa, mga programa sa pagtuturo at pagsasanay, mga supply, mga materyales, at pakikipagsosyo sa edukasyon sa sining, para sa pagtuturo sa: sayaw, media arts, musika, teatro, at biswal na sining, kasama ang tradisyonal na sining, pagpipinta, iskultura, photograpiya, at sining sa craft, malikhaing pagpapahayag, kasama ang graphic arts at design, computer coding, animation, komposisyon at ensemble ng musika, at pagsusulat ng script, disenyo ng costume, pelikula, at video.*

*(b) Tumutukoy ang "mga economically disadvantaged na mag-aaral" sa isang mag-aaral na kwalipikado sa pederal na Batas sa Tanghalian para sa Pambansang Paaralan (42 Estados UnidosC. Sec. 1751 et seq.) o anumang kasunod na programa.*

*(c) Tumutukoy ang "enrollment" sa bawat mag-aaral sa preschool, transisyonal na kindergarten, at K–12 na naka-enroll sa lokal na pang-edukasyong ahensya at lugar ng paaralan. Tumutukoy ang "mag-aaral sa preschool" sa isang mag-aaral na naka-enroll sa programa sa preschool ng estado ng California o sa isang preschool para sa mga batang may natatanging pangangailangan sa isang lokal na pang-edukasyong ahensya.*

*(d) Kasama sa "lokal na pang-edukasyong ahensya" ang mga K–12 na distrito ng paaralan, pang-edukasyon na opisina ng county, charter na paaralan, at paaralan para sa bulag ng California at paaralan para sa bingi ng California.*

*(e) Ang "pagdaragdag" ay nangangahulugang ang mga pondong inilalaan ng kabanatang ito ay gagamtin ng mga lokal na pang-edukasyong ahensya para pataasin ang pondo ng mga programa sa edukasyon sa sining at hindi alisin ang kasalukuyang pagpopondo para sa mga programang iyon.*

*8822. (a) Kung ang anumang probisyon ng batas na ito o ng paggamit nito sa sinumang tao o pangyayari ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit ng batas na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito naihihiwalay.*

*(b) Layunin ng batas na ito na maging kumprehensibo. Layunin ng mga mamamayan na kung sakaling lumabas ang batas o mga batas na ito sa iisang paksa sa iisang pambuong estadong balota, ituturing ang mga probisyon ng ibang batas o mga batas na sumasalungat sa batas na ito. Kung ang batas na ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang lahat ng probisyon ng ibang batas o mga batas ay dapat na walang-bisa.*

*(c) Maliban na lang kung nakasaad sa subdibisyon (j) ng Seksyon 8820, puwedeng baguhin ng Lehislatura ang*

28

*kabanatang ito para palawigin ang mga layunin nito sa pamamagitan ng panukalang-batas na ipapasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng rollcall na pagboto na ilalagay sa journal, kung saan dalawang-katlo ng miyembro ng bawat kapulungan ang sasang-ayon.*

# PROPOSISYON 29

Ang panukalang inisyatibang ito ay isinumite sa mga mamamayan alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

## IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Pangalan.

Ang batas na ito ay tatawaging "Batas para Protektahan ang Mga Buhay ng Mga Pasyenteng Nagda-dialysis."

SEK. 2. Mga Pagpapasiya at Layunin.

Ang batas na ito, pinagtibay ng mga tao ng Estado ng California, ay gumagawa ng mga sumusunod na pagpapasiya at may mga sumusunod na layunin:

(a) Ang mga mamamayan ay gumagawa ng mga sumusunod na pagpapasiya:

(1) Ang dialysis sa kidney ay isang proseso ng pagsagip ng buhay kung saan tinatanggal ang dugo sa katawan ng isang pasyente, nililinis ang mga lason, at ibinabalik sa pasyente. Dapat itong gawin nang kahit tatlong beses lang sa isang linggo sa loob ng ilang oras sa isang session, at dapat ituloy ng pasyente ang paggagamot sa kabuuan ng kanyang buhay hanggang sa sumailalim siya sa pag-transplant ng kidney.

(2) Sa California, humigit-kumulang 80,000 tao ang sumasailalim sa paggamot na dialysis.

(3) Dalawa lamang na pangmaraming-bansa, nagtutubong korporasyon ang nagpapatakbo o namamahala ng halos tatlong-kapat ng mga klinika ng dialysis sa California at gumagamot sa mahigit 75 porsiyento ng mga pasyente ng dialysis sa estado. Ang dalawang pangmaraming-bansang korporasyon na ito ay kumikita ng bilyun-bilyong dolyar taun-taon mula sa mga pagpapatakbo ng dialysis, kabilang ang halos $450 milyon kada taon sa California lang.

(4) Napag-alaman sa mga pag-aaral na kumpara sa mga pasyente sa mga nonprofit na klinika sa dialysis, ang mga pasyente sa mga para sa kita na klinika ay mas malamang na hindi magpa-transplant, mas malamang na maospital, at mas malamang na mamatay.

(5) Maraming klinika sa dialysis ang pinapatakbo bilang mga joint venture sa pagitan ng mga para sa kita na korporasyon at doktor. Ang isang doktor na may pag-aaring taya sa isang dialysis na klinika ay posible ring nagsisilbing pangunahing doktor ng pasyenteng may sakit sa kidney, na posibleng magkaroon ng salungatan ng interes. Ang higit pang paglalantad ay kinakailangan para mapag-aralan ng mga mananaliksik ang epekto ng pagmamay-ari ng doktor sa pangangalaga ng pasyente at kung naiimpluwensyahan ng mga interes sa pagmamay-ari ang mga pasya hinggil sa pamamaraan sa pangangalaga sa dialysis, opsyon sa klinika ng mga pasyente, at kung kailan dapat simulan o ihinto ang dialysis.

(6) Makakagawa ang mga pasyenteng nagda-dialysis ng mas maayos na pasya tungkol sa kanilang sariling pangangalaga kapag alam nila kung may interes sa pagmamay-ari ang kanilang doktor sa klinika kung saan sila nakakatanggap ng dialysis.

(7) Ang pamamaraan at mga side effect ng dialysis mula sa mga paggagamot ay nagpapakita ng ilang panganib sa mga pasyente, at maraming klinika ng dialysis sa California ang napag-alamang hindi nagpapanatili ng maaayos na pamantayan ng pangangalaga. Ang hindi pagpapanatili ng maaayos na pamantayan ay maaaring magsanhi ng panganib sa pasyente, mga pagkakaospital, maging ng kamatayan.

(8) Ang mga klinika ng dialysis ay kasalukuyang hindi kinakailangang magpanatili ng doktor o iba pang mas-abanteng praktisyoner sa lugar ng gamutan para subaybayan ang kalidad, tiyaking nasusunod ang plano ng pangangalaga sa pasyente, at bantayan ang mga protokol sa kaligtasan. Mayroon dapat doktor o mas-abanteng praktisyoner sa lugar ng gamutan na madudulugan ng mga pasyente sa tuwing isinasagawa ang paggagamot na dialysis.

(9) Ang mga paggagamot na dialysis ay may kaugnay na direktang pagturok sa daluyan ng dugo, na maglalagay sa mga pasyente sa mataas na panganib ng pagkakaroon ng mga mapanganib na impeksyon. Ang maayos na pag-uulat at transparidad ng mga antas ng impeksyon ay naghihikayata sa mga klinika na pagandahin ang kalidad at makakatulong sa mga pasyente na matalinong makapagpasya para sa kanilang pangangalaga.

(10) Kapag nagsara ang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga ospital at nursing home, makakapagsagawa ang mga tagapangasiwa ng California ng mga hakbang para protektahan ang mga pasyente mula sa panganib. Gayundin, dapat magkaloob ng maiigting na proteksyon sa mahihinang pasyente kapag nagsara ang mga klinika ng dialysis.

(11) Nagtaguyod ang mga korporasyon ng dialysis ng aksyon laban sa mga pagsisikap na magpatupad ng mga proteksyon para sa mga pasyenteng may kidney dialysis sa California, na gumastos ng higit $100 milyon noong 2020 para impluwensyahan ang mga botante ng California.

(b) Mga Layunin:

Ang batas na ito ay para:

(1) Tiyaking ang mga klinika ng dialysis ng kidney ng panlabas na pasyente ay nagkakaloob ng mahusay at abot-kayang pangangalaga ng pasyente sa mga taong dumaranas ng huling yugto ng sakit sa kidney.

(2) Bigyan ang pamahalaan ng impormasyong kailangan nito para pangasiwaan ang mga klinika sa dialysis, para matiyak na nakakapagbigay ang mga may-ari at doktor sa klinika sa dialysis sa mga pasyente ng naaangkop na pangangalaga.

(3) Magbigay sa mga pasyenteng nagda-dialysis ng impormasyon tungkol sa mga interes sa pananalapi ng klinika sa dialysis at doktor, para makagawa ang mga pasyente ng may-kabatirang pasya tungkol sa kanilang pangangalaga.

(4) Maging walang pinapanigan sa badyet para sa estado upang ipatupad at pangasiwaan.

SEK. 3. Ang Seksyon 1226.7 ay idinaragdag Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*1226.7. (a) Ang mga klinika ng chronic dialysis ay dapat magkaloob ng parehong kalidad ng pangangalaga sa mga pasyente nito nang walang diskriminasyon batay sa kung sino ang responsableng magbayad para sa paggagamot sa pasyente. Higit pa riyan, hindi dapat tanggihan ng mga klinika ng chronic dialysis na mag-alok o magkaloob ng pangangalaga batay sa kung sino ang responsableng magbayad para sa paggagamot sa pasyente. Kasama sa ipinagbabawal na diskriminasyon ang, pero hindi limitado sa, diskriminasyon kung ang magbabayad ay isang indibidwal na pasyente, isang pribadong entidad, isang nagse-seguro, Medi-Cal, Medicaid, o Medicare. Nalalapat din ang seksyong ito sa nangangasiwang entidad ng isang klinika ng chronic dialysis, na magtitiyak na walang nangyaring diskriminasyong ipinagbabawal sa seksyong ito sa mga klinikang pagmamay-ari o pinapatakbo ng nangangasiwang entidad.*

*(b) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:*

*(1) Ang "klinika ng chronic dialysis" ay pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1204.*

*(2) "Namamahalang entidad" ay nangangahulugang isang tao, firm, kapisanan, pagbabakasan, korporasyon, o ibang entidad na may-ari o nagpapatakbo ng isang klinika ng patuloy na dialysis kung saan ang isang lisensiya ay inilabas, nang hindi isinasaalang-alang kung ang isang tao o entidad mismo ay tuwirang humahawak ng lisensiyang iyon.*

SEK. 4. Ang Seksyon 1226.8 ay idinaragdag Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*1226.8. (a) Ang bawat klinika ng chronic dialysis ay dapat magpanatili, sa kapakanan ng klinika ng chronic dialysis, nang kahit isa lang na lisensyadong doktor, nurse practitioner, o katuwang na doktor sa lahat ng pagkakaton na naggagamot ng mga pasyenteng nagda-dialysis sa center. May awtoridad at responsibilidad ang clinician sa lugar ng gamutan na ito sa kaligtasan ng pasyente at na pangasiwaan ang pagbibigay at kalidad ng medikal na pangangalaga.*

*(1) Ang doktor, nurse practitioner, o katuwang na doktor na naroroon sa lugar ng gamutan ay dapat na may hindi bababa sa anim na buwang karanasan sa pagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng may end-stage na sakit sa kidney.*

*(2) Ang klinika ng chronic dialysis ay maaaring mag-apply sa kagawaran para sa pagkakabukod sa iniaatas sa subdibisyong ito sa kondisyon na may makatuwirang kakulangan sa mga kwalipikadong doktor, nurse practitioner, o katuwang na doktor na nagpipigil ditong matugunan ang mga iniaatas. Sa ganoong pagpapakita, maaaring magbigay ang kagawaran ng pagbubukod na nagpapahintulot sa klinika na tugunan ang pangangailangan sa subdibisyong ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng, sa gastos ng klinika ng dialysis, kahit isang doktor, nurse practitioner, o katuwang na makukuha upang magbigay ng pangangalaga sa pamamagitan ng telehealth sa lahat ng oras na ginagamot ng mga pasyente sa in-center dialysis, sa kondisyon na ang telehealth clinician ay may hindi bababa sa anim na buwang karanasan sa pagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng may end-stage na sakit sa kidney.*

*(3) Ang tagal ng pagbubukod na ipagkakaloob ng kagawaran alinsunod sa talata (2) ay dapat na isang taon sa kalendaryo mula sa petsa na maabisuhan ang klinika tungkol sa pasya ng kagawaran.*

*(b) Para sa bawat klinika ng chronic dialysis, ang klinika o ang nangangasiwa ritong entidad ay dapat na mag-ulat sa kagawaran kada tatlong buwan, sa isang form at iskedyul na iaatas ng kagawaran, data ng impeksyong nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan ng klinika ng dialysis ("HAI"), kasama ang insidente at uri ng mga HAI ng klinika ng dialysis sa bawat klinika ng chronic dialysis sa California at ang iba pang impormasyon ng kagawaran ay ituturing na naaangkop para sa transparidad sa mga antas ng HAI ng klinika ng dialysis at mapaigting ang kaligtasan ng pasyente. Ang punong tagapagpaganap na opisyal o pangunahing opisyal ng klinika o namamahalang entidad ay dapat magsertipika sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na nasisiyahan ang opisyal, pagkatapos ng pagrepaso, na ang ulat ng HAI na klinika ng dialysis na isinumite sa kagawaran ay tumpak at kumpleto. Dapat i-post ng kagawaran sa internet website nito ang data ng HAI ng klinika ng dialysis mula sa ulat na ito, na kasingdetalyado ng nakasaad sa ulat. Kasama dapat sa ipo-post na impormasyon ang impormasyong tumutukoy sa nangangasiwang entidad ng bawat klinika ng chronic dialysis.*

*(c) Ang isang klinika sa chronic dialysis ay dapat magbigay sa mga pasyente ng isang listahan ng mga doktor na may interes sa pagmamay-ari o walang direktang interes sa pagmamay-ari ng kabuuang 5 porsiyento o higit pa ng klinika. Ang pagsisiwalat ng impormasyong ito ay dapat na nakasulat at dapat ibigay sa mga pasyente kapag nagsimula silang tumanggap ng paggamot sa klinika, taun-taon pagkatapos noon, at sa anumang oras sa kahilingan ng pasyente, gayundin sa mga prospektibong pasyente sa kanilang kahilingan.*

*(1) Para sa bawat klinika ng chronic dialysis, ang klinika o ang namamahala nitong entidad ay dapat mag-ulat kada tatlong buwan sa kagawaran, sa isang form at iskedyul na iaatas ng kagawaran, mga taong may interes sa pagmamay-ari o walang direktang interes sa pagmamay-ari sa kabuuang 5 porsiyento o higit pa ng klinika, kabilang ang porsyento ng interes sa pagmamay-ari at katangian ng interes ng pagmamay-ari. Dapat i-post ng kagawaran sa internet website nito ang mga form na isinumite para sa bawat klinika ng chronic dialysis.*

*(2) Para sa bawat klinika ng chronic dialysis, ang namamahalang entidad ay dapat mag-post sa website nito sa internet ng form ng pagmamay-ari na isinumite sa kagawaran.*

*(d) Sakaling matukoy ng kagawaran na hindi napanatili ng isang klinika ng chronic dialysis o nangangasiwang entidad ang impormasyon o nahuling magsumite ng ulat na iniaatas sa ilalim ng seksyong ito, o na ang isinumiteng ulat ay hindi tumpak o hindi kumpleto, dapat tasahin ng kagawaran ang parusa laban sa klinika ng chronic dialysis o nangangasiwang entidad na hindi lalampas sa isandaang libong dolyar ($100,000). Ang kagawaran ay dapat magpasiya ng halaga ng multa batay sa tindi ng paglabag ang kahalagahan o kawalan ng katumpakan o hindi ibinigay na impormasyon, at ang lakas ng paliwanag, kung mayroon, para sa paglabag. Ang mga multang nasingil alinsunod sa talataang ito ay dapat gamitin ng kagawaran upang ipatupad at ipasunod ang mga batas na namamahala sa mga klinika ng patuloy na dialysis.*

*(e) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:*

*(1) Ang "klinika ng chronic dialysis" ay pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1204.*

*(2) Ang "HAI ng klinika ng dialysis" ay tumutukoy sa impeksyon sa daluyan ng dugo, lokal na access sa naimpeksyong bahagi, o access sa ugat sa naimpeksyong bahagi na nauugnay sa isang kaganapan ng dialysis gaya ng*

*pagpapakahulugan ng National Healthcare Safety Network ng Centers for Disease Control and Prevention ng pederal, o anumang naaangkop na karagdagdan o alternatibong kahulugan na tutukuyin ng kagawaran ayon sa regulasyon.*

*(3) Ang "nangangasiwang entidad" ay pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1226.7.*

*(4) Ang "lisensyadong doktor" ay tumutukoy sa nephrologist o iba pang doktor na lisensyado ng estado alinsunod sa Kabanata 5 (simula sa Seksyon 2000) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.*

*(5) Ang "hindi direktang interes sa pagmamay-ari" ay nangangahulugang pagmamay-ari sa isang tao o entidad na may interes sa pagmamay-ari sa klinika ng chronic dialysis. Kasama sa terminong ito ang interes sa pagmamay-ari sa sinumang tao o entidad na walang direktang interes sa pagmamay-ari sa klinika ng chronic dialysis.*

*(6) Anng "nurse practitioner" ay tumutukoy sa rehistrado at lisensyadong nurse alinsunod sa Kabanata 6 (simula sa Seksyon 2700) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon at sertipikado bilang nurse practitioner ng Lupon ng Rehistradong Nursing.*

*(7) Ang ibig sabihin ng "interes sa pagmamay-ari" ay isang interes sa pamamagitan ng equity, utang, o iba pang paraan, kabilang ang pagkakaroon ng equity sa kapital, stock, o kita ng isang talamak na klinika sa dialysis; isang interes sa kita ng isang talamak na klinika sa dialysis; pagbabahagi ng pakikipagsosyo; limitadong pananagutan ng mga miyembro ng kumpanya; o interes sa anumang sangla, deed of trust, note, o iba pang obligasyon na sinigurado ng isang chronic dialysis clinic.*

29

*(8) Ang "tao" ay nangangahulugang isang natural na tao, kompanya, asosasyon, organisasyon, partnership, tiwala sa negosyo, kumpanya, pinagsamang kumpanya ng stock, korporasyon, kumpanya ng limitadong pananagutan, joint venture, o iba pang organisasyon ng mga tao.*

*(9) Ang "katuwang na doktor" ay tumutukoy sa katuwang ng doktor na lisensyado alinsunod sa Kabanata 7.7 (simula sa Seksyon 3500) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.*

SEK. 5. Ang Seksyon 1226.9 ay idinagdag sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, kung saan nakasaad ang:

*1226.9. (a) Bago magsara ng klinika ng chronic dialysis, o bawasan o alisin ang antas ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng isang klinika ng chronic dialysis, dapat magbigay ang klinika o ang nangangasiwang entidad nito ng nakasulat na abiso sa, at humingi ng nakasulat na pahintulot, mula sa kagawaran.*

*(b) Dapat pagpasyahan ng kagawaran ang pagbibigay ng pahintulot sa, pagbibigay ng may kondisyong pahintulot sa, o ang hindi pagbibigay ng pahintulot sa, anumang ipinapanukalang pagpapasara o pagbawas o pag-aalis ng mga serbisyo. Sa pagsasagawa nito ng pasya, maaaring isaalang-alang ng kagawaran ang impormasyong isusumite ng klinika, ng nangangasiwang entidad nito, at ng anupamang interesadong partido at dapat isaalang-alang ang mga salik na itinuturing ng kagawaran bilang makabuluhan, kasama ang, pero hindi limitado sa mga sumusunod:*

*(1) Ang epekto sa pagiging pwedeng kunin at accessible ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa apektadong komunidad, kasama ang, pero hindi limitado sa, detalyadong plano ng klinika para sa pagtiyak na tuloy-tuloy ang pangangalaga sa mga pasyente.*

*(2) Patunay ng mabuting loob na pagsisikap ng klinika o nangangasiwang entidad na ibenta, ipaupa, o kaya ay ilipat ang pagmamay-ari o pagpapatakbo ng klinika sa ibang entidad na magkakaloob ng pangangalaga sa chronic dialysis.*

*(3) Ang mga pinagkukunan ng pinansyal ng klinika at ng mga nangangasiwa ritong entidad.*

*(c) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:*

*(1) Ang "klinika ng chronic dialysis" ay pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1204.*

*(2) Ang "nangangasiwang entidad" ay may pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1226.7.*

SEK. 6. Ang Seksyon 1226.10 ay idinagdag sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, kung saan:

*1226.10. (a) Kung hindi sasang-ayon ang isang klinika ng chronic dialysis o ang nangangasiwang entidad sa magiging pasya ng kagawaran alinsunod sa Seksyon 1226.8 o sa 1226.9, ang klinika ng chronic dialysis o nangangasiwang entidad ay maaaring, sa loob ng 10 araw ng trabaho, humiling ng pagdinig alinsunod sa Seksyon 131071. Dapat bayaran ng klinika ng chronic dialysis o ng nangangasiwang entidad ang lahat ng pang-administratibong multa kapag natapos na ang lahat ng apela kung napanatili ang posisyon ng kagawaran.*

*(b) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:*

*(1) Ang "klinika ng chronic dialysis" ay pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1204.*

*(2) Ang "nangangasiwang entidad" ay may pareho ng kahulugang nakasaad sa Seksyon 1226.7.*

SEK. 7. Ang Seksyon 1266.3 ay idinagdag sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, kung saan:

*1266.3. Layunin ng mga tao na ang mga nagbabayad ng buwis sa California ay hindi pinansyal na managot sa pagpapatupad ng Batas na Protektahan ang Mga Buhay ng Mga Pasyenteng Nagda-dialysis. Para maisakatuparan ang layuning iyon, kapag nagkakalkula, nagtatasa, at nangongolekta ng mga singil na ipinapataw sa mga klinika ng chronic dialysis alinsunod sa Seksyon 1266, dapat isaalang-alang ng kagawaran ang lahat ng gastusing nauugnay sa pagpapatupad ng Seksyon 1226.7 hanggang 1226.10.*

SEK. 8. Wala sa batas na ito na nilalayong makaapekto sa mga pasilidad ng kalusugan na lisensiyado alinsunod sa subdibisyon (a), (b), o (f) ng Seksyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

SEK. 9. (a) Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay awtorisado at, sa loob ng isang matapos ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas, na magpatibay ng mga regulasyon nagpapatupad sa Seksyon 1226.8 at 1226.9 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan para maisakatuparan ang mga layunin ng batas na ito.

(b) Kung hindi maipapagtibay ng kagawaran ang mga kinakailangang pinal na regulasyon sa loob ng isang taon matapos ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas, ang pagpapatibay ng mga regulasyong ipapatupad sa panahon ng kagipitan ay dapat ituring na kagipitan at kinakailangan para sa agarang pagpapanatili ng kapayapaan, kalusugan,

kaligtasan, o kapakanan ng publiko, kung saan dapat magpatibay ang kagawaran ng inisyal na mga regulasyong ipapatupad sa panahon ng kagipitan sa loob ng hindi lalampas sa isang taon matapos ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas, o kaagad matapos nito hangga't maaari. Kung ipapatupad ang mga nasabing pang-kagipitan na regulasyon, dapat ipatupad ng kagawaran ang mga pinal na regulasyon sa oras na mawalan ng bisa ang mga pang-kagipitan na regulasyon.

SEK. 10. Alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, ang batas na ito ay maaaring susugan sa pamamagitan ng alinman sa kasunod na panukala na isinumite sa isang pagboto ng mga tao sa isang pambuong-estadong halalan, o sa pamamagitan ng isang batas na balidong ipinasa ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador, pero upang isulong lamang ang mga layunin ng batas na ito.

SEK. 11. (a) Kung ang inisyatibong panukalang ito at iba pang inisyatibong panukala o mga panukala na may kaugnayan sa pangangasiwa sa mga klinika ng dialysis o paggamot at pangangalaga sa mga pasyenteng nagda-dialysis ay lilitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota sa halalan, ang ibang inisyatibong panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat sa panukalang ito. Kung ang panukalang inisyatibong ito ay tumanggap ng pinaka-malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat namayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang panukalang inisyatibo o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

(b) Kung aprubahan ng mga botante ang inisyatibong ito pero mapapangibabawan ng buo o bahagi lang ng anupamang sumasalungat na panukala sa balota na inaprubahan ng mga botante sa parehong halalan, at matutukoy na hindi balido ang sumasalungat na panukala, dapat ipatupad ang panukalang ito at bigyan ng buong pwersa at bisa.

SEK. 12. Ang mga tadhana ng batas na ito ay naihihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga bahagi ng batas na ito o anumang aplikasyon na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang mga tadhana o paggamit. Ang mga mamamayan ng Estado ng California ay nagpapahayag sa pamamagitan nito na pagtitibayin nila ang batas na ito at ang bawat isa at bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, hugnay, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi ipinahayag na walang-bisa o labag sa Saligang-Batas nang hindi isinasaalang-alang kung ang anumang bahagi ng batas na ito o ang paggamit nito ay idedeklarang walang-bisa sa huli.

# PROPOSISYON 30

Ang panukalang inisyatibang ito ay isinumite sa mga mamamayan alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo ng Mga Pampublikong Mapagkukunan at ang Kodigo sa Kita at Pagbubuwis; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *italic na type* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

## IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON. 1. Idinagdag ang Dibisyon 47 (na nagsisimula sa Seksyon 80200) sa Kodigo ng Mga Pampublikong Mapagkukunan, upang baguhin ito sa sumusunod na paraan:

*DIBISYON 47. PAGBAWAS AT PAGLIMITA SA MGA PANGUNAHING PINAGMUMULAN NG MGA EMISYON NG GREENHOUSE GAS*

*Kabanata 1. Batas sa Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin*

*Artikulo 1. Titulo, Mga Pagpapasiya at Pagpapahayag, Paglalahad ng Layunin*

*80200. Titulo*

*Ang dibisyong ito ay dapat kilalanin, at maaaring banggitin, bilang ang Buwis sa Malilinis na Kotse at Malinis na Hangin.*

*80201. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag*

*Ang mga mamamayan ng Estado ng California ay nagpapasiya at nagpapahayag ng lahat ng sumusunod:*

*(a) Ang pagbabago ng klima ay nagkakaroon na ng nakakagambalang epekto sa California. Ang ating estado ay lalong dumaranas ng mga wildfire na nagtatakda ng rekord na sumisira sa kalidad ng ating hangin, sumisira sa likas na kagandahan ng California, sumisira ng ari-arian, sinasaktan ang ekonomiya ng ating estado, at kumikitil ng buhay. Upang makamit ang mga layunin ng carbon ng estado at maiwasan ang pinakamasamang epekto ng pagbabago ng klima, kailangan na ng aksyon ngayon hinggil sa dalawa sa pinakamalaking pinagmumulan ng mga emisyon ng greenhouse gas (GHG) sa ating estado: transportasyon at wildfire.*

*(b) Ang transportasyon ay nananatiling pinakamalaking pinagmumulan ng mga emisyon ng GHG ng California na nagdudulot ng pagbabago ng klima. Kailangan nating pataasin nang husto ang access ng lahat ng taga-California sa mga abot-kayang zero-emission na sasakyan (ZEV), kabilang ang mga de-kuryenteng sasakyan at ang kinakailangang kaugnay na imprastraktura sa pagkakarga ng kuryente, upang matugunan ang ating mga layunin sa klima.*

*(c) Ang mga de-kuryenteng sasakyan ay nananatiling masyadong mahal para sa maraming taga-California na nakikitungo na sa mataas na halaga ng pamumuhay sa estadong ito. Ang kasalukuyang tulong na pinansyal para sa mga mamimili ay hindi naging sapat para sa mga pamilya ng California o maraming organisasyon na mababa at katamtaman ang kita upang makabili o makapag-arkila ng de-kuryenteng sasakyan. Kailangan nating gawing mas abot-kaya ang mga de-kuryenteng sasakyan para sa lahat ng taga-California upang makabuluhang bawasan natin ang mga emisyon ng GHG mula sa ating sektor ng transportasyon.*

*(d) Ang California ay kulang sa imprastraktura sa pagkakarga ng kuryente ng de-kuryenteng sasakyan na kailangan upang matiyak na ang mga taga-California na may mga de-kuryenteng sasakyan ay may maginhawang access sa pagkarga ng kuryente ng sasakyan sa bahay, sa trabaho, at saanman sila maaaring maglakbay sa buong estado. Kailangan nating bumuo ng isang network ng mga abot-kayang charging station para sa mga tahanan, lugar ng trabaho, apartment, at sa buong estado upang ang pagmamaneho ng de-koryenteng sasakyan na pinapagana ng baterya ay kasing-ginhawa ng pagmamaneho ng kotseng pinapagana ng gas.*

29

30

*(e) Kailangan ding babaan ng California ang mga emisyon mula sa mga medium-at heavy-duty na sasakyan tulad ng mga bus at big-rig truck na pinagmumulan ng mga makabuluhang emisyon ng GHG at pollutant, partikular sa mga komunidad na mababa ang kita at mahihirap. Ang pagpapalit ng mga bus at malalaking trak sa mga de-koryenteng sasakyan ay makabuluhang bawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa sektor ng transportasyon at lilinisin ang hanging nalalanghap nating lahat.*

*(f) Bukod sa pagtulong sa ating estado na maabot ang mga layunin nito sa pagbabawas ng GHG, ang pamumuhunan sa imprastraktura sa pagkakarga ng kuryente ng de-kuryenteng sasakyan sa ating estado ay lilikha ng libu-libong mga berdeng trabaho na may magandang suweldo para sa mga bihasang manggagawa.*

*(g) Ang pagbabago ng klima at mga sakuna na wildfire ay malapit na magkaugnay. Habang lumalala ang pagbabago ng klima, lumalala ang mga wildfire, na naglalabas naman ng mas maraming emisyon ng carbon na nagbabago sa klima sa hangin. Ang patuloy na pagdami ng mga wildfire sa California ay humahadlang sa paglaban ng ating estado laban sa pagbabago ng klima. Noong 2020 lang, ang mga wildfire ay naglabas ng parehong halaga ng GHG bilang higit sa 24 milyong mga sasakyan. Ang mga wildfire ngayon ay naglalabas ng mas maraming GHG sa California kaysa sa mga power plant.*

*(h) Ang dibisyong ito ay naglalaan ng mga karagdagang mapagkukunan partikular na sa pagpigil sa hinaharap na mga sakuna na wildfire at sa pagpuksa sa mga ito nang mas maaga bago sila gumawa ng karagdagang pinsala sa ating mga layunin sa klima, sa ating ekonomiya, sa ating mga tahanan at komunidad, at sa kalusugan ng ating mga pamilya.*

*(i) Bukod sa pagiging pangunahing pinagmumulan ng mga emisyon ng GHG, ang transportasyon at mga wildfire ay direktang nagdudumi sa ating hangin ng particulate matter at usok, na nagpapalala sa kalidad ng ating hangin at nagbabanta sa ating kalusugan at kalidad ng buhay. Mahigit sa 90 porsiyento ng mga taga-California ang humihinga ngayon ng hindi malusog na antas ng mga pollutant sa hangin sa isang punto sa buong taon. Ang pito sa 10 pinakamausok na lungsod sa Estados Unidos ay nasa California. Ang tumataas na paglaganap ng mga sakuna na wildfire, na sumisira din sa mga buhay at ari-arian, ay lubhang nagpapalala sa kalidad ng hangin sa buong estado. Ang bilang ng mga hindi malusog na araw ng usok ay tumaas ng 230 porsiyento sa Los Angeles at San Diego at 400 porsiyento sa San Jose mula noong 2016 lang. Ang usok ng wildfire na ito, na isang masalimuot na halo ng mga pollutant sa hangin, ay hindi malusog sa paghinga at maaaring maging lubhang mapanganib para sa mga bata, matatanda, mga buntis na kababaihan, at mga taong may sakit sa puso o paghinga. Ang pagbabawas ng emisyon ng GHG mula sa transportasyon at wildfire ay partikular na mahalaga dahil ito ay may karagdagang benepisyo ng paglilinis ng kalidad ng hangin ng ating estado.*

*(j) Ang kinabukasan ng ating estado at ang ating kakayahang makamit ang ating mga layunin sa klima habang pinapabuti ang ating kalidad ng hangin sa proseso ay nakasalalay sa mas malinis na transportasyon at mas kaunting mga sakuna na wildfire. Ngunit hindi lahat ay nagbabayad ng kanilang patas na bahagi. Gumagamit ang mayayamang indibidwal ng mga butas sa tax code upang maiwasan ang pagbabayad ng kanilang patas na bahagi para sa mga serbisyong pampubliko sa ating estado, na nangangailangan ng mas mababa at nasa gitnang kita na mga taga-California na magbayad ng higit pa upang mapunan ang pagkakaiba.*

*(k) Ang dibisyong ito ay nangangailangan ng pantay na kontribusyon mula sa mga may pinakamataas na kita upang pondohan ang isang generational public investment tungo sa pagtupad sa ating mga layunin sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng isang mas malinis na sektor ng transportasyon at sa pamamagitan ng pagpigil at pagsugpo sa mga sakuna na wildfire. Sa partikular, ang mga pamumuhunan sa pag-access sa mga de-koryenteng sasakyan at imprastraktura sa pagkakarga ng kuryente ng de-kuryenteng sasakyan para sa lahat ng mga taga-California at mga pagpapabuti sa pag-iwas at pagsugpo sa mga sakuna na wildfire ay bubuo ng hindi pa nagagawang mga benepisyo sa kapaligiran at pang-ekonomiya para sa ating estado.*

*(l) Kasama ng mga de-kuryenteng sasakyan, may iba pang mga zero-emission na sasakyan tulad ng mga hydrogen fuel cell na sasakyan. Ang mga sasakyang ito ay may mga aplikasyon para sa parehong mga pampasaherong sasakyan at mga medium-at heavy-duty na sasakyan tulad ng mga bus, garbage truck, at big-rig truck. Ang panukalang-batas na ito ay higit na nagpapababa sa mga emisyon ng GHG sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang mga mapagkukunan upang matulungan ang mga residente ng California na makayanan ang mga sasakyang ito at upang bumuo ng kinakailangang imprastraktura para sa paglalagay ng pangpatakbo at pagkakarga ng kuryente sa mga ito.*

*(m) Habang ang California ay nagpapatuloy sa landas nito tungo sa 100 porsiyentong malinis na kuryente, ang malakihang pagkakalat ng mga de-koryenteng sasakyan at imprastraktura sa pagkakarga ng de-kuryenteng sasakyan ay maaaring humantong sa isang mas malakas at mas maaasahang grid ng kuryente at mas mababang mga bayad ng kuryente habang binabawasan din ang mga emisyon ng GHG. Dahil ang mga de-koryenteng sasakyan ay maaaring kargahan ng kuryente kapag may ekstrang kapasidad sa grid at kapag may kasaganaan ng malinis na kuryente, maaari nilang pagbutihin ang paggamit at operasyon ng sistema, na binabawasan ang presyo ng kuryente para sa benepisyo ng lahat ng mga mamimili ng utility. Ang dibisyong ito ay nangangailangan ng mga ahensya ng estado na unahin ang pagiging maaasahan at katatagan ng grid.*

*80202. Paglalahad ng Layunin*

*Ang layunin ng dibisyong ito ay bawasan ang mga emisyon mula sa transportasyon at wildfire, na dalawa sa mga pangunahing pinagmumulan ng GHG ng estado, sa pamamagitan ng pampublikong pamumuhunan sa elektripikasyon ng mga sasakyang ginagamit sa California at mga pagpapabuti sa pag-iwas at pagsugpo sa mga sakuna na wildfire habang sa prosesong ito pinapabuti ang kalidad ng ating hangin.*

*Artikulo 2. Trust Fund ng Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin*

*80203. Paggawa ng Trust Fund ng Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin*

*(a) Ang Trust Fund ng Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin ay bubuuin sa Kabang-Yaman ng Estado.*

*(b) Sa kabila ng anumang iba pang batas, nalalapat ang lahat ng sumusunod:*

30

*(1) Ang pondo ay isang espesyal na pondo, permanenteng hiwalay at hiwalay sa Pangkalahatang Pondo o anumang iba pang pondo o account ng estado.*

*(2) Ang pondo, at bawat sub-fund at account sa loob ng pondo, ay ipinahayag dito bilang isang trust fund, trust sub-fund, o trust account.*

*(c) Maliban sa hayagang itinatadhana sa dibisyong ito, ang mga pera na idineposito sa, o kinakailangang ideposito sa, pondo, at anumang interes na kinita sa mga perang iyon, ay hindi dapat permanenteng o pansamantalang hihiramin, ipahiram, o kung hindi man ay ililipat sa Pangkalahatang Pondo o iba pang mga pondo sa Kabang-Yaman ng Estado. Ang mga perang idineposito sa pondo, at anumang sub-fund o account sa pondo, kabilang ang anumang interes na kinita sa mga perang iyon, ay dapat lang gamitin para sa mga partikular na layuning itinakda sa dibisyong ito. Walang aksyon na dapat gawin na permanente o pansamantalang magbabago sa katayuan ng pondo bilang isang trust fund at espesyal na pondo, o hihiram, maglilihis, o mag-aangkop ng mga pera sa pondo, o mga perang kinakailangang ideposito sa pondo, sa paraang hindi naaayon. kasama ang dibisyong ito.*

*80204. Pangangasiwa sa Pondo at Pananagutan*

*(a) Ang mga mamamayan ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpapahayag ng kanilang walang humpay na intensyon para sa mga pera na idineposito sa pondo na gagamitin para suportahan ang mga layuning itinakda sa dibisyong ito nang walang pagkaantala o abala. Ang layunin ng seksyong ito ay magbigay ng mga paraan ng pangangasiwa at pananagutan upang matiyak na matutupad ang layunin ng mga mamamayan.*

*(b) (1) Ang Pangkalahatang Abugado ay dapat mabilis na mag-iimbestiga, at maaaring humingi ng mga sibil o kriminal na multa at mga parusa para sa, anumang maling paggamit o hindi awtorisadong paggamit ng mga pera na idineposito sa, o inilalaan mula sa, pondo o anumang sub-fund o account sa loob ng pondo.*

*(2) Bilang karagdagan sa anumang iba pang remedyo na makukuha sa batas, kung ang sinumang tumatanggap ng mga pera na ibinigay alinsunod sa dibisyong ito ay napagdesisyunan ng pinal na hudisyal o administratibong paghatol, kasunduan, o resolusyon na kusa o sadyang ginamit ang mga pera sa paraang hindi pinahihintulutan ng dibisyong ito o ang mga regulasyong pinagtibay alinsunod sa dibisyong ito, ang tatanggap na iyon ay dapat na permanenteng hindi karapat-dapat para sa pagtanggap ng karagdagang mga pera na ibinigay alinsunod sa dibisyong ito. Para sa mga layunin ng talatang ito, hindi dapat isama ng "tatanggap ng pera" ang isang ahensya o kagawaran ng estado na tumatanggap ng tuluy-tuloy na paglalaan alinsunod sa dibisyong ito.*

*(3) Anumang mga multa na mababawi ng Pangkalahatang Abugado alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat panatilihin ng Pangkalahatang Abugado.*

*(c) Ang hindi partisanong Tagasuri ng Estado ng California ay dapat magsagawa ng kada-dalawang taon na independiyenteng pag-audit sa pananalapi ng mga programang tumatanggap ng pera mula sa pondo. Ang Tagasuri ng Estado ng California ay dapat mag-ulat ng mga natuklasan sa Gobernador at sa magparehong kapulungan ng Lehislatura, at gagawin na maaaring makuha ang mga natuklasan para sa publiko sa website nito sa internet.*

*(d) Kada apat na taon, ang Kontroler ay magsasagawa ng pag-audit sa pagganap ng mga pagsisikap at mga programang pinondohan ng mga pera mula sa pondo upang matiyak na ang mga pera ay ibinabahagi at ginagastos lang ayon sa dibisyong ito, dapat mag-ulat ng mga natuklasan sa Gobernador at sa parehong kapulungan ng Lehislatura, at gawin na maaaring makuha ang mga natuklasan para sa publiko sa website nito sa internet.*

*(e) (1) Ang Auditor ng Estado ng California at ang Kontroler ay dapat magkahiwalay na babayaran mula sa mga pera sa pondo para sa aktwal na mga gastos na natamo sa pagsasagawa ng pag-audit sa pananalapi na iniaatas ng subdibisyon (c) at ang pag-audit sa pagganap na iniaatas ng subdibisyon (d), sa isang halagang hindi lalampas sa anim na raang libong dolyar ($600,000) bawat audit.*

*(2) Ang anim na raang libong dolyar ($600,000) sa bawat pinakasulit na limitasyon ng pag-audit ay dapat i-adjust sa bawat dekada upang ipakita ang anumang pagtaas sa inflation gaya ng sinusukat ng Index ng Presyo ng Consumer para sa Lahat ng Konsyumer sa Urban (CPI-U). Kakalkulahin at ilalathala ng tanggapan ng Ingat-Yaman ang mga pagbabago na iniaatas ng talatang ito.*

*80205. Mga Sub-Fund sa Pondo*

*Matapos mabawasan at ma-ilipat ang mga kinakailangang pera alinsunod sa Seksyon 80204 para sa pag-audit sa pananalapi ng Auditor ng Estado ng California at sa pag-audit ng pagganap ng Kontroler, ilalaan at ililipat ng Kontroler ang mga natitirang pera sa pondo sa mga sumusunod na sub-pondo, sa mga sumusunod na halaga:*

*(a) Tatlumpu't limang porsyento sa ZEV Infrastructure Investment Plan Sub-Fund, na gawa nito ay nilikha sa pondo.*

*(b) Apatnapu't limang porsyento sa ZEV at Clean Mobility Sub-Fund, na gawa nito ay nilikha sa pondo.*

*(c) Dalawampung porsyento sa Wildfire GHG Emissions Reduction Sub-Fund, na gawa nito ay nilikha sa pondo.*

*80206. Patuloy na Paglalaan ng Pera sa Pondo*

*Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, at maliban sa pagbabayad ng mga refund ng buwis, ang lahat ng perang idineposito sa mga sub-pondo na nilikha sa loob ng pondo alinsunod sa Seksyon 80205, kasama ang interes na kinita sa mga perang iyon, ay patuloy na inilalaan, nang walang pagsasaalang-alang sa taon ng pananalapi, tulad ng sumusunod:*

*(a) Lahat ng pera sa ZEV Infrastructure Investment Plan Sub-Fund sa komisyon para lamang sa mga layuning itinakda sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 80210).*

*(b) Lahat ng pera sa ZEV at Clean Mobility Sub-Fund sa lupon ng estado para lamang sa mga layuning itinakda sa Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 80217).*

*(c) Ang lahat ng pera sa Wildfire GHG Emissions Reduction Sub-Fund sa kagawaran ay para lang sa mga layuning itinakda sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 80223).*

*80207. Administrasyon*

*(a) (1) Ang komisyon, ang kagawaran, ang lupon ng estado, at anumang iba pang ahensya ng estado o lokal na pamahalaan na tumatanggap ng pera mula sa pondo, ay dapat gumamit ng hindi hihigit sa 5 porsiyento ng mga pera sa anumang sub-fund o account sa pondo, o mga perang natanggap mula sa alinmang sub-fund o account sa pondo, para sa mga gastusing pangangasiwa.*

30

*(2) Para sa mga layunin ng subdibisyon na ito, hindi kasama sa "mga pang-administratibong gastos" ang mga gastos para sa pag-aabot sa publiko.*

*(b) Ang komisyon, ang kagawaran, at ang lupon ng estado ay dapat gumastos at mamamahagi ng pera sa ZEV Infrastructure Investment Plan Sub-Fund, ang ZEV and Clean Mobility Sub-Fund, at ang Wildfire GHG Emissions Reduction Sub-Fund, at anumang mga account doon, sa isang Hulyo 1 hanggang Hunyo 30 na pagbabatayan ng taon ng pananalapi. Ang mga programang itinatag alinsunod sa dibisyong ito ay dapat i-budget at pondohan sa parehong Hulyo 1 hanggang Hunyo 30 na taon ng pananalapi.*

*(c) Sa pagdidisenyo ng mga programa at pagtukoy ng mga alokasyon ng pagpopondo ayon sa hinihingi ng dibisyong ito, ang komisyon, ang kagawaran, at ang lupon ng estado ay dapat sumangguni sa iba pang naaangkop na lokal, rehiyonal, estado, at pederal na ahensya.*

*(d) Walang pera sa pondo ang dapat gamitin sa paraang nagpapahintulot sa mga pampublikong utility electrical corporations sa alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Iwasan ang paggawa ng mga pamumuhunan gamit ang mga dolyar ng shareholder na legal silang inatasang gawin.*

*(2) Kumita ng anumang tubo mula sa mga pampublikong pamumuhunan na pinondohan ng dibisyong ito na may epekto sa paggawa ng mga electrical system na mas ligtas.*

*(e) Upang mapabilis ang mga pagsisikap na bawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa transportasyon at mga wildfire, ang komisyon, ang kagawaran, at ang lupon ng estado ay dapat magsikap na simulan ang pagbibigay ng mga insentibo sa pananalapi at paggawa ng mga paggasta gaya ng itinakda sa dibisyong ito nang hindi lalampas sa pangalawang Enero 1 na magaganap matapos ang petsa ng pagka-bisa ng dibisyong ito.*

30

*80208. Pagtatalakay ng Mga Kita na Idineposito at Ginastos mula sa Pondo*

*(a) Ang seksyong ito ay inilaan upang tiyakin ang pinakamalaking pampublikong pamumuhunan sa layunin at paksa ng dibisyong ito na bawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa dalawa sa mga pangunahing pinagmumulan ng mga GHG, transportasyon at wildfire ng estado.*

*(b) Mga Kita sa Espesyal na Trust Fund*

*(1) Sa kabila ng anumang iba pang batas na salungat, ang buwis na ipinataw ng Seksyon 17044 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at ang kita na nakuha mula sa pangongolekta ng buwis, kabilang ang interes at mga parusa ngunit mas kaunting pagbabayad ng mga refund, ay dapat ideposito sa pondo, na kung saan ay isang espesyal na pondo at trust fund na permanente at hindi mababawi na hiwalay at bukod sa Pangkalahatang Pondo. Ang mga pera sa pondo ay patuloy na inilalaan nang walang pagsasaalang-alang sa taon ng pananalapi para sa mga layuning itinakda sa dibisyong ito.*

*(2) Sa kabila ng anumang iba pang batas na salungat, ang buwis at ang kita na nagreresulta mula sa pagkolekta ng buwis na inilarawan sa talata (1) ay hindi dapat ituring na bahagi ng Pangkalahatang Pondo, dahil ang terminong iyon ay ginagamit sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 16300) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay hindi dapat ituring na mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California at ng mga batas na nagpapatupad nito, at hindi dapat ituring na "Mga kita ng Pangkalahatang Pondo", "mga kita ng estado," "mga pera," o "Mga nalikom sa mga buwis sa Pangkalahatang Pondo" para sa mga layunin ng mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California at ng kanilang mga batas sa pagpapatupad.*

*(c) Mga Paglalaanan para sa Kwalipikadong Paggasta ng Capital Outlay at Tax Refund*

*(1) Bilang karagdagan sa mga paglalaan para sa mga kuwalipikadong proyekto sa paggasta ng kapital na inilarawan sa Seksyon 7914 ng Kodigo ng Pamahalaan, isang paglalaanan para sa isang "kwalipikadong proyektong paglalaanan ng kapital," gaya ng ginamit sa subdibisyon (d) ng Seksyon 9 ng Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, ay nangangahulugang paglalaanan ang para sa alinman sa mga sumusunod anuman ang kapaki-pakinabang na buhay o halaga ng asset:*

*(A) Isang pinansiyal na insentibo o anumang uri ng subsidy para sa isang zero-emission na pangpatakbo o istasyon ng pagkarga ng kuryente ng sasakyan alinsunod sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 80210), kabilang ang pagtatayo at paglalagay nito.*

*(B) Isang pinansiyal na insentibo o anumang uri ng subsidya para sa pagbili ng isang light-, medium-, o heavy-duty na ZEV alinsunod sa Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 80217), kung ang ZEV ay binili ng isang ahensya ng estado o lokal na pamahalaan.*

*(2) (A) Sa anumang taon ng pananalapi kung saan ang estado ay tumatanggap ng mga kita na lampas sa limitasyon sa paglalaan ng estado para sa mga layunin ng Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, o sa taon ng pananalapi kaagad pagkatapos ng pangyayaring iyon, ang komisyon at ang lupon ng estado ay maaaring muling isaayos ang mga insentibo sa pananalapi at iba pang mga subsidya ng anumang uri na ibinigay alinsunod sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 80210) at Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 80217) sa mga residente ng California bilang refund ng buwis na maaari lamang gastusin para sa mga layuning itinakda sa mga kabanatang iyon.*

*(B) Ang komisyon at ang lupon ng estado ay dapat lamang muling ayusin ang mga insentibo sa pananalapi at iba pang mga subsidiya alinsunod sa subparagraph (A) sa isang nakasulat na kahilingan mula sa Direktor ng Pananalapi. Ang komisyon at ang lupon ng estado ay dapat makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pananalapi sa pagpapatupad ng talatang ito.*

*80209. Nonsupplantation*

*(a) Maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (c), ang mga pera sa pondo ay nilayon na gamitin upang dagdagan at pahusayin ang pagkamit ng mga layunin at layunin na inilarawan sa dibisyong ito, at hindi upang palitan ang anumang iba pang umiiral na mga kita para sa mga layunin at layuning iyon.*

*(b) Ang komisyon, ang kagawaran, at ang lupon ng estado ay taunang maghahanda ng isang ulat na nagdedetalye kung ang pagsunod sa subdibisyon (a) ay nakakamit o hindi.*

*(c) Sa kabila ng subdibisyon (a), pagbabawas o pag-aalis ng pondo para sa Proyekto sa Rebate sa Malinis na Sasakyan, na itinatag bilang bahagi ng Programa sa Pagpapahusay ng Kalidad ng Hangin alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 44274) ng Kabanata 8.9 ng Bahagi 5 ng Dibisyon 26 ng Kalusugan at Kodigo ng Kaligtasan, ay hindi lumalabag sa seksyong ito.*

*Kabanata 2. Programang Imprastraktura ng ZEV*

*Artikulo 1. Layunin ng Kabanata*

*80210. Layunin*

*Ang layunin ng kabanatang ito ay bawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa sektor ng transportasyon ng California sa pamamagitan ng:*

*(a) Gawing mas madaling ma-access at maginhawa ang pag-kakarga muli ng ZEV kaysa sa pag-kakarga muli ng mga saskayang pinaandar ng diesel o gasolina para sa bawat Californian saan man sila nakatira o nagtatrabaho.*

*(b) Ang pagsasara ng anumang imprastraktura ng ZEV o mga puwang sa electric grid sa estado na tinukoy ng komisyon alinsunod sa Seksyon 25229 o isa pang nauugnay na pagsusuri ng ahensya ng estado upang matiyak na ang mga residente ng California ay makakapagpa-karga ng mga ZEV kung saan sila nakatira, nagtatrabaho, at naglalaro.*

*(c) Pagdaragdag ng access para sa mga mahira, maliit ang kita, at katamtaman ang kita na mga komunidad at mga mamimili sa mga imprastrakturang pagkakarga sa pampasaherong ZEV, at pagparami ng pagsasalugar ng mga imprastrakturang pagkakarga sa pampasaherong ZEV sa mga komunidad na iyon at sa mga mamimili na iyon upang mapababa ang mga emisyon ng GHG, mapahusay ang kalidad ng hangin, at isulong ang pangkalahatang mga benepisyo para sa mga komunidad at mga mamimili.*

*(d) Pagtitiyak na ang electric grid ng estado ay handa para sa malinis na sasakyan sa hinaharap na pinabilis ng dibisyong ito.*

*(e) Pagkamit ng mga pagbawas sa emisyon ng GHG habang pinapalaki ang domestikong pagpapabrika at mataas na kalidad na paglago ng trabaho sa California.*

*Artikulo 2. Pagpapatupad ng State Komisyon ng Konserbasyon ng Mga Mapagkukunan at Pag-unlad ng Enerhiya*

*80211. Pagpapatupad*

*(a) Dapat gamitin ng komisyon ang mga pera sa ZEV Infrastructure Investment Plan Sub-Fund, at ang mga account na itinatag sa sub-fund, upang pondohan ang pagtatayo, pagpaplano, pag-pwesto, pagpapatakbo, o pagpapanatili ng mga istasyon ng pagkakarga ng ZEV sa estadong ito, mga programa sa sertipikasyon para sa mga tauhan pag-tayo ng ZEV na istastasyong pangkarga, at pampublikong edukasyong pag-aabot na kinakailangan upang matiyak na ang mga residente ng California ay may kamalayan sa, at tinuturuan, kung paano gamitin ang mga insentibo na magagamit ng kabanatang ito. Ang komisyon ay maaaring gumamit ng mga pera sa ZEV Infrastructure Investment Plan Sub-Fund, at ang mga account na itinatag sa sub-fund, para sa mga direktang paggasta, rebate, gawad, block na paggawad, o pautang.*

*(b) Ang komisyon ay dapat sumangguni at makikipag-ugnayan sa Komisyon sa Mga Pampublikong Utilidad, mga naaangkop na pampublikong utility na mga de-koryenteng korporasyon, at mga naaangkop na lokal na pampublikong pag-aari ng mga electric utilities upang matiyak ang pareho sa mga sumusunod upang ang mga layunin ng kabanatang ito ay maisakatuparan nang walang pagkaantala:*

*(1) Ang mga electric utilities ay nagpaplano, nag-inhinyero, at nagtatayo ng mga kinakailangang imprastraktura sa bahagi ng utility ng metro, at ang trabaho ay pinondohan sa isang napapanahong paraan.*

*(2) Wala sa mga aktibidad ang nakompromiso ang pagiging maaasahan ng electric grid.*

*(c) Ang komisyon ay dapat gabayan ng, ngunit hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod na prinsipyo sa pagdidisenyo ng anumang programa gamit ang mga pondo sa ilalim ng kabanatang ito:*

*(1) Mababang gastos sa mga nagmamaneho upang matiyak na ang mga nagmamaneho ay may pagkakataon para sa pag-kakarga ng ZEV sa isang makatwirang halaga.*

*(2) Paglalantad ng presyo upang magsumikap para sa paglalantad sa pagsingil o paglalagay ng pangpatakbo sa pagpepresyo na nagpapahintulot sa mga nagmamaneho na malaman kung ano ang sisingilin sa kanila para sa pagsingil o paglalagay ng pangpatakbo bago makarating sa isang istasyon ng paglalagay ng pangpatakbo ng ZEV.*

*(3) Pangmatagalang pagiging maaasahan upang matiyak na ang imprastraktura sa pag-kakarga o paglalagay ng pangpatakbo ng ZEV ay patuloy na napapanatiling maayos, gumagana, at magagamit sa pangmatagalan.*

*(4) Suporta sa grid upang matiyak na ang mga nagmamaneho at mga nagpapalakad ng kalipunan ng mga sasakyan ay makikinabang sa pagsingil at pamamahala ng pagkarga sa paraang sumusuporta sa pagpapatakbo ng electric grid.*

*(5) Matatag na grid upang matiyak na ang electric grid ay maaaring suportahan ang pag-kakarga ng ZEV, mananatiling maaasahan, at maaaring samantalahin ang kayang bumagay na katangian ng kargada na nauugnay sa ZEV at imbakan ng enerhiya na likas sa mga baterya ng sasakyan, sa pakikipagtulungan sa iba pang nauugnay na ahensya ng estado.*

*(6) Pantay na pag-access upang matiyak na ang lahat ng residente ng California ay makaka-access sa pagkakarga ng ZEV.*

*80212. Mga Account*

*(a) Ang mga pera sa ZEV Infrastructure Investment Plan Sub-Fund ay dapat ideposito sa mga sumusunod na account, na sa pamamagitan nito ay itinatag sa sub-fund:*

*(1) Maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (d), 50 porsiyento sa Account sa Access sa Imprastraktura.*

*(2) Pagkatapos ng deposito sa Account sa Access sa Imprastraktura alinsunod sa talata (1), ang natitira ay dapat ideposito sa Account sa Pangkalahatang Imprastraktura.*

*(b) Ang mga pera sa Account sa Access sa Imprastraktura ay dapat italaga lamang para sa mga proyekto at aktibidad, at sa kapakinabangan ng mga mamamayan, sa mga komunidad na mababa ang kita at mahihirap.*

*(c) Para sa hindi bababa sa limang magkakasunod na taon ng pananalapi na magsisimula sa Hulyo 1, 2023, dapat tiyakin ng komisyon na ang mga sumusunod na pinaka-maliit na paggasta ay natutugunan para sa mga pera sa parehong Account sa Access sa Imprastraktura at Account sa Pangkalahatang Imprastraktura:*

*(1) Hindi bababa sa 20 porsiyento ang dapat gastusin sa mga programa, proyekto, o aktibidad na pinahintulutan ng Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 80213) ng kabanatang ito.*

*(2) Hindi bababa sa 10 porsiyento ang dapat gastusin sa mga programa, proyekto, o aktibidad na pinahintulutan ng Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 80214) ng kabanatang ito.*

30

*(3) Hindi bababa sa 10 porsiyento ang dapat gastusin sa mga programa, proyekto, o aktibidad na pinahintulutan ng Artikulo 5 (nagsisimula sa Seksyon 80215) ng kabanatang ito.*

*(4) Hindi bababa sa 10 porsiyento ang dapat gastusin sa mga programa, proyekto, o aktibidad na pinahintulutan ng Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksyon 80216) ng kabanatang ito.*

*(d) (1) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2026, ang pinakasulit na balanse sa Account sa Access sa Imprastraktura ay 200 porsiyento ng karaniwan na taunang halaga na idineposito sa account sa loob ng kaagad na naunang dalawang taon ng pananalapi.*

*(2) Hangga't ang Account sa Access sa Imprastraktura ay nasa o higit sa pinakasulit na balanse nito, ang mga pera kung hindi man na ideposito sa account na iyon ay sa halip ay kinakailangang ideposito sa Account sa Pangkalahatang Imprastraktura.*

*Artikulo 3. Mga Istasyong Pag-kakarga ng ZEV Para sa Tirahang Pangmaramihang Pamilya*

*80213. Mga Istasyong Pag-kakarga ng ZEV Para sa Tirahang Pangmaramihang Pamilya*

*(a) Ang mga pera sa Account sa Access sa Imprastraktura at Account sa Pangkalahatang Imprastraktura ay dapat gamitin para pondohan ang pagtatayo, pagpaplano, pagkakalat, pagpapatakbo, o pagpapanatili ng mga istasyong pagkakarga sa o malapit sa mga propyedad ng tirahang pangmaramihang pamilya upang mapagsilbihan ang mga residente ng propyedad ng tirahang pangmaramihang pamilya.*

*(b) Sa paglalaan ng pera alinsunod sa seksyong ito, dapat isaalang-alang ng komisyon ang pagsingil ng hardware o mga sistema na sumusuporta sa pagpapatakbo at pagiging sulit sa gastos ng electric grid.*

*(c) Kapag nagbibigay ng pera nang direkta sa mga pangatlong-partido na provider ng pagtatayo, pagpaplano, kagamitan, pagpapanatili, pagpapatakbo, o pag-tatayo ng mga istasyong pagkakarga, ang komisyon ay dapat magbigay ng pera batay sa isang kompetitibong proseso.*

*Artikulo 4. Mga Istasyong Pag-kakarga ng ZEV para sa Tirahang Pang-isang Pamilya*

*80214. Mga Istasyong Pag-kakarga ng ZEV para sa Tirahang Pang-isang Pamilya*

*(a) Ang mga pera sa Account sa Access sa Imprastraktura at Account sa Pangkalahatang Imprastraktura ay dapat gamitin para pondohan ang mga istasyong pagkakarga at electrical upgrades sa propyedad ng tirahang pang-isang pamilya gaya ng itinakda sa seksyong ito.*

*(b) (1) Ang mga perang inilalarawan sa subdibisyon (a) ay dapat gawing pwedeng kunin bilang mga rebate, block na paggawad, gawad, o direktang paggasta para sa mga gawaing elektrikal, kabilang ang mga pag-upgrade ng mga pagkukuneksyon ng kuryente, daluyan ng kuryente, o panel ng kuryente at pagbili o pag-tayo ng naaprubahan ng komisyon na antas 2 na charging hardware o sistemang pagkakarga, sa mga propyedad ng tirahan ng pang-isang pamilya.*

*(2) Sa paglalaan ng pera sa ilalim ng seksyong ito, dapat isaalang-alang ng komisyon ang pagsingil ng hardware o mga sistema na sumusuporta sa pagpapatakbo at pagiging sulit sa gastos ng electric grid.*

*Artikulo 5. Imprastraktura para sa Mabilis na Pagkakarga ng Pampasaherong ZEV*

*80215. Pagpopondo para sa Imprastraktura para sa Mabilis na Pagkakarga ng Pampasaherong ZEV*

*(a) Ang mga pera sa Account Access sa Imprastraktura at Account sa Pangkalahatang Imprastraktura ay dapat gamitin para pondohan ang pagkalat ng imprastraktura para sa mabilis na pagkakarga ng pampasaherong ZEV gaya ng nakalagay sa seksyong ito.*

*(b) (1) Ang mga perang inilalarawan sa subdibisyon (a) ay dapat gawing pwedeng kunin bilang mga rebate, block ng paggawad, gawad, na-subsidyo na pautang, o direktang paggasta para sa pag-pwesto ng imprastraktura para sa mabilis na pagkakarga ng pampasaherong ZEV.*

*(2) Ang komisyon ay dapat magbigay-priyoridad sa mga alokasyon para sa mga proyekto sa mga komunidad na mababa ang kita at mahihirap, mga lokasyon na malapit sa mga propyedad ng tirahang pang-maramihang pamilya na hindi maaaring pagsilbihan ng onsite na imprastraktura sa pagsingil, mga sentro ng lungsod, paliparan, at iba pang mga lokasyon na tinutukoy ng komisyon na hindi naseserbisyuhan ng mabuti ng imprastraktura para sa mabilis na pagkakarga ng pampasaherong ZEV. Bilang karagdagan, maaaring unahin ng komisyon ang mga alokasyon para sa mga proyekto sa mga kritikal na lokasyon ng imprastraktura sa mga ruta ng pang-magipitang egress.*

*(c) Ang Estado ng California ay dapat bigyang-priyoridad, makipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan, at mag-fast track, hangga't maaari, ng pagpapahintulot at pag-zoning para sa pag-tayo ng imprastraktura para sa mabilis na pagkakarga ng pampasaherong ZEV upang mabawasan ang oras na kailangan upang mapatakbo ang istasyong pagkakargang mga iyon.*

*(d) Kapag direktang nagbibigay ng pera sa mga pangatlong-partido na tagapagkaloob ng kagamitan, pagpapanatili, pagpapatakbo, at pag-tayo ng mabilis na pagkakarga na mga istasyon, ang komisyon ay dapat magbigay ng pera batay sa isang mapagkumpitensyang proseso.*

*(e) Dapat gawin ng estado na magagamit ang mga ari-arian na pag-aari ng estado bilang mga lugar para sa pag-tayo ng imprastraktura para sa mabilis na pagkakarga ng pampasaherong ZEV sa ilalim ng seksyong ito kung saan ang paggawa nito ay magagawa, makatwiran, epektibo sa pag-gastos, at magpapasulong sa mga layunin ng dibisyong ito.*

*Artikulo 6. Medium at Heavy Duty na Imprastraktura sa Pagkakarga ng ZEV*

*80216. Pagpopondo para sa Medium at Heavy Duty na Imprastraktura sa Pagkakarga ng ZEV*

*(a) Ang mga pera sa Account Access sa Imprastraktura at Account sa Pangkalahatang Imprastraktura ay dapat gamitin para pondohan ang pagkalat ng imprastraktura para sa pagkakarga ng medium at heavy duty na ZEV gaya ng nakalagay sa seksyong ito.*

*(b) (1) Ang mga perang inilalarawan sa subdibisyon (a) ay dapat gawing pwedenig kunin bilang mga rebate, block na paggawad, gawad, na-subsidyo na pautang, o direktang paggasta para sa pag-pwesto ng medium at heavy duty na imprastraktura sa pagkakarga ng ZEV.*

*(2) Dapat bigyang-priyoridad ng komisyon ang mga alokasyon para sa mga proyekto sa mga lokasyon na tinutukoy ng*

30

*komisyon na hindi mahusay na naseserbisyuhan ng medium-at heavy-duty na imprastraktura sa pagkakarga ng ZEV.*

*(c) Ang Estado ng California ay dapat bigyang-priyoridad, makipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan, at mag-fast track, hangga't maaari, ng pagpapahintulot at pag-zoning para sa pag-tayo ng medium at heavy duty na imprastraktura sa pagkakarga ng ZEV sa ilalim ng seksyong ito upang mabawasan ang oras na kailangan upang mapatakbo ang imprastraktura ng pagkakarga.*

*(d) Kapag direktang nagbibigay ng pera sa mga pangatlong-partido na tagapagkaloob ng kagamitan, pagpapanatili, pagpapatakbo, at pag-tayo ng medium at heavy duty na imprastraktura sa pagkakarga ng ZEV, ang komisyon ay dapat magbigay ng pera batay sa isang mapagkumpitensyang proseso.*

*(e) Dapat gawin ng estado na magagamit ang mga ari-arian na pag-aari ng estado bilang mga lugar para sa pag-tayo ng medium at heavy duty na imprastraktura sa pagkakarga ng ZEV sa ilalim ng seksyong ito kung saan ang paggawa nito ay magagawa, makatwiran, epektibo sa pag-gastos, at magpapasulong sa mga layunin ng dibisyong ito.*

*Kabanata 3. Programang Pagiging Abot-kaya ng ZEV*

*Artikulo 1. Layunin ng Kabanata*

*80217. Layunin*

*Ang layunin ng kabanatang ito ay bawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa sektor ng transportasyon ng California sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng sumusunod:*

*(a) Ginagawang naa-access at abot-kaya ang mga ZEV sa lahat ng residente ng California.*

*(b) Ibahin ang kaurian ng mga pampasaherong sasakyan, na siyang pinakamalaking pinagmumulan ng mga emisyon ng GHG ng estado, sa mga ZEV sa lalong madaling panahon.*

*(c) Ibahin ang kaurian ng mga medium-, heavy-duty, at off-road na sasakyan sa mga ZEV na may pagtuon sa pakinabang ng kalidad ng hangin sa mga komunidad na mababa ang kita at mahirap habang binabawasan ang mga emisyon ng GHG.*

*(d) Pagdaragdag ng access sa mga opsyon para sa zero-emission na malinis na pagbibiyahe na hindi nangangailangan ng pagmamay-ari ng sasakyan.*

*(e) Pagbibigay ng access sa, at pagkaabot-kaya para sa, may katamtamang kita, mababang kita, at mahirap na komunidad at mga mamimili sa mga ZEV, upang mapataas ang paglalagay ng mga ZEV sa mga komunidad na iyon at sa mga mamimili na iyon para mapababa ang mga emisyon ng GHG, mapaganda ang kalidad ng hangin, at maisulong ang pangkalahatang mga benepisyo para sa mga komunidad at mga mamimili.*

*(f) Pag-convert ng mga pampasaherong sasakyan na ginagamit para sa mga layunin ng mataas na paggamit sa mga ZEV sa lalong madaling panahon upang mabawasan ang mga emisyon ng GHG sa lalong madaling panahon.*

*(g) Pag-papasulit ng lokal na pagmanupaktura at pagpaparami ng mataas na kalidad na trabaho sa California.*

*Artikulo 2. Pagpapatupad ng Lupon ng Mga Mapagkukunan ng Hangin ng Estado*

*80218. Pagpapatupad*

*(a) Dapat gamitin ng lupon ng estado ang mga pera sa ZEV at Clean Mobility Sub-Fund, at ang mga account na ginawa sa sub-fund para pondohan ang mga rebate, pautang, block na paggawad, gawad, at iba pang insentibong pinansyal para sa mga programang pinahintulutan sa ilalim ng kabanatang ito, at pampublikong edukasyong pag-aabot na kinakailangan upang matiyak na alam ng mga residente ng California, at tinuruan kung paano gamitin, ang mga programang iyon.*

*(b) Ang mga pampasaherong sasakyan ang pinakamalaking iisang pinagmumulan ng mga emisyon ng GHG sa estadong ito. Upang epektibong mabawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa mga pampasaherong sasakyan, dapat tiyakin ng lupon ng estado na, sa loob ng hindi bababa sa limang magkakasunod na taon ng pananalapi simula Hulyo 1, 2023, hindi bababa sa dalawang-katlo ng kabuuang pera na idineposito sa ZEV at Clean Mobility Sub-Fund ay dapat ilalaan sa mga proyekto, programa, layunin, at aktibidad na sumusuporta sa pagkakalat ng mga pampasaherong ZEV na pinapatakbo sa estadong ito.*

*80219. Mga Account*

*(a) Maliban kung iba ang nakasaad sa subdibisyon (c), ang mga pera sa ZEV at Clean Mobility Sub-Fund ay dapat ideposito sa mga sumusunod na account, na sa pamamagitan nito ay ginawa sa sub-fund:*

*(1) Limampung porsyento sa Account ng Equity at Kalidad ng Hangin ng ZEV.*

*(2) Limampung porsyento sa Pangkalahatang Account ng ZEV.*

*(b) Ang mga pera sa Account ng Equity at Kalidad ng Hangin ng ZEV ay dapat ilaan upang pondohan ang mga programa na pangunahing nakikinabang sa mga taong nakatira sa mga komunidad na mababa ang kita at mahihirap. Kasama sa mga programang kwalipikado para sa pagpopondo mula sa Account ng Equity at Kalidad ng Hangin ng ZEV, ngunit hindi limitado sa, ang mga programang inilalarawan sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 80220).*

*(c) (1) Sa Hulyo 1, 2026 at pagkatapos nito, ang maximum na balanse sa Account ng Equity at Kalidad ng Hangin ng ZEV ay 200 porsiyento ng average na taunang halaga na idineposito sa account sa loob ng naunang dalawang taon ng pananalapi.*

*(2) Hangga't ang Account ng Equity at Kalidad ng Hangin ng ZEV ay nasa o higit sa pinakamataas na balanse nito, ang 100 porsiyento ng mga perang inilipat sa ZEV at Clean Mobility Sub-Fund ay dapat ideposito sa Pangkalahatang Account ng ZEV.*

*Artikulo 3. Mga Programa sa Pagbawas ng GHG, Pagkaabot-kaya, Katarungan, at Kalidad ng Hangin*

*80220. Mga Kwalipikadong Programa*

*Ang mga programang karapat-dapat para sa pagpopondo alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga programa na gumagawa ng alinman sa mga sumusunod:*

*(a) Nagbibigay ng mga block na paggawad, gawad, pautang, o iba pang insentibo para sa zero-emission na mga school bus para may masakyan na ZEV ang mga mag-aaral papunta sa paaralan.*

*(b) Nagbibigay ng mga block paggawd, gawad, pautang, o iba pang insentibo para sa mga zero-emission transit bus na ZEV para makarating ang mga tao sa kung saan nila kailangang pumunta.*

*(c) Nagbibigay ng mga insentibo, gawad, at block paggawad para sa mga pamahalaan at negosyo para makabili ng medium-, heavy-duty, at off-road na mga ZEV na pang-agrikultura at pang-konstruksiyon.*

30

*(d) Nagbibigay ng tulong sa pagpopondo upang matulungan ang mga walang access sa kapital o mataas na kredito na makakuha ng mga bago at gamit nang ZEV.*

*(e) Tumutulong sa mga tao na iretiro ang mga lumang sasakyang nagsasanhi ng polusyon at palitan ang mga ito ng bago at gamit nang mga ZEV o iba pang zero-emission na pagbibiyaheng opsyon.*

*(f) Tumutulong sa mga manggagawang pang-agrikultura at iba pa na gumamit ng mga zero-emission na vanpool.*

*(g) Nagbibigay ng mga lokal na benepisyo sa kalidad ng hangin sa mga komunidad na sobrang bigat ng polusyon sa diesel, bilang karagdagan sa pagbabawas ng mga emisyon ng GHG.*

*(h) Nagdaragdag ng access sa mga opsyon sa malinis na pagbibiyahe, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:*

*(1) Mga bisikletang de kuryente.*

*(2) Pakikipag-bahagi ng bisikleta.*

*(3) Mga protektadong daanan ng bisikleta*

*(4) Mga transit pass.*

*(i) Nagbibigay ng mga insentibo sa pananalapi alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 80221).*

*Artikulo 4. Programang Insentibo para sa Bagong Pampasaherong ZEV*

*80221. Programang Insentibo para sa Bagong Pampasaherong ZEV*

*(a) (1) Ang lupon ng estado ay dapat magtatag ng isang bagong programa sa insentibo ng ZEV alinsunod sa artikulong ito.*

*(2) Ang mga pera sa Pangkalahatang Account ng ZEV ay dapat gamitin upang pondohan ang mga rebate, subsidyo, gawad, at iba pang insentibo sa pananalapi na tinutukoy ng lupon ng estado para sa lahat ng residente ng California upang ipambili o ipang-arkila ng mga bagong ZEV, gaya ng itinakda sa seksyong ito. Ang mga pera sa Account ng Katarungan at Kalidad ng Hangin ng ZEV ay maaari ding gamitin para sa layuning ito.*

30

*(b) Sa pag-kalat ng mga pera alinsunod sa seksyong ito, dapat unahin ng lupon ng estado ang mga aplikasyon ayon sa ganitong pagkakasunud-sunod:*

*(1) Mga aplikasyon mula sa mga residente ng California na inilalarawan sa talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80228.*

*(2) Mga aplikasyon mula sa mga residente ng California na inilalarawan sa talata (2) at (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80228 para sa mga pampasaherong ZEV para sa mga layunin ng madalas na paggamit.*

*(3) Mga aplikasyon mula sa mga residente ng California na inilalarawan sa talata (2) at (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80228.*

*(c) (1) Ang isang residente ng California na inilalarawan sa talata (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80228 ay magiging karapat-dapat para sa isang maibabalik na point-of-sale na rebate kapag bumili o umupa ng isang bagong ZEV. Ang rebate ay maililipat sa mga lisensyadong negosyante ng sasakyan at iba pang entidad sa pagpopondo.*

*(2) Ang halaga ng rebate at pagiging karapat-dapat para sa mga residente ng California na inilalarawan sa talata (1) ng subdibisyong ito ay tutukuyin ng lupon ng estado. Sa pagtukoy ng halaga ng rebate at pagiging karapat-dapat, dapat bigyang-priyoridad ng lupon ng estado ang pag-susulit sa bilang ng mga residente ng California na nakakuha ng kakayahang umarkila o bumili ng isang pabrika ng bagong ZEV bilang resulta ng seksyong ito.*

*(d) (1) Ang mga residente ng California na inilalarawan sa talata (2) at (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80228 ay magiging karapat-dapat para sa isang point-of-sale na rebate sa bawat sasakyan na binili na ilalapat sa pagbili o pag-arkila ng mga bagong ZEV na gagamitin sa California. Ang mga rebate na ibibigay alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat pondohan mula sa Pangkalahatang Account ng ZEV.*

*(2) Ang halaga ng rebate at pagiging karapat-dapat para sa mga residente ng California na inilalarawan sa talata (2) at (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 80228 ay tutukuyin ng lupon ng estado. Ang mga halaga at alokasyon ng rebate ay dapat na naaayon sa pagtugon sa ZEV at mga layunin at regulasyon sa klima ng estado.*

*(3) Sa pagtukoy ng halaga ng rebate at pagiging karapat-dapat, dapat unahin ng lupon ng estado ang pagkamit ng pinakamalaking pagbawas sa mga emisyon ng GHG mula sa sektor ng transportasyon ng California. Ang lupon ng estado ay dapat magtakda ng halaga ng rebate at pagiging karapat-dapat sa ilalim ng subdibisyong ito sa paraang magsusulong ng mga layuning inilalarawan sa subdibisyon (b) at (f) ng Seksyon 80217.*

*(e) Ang lupon ng estado ay maaaring magpataw ng makatwirang limitasyon sa bilang o pinagsama-samang halaga ng mga rebate na maaaring makuha ng isang residente ng California sa iisang taon ng pananalapi, hangga't ang lupon ng estado ay nagpapakita sa pamamagitan ng malinaw at nakakumbinsi na ebidensya na ang limitasyon ay hindi nakakasira sa katuparan ng mga layuning inilalarawan sa subdibisyon (b) at (f) ng Seksyon 80217.*

*(f) Alinsunod sa mga priyoridad na nakalista sa subdibisyon (b), ang lupon ng estado ay dapat gumawa ng lahat ng pagsisikap na gastusin ang lahat ng pera sa Pangkalahatang Account ng ZEV para sa mga pinahihintulutang paggamit sa ilalim ng seksyong ito sa pagtatapos ng bawat taon ng pananalapi na naaayon sa mga layuning itinakda sa kabanatang ito.*

*Artikulo 5. Minimum na Pagmamay-ari o Mga Kinakailangan sa Pag-upa para sa Pagsunod sa Kabanatang ito*

*80222. Minimum na Kinakailangan sa Pagpaparehistro*

*Kung ang isang insentibo ay nakuha alinsunod sa kabanatang ito para sa pagbili o pag-arkila ng isang ZEV, maaaring hilingin ng lupon ng estado na irehistro ang sasakyan sa Kagawaran ng Mga Sasakyang De-motor para sa isang tinukoy na yugto ng panahon.*

*Kabanata 4. Pagbawas sa Mga Emisyon ng GHG Wildfire Dulot ng Wildfire*

*Artikulo 1. Layunin ng Kabanata*

*80223. Layunin*

*Ang mga layunin ng kabanatang ito ay ang mga sumusunod:*

*(a) Upang matiyak na ang Estado ng California at mga lokal na pamahalaan ay may sapat na kakayahan sa paglaban sa sunog upang mabawasan ang dami ng mga emisyon ng GHG mula sa matinding wildfire, habang binabawasan din ang polusyon sa hangin na nagdudulot ng wildfire.*

*(b) Upang mabawasan ang mga emisyon ng GHG mula sa matinding sunog sa California sa pamamagitan ng mga pagpapabuti sa pagsugpo, pag-iwas, pagpapagaan, katatagan, at paghahanda, at pagpapanumbalik at pagpapanatili ng mas natural, mas ligtas na rehimen ng sunog sa mga tanawin ng California.*

*(c) Upang pagaanin, pigilan, at sugpuin ang mga epekto, kabilang ang mga emisyon ng GHG, ng matinding sunog sa mga mamamayan, mahahalagang imprastraktura, at mga komunidad.*

*(d) Upang isulong ang mga aktibidad sa pagresponde sa wildfire*

*Artikulo 2. Mga Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pag-iwas, Pagpigil, at Pagsugpo sa Wildfire*

*80224. Mga Account*

*(a) Ang mga pera sa Wildfire GHG Emissions Reduction Sub-Fund ay dapat ideposito sa mga sumusunod na account, na ginawa sa sub-fund:*

*(1) Dalawampu't limang porsyento sa Account sa Pagsugpo at Pagpigil ng Fire Marshal ng Estado.*

*(2) Pitumpu't limang porsyento sa Pangkalahatang Account sa Pagpigil at Pagsugpo.*

*(b) Sa loob ng anim na taon ng pananalapi na magsisimula sa Hulyo 1, 2024, at magtatapos sa Hunyo 30, 2030, hanggang 25 porsiyento ng mga pera na idineposito sa Pangkalahatang Account sa Pagpigil at Pagsugpo ang dapat gamitin para sa pag-iwas sa sunog at pagsusumikap sa pagbangon, kabilang ang mga pagsisikap na inilalarawan sa talata (4) hanggang (6), kasama ang subdibisyon (a) ng Seksyon 80226.*

*80225. Mga Pagsisikap sa Pag-iwas at Pagsugpo sa Sunog sa loob ng Opisina ng Fire Marshal ng Estado*

*(a) Ang mga pera sa Account sa Pagpigil at Pagsugpo ng Fire Marshal ng Estado ay dapat na magagamit para sa eksklusibong pamamahagi at paggamit ng Opisina ng Fire Marshal ng Estado para sa mga pagsisikap sa pag-iwas at pagsugpo sa sunog gaya ng nakasaad sa seksyong ito.*

*(b) Ang mga pagsusumikap sa pag-iwas at pagsugpo sa sunog na pinondohan ng Account sa Pagpigil at Pagsugpo ng Fire Marshal ng Estado ay pipiliin ng Tanggapan ng Fire Marshal ng Estado kasabay ng isang pambuong-estadong komite ng apprenticeship na itinatag upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at pagsasanay sa loob ng serbisyo ng sunog at magtakda ng mga propesyonal na pamantayan para sa mga bumbero sa estado.*

*80226. Karagdagang Mga Mapagkukunan ng Pag-iwas at Pagsugpo sa Sunog*

*(a) Ang mga pera sa Pangkalahatang Account sa Pagpigil at Pagsugpo ay dapat gamitin ng kagawaran para sa mga karagdagang pagsisikap na pigilan, pamahalaan, at sugpuin ang mga wildfire sa estadong ito. Maaaring gamitin ang pera para sa alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Pagpapanatili, pabahay, pagsasanay, at pagkuha ng mga permanente at pana-panahong bumbero ng kagawaran na kinakailangan upang maiwasan at masugpo ang mga wildfire.*

*(2) Abanteng sistema sa pag-aalam at pag-susubaybay ng wildfire, kabilang ang mga camera at satellite network.*

*(3) Pagpapabuti ng pagpigil sa sunog at imprastraktura ng kaligtasan sa mga komunidad na madaling masusunog.*

*(4) Pagpapabuti ng mga pandepensang espasyo sa paligid ng mga tahanan at komunidad.*

*(5) Mga gawad para sa pagpapatibay ng bahay na nakatuon sa mga komunidad na mababa ang kita.*

*(6) Suportahan ang mga aktibidad at programa, kabilang ang mga programa sa pagpapatatag ng kagubatan, itinakdang pagsunog, pagpapanumbalik at pamamahala ng watershed, at pamamahala sa mga halaman.*

*(b) Sa paggasta ng mga pera alinsunod sa seksyong ito, ang pangunahing priyoridad ay dapat ibigay sa talata (1) ng subdibisyon (a).*

*80227. Nonsupplantation*

*(a) Ang mga pera sa Wildfire GHG Emissions Reduction Sub-Fund, at ang mga account na ginawa sa sub-fund, ay dapat gamitin upang dagdagan, at hindi palitan, ang mga kasalukuyang pera na inilaan para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito.*

*(b) Ang Estado ng California ay humaharap sa problemang patunayan, sa pamamagitan ng malinaw at nakakumbinsi na ebidensya, na ang mga pera sa Wildfire GHG Emissions Reduction Sub-Fund, at ang mga account na ginawa sa sub-fund, ay hindi ginagamit upang palitan ang mga dati nang perang inilaan para sa mga layuning inilalarawan sa kabanatang ito.*

*Kabanata 5. Mga Kahulugan*

*80228. Mga Kahulugan*

*Para sa mga layunin ng dibisyong ito, gaya ng ginagamit sa parehong pang-isahan at pangmaramihang anyo, ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat ilapat:*

*(a) Ang "residente ng California" ay tumutukoy sa lahat ng sumusunod:*

*(1) Isang indibidwal na residente ng estadong ito.*

*(2) Isang legal na entidad na may mga empleyado o nagmamay-ari ng ari-arian sa California.*

*(3) Isang ahensya ng estado o lokal na pamahalaan.*

*(b) Ang ibig sabihin ng "sentro ng lungsod" ay isang lugar sa loob ng isang incorporated municipality na inilaan ng lungsod para sa pagpapaunlad ng isang urban center na may mas mataas na katindihan sa pagiging residensyal, panininda, opisina, at aliwan na paggamit.*

*(c) Ang "komisyon" ay tumutukoy sa Komisyon sa Pag-iingat at Pagpapaunlad ng Mga Yamang Enerhiya ng Estado na itinatag alinsunod sa Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 25200) ng Dibisyon 15.*

*(d) Ang ibig sabihin ng "kagawaran" ay ang Kagawaran ng Panggugubat at Proteksyon sa Sunog na itinatag alinsunod sa Kabanata 2.5 (nagsisimula sa Seksyon 700) ng Dibisyon 1.*

*(e) Ang "electric utility" ay alinman sa isang korporasyon ng pampublikong electric utility o lokal na pag-aari ng publiko na electric utility.*

*(f) Kasama sa "fast-fueling na imprastraktura" ang, ngunit hindi limitado sa, pag-kakargang high power ng de-kuryenteng sasakyan, kasama ang 150kW DCFC charger at hydrogen na istasyong pagkakarga.*

*(g) Ang "Pondo," kapag ginamit bilang pangngalang pantangi, ay tumutukoy sa Trust Fund ng Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin na itinatakda sa Seksyon 80203.*

30

*(h) Ang ibig sabihin ng "greenhouse gas" o "GHG" ay carbon dioxide (CO[2]), methane (CH[4]), nitrous oxide (N[2]O), sulfur hexafluoride (SF[6]), hydrofluorocarbons (HFCs), perfluorocarbons (PFCs), at iba pang fluorinated greenhouse gas gaya ng tinukoy sa Seksyon 95102 ng Titulo 17 ng Kodigo ng Mga Regulasyon ng California.*

*(i) Ang "layuning pangmalakas na paggamit" ay nangangahulugang paggamit ng isang ZEV kung saan ang bumibili ay maaaring magbigay ng dokumentasyon na ang paggamit na iyon ay malamang na magresulta sa higit sa 25,000 milya bawat taon sa karaniwan.*

*(j) Ang ibig sabihin ng "antas 2 na charging station" ay isang istasyon ng pagkakarga na may tipikal na Voltage rating na 208-250V, isang tipikal na Amperage rating na 15-90 Amperes, at isang tipikal na male plug ng SAE J1772 upang mag-paris o makipag-ugnayan sa isang tipikal na port o inductive charging o iba pang sistema ng pag-kakarga.*

*(k) Ang ibig sabihin ng "lisensyadong dealer ng sasakyan" ay isang tao o entity na lisensyado ng Estado ng California upang makisali sa pagbebenta ng mga sasakyang de-motor.*

*(l) Ang "electric utility na pagmamay-ari ng lokal na publiko" ay kasingkahulugan ng nakatakda sa Seksyon 224.3 ng Kodigo ng Mga Pampublikong Utility.*

*(m) (1) Ang ibig sabihin ng "mababang kita at mahihirap na komunidad" ay alinman sa mga sumusunod:*

*(A) Isang mahirap na komunidad na kinilala ng Ahensya ng Pagprotekta sa Kapaligiran ng California alinsunod sa Seksyon 39711 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.*

*(B) Isang komunidad na may mababang kita na inilarawan sa talata (2) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 39713 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan.*

*(2) Kasama rin sa "Mababang kita at mahirap na komunidad" ang isang mababang kita na sambahayan, gaya ng tinukoy sa talata (1) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 39713 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan na nasa labas ng, ngunit nasa loob ng kalahating milya ng, isang komunidad na inilalarawan sa subparagraph (A) ng talata (1) ng subdibisyon na ito.*

30

*(n) Ang ibig sabihin ng "ari-ariang may maraming pamilya" ay isang real property na inilaan para tirahan ng tao na may higit sa apat na unit ng tirahan.*

*(o) Ang ibig sabihin ng "pampasaherong ZEV" ay isang pampasaherong sasakyan gaya ng tinukoy sa Seksyon 465 ng Kodigo ng Sasakyan na tumutugon din sa kahulugan ng isang "zero-emisyon na sasakyan.*

*(p) Ang ibig sabihin ng "korporasyon ng pampublikong electric utility" ay isang korporasyong electrical gaya ng tinukoy sa Seksyon 218 ng Kodigo ng Mga Pampublikong Utilidad na nakakatugon din sa kahulugan ng isang "pampublikong utilidad" gaya ng itinakda sa Section 216 ng Kodigo ng Mga Pampublikong Utilidad.*

*(q) Ang ibig sabihin ng "ari-arian na tirahan ng solong pamilya" ay isang real property na inilaan para tirhan ng tao na may apat o mas kaunting unit ng tirahan.*

*(r) Ang "lupon ng estado" ay nangangahulugang ang Lupon ng Mga Mapagkukunan ng Hangin ng Estado na itinatag alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksyon 39000) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 26 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.*

*(s) Ang "Ahensya ng estado o lokal na pamahalaan" ay tumutukoy sa Estado ng California, isang lungsod, isang county, isang lungsod at county, o isang espesyal na distrito, o anumang pampublikong awtoridad, pampublikong ahensya, o iba pang politikal na subdibisyon o pampublikong korporasyon sa estado.*

*(t) Ang ibig sabihin ng "zero-emission na sasakyan" o "ZEV" ay isang sasakyan na karapat-dapat na makakuha ng compliance credits para sa zero-emission na pagpapatakbo sa ilalim ng ZEV, Advanced Clean Truck, o iba pang nauugnay na regulasyon ng estado, gaya ng tinutukoy ng lupon ng estado.*

*(u) Ang ibig sabihin ng "pagkakarga ng ZEV" ay, ngunit hindi limitado sa, pagkakarga ng sasakyang de-kuryente mula sa de-kuryenteng baterya.*

*Kabanata 6. Muling Alokasyon ng Mga Pera*

*80229. Pagbabago ng Porsiyento na Paglalaan ng mga Pera*

*(a) (1) Ang porsyento ng paglalaan ng pera na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksyon 80212 ay maaaring baguhin ng komisyon pagkatapos ng Hunyo 30, 2028, gaya ng itinakda sa seksyong ito.*

*(2) Ang porsyento ng paglalaan ng pera na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 80218 ay maaaring baguhin ng lupon ng estado pagkatapos ng Hunyo 30, 2028, gaya ng itinakda sa seksyong ito.*

*(b) (1) Ang lahat ng pagbabago sa porsyento ng mga alokasyon ng pera na inilarawan sa subdibisyon (a) ay dapat gawin sa pamamagitan ng pampublikong proseso na may hindi bababa sa 30 araw na panahon ng pagkomento, kabilang ang hindi bababa sa isang workshop ng stakeholder. Ang pagbabago ay dapat na naaayon sa isang taunang o maraming taon na plano sa pamumuhunan.*

*(2) Kapag gumagawa ng mga pagbabago alinsunod sa talata (1), ang komisyon at ang lupon ng estado ay dapat magpulong ng isang komite sa pagpapayo ng stakeholder upang magsuri at magbigay ng input sa taunan o maraming taon na plano sa pamumuhunan.*

*(c) Ang komisyon at ang lupon ng estado ay hindi dapat magmungkahi ng pagbabago sa porsyento ng mga paglalaan ng pera na inilarawan sa subdibisyon (a) maliban kung at hangga't hindi ginagawa ng komisyon o ng lupon ng estado, kung naaangkop, ang parehong sumusunod:*

*(1) Tinutukoy na ang isa pang porsyentong paglalaan ay mas mahusay na magsisilbi sa mga layunin ng dibisyong ito.*

*(2) Naglalathala ng isang ulat na naglalarawan kung paano ang pagbabago ng porsyento na paglalaan ay mas mahusay na magsisilbi sa mga layunin ng dibisyong ito.*

*Kabanata 7. Pag-amyenda*

*80230. Pag-amyenda ng Dibisyon*

*(a) (1) Maliban kung iba ang nakasaad sa talata (2), ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa dibisyong ito sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan na ipinasok sa journal, tatlong-kaapat na bahagi ng mga miyembro ang sumang-ayon, sa kondisyon na ang batas ay kaayon, at nagsusulong ng layunin, ng dibisyong ito.*

*(2) Ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa subdibisyon (a) ng Seksyon 80207 sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan na ipinasok sa journal, dalawang-ikatlo na bahagi ng mga miyembro ang sumang-ayon, sa kondisyon*

*na ang batas ay kaayon ng, at nagsusulong ng layunin, ng dbisyong ito.*

*(b) Walang batas na ipinatupad matapos ang Oktubre 1, 2021, pero bago ang petsa ng pagkabisa ng dibisyong ito, ang hahantong sa pagsusog ng dibisyong ito, dapat ipatupad matapos ang petsa ng pagkabisa ng dibisyong ito maliban kung naipasa ang batas alinsunod sa mga iniaatas sa subdibisyon (a).*

SEC. 2. Ang Seksyon 17044 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

*17044. (a) Para sa bawat taon na nabubuwisan simula sa o pagkatapos ng Enero 1, 2023, bilang karagdagan sa anumang iba pang buwis na ipinataw ng bahaging ito, ang isang karagdagang buwis ay dapat ipataw sa rate na 1.75 porsiyento sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita ng isang nagbabayad ng buwis na lampas sa dalawang milyong dolyar. ($2,000,000).*

*(b) Para sa mga layunin ng paglalapat ng Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 18401) ng Dibisyon 2, ang buwis na ipinataw sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ituring na parang ipinataw sa ilalim ng Seksyon 17041.*

*(c) Ang mga sumusunod ay hindi dapat ilapat sa buwis na ipinataw ng seksyong ito:*

*(1) Ang mga probisyon ng Seksyon 17039, na nauugnay sa allowance ng mga kredito.*

*(2) Ang mga probisyon ng Seksyon 17041, na nauugnay sa katayuan ng pag-file at muling pagkalkula ng mga brakete ng buwis sa kita.*

*(3) Ang mga probisyon ng Seksyon 17045, na nauugnay sa magkasanib na pagbabalik.*

*(d) Ang mga kita na nakuha mula sa buwis na ipinataw ng seksyong ito ay dapat ideposito sa Trust Fund ng Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin na itinakda sa Seksyon 80203 ng Kodigo ng Mga Pampublikong Mapagkukunan.*

SEK. 3. Pagwawakas.

(a) Maliban kung iba ang nakasaad sa subdibisyon (b), ang mga probisyon ng batas na ito ay hindi dapat bigyang-bisa gaya ng sumusunod:

(1) Ang Seksyon 17044 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay mawawalan na ng bisa sa Enero 1, 2043.

(2) Ang Dibisyon 47 (nagsisimula sa Seksyon 80200) ng Kodigo ng Mga Pampublikong Mapagkukunan ay mawawalan ng bisa sa Hunyo 30, 2043.

(b) (1) Sa kabila ng subdibisyon (a), kung sa loob ng tatlong magkakasunod na taon sa kalendaryo o pagkatapos ng Enero 1, 2030, ang mga emisyon ng greenhouse gas sa buong estado ay hindi bababa sa 80 porsiyento sa ibaba ng antas ng greenhouse gas sa buong estado noong 1990 gaya ng iniulat sa imbentaryo ng greenhouse gas na inaatas sa ilalim ng Seksyon 39607.4 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang mga probisyon ng batas na ito ay mawawalan ng bisa gaya ng itinakda sa subdibisyong ito.

(2) Ang seksyon ng batas na ito na inilalarawan sa talata (1) ng subdibisyon (a) ay mawawalan ng bisa sa susunod na Enero 1 ng taon ng kalendaryo kung saan ang kondisyong itinakda sa talata (1) ay natugunan.

(3) Ang seksyon ng batas na ito na inilarawan sa talata (2) ng subdibisyon (a) ay mawawalan ng bisa sa susunod na Hunyo 30 kasunod ng pagtatapos ng taon ng kalendaryo kung saan ang kondisyong itinakda sa talata (1) ay natugunan.

(c) Ang anumang pera na natitira sa Trust Fund ng Malilinis na Sasakyan at Malinis na Hangin pagkatapos ng Dibisyon 47 (nagsisimula sa Seksyon 80200) ng Kodigo ng Mga Pampublikong Mapagkukunan na mawawalan ng bisa ay dapat ilaan ng Lehislatura upang isulong ang mga layunin ng batas na ito.

(d) Ang anumang seksyon ng batas na ito na hindi na maipapatupad alinsunod sa seksyong ito ay pinawawalang-bisa isang taon pagkatapos ng petsa na ang seksyon ay hindi gumagana.

SEK. 4. Naihihiwalay.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay hiwalay sa iba. Kung mapag-aalaman ng anumang hukumang may naaangkop na hurisdiksyon na walang bisa ang anumang bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, subparagraph clause, pangungusap, parirala, salita, o paggamit ng batas na ito para sa anumang dahilan, hindi makakaapekto ang pasyang iyon sa bisa ng iba pang bahagi ng batas na ito. Ipinapahayag ng mga mamamayan sa Estado ng California, sa pamamagitan nito, na pagtitibayin nila ang batas na ito at ang bawat bahagi, seksyon, subdibisyon, talata, subparagraph clause, pangungusap, parirala, salita, at aplikasyon na hindi ipinahayag na walang bisa o labag sa Saligang-Batas, maideklara mang walang bisa ang anumang bahagi ng batas na ito o ang paglalapat nito sa ibang pagkakataon.

SEK. 5. Mga Salungat at Hindi Salungat na Panukalang Inisyatibo.

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapasiya at nagpapahayag ng lahat ng sumusunod:

(a) Mga Salungat na Panukalang Inisyatibo.

Kung ang inisyatibong panukalang ito at iba pang inisyatibong panukala o mga panukalang magpapataas sa mga kita ng estado para pondohan ang mga kabawasan sa mga emisyon ng GHG mula sa transportasyon at wildfire ay lilitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota sa halalan, ang ibang inisyatibong panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung ang inisyatibong panukalang ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang inisyatibong panukala o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

(b) Mga Hindi Salungat na Panukalang Inisyatibo.

(1) Ang inisyatibong panukalang ito ay isang paggamit ng kapangyarihan ng inisyatiba ng mga botante sa buong estado alinsunod sa Seksyon 1 ng Artikulo IV, at Seksyon 8 ng Artikulo II, ng Saligang-Batas ng California.

(2) (A) Ang iba pang mga hakbangin sa inisyatiba na tumatalakay sa mga pamamaraan para sa pagpapatibay ng mga buwis, bayad, at mga singil ng Lehislatura ng estado, mga lokal na lehislatibo na katawan, at mga lokal na botante ay nakikitungo sa hiwalay at natatanging mga kapangyarihan sa Saligang-Batas mula sa mga kapangyarihang konstitusyonal na inilarawan sa talata (1). Kabilang sa mga inisyatiba na ito, ngunit hindi kinakailangang limitado sa, ang mga inisyatiba na unang itinalaga ng Attorney General bilang Initiative No. 21-0026 at Initiative No. 21-0042.

(B) Ang iba pang mga hakbangin sa pagkukusa na nagpapataas ng mga buwis sa mga in-person na kita upang

30

pondohan ang mga programa o pagsisikap na hindi kasama ang mga pagbawas sa mga emisyon ng GHG mula sa transportasyon at mga wildfire ay tumatalakay sa hiwalay at natatanging mga paksa. Kasama sa mga inisyatiba na ito, ngunit hindi kinakailangang limitado sa, ang inisyatiba na unang itinalaga ng Pangkalahatang Abugado bilang Initiative No. 21-0022.

(3) Para sa mga layunin ng subdibisyon (b) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, dahil nakikitungo sila sa hiwalay at natatanging mga kapangyarihan sa Saligang-Batas at hiwalay at natatanging mga paksa, ang panukalang inisyatiba na ito ay hindi sumasalungat sa anumang panukalang inisyatiba na inilarawan sa talata (2). Ang mga botante sa pamamagitan nito ay nagpapahayag na ang inisyatiba na panukalang ito at ang mga hakbang sa inisyatiba na inilarawan sa talata (2) ay hindi nakikipagkumpitensya sa mga all-or-nothing na alternatibo. Ang mga botante sa pamamagitan nito ay malaya at walang alinlangan na nagpapahayag ng kanilang layunin na kung ang inisyatibong panukalang ito at alinman sa mga hakbangin sa inisyatiba na inilarawan sa talata (2) ay naaprubahan sa parehong halalan, na ang inisyatibong panukalang ito at ang iba pang inisyatibong (mga) panukala ay dapat na parehong ipatupad.

(c) Kung ang inisyatibong panukalang ito ay aprubahan ng mga botante pero pinawalang-bisa sa kabuuan o bahagi ng anumang ibang kasalungat na panukalang inisyatibo na inaprubahan ng mga botante sa kaparehong halalan, at naturang kasalungat na panukala ay ipinasiyang walang-bisa sa bandang huli, ang panukalang ito ay dapat na nakakaganap sa sarili at bigyan ng buong puwersa at epekto.

SEK. 6. Liberal na Konstruksyon.

Ang batas na ito ay isang paggamit ng kapangyarihang inisyatiba ng mga mamamayan ng Estado ng California alinsunod sa Artikulo II at Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California, at dapat na malayang ipakahulugan upang maisakatuparan ang mga layuning itinakda sa batas na ito.

SEK. 7. Katayuan.

Sa kabila ng anupamang ibang probisyon ng batas, kung hindi naipagtanggol ng estado o sinuman sa mga opisyal nito ang pagiging naaayon sa Saligang-Batas ng batas na ito, matapos itong aprubahan ng mga botante, ang anupamang ibang ahensiya ng estado o pamahalaang ito ay magkakaroon ng awtoridad na manghimasok sa ngalan ng Estado ng California sa anumang pagkilos ng hukuman na humahamon sa pagiging naaayon sa Saligang-Batas ng batas na ito upang maipagtanggol ang pagiging naaayon sa Saligang-Batas nito, kung ang pagkilos mang iyon ay nasa hukuman sa paglilitis na pang-estado o pederal, inaapela, o sinusuri ayon sa kagustuhan ng Korte Suprema ng California o ng Korte Suprema ng Estados Unidos. Ang mga makatwirang bayarin at gastos sa pagtatanggol sa aksyon ay dapat singilin sa mga pondong inilaan ng Kagawaran ng Hustisya, na dapat tugunan agad.

# PROPOSISYON 31

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-Batas 793 ng Senado ng Regular na Sesyon ng 2019–2020 (Kabanata 34, Mga Batas ng 2020) ay isinumite sa mga mamamayan bilang reperendum alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 9 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang panukalang batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksyon Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

## IMINUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Ang Artikulo 5 (simula sa Seksyon 104559.5) ay idinaragdag sa Kabanata 1 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 103 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*Artikulo 5. Pagbabawal sa Pagbebenta ng Tabako*

*104559.5. (a) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay dapat gamitin:*

*(1) Ang ibig sabihin ng "katangi-tanging lasa" ay isang nakikilalang lasa o halimuyak, o pareho, maliban sa lasa o halimuyak ng tabako, na ibinibigay ng isang produktong tabako o anumang kinalabasan na ginawa ng produktong tabako. Kasama sa mga katangian ng lasa ang, ngunit hindi limitado sa, panlasa o halimuyak na nauugnay sa anumang prutas, tsokolate, vanilla, honey, candy, cocoa, dessert, inuming may alkohol, menthol, mint, wintergreen, herb, o spice. Ang isang produktong tabako ay hindi dapat matukoy na magkaroon ng isang katangian ng lasa dahil lang sa paggamit ng mga sangkap na idinagdag o pampalasa o ang pagkakaloob ng impormasyon sa sangkap. Sa halip, ito ay ang pagkakaroon ng isang nakikilalang lasa o halimuyak, o pareho, tulad ng inilarawan sa unang pangungusap ng kahulugan na ito, na bumubuo ng isang katangian ng lasa.*

*(2) Ang ibig sabihin ng “constituent” ay anumang sangkap, substansya, kemikal, o compound, maliban sa tabako, tubig, o reconstituted tobacco sheet, na idinagdag ng pabrikante sa isang produktong tabako sa panahon ng* pagproseso, paggawa, o pag-iimpake *ng produktong tabako.*

*(3) Ang ibig sabihin ng "produktong tabako na may lasang shisha" ay anumang produktong tabako na shisha na naglalaman ng constituent na nagbibigay ng katangi-tanging lasa.*

*(4) Ang ibig sabihin ng "produktong tabako na may lasa" ay anumang produktong tabako na naglalaman ng constituent na nagbibigay ng katangi-tanging lasa.*

*(5) Ang ibig sabihin ng "hookah" ay isang uri ng waterpipe, na ginagamit sa usok ng shisha o iba pang produktong tabako, na may mahabang nababaluktot na tubo para sa pagguhit ng aerosol sa tubig. Maaaring kabilang sa mga bahagi ng isang hookah ang mga ulo, tangkay, mangkok, at mga hose.*

*(6) Ang ibig sabihin ng "manininda ng tabako ng hookah" ay isang manininda ng tabako na nakikibahagi sa retail na pagbebenta ng mga produktong shisha, hookah, at mga aksesorya sa paninigarilyo ng hookah.*

*(7) Ang ibig sabihin ng "pag-label" ay nakasulat, naka-printa, nakalarawan, o grapika na bagay sa isang produkto ng tabako o alinman sa pakete nito.*

*(8) Ang “loose leaf na tabako” ay binubuo ng hiniwa-hiwa o ginutay-gutay na pipa na tabako, kadalasang ibinebenta sa mga supot, hindi kasama ang anumang produktong tabako na, dahil sa hitsura, uri, pag-eempake, o etiketa nito, ay angkop para sa paggamit at malamang na iaalok sa, o binili ng , mga mamimili bilang tabako para sa paggawa ng mga sigarilyo, kabilang ang irolyo-ang-inyong-sarili na sigarilyo.*

*(9) Ang ibig sabihin ng “packaging” ay isang pakete, kahon, karton, o anumang uri ng lalagyan, o, kung walang ibang*

30

31

*lalagyan, anumang pambalot, kabilang ang cellophane, kung saan ibinebenta o inaalok ang isang produktong tabako para ibenta sa isang mamimili.*

*(10) Ang ibig sabihin ng "premium na tabako" ay anumang tabako na yari sa kamay, hindi ginagawa nang maramihan sa pamamagitan ng paggamit ng mekanisasyon, may pangbalot na ganap na ginawa mula sa buong dahon ng tabako, at may pakyawan na presyo na hindi bababa sa labindalawang dolyar ($12). Ang isang premium na tabako ay walang filter, tip, o hindi-tabako na mouthpiece at natatakpan ng kamay.*

*(11) Ang ibig sabihin ng "lokasyon ng retail" ay ang parehong sumusunod:*

*(A) Isang gusali kung saan ibinebenta ang mga produktong tabako nang tingian.*

*(B) Isang vending machine.*

*(12) Ang ibig sabihin ng "pagbebenta" o "nabenta na" ay isang pagbebenta habang ang terminong iyon ay tinukoy sa Seksyon 30006 ng Kodigo ng Kita at Buwis.*

*(13) Ang ibig sabihin ng "produktong tabako na shisha" ay isang produktong tabako na pinausukan o nilalayong pausukan sa isang hookah. Kasama sa "produktong tabako na shisha" ang, at maaaring tawaging, hookah na tabako, waterpipe na tabako, maassel, narghile, at argileh. Ang "produktong tabako na shisha" ay hindi kasama ang anumang gamit-elektronika gaya ng elektronikang hookah, electronikang sigarilyo, o produktong tabakong elektronika.*

*(14) Ang ibig sabihin ng "produktong tabako" ay isang produktong tabako gaya ng tinukoy sa talata (8) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 104495, dahil ang probisyong iyon ay maaaring susugan paminsan-minsan.*

*(15) Ang "pampaganda ng lasa ng produktong tabako" ay nangangahulugang isang produkto na idinisenyo, minanupaktura, ginawa, ibinebenta, o ibinebenta upang makagawa ng katangi-tanging lasa kapag idinagdag sa isang produktong tabako.*

*(16) Ang ibig sabihin ng "retailer ng tabako" ay isang taong nakikibahagi sa estadong ito sa pagbebenta ng mga produktong tabako nang direkta sa publiko mula sa isang lokasyon ng tingi. Kasama sa "retailer ng tabako" ang isang tao na nagpapatakbo ng mga vending machine kung saan ibinebenta ang mga produktong tabako sa estadong ito.*

*(b) (1) Ang isang retailer ng tabako, o alinman sa mga ahente o empleyado ng retailer ng tabako, ay hindi dapat magbenta, mag-alok para sa pagbebenta, o magkaroon ng may layuning magbenta o mag-alok para ibenta, isang produktong may lasa ng tabako o isang pampaganda ng lasa ng produktong tabako.*

*(2) May maipapabulaanan na palagay na ang produktong tabako ay isang produktong tabako na may lasa kung ang isang tagagawa o alinman sa mga ahente o empleyado ng tagagawa, sa kurso ng kanilang ahensya o trabaho, ay gumawa ng pahayag o salaysay na nakadirekta sa mga mamimili o sa publiko na ang produktong tabako ay mayroon o gumagawa ng isang katangiang lasa, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, teksto, kulay, mga larawan, o lahat, sa etiketa o pag-eempake ng produkto na ginagamit upang tahasan o hindi malinaw na ipaalam na ang produktong tabako ay may katangian na lasa.*

*(c) Ang subdibisyon (b) ay hindi nalalapat sa pagbebenta ng mga produktong tabako na may lasa ng shisha ng isang retailer ng tabako ng hookah kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:*

*(1) Ang retailer ng tabako ng hookah ay may wastong lisensya upang magbenta ng mga produktong tabako na inisyu alinsunod sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksyon 22971.7) ng Dibisyon 8.6 ng Kodigo sa Negosyo at Mga Propesyon.*

*(2) Hindi pinahihintulutan ng retailer ng tabakong hookah ang sinumang taong wala pang 21 taong gulang na dumalo o pumasok sa lugar anumang oras.*

*(3) Ang retailer ng tabako ng hookah ay dapat gumana alinsunod sa lahat ng nauugnay na batas ng estado at lokal na may kaugnayan sa pagbebenta ng mga produktong tabako.*

*(4) Kung pinapayagan ang pagkonsumo ng mga produktong tabako sa lugar ng retailer ng tabako ng hookah, ang retailer ng tabako ng hookah ay dapat gumana alinsunod sa lahat ng mga batas ng estado at lokal na nauugnay sa pagkonsumo ng mga produktong tabako sa lugar ng isang retailer ng tabako, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Seksyon 6404.5 ng Kodigo sa Paggawa.*

*(d) Ang subdibisyon (b) ay hindi nalalapat sa mga benta ng mga premium na tabako na ibinebenta sa mga cigar lounge kung saan ang mga produkto ay binibili at kinukuha lang sa lugar.*

*(e) Ang subdibisyon (b) ay hindi nalalapat sa loose leaf na tabako o premium cigars.*

*(f) Ang isang retailer ng tabako, o ahente o empleyado ng isang retailer ng tabako, na lumabag sa seksyong ito ay nagkasala ng paglabag at dapat parusahan ng multa na dalawang daan at limampung dolyar ($250) para sa bawat paglabag sa seksyong ito.*

*(g) Ang seksyong ito ay hindi inuunahan o kung hindi man ay nagbabawal sa pagpapatibay ng isang lokal na pamantayan na nagpapataw ng mas malaking paghihigpit sa pag-access sa mga produktong tabako kaysa sa mga paghihigpit na ipinataw ng seksyong ito. Sa lawak na mayroong hindi pagkakapare-pareho sa pagitan ng seksyong ito at ng isang lokal na pamantayan na nagpapataw ng mas malaking paghihigpit sa pag-access sa mga produktong tabako, ang mas malaking paghihigpit sa pag-access sa mga produktong tabako sa lokal na pamantayan ay mananaig.*

SEK. 2. Ang mga probisyon ng batas na ito ay naihihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa nito ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o mga paggamit na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang mga tadhana o paggamit.

SEK. 3. Walang pagbabayad ang kailangan ng batas na ito alinsunod sa Seksyon 6 ng Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California dahil ang tanging mga gastos na maaaring mailabas ng isang lokal na ahensya o distrito ng paaralan ay gagawin dahil ang batas na ito ay lumilikha ng bagong krimen o paglabag, nag-aalis ng krimen o paglabag, o binabago ang parusa para sa isang krimen o paglabag, sa loob ng kahulugan ng Seksyon 17556 ng Kodigo ng Pamahalaan, o binabago ang kahulugan ng isang krimen sa loob ng kahulugan ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California.

# Ang Panahon ng Maagang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay mula Oktubre 11 hanggang Nobyembre 8, 2022.

## Huwag nang Ipagpaliban, Bumoto na!

Makakatanggap ang lahat ng aktibong nakarehistrong botante sa California ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa halalan sa Nobyembre 8, 2022, Pangkalahatang Halalan.

Magsisimula ang panahon ng pagboto sa pamamagitan ng koreo kapag naipadala na ang mga bolota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, nang hindi lalampas sa Oktubre 10, 2022.

Iparinig nang maaga ang inyong boses! Ibalik ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa panahon ng pagboto sa Oktubre 11 hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Nobyembre 8.

Kung gusto ninyong in-person na pumunta sa isang lokasyon ng pagboto, pumunta sa o bago ang Araw ng Halalan, sa Nobyembre 8, 2022. Isa o higit pang lokasyon ng pagboto sa maraming county ang magbubukas sa panahon ng maagang pagboto.

Maghanap ng malapit na kahong hulugan o lokasyon ng maagang pagboto sa *caearlyvoting.sos.ca.gov* o *vote.ca.gov*.

# Pansamantalang Pagboto

## Wala sa listahan ng botante ang pangalan ninyo sa lugar ng botohan o sentro ng pagboto?

May karapatan pa rin kayong bumoto gamit ang pansamantalang balota.

## Ano ang isang pansamantalang balota?

Ang pansamantalang balota ay isang regular na balotang inilalagay sa isang espesyal na sobre bago ilagay sa kahon ng balota. Ang mga pansamantalang balota ay ginagamit ng mga botante sa pagboto na naniniwalang nakarehistro sila para bumoto kahit na hindi nakasulat ang kanilang mga pangalan sa opisyal na listahan ng nakarehistrong botante sa lugar ng botohan o sentro ng pagboto.

Posibleng kailanganin ng isang botante na bumoto gamit ang isang pansamantalang balota kung gusto niyang bumoto nang in-person sa isang lugar ng botohan o sentro ng botohan, pero hindi niya natanggap ang kanyang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o hindi niya dala para ibalik ang kanyang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, bago ang pagboto nang in-person.

## Bibilangin ba ang aking pansamantalang balota?

Oo, bibilangin ang inyong pansamantalang balota kapag nakumpirma na ng mga opisyal ng halalan na nakarehistro ka para bumoto sa county na iyon at hindi pa kayo nakakaboto sa halalang iyon.

Puwedeng gamitin ang isang pansamantalang balota sa alinmang lugar ng botohan o sentro ng pagboto sa county kung saan kayo nakarehistro para bumoto, gayunpaman, ang mga pinaglalabanang halalan lang kung saan kayo kwalipikadong bumoto ang bibilangin.

## Paano ninyo malalaman ang status ng inyong pansamantalang balota?

Ang sinumang boboto gamit ang pansamantalang balota ay may karapatang malaman mula sa opisyal ng halalan sa kanyang county kung binilang ang kanyang balota, at kung hindi, ang dahilan kung bakit hindi ito binilang.

Puwede ninyong tingnan ang status ng inyong pansamantalang balota sa *voterstatus.sos.ca.gov.*

# Tungkol sa Panukalang-batas Ukol sa Balota

## Ano ang panukalang-batas na nasa balota ng estado?

Ang panukalang-batas na nasa balota ng estado, na tinatawag ding proposisyon, ay isang iminungkahing batas na kailangan ng pag-apruba ng botante. Ang mayorya (hindi bababa sa 50% +1) ng mga boto ay kailangang maipasa.

Ilalagay sa balota ang isang panukalang-batas sa balota sa pamamagitan ng:

- Lehislatura ng Estado; o
- Mga mamamayang nangongolekta ng mga lagda sa isang petisyon

Maraming uri ng mga panukalang-batas sa balota ng estado. Kasama sa balota ng Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022 ang mga sumusunod na uri ng panukalang-batas sa balota.

## Inisyatiba

- Ang mga inisyatiba ay maaaring gumawa o magbago ng mga batas o mag-amyenda sa Saligang-Batas ng California
- Ang mga tagapagsulong ng inisyatiba ay dapat mangalap ng mga lagda sa petisyon ng mga nakarehistrong botante para maglagay ng panukalang inisyatiba sa balota
- Ang isang inisyatiba ay nangangailangan ng mayorya ng mga boto para maipasa

## Reperendum

- Ang reperendum ay isang panukalang nagtatangkang tanggihan ang isang batas na pinagtibay ng Lehislatura
- Ang mga nagsusulong ay dapat mangalap ng mga lagda sa petisyon ng mga rehistradong botante sa loob ng 90 araw ng pagsasabatas ng panukalang-batas kung gusto nilang pigilan itong maging batas
- Kung ang mga botante ay magbibigay ng mas maraming boto na HINDI kaysa sa mga boto na OO, ang batas ay tatanggihan. Kung ang mga botante ay magbibigay ng mas maraming boto na OO, ang batas ay mabibigyang-bisa

## Pambatasang Susog sa Saligang-Batas

Ang isang susog sa Saligang-Batas ng California na iminungkahi ng Lehislatura ay nangangailangan ng:

- Pag-apruba ng dalawang-ikatlong boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura
- Karamihan ng mga boto para maipasa at gawing batas

# Maagang magparehistro sa edad na Labing-anim. Bumoto sa edad na Labingwalo.

## Ano ang Maagang Pagpaparehistro?

Kung kayo ay 16 o 17 taong gulang at nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado na botante, maaari kayong maagang magparehistro para bumoto sa *registertovote.ca.gov.*

Available ang maagang pagpaparehistro para sa mga kwalipikadong 16 at 17 taong gulang sa *registertovote.ca.gov* o sa pamamagitan ng papel na form ng pagpaparehistro ng botante. Magiging aktibo ang pagpaparehistro ng mga kabataan sa California na maagang nagparehisto para bumoto kapag tumungtong na sila sa edad na 18. Pumunta sa *registertovote.ca.gov* para sa kumpletong listahan ng mga kinakailangan sa pagpaparehistro.

Maagang magparehistro sa 2 madaling hakbang:

1. Bumisita sa *registertovote.ca.gov.*
2. I-click ang button na "Maagang Magparehistro para Makaboto (Pre-register to Vote)"

Awtomatiko kayong marerehistro sa inyong ika-18 kaarawan.

Para sa higit pang impormasyon, maaari din kayong bumisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *vote.ca.gov* o tumawag sa toll-free na Hotline Para sa Botante sa (800) 339-2957.

# Mga Opisina ng Halalan sa County

**County ng Alameda**
(510) 272-6973
*www.acvote.org*

**County ng Alpine**
(530) 694-2281
*www.alpinecountyca.gov/*

**County ng Amador**
(209) 223-6465
*www.amadorgov.org/government/elections*

**County ng Butte**
(530) 552-3400 o (800) 894-7761
(sa County ng Butte)
*www.buttevotes.net*

**County ng Calaveras**
(209) 754-6376 o (209) 754-6375
*www.elections.calaverasgov.us*

**County ng Colusa**
(530) 458-0500 o (877) 458-0501
*www.countyofcolusa.org/elections*

**County ng Contra Costa**
(925) 335-7800
*www.cocovote.us*

**County ng Del Norte**
(707) 464-7216
*www.co.del-norte.ca.us*

**County ng El Dorado**
(530) 621-7480 o (800) 730-4322
*www.edcgov.us/Elections*

**County ng Fresno**
(559) 600-8683
*www.fresnovote.com*

**County ng Glenn**
(530) 934-6414
*www.countyofglenn.net/dept/elections/welcome*

**County ng Humboldt**
(707) 445-7481
*www.humboldtgov.org/Elections*

**County ng Imperial**
(442) 265-1060 o (442) 265-1074
*www.co.imperial.ca.us/regvoters*

**County ng Inyo**
(760) 878-0224
*https://elections.inyocounty.us/*

**County ng Kern**
(661) 868-3590
*www.kernvote.com*

**County ng Kings**
(559) 852-4401
*www.votekingscounty.com*

**County ng Lake**
(707) 263-2372
*www.lakecountyca.gov/Government/Directory/ROV.htm*

**County ng Lassen**
(530) 251-8217
*www.lassencounty.org/dept/county-clerk-recorder/elections*

**County ng Los Angeles**
(800) 815-2666
*www.lavote.net*

**County ng Madera**
(559) 675-7720 o (800) 435-0509
*www.votemadera.com*

**County ng Marin**
(415) 473-6456
*www.marinvotes.org*

**County ng Mariposa**
(209) 966-2007
*www.mariposacounty.org/87/Elections*

**County ng Mendocino**
(707) 234-6819
*www.mendocinocounty.org/government/assessor-county-clerk-recorder-elections/elections*

**County ng Merced**
(209) 385-7541 o (800) 561-0619
*www.mercedelections.org*

**County ng Modoc**
(530) 233-6200
*www.co.modoc.ca.us/departments/elections*

**County ng Mono**
(760) 932-5537 o (760) 932-5530
*https://monocounty.ca.gov/elections*

**County ng Monterey**
(831) 796-1499 o (866) 887-9274
*www.montereycountyelections.us/*

**County ng Napa**
(707) 253-4321
*www.countyofnapa.org/396/elections*

**County ng Nevada**
(530) 265-1298
*www.mynevadacounty.com/1847/Elections-Voting*

**County ng Orange**
(714) 567-7600
*www.ocvote.com*

**County ng Placer**
(530) 886-5650
*www.placercountyelections.gov*

**County ng Plumas**
(530) 283-6256 o (844) 676-VOTE
*www.plumascounty.us/142/Elections-Division-Home*

**County ng Riverside**
(951) 486-7200
*www.voteinfo.net*

**County ng Sacramento**
(916) 875-6451
*www.elections.saccounty.gov*

**County ng San Benito**
(831) 636-4016
*sbcvote.us*

**County ng San Bernardino**
(909) 387-8300
*www.sbcountyelections.com*

**County ng San Diego**
(858) 565-5800 o (800) 696-0136
*www.sdvote.com/*

**County ng San Francisco**
(415) 554-4375
*https://sfelections.sfgov.org*

**County ng San Joaquin**
(209) 468-8683 o (800) 400-5009
*www.sjcrov.org*

**County ng San Luis Obispo**
(805) 781-5228 o (805) 781-5080
*www.slovote.com*

**County ng San Mateo**
(650) 312-5222
*www.smcacre.org*

**County ng Santa Barbara**
(805) 568-2200
*www.sbcvote.com*

**County ng Santa Clara**
(408) 299-8683 o (866) 430-8683
*www.sccvote.org*

**County ng Santa Cruz**
(831) 454-2060
*www.votescount.com*

**County ng Shasta**
(530) 225-5730 o (888) 560-8683
*www.elections.co.shasta.ca.us*

**County ng Sierra**
(530) 289-3295
*www.sierracounty.ca.gov/214/Elections*

**County ng Siskiyou**
(530) 842-8084 o
(888) 854-2000 ext. 8084
*www.sisqvotes.org*

**County ng Solano**
(707) 784-6675
*www.solanocounty.com/elections*

**County ng Sonoma**
(707) 565-6800
*https://vote.sonoma-county.org*

**County ng Stanislaus**
(209) 525-5200
*http://www.stanvote.com*

**County ng Sutter**
(530) 822-7122
*www.suttercounty.org/elections*

**County ng Tehama**
(530) 527-8190
*www.co.tehama.ca.us/gov-departments/elections*

**County ng Trinity**
(530) 623-1220
*www.trinitycounty.org/Elections*

**County ng Tulare**
(559) 624-7300
*http://tularecoelections.org/elections/*

**County ng Tuolumne**
(209) 533-5570
*www.co.tuolumne.ca.us/elections*


**County ng Ventura**
(805) 654-2664
*www.venturavote.org*

**County ng Yolo**
(530) 666-8133
*www.yoloelections.org*

**County ng Yuba**
(530) 749-7855
*www.yubaelections.org*

# MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★



## Huwag nang Ipagpaliban, Bumoto na!

**Ang maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay mula Oktubre 11 hanggang Nobyembre 8, 2022.**

**Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Nobyembre 8, 2022, sa Araw ng Halalan!**

### OKTUBRE

| Lin | Lun | Mar | Miy | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | 31 | | | | | |

**Oktubre 10**
Magsisimula ang mga opisyal ng halalan ng county na magpadala ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa o bago ang petsang ito.

**Oktubre 11**
Magbubukas ang mga ligtas na kahon na hulugan para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 11–Nobyembre 8**
Panahon ng pagboto para ibalik ang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 24**
Huling araw ng pagpaparehistro para bumoto. Available ang Parehong Araw na pagpaparehistro ng botante sa inyong opisina ng mga halalan ng county o lokasyon ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro ng botante, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

**Oktubre 29**
Magbubukas ang mga sentro ng maagang pagboto sa unang araw sa mga county na may Batas sa Pagpili ng Botante.

### NOBYEMBRE

| Lin | Lun | Mar | Miy | Huw | Biy | Sab |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | **8** | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | | | |

### Martes, Nobyembre 8, 2022

Ang huling araw ng pagboto nang in-person o para ibalik ang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo bago mag-8:00 p.m. Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat may postmark nang hindi lalampas ng Nobyembre 8.

**California Secretary of State**
**Elections Division**
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

NOBYEMBRE 8, 2022

# PANGKALAHATANG HALALAN

**MGA PETSANG DAPAT TANDAAN**

**Oktubre 10**
Magsisimula ang mga opisyal ng halalan ng county na magpadala ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa o bago ang petsang ito.

**Oktubre 11**
Magbubukas ang mga ligtas na kahong hulugan para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 11–Nobyembre 8**
Panahon ng pagboto para ibalik ang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**Oktubre 24**
Huling araw ng pagpaparehistro para bumoto. Available ang Parehong Araw na pagpaparehistro ng botante sa inyong opisina ng mga halalan ng county o lokasyon ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro ng botante, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

**Oktubre 29**
Magbubukas ang mga sentro ng maagang pagboto sa unang araw sa mga county na may Batas sa Pagpili ng Botante.

**Martes, Nobyembre 8, 2022**
Huling araw para bumoto nang in-person o para ibalik ang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo bago mag-8:00 p.m. Bukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat may postmark nang hindi lalampas ng Nobyembre 8.

**Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nasa alinman sa sumusunod na wika, mangyaring tawagan ang:**

**English:** (800) 345-VOTE (8683)

**TTY/TDD:** (800) 833-8683

**Español/Spanish:** (800) 232-VOTA (8682)

**中文/Chinese:** (800) 339-2857

**हिन्दी/Hindi:** (888) 345-2692

**日本語/Japanese:** (800) 339-2865

**ខ្មែរ/Khmer:** (888) 345-4917

**한국어/Korean:** (866) 575-1558

**Tagalog:** (800) 339-2957

**ภาษาไทย/Thai:** (855) 345-3933

**Việt ngữ/Vietnamese:** (800) 339-8163

**Nakarehistro ba kayo para bumoto? Tingnan dito:** ***voterstatus.sos.ca.gov***

**Hanapin ang inyong lugar ng botohan dito: I-text ang "Vote" sa GOVOTE (468683)**

Sa pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa halalan, pinahintulutan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lang ng isang patnubay sa pamamagitan ng koreo sa bawat sambahayan na boboto. Puwede kayong humiling ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957.



OSP 22 153402